Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero

# “Mangaral ng Aking Ebanghelyo”

(D at T 50:14)



“Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo” (3 Nephi 27:20).

Pangalan:

Misyon at Petsa ng Paglilingkod:

Listahan ng mga Area:

Mga Kompanyon:

Mga Pangalan at Address ng mga Taong Nabinyagan at Nakumpirma:

# “Mangaral ng Aking Ebanghelyo” (D at T 50:14)

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Pabalat: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus* © 1988 ni Greg K. Olsen
Sa kagandahang-loob ng Mill Pond Press at ni Dr. Gerry Hooper. Bawal kopyahin.

© 2004 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan

Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 11/04
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 11/04.
Pagsasalin ng *Preach My Gospel*
Tagalog
36617 893

# “Mangaral ng Aking Ebanghelyo” (D at T 50:14)


Mensahe ng Unang Panguluhan . . . . . . v

Panimula: Paano Ko Pinakamainam na Magagamit ang *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”*? . . . . . . vii

1 Ano ang Layunin Ko Bilang Misyonero? . . . . . . 1

2 Paano Ako Epektibong Mag-aaral at Maghahanda na Magturo? . . . . . . 19

3 Ano ang Pag-aaralan Ko at Ituturo? . . . . . . 31

- Lesson 1: Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo . . . . . . 33
- Lesson 2: Ang Plano ng Kaligtasan . . . . . . 51
- Lesson 3: Ang Ebanghelyo ni Jesucristo . . . . . . 66
- Lesson 4: Ang mga Kautusan . . . . . . 79
- Lesson 5: Mga Batas at Ordenansa . . . . . . 91

4 Paano Ko Makikilala at Mauunawaan ang Espiritu? . . . . . . 99

5 Ano ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon? . . . . . . 117

6 Paano Ako Magkakaroon ng mga Katangiang Tulad ng Kay Cristo? . . . . . . 131

7 Paano Ko Mas Mabuting Matututuhan ang Wikang Gamit sa Aking Misyon? . . . . . . 145

8 Paano Kong Magagamit nang Matalino ang Oras? . . . . . . 155

9 Paano Ako Makahahanap ng mga Taong Tuturuan? . . . . . . 177

10 Paano Ko Mapahuhusay ang Aking mga Kasanayan sa Pagtuturo? . . . . . . 199

11 Paano Ko Matutulungan ang mga Tao na Gumawa at Tumupad ng mga Pangako? . . . . . . 223

12 Paano Ko Maihahanda ang mga Tao para sa Binyag at Kumpirmasyon? . . . . . . 233

13 Paano Akong Makikipagtulungan sa mga Lider ng Stake at Ward? . . . . . . 245

Indese . . . . . . 257

# Mensahe ng Unang Panguluhan

*Sa Aming Kapwa Misyonero:*

*Pinupuri ka namin sa malaking oportunidad mo na maging misyonero. Wala nang mas mabigat na gawain kaysa rito, ni walang ibang magdudulot ng mas malaking kasiyahan.*

*Ang* "Mangaral ng Aking Ebanghelyo" *ay binuo para tulungan kang maging misyonero na mas handa, mas sapat ang pang-unawa sa espirituwal at mas masigasig na teacher. Hinihikayat ka namin na gamitin ito araw-araw sa iyong sariling paghahanda o sa paghahanda ninyong magkompanyon, at sa inyong mga district meeting at zone conference. Pag-aralan ang mga sanggunian ng banal na kasulatan at pag-aralan ang mga doktrina at alituntunin.*

*Hinahamon ka namin na magkaroon ng bagong diwa ng pangangako na tulungan ang ating Ama sa Langit sa Kanyang maluwalhating gawain. Bawat misyonero ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagtulong na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).*


*Gagantimpalaan ka ng Panginoon at bibigyan ng sagana sa mapagpakumbaba at mapanalangin mong paglilingkod sa Kanya. Higit na kaligayahan ang naghihintay sa iyo na hindi mo pa naranasan habang naglilingkod ka sa Kanyang mga anak.*

*Ang Unang Panguluhan*

# Panimula: Paano Ko Pinakamainam na Magagamit ang *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”*?

Mga Tala

## *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”*




Gamitin ang *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”* para tugunan ang mga pangangailangan mo bilang misyonero. Maaari mong gamitin ang buong oras ng pag-aaral sa ilang talata lamang—o sa buong kabanata. Maaaring sunud-sunod mong pag-aralan ang mga kabanata o magplano ka ng ibang pagkakasunod na mas tutugon sa mga iyong mga pangangailangan. Dahil sa ganitong kaluwagan (o flexibility) ay mapag-aaralan mo ang kailangan mong pag-aralan kapag kailangan mo ito at batay sa utos ng inyong mission president.

Lahat ng kabanata sa *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”* ay tutulong sa iyo para matupad mo ang iyong layunin bilang misyonero. Gayunman, kapag sinimulan mong pag-aralan ang kabanata 3, kakaibang paraan ang makikita mo. Karamihan sa mga kabanata ay nakapatungkol sa iyo. Ang kabanata 3 ay mas nakapatungkol sa pangkalahatan. Pag-aaralan mo ang mga doktrina sa kabanata 3 (a) para patatagin ang sarili mong kaalaman at patotoo sa ebanghelyo at (b) para turuan ang iba at ihanda sila sa paggawa at pagtupad ng mga pangako at tipan.

Ang mga doktrina sa ilan sa iba pang mga kabanata ay makatutulong din sa iyo sa pagtuturo sa mga investigator at mga bagong miyembro. Halimbawa, ang kabanata 4, “Paano Ko Makikilala at Mauunawaan ang Espiritu?” ay makatutulong sa iyo sa pagtuturo sa ilang mga investigator kung paano magkaroon ng patotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang kabanata 5, “Ano ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon?” ay makatutulong sa paglutas mo sa mga problema ng isang investigator tungkol sa Aklat ni Mormon. Ang mga ideya mula sa kabanata 2, “Paano Ako Epektibong Mag-aaral at Maghahanda na Magturo?” ay makatutulong sa mga bagong binyag o convert na lalo pang matuto sa pag-aaral nila ng Aklat ni Mormon.

Ang *“Mangaral ng Aking Ebanghelyo”* ay nakapokus sa mahahalagang bahagi ng gawaing misyonero. Hindi nito sinasagot ang bawat tanong o situwasyon na makakaharap mo. Magiging pinakaepektibo ka kapag sinunod mo ang Espiritu, nagsaliksik sa mga banal na kasulatan, sumunod sa mga utos, at ginawa ang natutuhan mo.

Pag-aralan ang mga kabanata sa buong misyon mo. Isagawa ang natututuhan mo. I-evaluate ang nagawa mo. Ang mga misyonerong nagsisikap na ihanda ang kanilang sarili sa araw-araw at naghahangad na palaging humusay ay makatatanggap ng patnubay mula sa Espiritu Santo at makikita ang mga pagpapala sa kanilang buhay.

Mga Tala

## Ang mga Lesson ng Misyonero

Maluwag mong maituturo ang mga lesson sa anumang paraan na pinakamabuting makatutulong sa mga tao na maghanda para sa kanilang binyag at kumpirmasyon. Ang layunin mo ay hindi lamang ang ituro ang buong materyal; ito ay ang tulungan din ang iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Bihirang lumampas ng 45 minuto ang lesson. Makikita mo na kaunti lang pala ang oras kaya't maiikli lang ang pagtuturong gagawin ninyo sa mga pagbisita. Sa ganitong kalagayan kailangan kayong bumisita nang madalas ngunit sandali lamang para maituro ang maliliit na bahagi ng materyal.

Maituturo mo ang mga lesson sa iba't ibang paraan. Malalaman mo kung aling lesson ang ituturo mo, kailan ito ituturo, at gaano ito katagal batay na rin sa pangangailangan ng investigator at sa patnubay ng Espiritu. Huwag isaulo ang buong lesson.

## Personal na Pag-aaral, Pag-aaral ng Magkompanyon, mga District Meeting, at Zone Conference

Ang epektibong pag-aaral sa iyong misyon ay makatutulong sa pagsasagawa mo ng iyong layunin bilang misyonero. Mapalalakas din nito ang iyong patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang apat sa pinakamahahalagang oportunidad mo para mag-aral ay ang personal na pag-aaral, pag-aaral ng magkompanyon, mga district meeting, at zone conference. Kabilang sa iskedyul mo sa araw-araw ang personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon.

Iskedyul ng Misyonero sa Araw-Araw

| | |
|---|---|
| 6:30 n.u. | Gumising, magdasal, mag-ehersisyo (30 minuto), at maghanda para sa araw na ito. |
| 7:30 n.u. | Almusal o agahan. |
| 8:00 n.u. | Personal na pag-aaral: ang Aklat ni Mormon, iba pang mga banal na kasulatan, mga doktrina ng mga lesson ng misyonero, at iba pang mga kabanata mula sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo."* |
| 9:00 n.u. | Pag-aaral ng magkompanyon: ibahagi ang natutuhan mo sa personal na pag-aaral, maghanda na magturo, magpraktis na magturo, pag-aralan ang mga kabanata mula sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo,"* siguruhin ang mga plano para sa araw na ito. |
| 10:00 n.u. | Simulan ang proselyting. Ang mga misyonerong nag-aaral ng wika ay may karagdagang 30 hanggang 60 minuto para pag-aaralan ang wikang iyon. Isama dito ang pagpaplano ng mga aktibiti sa pagkatuto ng wika na gagamitin sa araw na ito.<br><br>Maaaring mag-ukol ang mga misyonero ng isang oras para sa tanghalian at dagdag na pag-aaral. Kailangan din ng isang oras para sa hapunan sa oras na pinakainam na lalapat sa kanilang pag-proselyte. Ang hapunan ay karaniwang dapat hindi lumampas sa 6:00 n.g. |
| 9:00 n.g. | Magbalik sa tirahan (maliban kung nagtuturo ng lesson; pagkatapos ay umuwi ng alas 9:30 n.g.) at magplano ng mga aktibiti para sa susunod na araw (30 minuto). Sumulat sa journal, maghanda sa pagtulog, manalangin. |
| 10:30 n.g. | Matulog na. |

*Sa pagsangguni sa Panguluhan ng Pitumpu o sa Area Presidency, maaaring baguhin ng inyong mission president ang iskedyul na ito para matugunan ang pangangailangan sa inyong lugar.*

Mga Tala

Ang natututuhan mo sa personal na pag-aaral ay makatutulong sa iyo sa pag-aaral ng magkompanyon, sa district meeting, at mga zone conference, kung saan "[matu]turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77). Ang natututuhan mo mula sa mga pag-aaral at mga district meeting ay makatutulong sa iyo para makapagturo nang may espirituwal na kapangyarihan.




### Personal na Pag-aaral

Ang layunin ng personal pag-aaral ay patatagin ang kaalaman at patotoo mo sa ibinalik na ebanghelyo. At para tulungan ka ring maghanda na matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong tinuturuan mo. Sa iyong personal na pag-aaral, magpokus sa mga banal na kasulatan at sa inaprubahang mga aklat para sa misyonero:

- *Jesus the Christ*
- *Ating Pamana*
- *Our Search for Happiness*
- *True to the Faith*

Magagawa mong epektibo ang personal na pag-aaral kapag:

- Nagbasa ka mula sa Aklat ni Mormon at sa iba pang mga banal na kasulatan.
- Pinag-aralan mo ang mga doktrina ng mga lesson ng misyonero.
- Pinag-aralan mo ang iba pang mga kabanata mula sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo."*

### Pag-aaral ng Magkompanyon

Ang layunin ng pag-aaral ng magkompanyon ay (1) para magkaisa kayong magkompanyon upang makapagturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu at (2) magpokus sa progreso ng mga tinuturuan ninyo. Magagawa ninyong epektibo ang pag-aaral ng magkompanyon kapag:

- Nagbahagi kayo ng mga ideya sa isa't isa mula sa personal na pag-aaral.
- Naghanda kayo para sa partikular na mga appointment sa pagtuturo, pagbisita sa miyembro, paghahanap ng matuturuan, at iba pang mga aktibiti. Pag-aralan ang materyal na nakatutulong sa iyo na magturo, maghanap, at mas epektibong gumawa. Pag-usapan ang mga taong kasa-kasama ninyo. Planuhin kung paano isasagawa ang natututuhan mo.
- Sa buong maghapon, patuloy na pag-usapan ang mga alituntunin, mithiin, kasanayan, at mga plano mula sa pag-aaral ng magkompanyon.

### Mga District Meeting

Ang layunin ng district meeting ay "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77).

- Ang mga district meeting ay ginaganap sa bawat linggo sa loob ng 60 hanggang 90 minuto.

Mga Tala

- Ang district leader ang nagpaplano at nangangasiwa sa district meeting at maaari niyang imbitahan ang iba pang mga misyonero na tumulong sa pagtuturo.
- Maaaring kasama sa mga district meeting ang:
  - Pagbabahagi ng mga ideya mula sa personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon.
  - Pagpapraktis ng mga lesson sa iba't ibang kalagayan.
  - Pagpapaliwanag, pagpapakita, at pagpapraktis ng mga alituntunin at kasanayang nakalarawan sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo."*
  - Pag-uusap tungkol sa progreso at pangangailangan ng mga investigator.
  - Pag-uusap tungkol sa at paglutas sa mga problema sa district.
  - Pagbabahagi ng mga karanasan at patotoo tungkol sa gawaing misyonero.
- Maaaring gamitin ng mga district leader ang district meeting sa pagtanggap ng mga report tungkol sa pagsisikap ng mga misyonero sa district. Hindi sila dapat magtakda ng mga mithiin o kota (quota) para sa iba pang mga misyonero ni hilingan silang magreport ng kanilang mga mithiin.

### Mga Zone Conference

Ang mga zone conference ay idinaraos sa pamamahala ng mission president.

## Mga Espesyal na Katangian ng *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"*

Ang bawat kabanata sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"* ay may ilang espesyal na katangian. Dapat matulungan ka ng mga ito na lalong matuto sa iyong pag-aaral—hindi pilitin kang matuto sa isang partikular na paraan. Gamitin ang mga katangiang ito nang maluwag batay sa iyong mga pangangailangan.

### Study Journal

Palagi kang hihilingan ng *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"* na gumamit ng study journal para tulungan kang maintindihan, malinawan, at maalala ang natututuhan mo. Itinuro ni Elder Richard G. Scott na, "Ang kaalaman na nairekord na mabuti ay magagamit sa oras ng pangangailangan. Ang mga espirituwal na sensitibong impormasyon ay dapat itago sa sagradong lugar na nagpapakita sa Panginoon kung paano mo ito pahalagahan. Kapag ganito ang ginagawa mo ay malamang na makatanggap ka pa ng dagdag na liwanag" ("Acquiring Spiritual Knowledge," *Ensign,* Nob. 1993, 86). Rebyuhin ang iyong study journal para maalala ang mga espirituwal na karanasan, makita ang mga bagong ideya, at makita ang iyong pag-unlad.

Ang iyong study journal ay maaaring isang journal, notebook, o binder. Irekord at isaayos ang iyong kaisipan at impresyon sa paraan na lalapat sa paraan ng iyong pagkatuto. Bumuo ng sarili mong sistema para madaling makuha ang mahahalagang impormasyon sa hinaharap. Gamitin ito palagi para rebyuhin, tingnan, at isagawa ang natutuhan mo. Gamitin ang iyong study journal para sulatan ng mga tala at irekord ang mga impresyon sa iyong personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon, mga district meeting, zone conference, at interbyu sa mission president.

Mga Tala

## Mga Kahon ng Impormasyon

Ang mga kahon sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"* ay makatutulong para matuto kayo. Ang ilang kahon ay pakita o buod ng mahahalagang punto. Ang iba naman ay tumutulong para makapagpokus ka sa pag-aaral, matuto mula sa mga banal na kasulatan, maisagawa ang natutuhan mo, magkaroon ka ng kakayahan, at matugunan ang pangangailangan ng mga tinuturuan ninyo. Kadalasan ang mga kahong ito ay sa simula lamang gamit. May panalanging gamitin ang mga aktibiti na nasa mga kahon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga bagong aktibiti sa pag-aaral at pagsasaliksik ng karagdagang mga banal na kasulatan.

---

**Isaisip Ito**

- Ano ang ibig sabih
- Paano ko daragdag
- Bakit dapat kong isa
- Ano ang gagawin s

**"Isaisip Ito."** Karamihan sa mga kabanata ay nagsisimula sa tanong na nasa kahon ng "Isaisip Ito." Ang mga tanong na ito ay nakapokus sa mahahalagang punto ng kabanata at nagbibigay ng outline para sa iyong pag-aaral. Gamitin ang mga tanong na ito para makabuo, maintindihan, mapag-isipang mabuti, at maisagawa ang natututuhan mo.

---

**Isaisip Ito**

- Itatag ang Simbah (D at T 42:8).
- Hangarin at sundin
- Ang mga tao sa iny

**"Tandaan Ito."** Karamihan sa mga kabanata ay nagtatapos sa kahon na "Tandaan Ito"—isang buod ng pinakamahahalagang punto mula sa kabanata. Kapag natapos mo nang pag-aralan ang kabanata, rebyuhin ang mga pahayag para matiyak na naiintindihan mo ang mahahalagang puntong ito. I-evaluate kung gaano mo kahusay na nagagawa ang mga puntong ito, at planuhing isagawa ang natutuhan mo.

---

**Pag-aaralang mga B**

**Ano ang sinasabi ng Jesucristo?**

3 Nephi 12:48
3 Nephi 27:21, 27

**"Pag-aaralang Banal na Kasulatan."** Itinutuon ka ng mga kahon na ito sa mga sanggunian na makapagpapatatag sa iyong pang-unawa at patotoo. Gamitin ang mga sangguniang ito sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng karagdagang mga banal na kasulatan. Itanong sa iyong sarili ang kaugnay na mga tanong na tutulong upang magkaroon ka ng ideya at maisagawa ang natutuhan mo.

---

**Aktibiti: Personal na**

Pag-aralang mabuti an aaralan mo ang pangi pangitaing ito, ang pun 11:21–22).

**"Aktibiti."** Karamihan sa mga kabanata ay may mga aktibiti para sa personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon para mapagbuti ang iyong pagkatuto at pagsasagawa. Ulitin ang mga aktibiting ito sa buong misyon mo. Magkakaroon ka ng mga bagong ideya sa tuwing gagawin mo ang mga ito dahil ang iyong mga pangangailangan—at ang pangangailangan ng mga tinuturuan mo—ay magbabago.

---

**Sundin ang Espiritu**

"Ang Espiritu ang tang sa pagganap mo sa i nasa misyon. Kung wa talino at kakayahan" (

**Mga Pulang Kahon.** Ang mga kahong ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon at mungkahi para sa maraming pagtuturo at pag-proselyte.

---


Mga Tala

### Mga Kuwento

Lahat ng kuwento sa *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"* ay totoo, kahit na binago ang mga pangalan ng karamihan sa mga tao. Inilalarawan ng bawat kuwento ang ilang alituntunin na may kinalaman sa gawaing misyonero. Habang binabasa mo ang mga kuwentong ito, hanapin ang mga alituntuning inilalarawan nito.

### Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Ang bawat kabanata ay nagtatapos sa karagdagang mga ideya para sa personal na pag-aaral, pag-aaral ng magkompanyon, mga district meeting, at zone conference. Ang mayamang pinagkukunan na ito ng mga aktibiti sa pagkatuto ay nagbibigay ng mga halimbawa ng epektibong paraan para mapag-aralan ang materyal. Maging malikhain at hangarin ang inspirasyon para makalikha ng dagdag na mga aktibiti sa tuwing pag-aaralan mo o ituturo ang isa sa mga bahaging ito. Kumpletuhin ang mga aktibiting ito nang ilang beses sa iyong misyon.


Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasaga

Personal na Pag-aaral


- Basahin ang liham na ito ng misyonero sa kanyang mga mga magulang:
“Naturuan ko ang isang kahanga-hangang babae sa bus. Pabalik na kami
mula sa district meeting, at iyon lang ang bakanteng upuan kaya’t
sinimulang basahin ang sulat ko. Siyempre, ang una kong binasa ay ang
na may retrato ng sanggol na si Evan. Napansin kong nakatingin din sa
retrato ang katabi ko, at nagkatinginan kami ng matandang babae.
tumingin sa bintana. Pumikit siya na parang matutulog. Nagdasal ako,
Langit, gusto ko siyang kausapin. Tulungan po ninyo ako.’ Ilang minuto
lumipas, dumilat siya at umupo nang tuwid, at agad kong sinabi, ‘Di ba
siya?’ Ipinakita ko sa kanya ang retrato ni baby Evan at nagkuwento sa
tungkol sa pamilya. Tinanong ko kung nasaan ang mga anak niya.
ikinuwento sa akin kung gaano ang galit sa kanya ng anak niyang babae
walang pakialam sa kanya. Umiyak siya at napaiyak din ako. Sinabi ko
ang tungkol sa plano ng kaligtasan. Sinabi kong kilala siya ng Ama sa
alam Niya ang pinagdaraanan niya. Umiyak ako at sinabi na mahal siya

## Mga Misyonerong Naglilingkod sa mga Branch at District

Maraming misyonero ang naglilingkod sa mga branch at district. Kahit na nakapatungkol ang manwal na ito sa mga *ward* at *stake,* ang mga alituntunin at paraan ay para rin sa mga *branch* at *district.* Sasabihin sa inyo ng mission president ang alinmang pagbabagong gagawin ninyo kapag nakikipagtulungan sa mga lider ng branch at district.

## Gamit ng mga Ward Missionary at Lider ng Ward

Ang *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo"* ay para sa mga full-time na misyonero ng Simbahan. Gayunman, ang mga alituntunin at doktrinang itinuturo dito ay para din sa mga ward missionary at lider ng ward sa paghahangad nilang maitayo ang kaharian ng Panginoon. Sa madalas na pag-aaral ng manwal na ito ay magagampanan nila ang kanilang mga responsibilidad bilang mga miyembrong misyonero at magpapakita ng pakikiisa sa full-time na mga misyonero.



*Ipinangangaral ni Dan Jones, isa sa mga pinakadakilang misyonero sa dispensasyong ito, ang ebanghelyo sa Wales.*

# Ano ang Layunin Ko Bilang Misyonero?

Mga Tala

## Ang Layunin Mo

Imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

## Isaisip Ito

- Ano ang layunin ko bilang misyonero?
- Ano ang ebanghelyo?
- Bakit natin ipinapangaral ang ebanghelyo?
- Bakit kailangan akong magturo nang may kapangyarihan at awtoridad?
- Ano ang mensahe ng Panunumbalik? Bakit napakahalaga nito?
- Ano ang responsibilidad ko sa pagtulong sa iba na ma-convert?
- Paano ko malalaman kung matagumpay akong misyonero?

## Ang Iyong Tungkulin ay Ituro ang Ibinalik na Ebanghelyo ni Jesucristo

Napapaligiran ka ng mga tao. Nadaraanan mo sila sa kalye, nabibisita sa kanilang mga tahanan, at nakakasabay mo sila sa pagbibiyahe. Lahat sila ay mga anak ng Diyos, mga kapatid mo. Mahal sila ng Diyos tulad ng pagmamahal Niya sa iyo. Marami sa mga taong ito ang naghahanap sa layunin ng buhay. Nag-aalala sila para sa kanilang mga pamilya. Kailangan nilang madama na kabilang sila at ito ay nagmumula sa kaalamang sila ay mga anak ng Diyos, mga miyembro ng Kanyang walang hanggang pamilya. Gusto nilang madama na ligtas sila sa isang daigdig na pabagu-bago ang pananaw sa kung ano ang talagang mahalaga. Gusto nila ng "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23), ngunit sila ay "napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan" (D at T 123:12).

© 1993 Clark Kelley Price. Bawal kopyahin.

Mga Tala

Ang ebanghelyo ni Jesucristo na ibinalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith ang magbibigay-biyaya sa kanilang mga pamilya, makatutugon sa kanilang mga espirituwal na pangangailangan, at makatutulong sa kanila upang matupad ang mga pinakamimithi nila sa buhay. Kahit maaaring hindi nila alam kung bakit, kailangang maalis sa kanila ang damdamin ng pagkaligalig na dulot ng mga kamalian at kasalanan. Kailangan nilang madama ang galak na dulot ng pagkatubos sa pamamagitan ng pagtanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at mapasakanila ang kaloob na Espiritu Santo.



Bilang awtorisadong kinatawan ni Jesucristo, maituturo mo sa mga tao nang may kapangyarihan at awtoridad na "ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas," at walang sinumang "makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:6, 8). Sa pagtanggap ng mga tao sa ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagtanggap ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, mabibigyan sila ng katiyakan na hindi sila "itatakwil nang habang panahon" (Aklat ni Mormon, Pahinang Pamagat).

Habang nadaragdagan ang pagkaunawa mo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, madaragdagan din ang hangarin mong ibahagi ang ebanghelyo. Madarama mo, tulad ni Lehi, na ang "laking kahalagahan ng ang mga bagay na ito ay ipaalam sa mga naninirahan sa mundo" (2 Nephi 2:8).

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Inuutusan tayo ng Diyos na ihatid ang ebanghelyong ito sa buong daigdig. Iyan ang layunin na dapat magbigkis sa atin ngayon. Tanging ang ebanghelyo ang makapagliligtas sa daigdig mula sa kalamidad ng sarili nitong pagkawasak. Tanging ang ebanghelyo ang makapagbibigkis sa mga tao ng lahat ng lahi at bansa sa kapayapaan. Tanging ang ebanghelyo ang makapaghahatid ng galak, kaligayahan, at kaligtasan sa buong sangkatauhan" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 167).

Tinawag ka para maging kinatawan ni Jesucristo sa pagtulong sa mga tao na maging malinis mula sa kanilang mga kasalanan. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng pag-imbita sa kanila na lumapit kay Jesucristo at maging convert sa Kanyang ibinalik na ebanghelyo. Para makalapit sa Tagapagligtas kailangan silang magkaroon ng pananampalataya sa Kanya tungo sa pagsisisi—na ginagawa ang mga pagbabagong kailangan para maiayon ang kanilang buhay sa Kanyang mga aral. Matutulungan mo ang mga tao na magkaroon ng gayong pananampalataya kapag itinuro mo sa kanila ang ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu at pag-imbita sa kanila na mangakong mamuhay nang naaayon sa mga turo nito. Ang pagtupad sa pangakong ito ang maghahanda sa kanila para sa mga tipan ng binyag at kumpirmasyon at sa mahalagang kaloob na Espiritu Santo. Kailangan nilang alisin ang pagiging "likas na tao" at maging Banal "sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon" (Mosias 3:19).

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Pag-aralang mabuti ang larawan ng punungkahoy ng buhay sa pahina 2 habang pinag-aaralan mo ang pangitain tungkol sa punungkahoy ng buhay na nasa 1 Nephi 8 at 11. Sa pangitaing ito, ang punungkahoy ng buhay ay simbulo ng pag-ibig ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 11:21–22).

- Ano ang hinangad ni Lehi matapos niyang makain ang bunga? (Tingnan sa 1 Nephi 8:10–18.)
- Sa pangitain, ano ang kinailangang gawin ng mga tao para makakain ng bunga? Ano ang kailangan nating gawin para matanggap ang lahat ng biyaya ng Pagbabayad-sala? Sa paanong paraan tayo tinutulungan ng mga pangako at tipan para makibahagi sa mga pagpapalang ito?
- Bilang misyonero, ano ang tungkulin mo sa pagtulong sa iba na mahanap at matikman ang mga bungang dulot ng ebanghelyo?

## Pinagpapala ng Ebanghelyo ang mga Pamilya

Pinagpapala ng mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga pamilya. Dahil sa Panunumbalik nauunawaan natin ang layunin ng Diyos para sa mga pamilya: "Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 35602 893).

> *"Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin mo kailanman ay ang gawain na gagawin mo sa loob ng iyong sariling tahanan."*
>
> – PANGULONG HAROLD B. LEE
> *THE TEACHINGS OF HAROLD B. LEE*,
> SEL. CLYDE J. WILLIAMS (1996), 280

Sa lupa, ang mga samahan sa pamilya ang maaaring pagmulan ng ilan sa ating pinakamalalaking kagalakan. Sinasalakay ni Satanas ang pamilya sa iba't ibang paraan, at napakaraming mga pamilya ang nasisira ng kanyang mga ginagawa. Dahil sa mensahe ng ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay naging posible na magkasama ang pamilya ngayon at sa kawalang hanggan. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, ang mga pamilya ay maaaring magkaroon ng kapayapaan, galak, at damdamin ng pagiging kabilang at identidad sa buhay na ito. Sa pamamagitan ng liwanag ng ebanghelyo, malulutas ng mga pamilya ang mga di-pagkakaunawaan, pagtatalo, at mga hamon. Ang mga pamilyang nahati dahil sa di-pagkakasundo ay mapagkakaisa sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapatawad, at pananampalataya sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. "Ang kaligayahan sa buhay may-pamilya ay malamang na makamit kapag nakasalig ito sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang matatagumpay na samahan ng mag-asawa at pamilya ay nasisimulan at napapanatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, respeto, pagmamahal, habag, paggawa, at makabuluhang mga libangan" (*Ensign*, Nob. 1995, 102).

Sikaping hanapin at turuan ang mga pamilya—isang ama, ina, at mga anak—na makasusuporta sa bawat isa sa pamumuhay ng ebanghelyo at sa huli ay mabuklod bilang isang pamilya sa pamamagitan ng naibalik na awtoridad ng priesthood.

Mga Tala

## Pagtuturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Dahil ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ang "kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya" (Mga Taga Roma 1:16), ang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ay kailangang ituro nang may banal na kapangyarihan—ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, na siyang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos o Godhead. Siya'y madalas tawaging Espiritu, at ang isa sa Kanyang mga papel na ginagampanan ay ang magturo at magpatotoo hinggil sa katotohanan. Habang ikaw ay nagtuturo gamit ang kapangyarihang iyon, ang Espiritu Santo ay:

- Ituturo sa iyo ang mga bagong katotohanan at ipapaalaala sa iyo ang mga doktrinang napag-aralan mo na (tingnan sa Juan 14:26).
- Ibibigay sa iyo ang mga salitang dapat mong sabihin sa mismong oras na kailangan mo ang mga ito (tingnan sa D at T 84:85).
- Ihahatid ang mensahe sa puso ng mga tinuturuan mo (tingnan sa 2 Nephi 33:1).
- Sasaksi sa katotohanan ng iyong mensahe at pagtitibayin ang iyong mga salita (tingnan sa D at T 100:5–8).
- Tutulungan ka na malaman ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo (tingnan sa Alma 12:7).

Mahalaga ang Espiritu sa pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo na magpapatatag sa pananampalataya ng iba. Habang sinisikap mong magkaroon ng pananampalatayang umasa sa Espiritu, dapat ay:

- Manalangin para matanggap mo ang Espiritu (tingnan sa D at T 42:14).
- Dalisayin mo ang iyong puso (tingnan sa D at T 112:28).
- Sundin mo ang mga kautusan (tingnan sa D at T 20:77, 79).
- Masigasig mong pagyamanin sa iyong isipan ang salita ng Diyos (tingnan sa D at T 11:21; 84:85).
- Magturo ka sa paraan na mauunawaan ng iba ang iyong mensahe at sila ay maging matibay (tingnan sa D at T 50:13–22).
- Manampalataya ka (tingnan sa Moroni 10:7).

Ikaw ay itinalaga o ibinukod sa iyong sagradong tungkulin sa pangako na ibibigay sa iyo ang Espiritu kapag nagawa mo ang mga kailangang gawin na itinakda ng Panginoon. Ang pagtanggap ng mga kaloob ng Espiritu ay dapat isa sa iyong mga pinakamatinding hangarin.

## Ang Kapangyarihan at Awtoridad ng Iyong Tungkulin

Ang mga misyonero ay dapat humayo "sa kapangyarihan ng pag-oorden kung saan [sila] ay inordenan, nagpapahayag ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, maging ang walang hanggang ebanghelyo" (D at T 79:1). May karapatan kang ipangaral ang ebanghelyo. Kung taglay mo ang priesthood, may karapatan kang mangasiwa sa mga ordenansa nito. Kapag ginamit mo nang may panalangin at karapat-dapat ka sa awtoridad na iyon, makakatanggap ka ng espirituwal na kapangyarihan, na katibayan na tunay ang iyong tungkulin. Huwag matakot o kaya'y ikahiya ang pagtupad sa iyong

Mga Tala

tungkulin bilang misyonero. Tulad ng mga anak ni Mosias, kailangang magturo ka gamit ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos (tingnan sa Alma 17:2–3).

Noong ikaw ay italaga o ibukod sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, natanggap mo ang karapatan at pribilehiyo na maging kinatawan ng Panginoon. Natanggap mo ang ministerial certificate na nagpapatunay sa awtoridad na ito sa buong mundo. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Maaaring literal ang maging pagtang-gap sa pagtatalaga o pagkabukod; ito'y pagkabukod sa kasalanan, paglayo sa kahalayan; paglayo sa anumang bagay na magaspang, mababa, masama, mababang-uri, o bastos; *pagkabukod* sa daigdig tungo sa mas mataas na kalagayan ng kaisipan at pagkilos. Ang biyaya ay ibabatay sa katapatan ng pagtupad" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball [1982], 478).

Kasama ng awtoridad mo ang responsibilidad na mamuhay nang karapat-dapat sa iyong tungkulin. Bilang kinatawan ng Panginoon, ikaw ay dapat maging "uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Kay Timoteo 4:12). Sikaping mamuhay nang naaayon sa mga kautusan ng Diyos at tuparin ang mga tipan na ginawa mo sa templo; pag-aralan ang mga banal na kasulatan; maging magalang, nasa oras, at maaasahan; sundin ang mga pamantayan ng misyonero sa pag-uugali, pananamit, at kaanyuan; mahalin ang mga taong kasama at pinaglilingkuran mo. Igalang ang pangalan ni Cristo sa iyong mga kilos.

Bukod sa awtoridad, kailangan mo ring gumamit ng kapangyarihan sa iyong gawain. Ang awtoridad na natanggap mo ay maaaring magbigay ng kapangyarihan sa iyo. Tunay na ang espirituwal na kapangyarihan ay ebidensya na totoo ang iyong awtoridad. Ang espirituwal na kapangyarihan ay kaloob na siyang paraan para mas epektibo mong magawa ang iyong gawain.

Ang kapangyarihan mo at awtoridad ay dapat makita sa iyong gawain at pagtuturo. Ang kapangyarihan ay maaaring makita sa maraming bagay na ginagawa mo, tulad ng:

- Paggabay ng Espiritu para masabi mo ang gusto ng Panginoon na sabihin mo sa takdang oras (tingnan sa D at T 84:85).
- Pagtanggap ng patnubay sa kung saan ka dapat pumunta o ano ang dapat mong gawin (tingnan sa D at T 28:15; 31:11; 75:26–27).
- Katunayan ng iyong patotoo sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu (tingnan sa 2 Nephi 33:1; D at T 100:5–8).
- Pakikibahagi sa mga ordenansang ukol sa kaligtasan (tingnan sa D at T 84:19–20).
- Pagbibigay ng mga basbas ng priesthood kung ikaw ay isang elder (tingnan sa Santiago 5:14–15).
- Pagdarasal na kasama o para sa mga taong kasama mo sa gawain (tingnan sa Alma 6:6; 8:18–22; 10:7–11; 31:26–35; D at T 75:19).
- Pagpapakita ng pagmamahal sa Panginoon, sa iyong pamilya, mga kapwa misyonero, at mga taong pinaglilingkuran mo.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Paano ka makatatanggap ng kapangyarihan?**

Alma 17:2–3 | D at T 53:3 | 1 Mga Taga Corinto 2:4

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Tingnan ang ipinintang larawan ni Cristo na nag-oordena ng mga Apostol, at pagkatapos ay basahin ang Juan 15:1–16.

Sa paanong paraan naging puno ng ubas si Cristo? Paano kang naging sanga ng puno ng ubas na iyon? Paano nauugnay dito ang pagbubukod o pagka-set apart sa iyo?

Basahin muli ang iyong ministerial certificate. Isulat ang nadarama mo at nasa isip mo tungkol sa binasa mo. Sa tuwing pag-aaralan mo ang kabanatang ito, ulitin ang prosesong ito. Pansinin kung paanong magbabago ang damdamin mo sa paglipas ng panahon.

Pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan 109:13–15, 21–30, 38–39, 55–57, na mga hango sa inspiradong panalangin ni Propetang Joseph Smith sa dedikasyon ng Kirtland Temple. Anong mga pagpapala ang hiniling ni Joseph Smith para sa matatapat?



## Ang Ebanghelyo ni Jesucristo

Ipinaliliwanag ng ebanghelyo ni Jesucristo ang iyong mensahe at iyong layunin: ibig sabihin, ipinaliliwanag nito kung "ano" ang gawaing misyonero at "bakit" ito ginagawa. Ipinaliwanag ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo para isama ang ilang napakahalaga at pangunahing mga doktrina. Bumaba Siya sa mundo para gawin ang kagustuhan ng Kanyang Ama, at ipinadala Siya ng Kanyang Ama sa mundo para ibangon mula sa krus. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, lahat ng tao ay ibabangon para humarap kay Cristo para mahatulan sa kanilang mga gawa, mabuti man ito o masama. Ang mga sumasampalataya kay Cristo, nagsisisi ng kanilang mga kasalanan, at nagpapabinyag sa pangalan ni Cristo ay maaaring dalisayin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kung magtitiis sila hanggang wakas, tatayo silang walang bahid-dungis sa harap ni Cristo sa huling araw at papasok sa kinaroroonan ng Panginoon. Sila ay pawawalang-sala ni Cristo sa harap ng Kanyang Ama. Siya ang magiging kanilang Tagapamagitan. Ang mga hindi makapagtitiis nang buong katapatan hanggang wakas ay "mapuputol at ihahagis sa apoy . . . dahil sa katarungan ng Ama" (Tingnan sa 3 Nephi 27:13–22; ihambing sa 2 Nephi 31:10–21; 3 Nephi 11:31–41; D at T 76:40–42, 50–53.)

Mga Tala

Ang layunin ng ebanghelyo ay linisin ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan para matanggap nila ang awa ng Tagapagligtas sa araw ng paghuhukom. Dahil dito, ang pokus ng aklat na ito at, mas mahalaga, ang gagawin mo sa araw-araw ay imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

Magsisimulang sumunod ang mga indibiduwal at pamilya kay Cristo kapag nagpakita sila ng pananampalataya sa kanila at nagsisi ng kanilang mga kasalanan. Nakakatanggap sila ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng binyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo mula sa taong may awtoridad mula sa Diyos na magsagawa ng mga ordenansang ito. Pagkatapos ay makapagtitiis sila hanggang wakas o, sa madaling salita, habambuhay silang patuloy na mananampalataya kay Jesucristo, magsisisi, at magpapanibago ng kanilang mga tipan. Hindi ito mga hakbang na minsan lang nilang daranasin sa buhay nila; sa halip, kapag inulit-ulit ito ang mga hakbang na ito ay lalong nagiging kapaki-pakinabang na pattern ng pamumuhay. Sa katunayan, ito lang ang paraan ng pamumuhay na maghahatid ng kapayapaan ng budhi at paraan para makabalik ang mga anak ng Ama sa Langit sa Kanyang piling.

> *"Ipangaral ang mga alituntunin ng Ebanghelyo—paulit-ulit na ipangaral ang mga ito: makikita mo na araw-araw ay may ihahayag sa iyong mga bagong ideya at dagdag na pang-unawa ukol sa mga ito. Madaragdagan ang pang-unawa ninyo sa mga ito at magiging mas malinaw ito sa iyo. Dahil dito ay mas malinaw mo itong maipapaunawa sa iyong mga tinuturuan."*
>
> – HYRUM SMITH
> *HISTORY OF THE CHURCH*, 6:323

Ang pagsunod kay Jesucristo ay pangakong ginagawa habambuhay. Sa pananampalataya, pagsisisi, pagpapabinyag at pangangakong maglilingkod kay Cristo, at pagkatapos ay pagtanggap ng Espiritu Santo, tayo'y makadarama ng espirituwal na kagalingan, kapatawaran ng mga kasalanan, at lubusang conversion o pagbabalik-loob sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.

Tulungan ang mga taong magkaroon ng pananampalataya kay Cristo tungo sa pagsisisi sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapatotoo sa katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa awtoridad ng priesthood na naibalik at sa pag-imbita sa kanila na ipamuhay ang Kanyang mga turo.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang ebanghelyo, o doktrina, ni Cristo?**

2 Nephi 31:10–21 3 Nephi 11:31–41 3 Nephi 27:13–22

Mga Tala

## Ang Mensahe ng Panunumbalik: Ang Pundasyon ng Pananampalataya

Saan ka man naglilingkod o sino man ang iyong tinuturuan, isentro ang iyong pagtuturo sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. "Pagpapalain kayo ng Panginoon habang itinuturo ninyo ang mensahe ng Pagpapanumbalik sa isang mundong labis na nangangailangan ng ebanghelyo ni Jesucristo" ("Pahayag Ukol sa Gawaing Misyonero," liham ng Unang Panguluhan, Dis. 11, 2002). Habang pinag-aaralan mo ang mga doktrina sa mga lesson ng misyonero, makikita mong iisa ang ating mensahe: Sa pamamagitan ng makabagong propeta, naibalik ng Diyos ang kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan, na nakasentro sa Pagbabayad-sala ni Cristo at naisakatuparan sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo.

Tiyakin na nauunawaang mabuti ng bawat tinuturuan mo ang sumusunod:

- Ang Diyos ay ang ating literal na Ama sa Langit. Mahal Niya tayo. Bawat tao sa mundo ay anak ng Diyos at miyembro ng pamilya ng Diyos. Si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang ating Tagapagligtas at Manunubos.
- Tinulungan ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang Kanyang mga anak sa buong kasaysayan ng Biblia sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang ebanghelyo sa mga propeta. Nakakalungkot na tinanggihan ng maraming tao ang ebanghelyong iyon; kahit ang ilan na tumanggap dito ay binago ang mga doktrina at ordenansa ng ebanghelyo at nawalan na ng pananampalataya at nag-apostasiya.
- Ipinadala ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, sa mundo. Nagsagawa Siya ng mga himala at itinuro ang Kanyang ebanghelyo. Isinagawa Niya ang Pagbabayad-sala at nabuhay na mag-uli.
- Simula noong Unang Pangitain, muling nagpakita ang Diyos ng pagmamahal sa Kanyang mga anak. Ibinalik Niya ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang awtoridad ng Kanyang priesthood at itinatag ang Kanyang Simbahan sa mundo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang Aklat ni Mormon ay kapani-paniwalang ebidensya ng Panunumbalik na ito.



Habang tinutulungan mo ang mga investigator na makita ang pattern ng apostasiya at panunumbalik, magiging handa sila sa pag-unawa na kailangan talaga ang Panunumbalik sa mga huling araw. Makikita nila na kailangang tanggapin ang ibinalik na ebanghelyo, tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, at sundin ang landas patungo sa buhay na walang hanggan. Tulungan ang mga tao na maunawaan na ang Simbahan ay hindi tulad ng ibang relihiyon, ni hindi ito simbahang Amerikano. Sa halip, ito ang panunumbalik ng "kaganapan ng ebanghelyo" (D at T 1:23), tulad din ng inihayag at itinuro noon pa mang una.

Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ay kapani-paniwalang ebidensya na si Joseph Smith ay propeta at ang ebanghelyo ni

Mga Tala

Jesucristo ay naibalik. Ito ang saligang bato ng ating relihiyon, ang pinakamabisang mapagkukunan sa pagtuturo ng mensaheng ito. Ang ilang mahahalagang katotohanang ibinalik sa pamamagitan ni Joseph Smith ay kinabibilangan ng kaalaman na ang Diyos ay ang ating Ama at tayo ay Kanyang mga espiritung anak, na namuhay tayo noon sa Kanyang piling, at ang mga pamilya ay maaaring magsama-sama habampanahon sa piling ng Diyos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo sa pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo.

Ang Aklat ni Mormon ay ebidensya ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ipinakikita nito na ang Diyos ay nakikipag-usap sa Kanyang mga anak. Habang nagtuturo ka at nagpapatotoo, imbitahin ang mga tao na basahin ang Aklat ni Mormon at ipagdasal ang mensahe nito. Kailangang magpasiya ang bawat taong tinuturuan mo kung tatanggapin niya ang Aklat ni Mormon bilang paghahayag mula sa Diyos.

Magtiwala sa kagila-gilalas na pangako sa Moroni 10:3–5. Gawin ang lahat ng magagawa mo para hikayatin ang mga tao na basahin ang aklat, unawain ito, at buong katapatang itanong sa Diyos kung ito ay totoo. Ang pagsaksi ng Espiritu Santo ang magiging saligang bato ng kanilang pananampalataya na ibinalik ni Cristo ang Kanyang Simbahan. Tulungan ang mga tinuturuan mo na matanggap ang espirituwal na katibayang ito.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Paano mo gagamitin ang Aklat ni Mormon sa iyong gawaing misyonero?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 13:39 | Moroni 10:3–5 | D at T 42:12–14 |
| 2 Nephi 29:8–10 | D at T 20:5–16 | |

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral

Kunwari ay susulat ka ng isang artikulo tungkol sa mensahe ng Panunumbalik para sa lokal na pahayagan. Isulat sa iyong study journal ang isang pamagat na naglalarawan sa mensahe nito. Pagkatapos ay isulat ang naiisip mo at nadarama tungkol sa mensaheng ito, pati na ang kung paano napagbago ng mas malinaw na pagkaunawa nito ang paraan ng iyong pamumuhay at pananaw sa mundong nasa paligid mo.

## Pagtulong sa Iba na Gumawa ng mga Pangako: Ang Daan Tungo sa Pananampalataya at Pagsisisi

Tulungan ang mga tao na maging kwalipikado sa binyag at kumpirmasyon sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng totoong doktrina at pag-imbita sa kanila na magsisi at baguhin ang kanilang buhay sa paggawa at pagtupad ng mga pangako na magpapatatag ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Ang mga pangakong ito ang naghahanda sa mga tao na makagawa at makatupad sa mga sagradong tipan.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland: "Ang unang gagawin mo kapag sinabi ng investigator sa iyo na hindi niya nabasa o naipagdasal ang Aklat ni Mormon ay maging napakalungkot! . . . Madalas ay hindi tayo masyadong nababahala sa lahat ng ito. Ito ay buhay na walang hanggan. Ito ang kaligtasan ng mga anak ng Diyos. Ang kinabukasan ng investigator ay nakadepende sa kung ano ang pipiliin nilang gawin. . . . Ito ang pinakamahalagang landas na tatahakin ng investigator. Pero bagamat hindi nila alam iyan, kahit paano ay alam mo! . . . Kaya ikaw dapat ang bahala sa situwasyong ito. Magturo nang may kapangyarihan at awtoridad, at malungkot kung ang unang mga

Mga Tala

hakbang tungo sa pagsunod ng kautusan at pagtupad ng tipan ay hindi matagumpay na nasimulan" ("Making and Keeping Covenants," satellite broadcast para sa mga misyonero, Abr. 1997).

Sa pagtuturo mo sa mga tao na maunawaan ang Panunumbalik ng kaganapan ng ebanghelyo, ikaw ay "magpahayag ng pagsisisi" (D at T 15:6). Kasama sa pagsisisi ang pagbabago ng puso at hangaring talikuran ang kasalanan at paglingkuran ang Diyos. Kasama dito ang mapagpakumbabang pagsunod sa Espiritu at sa kalooban ng Diyos. Dito'y kailangan ng tao na dagdagan ang kanilang pangako na mamuhay nang naaayon sa kagustuhan ng Diyos. Kailangan sa pagsisisi ang taos at matagalang pagbabago ng kaisipan, hangarin, pag-uugali, at kilos. Ito ay positibong karanasan na naghahatid ng galak at kapayapaan. Maging matatag at magiliw sa pagtulong sa mga tao na maunawaan ang kailangan nilang gawin para magsisi. Sa pag-iimbita sa mga tao na gumawa ng mga pangako, mabisa kang makapagbibigay ng babala at pag-asa sa kanila.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito na nagpapahayag ng pagsisisi?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 29:1–4 | Alma 62:45 | D at T 15:6; 16:6 |
| Alma 42:31 | D at T 14:8 | |

## Binyag at Kumpirmasyon

Ang pagbibinyag at pagkumpirma sa mga taong tinuturuan mo ang sentro ng iyong layunin. Ang binyag ay para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at ang kaloob na Espiritu Santo ay naghahatid ng maraming biyaya sa mga namumuhay nang karapat-dapat rito. Sa pamamagitan ng mga ordenansang ito ang mga tao ay pumapasok sa pintuan at patuloy na tinatahak ang landas tungo sa buhay na walang hanggan. Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks: "Hindi tayo nangangaral at nagtuturo para 'dalhin ang mga tao sa Simbahan' o para dagdagan ang mga miyembro ng Simbahan. Hindi tayo nangangaral at nagtuturo para lamang hikayatin ang mga tao na pagbutihin pa ang kanilang pamumuhay. . . . Iniimbita natin ang lahat na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagsisisi at binyag at kumpirmasyon para mabuksan ang mga pintuan ng kahariang selestiyal sa mga anak ng Diyos. Walang ibang makagagawa nito" ("The Purpose of Missionary Work," satellite broadcast para sa mga misyonero, Abr. 1995).

Habang itinuturo mo ang ebanghelyo, tulungan ang mga tao na maunawaan ang sagradong katangian ng binyag at kumpirmasyon. Tulungan sila na maunawaan na ang pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay malaking pagpapala sa buhay na ito at susi sa kanilang kaligtasan. Ang Espiritu Santo ang "magtuturo sa [kanila] ng lahat ng mga bagay" (Juan 14:26). Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "Kapag tinuturuan mo ang mga investigator at inihahanda sila para sa binyag sa pamamagitan ng tubig, kailangang isipin mo rin ang kaloob na Espiritu Santo—binyag sa pamamagitan ng apoy. Isipin na isang pangungusap ito. Una ang binyag ng tubig at pagkatapos ang binyag ng apoy" ("The Gift of the Holy Ghost: What Every Missionary Should Know—and Every Member As Well," seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 2003). Itinuro ni Propetang Joseph Smith na, "Ang binyag sa tubig ay kalahating binyag lamang, at walang kabuluhan kung wala ang kabiyak nito—ito ang binyag ng Espiritu Santo" (*History of the Church*, 5:499).

Mga Tala

Tulungan ang mga tinuturuan mo na maunawaan na para maging kwalipikado sa binyag at kumpirmasyon ay kailangan nilang masunod ang mga kondisyong nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 20:37.

**D at T 20:37 Mga Kwalipikasyon sa Binyag**

- Magpakumbaba sila sa harap ng Diyos.
- Hangarin na mabinyagan.
- Lumapit nang may bagbag na mga puso at nagsisising espiritu.
- Pagsisihan ang lahat ng kanilang mga kasalanan.
- Handang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo.
- Magkaroon ng determinasyon na paglingkuran si Cristo hanggang sa huli.
- Ipakita sa kanilang mga gawa na natanggap nila ang Espiritu ni Cristo tungo sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Matapos binyagan ang karapat-dapat na mga convert, sila ay kinukumpirmang mga miyembro ng Simbahan at ipinagkakaloob sa kanila ang kaloob na Espiritu Santo. Ang kumpirmasyong ito ay isinasagawa sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president sa isang sakrament miting pagkatapos ng binyag. Bagamat magkahiwalay sa sandaling panahon ang dalawang ordenansa, ang kumpirmasyon ay karagdagan at pagkumpleto sa binyag.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Sa paanong paraan ang kaloob na Espiritu Santo ay isa sa mga pinakadakilang regalong matatanggap natin?**

| | | |
|---|---|---|
| 3 Nephi 19:1–13 | Juan 3:5 | Mga Taga Galacia 5:22–25 |
| D at T 45:56-57 | Juan 14:26 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo" |

**Bakit kailangang hangarin ng mga convert ang kaloob na Espiritu Santo?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 31:12–17 | Mga Gawa 8:14–17 | Mga Gawa 19:1–6 |
| 2 Nephi 32:1–5 | | |

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Saliksikin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at gumawa ng listahan ng mga kwalipikasyon at tipan ng binyag. Pag-usapan ninyong magkompanyon kung paano ituturo ang mga bagay na ito sa iba.

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 31:13 | Alma 7:14–16 | Moroni 6:1–4 |
| Mosias 18:8–10 | 3 Nephi 11:21–41 | D at T 20:37 |

## Pagtatatag ng Simbahan

Kapag ang mga tao ay nabinyagan at nakumpirma bilang mga miyembro ng Simbahan, patuloy na makipagtulungan sa mga lider ng ward at sa mga miyembro para tulungan ang mga bagong convert na ito sa pag-aadjust sa bagong buhay nila at ipagpatuloy ang kanilang espirituwal na pag-unlad. Ang Simbahan ay naitatatag kapag

Mga Tala

ang mga taong may patotoo ay nabinyagan at nakumpirma, tumupad sa kanilang mga tipan, aktibo sa paghahanda sa pagpunta sa templo, at tumutulong para mapatatag ang ward o branch.

Ang mga convert na may mga kaibigang miyembro, na nabigyan ng responsibilidad, at napangangalagaan sa salita ng Diyos ay susulong sa patotoo at pananampalataya. Hindi dapat talikuran ng mga misyonero, lider ng ward, at miyembro ng Simbahan ang kanilang responsibilidad na pangalagaan at patatagin ang mga bagong miyembro.

## Ang Matagumpay na Misyonero

Ang tagumpay mo bilang misyonero ay nasusukat unang-una sa pamamagitan ng iyong pangakong hanapin, turuan, binyagan at ikumpirma ang mga tao at tulungan silang maging matatapat na miyembro ng Simbahan na nakikinabang sa presensya ng Espiritu Santo.

Iwasang ihambing ang iyong sarili sa ibang mga misyonero at sukatin o bilangin ang bunga ng iyong pagsisikap kung ihahambing sa nagawa nila. Alalahanin na ang mga tao ay malayang pumili kung tatanggapin nila ang iyong mensahe. Ang iyong tungkulin ay magturo nang malinaw at mabisa para mapili nila ang wasto. Maaaring hindi tanggapin ng ilan ang iyong mensahe kahit na nakatanggap sila ng espirituwal na pagsaksi na ito ay totoo. Malulungkot ka dahil mahal mo sila at hangad mo ang kanilang kaligtasan. Gayunman, hindi ka dapat panghinaan ng loob; ang panghihina ng kalooban ay makapagpapahina sa iyong pananampalataya. Kung bababaan mo ang ekspektasyon mo, mababawasan ang pagiging epektibo mo, hindi ka na masyadong maghahangad, at mas mahihirapan kang sumunod sa Espiritu.

Malalaman mong naging matagumpay kang misyonero kapag:

- Nadama mong nagpapatotoo ang Espiritu sa mga tao sa pamamagitan mo.
- Mahal mo ang mga tao at hangad mo ang kanilang kaligtasan.
- Sinusunod mo lahat ng mga patakaran sa misyon.
- Namumuhay ka sa paraan na matatanggap mo at malalaman kung paano sumunod sa Espiritu, na siyang magtuturo sa iyo kung saan pupunta, ano ang gagawin, at ano ang sasabihin.
- Tinataglay mo ang mga katangiang tulad ng kay Cristo.
- Epektibo kang nagtatrabaho araw-araw, ginagawa ang lahat para magdala ng mga kaluluwa kay Cristo, at taimtim na naghahangad na matuto at lalo pang bumuti.
- Tumutulong ka sa pagiging matatag ng Simbahan (ang ward) saan ka man madestino.
- Binabalaan mo ang mga tao tungkol sa mga bunga ng kasalanan. Iniimbita mo silang gumawa at tumupad ng mga pangako.
- Tinuturuan at pinaglilingkuran mo ang ibang mga misyonero.
- Patuloy kang gumagawa ng mabuti at naglilingkod sa mga tao sa lahat ng pagkakataon, tanggapin man nila o hindi ang iyong mensahe.

Kapag nagawa mo na ang lahat sa abot ng iyong makakaya, maaaring dumanas ka pa rin ng kabiguan, pero hindi ka makadarama ng kabiguan sa iyong sarili. Madarama mong natutuwa ang Panginoon sa iyo kapag nadama mong kumikilos ang Espiritu sa pamamagitan mo.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang pakiramdam ng mga tagapaglingkod ng Panginoon sa gawain? Paano naiimpluwensyahan ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang mga taong pinaglilingkuran nila?**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 28:3 | 3 Nephi 28:4–10 | D at T 68:2–6 |
| Alma 8:14–15 | Eter 12:13–15 | |
| Helaman 10:3–5 | D at T 15:4–6; 16:4–6 | |

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

- Basahin ang Helaman 10:1–5 at 3 Nephi 7:17–18. Ano ang pakiramdam ng Panginoon sa mga misyonerong ito at sa kanilang paglilingkod?
- Isipin ang pagsisikap nina Abinadi at Ammon bilang mga misyonero (tingnan sa Mosias 11–18; Alma 17–20, 23–24). Bakit kapwa nagtagumpay ang dalawang misyonero kahit na iba ang naging bunga ng pagsisikap nila noong una?
- Isulat ang natutuhan mo sa iyong study journal.

**Tandaan Ito**

- Ang layunin mo ay imbitahan ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.
- Ang ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo ang tanging daan para makahanap tayo ng walang hanggang kaligayahan.
- Dahil sa iyong tungkulin ikaw ay may awtoridad; ang pagtupad sa iyong mga tipan ay magbibigay sa iyo ng kapangyarihan.
- Ang kaganapan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang Aklat ni Mormon ay ebidensya na si Joseph Smith ay propeta.
- Tinutulungan mo ang mga tao na ipamuhay ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-iimbita sa kanila na gumawa at tumupad sa mga pangako.
- Ipinakikita mo ang iyong pagmamahal sa Panginoon at pasasalamat sa Kanyang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagdadala ng mga kaluluwa sa Kanya.
- Matagumpay ka kapag ikaw ay masunurin, namumuhay nang matwid, at ginagawa ang lahat sa pagtulong sa iba na ipamuhay ang ebanghelyo.

## Gawaing Misyonero

Ang sumusunod ay mga pahayag ng mga Pangulo ng Simbahan sa dispensasyong ito.

**Pangulong Joseph Smith (1830-1844)**

"Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* sel. Joseph Fielding Smith [1976], 113).

"Hayaang tandaan ng mga Banal na ang mga dakilang bagay ay nakabatay sa indibiduwal nilang pagsisikap, at sila ay tinawag na maging mga katuwang natin at ng Banal na Espiritu sa pagsasagawa ng dakilang gawain ng mga huling araw" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 178–179).

Mga Tala

**Pangulong Brigham Young (1847–1877)**

"Walang babae o lalaki sa Simbahang ito na hindi nakamisyon. Ang misyong iyon ay magtatagal hangga't sila'y nabubuhay, at ito ay ang gumawa ng mabuti, itaguyod ang kabutihan, ituro ang mga alituntunin ng katotohanan, at pangunahan ang kanilang sarili at ang lahat ng nakapalibot sa kanila na ipamuhay ang mga alituntuning iyon upang sila'y magkaroon ng buhay na walang-hanggan" (*Discourses of Brigham Young,* sel. John A. Widtsoe [1954], 322).

**Pangulong John Taylor (1880–1887)**

"Tungkulin nating ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao. . . . Iyan ang inaasahan sa atin ng Diyos" (*The Gospel Kingdom,* sel, G. Homer Durham [1943], 234–35).

**Pangulong Wilford Woodruff (1889–1898)**

"Naparito tayo sa lupa dahil sa isang misyon; . . . na magkaroon tayo ng kapangyarihan na humayo at balaan ang mga bansa ng mundo. . . . Bilang mga elder ng Israel, kakaunti sa atin ang lubos na nakauunawa sa ating posisyon, sa ating tungkulin, sa ating kaugnayan sa Diyos, sa ating responsibilidad, o sa gawain ng Panginoon na hinihingi sa ating mga kamay" (*The Discourses of Wilford Woodruff*, sel. G. Homer Durham [1946], 124).

**Pangulong Lorenzo Snow (1898–1901)**

"Walang mortal na tao na lubos na interesado sa tagumpay ng isang elder kapag ipinangangaral niya ang ebanghelyo gaya ng isinugo ng Panginoon na ipangaral niya sa mga tao na mga anak ng Panginoon" (*The Teachings of Lorenzo Snow*, tinipon ni Clyde J. Williams [1984], 70).

**Pangulong Joseph F. Smith (1901-1918)**

"Mayroon tayong misyon sa mundo: bawat lalaki, bawat babae, bawat bata na nakauunawa na o nasa edad na ng pananagutan, ay kailangang . . . maging kwalipikadong mangaral ng katotohanan, na magbigay patotoo sa katotohanan" (*Gospel Doctrine*, ika-13 edisyon [1968], 251–52).

**Pangulong Heber J. Grant (1918-1945)**

"Tayo ay may isang dakilang bagay na gagawin, at ito ay ang manawagan sa daigdig na pagsisihan ang kasalanan, na lumapit sa Diyos. At higit kaninuman tungkulin nating humayo at ipangaral ang ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo, ang panunumbalik muli sa lupa ng plano ng buhay at kaligtasan. . . . Tunay na nasa atin ang mahalagang perlas. Nasa atin ang bagay na higit na mahalaga kaysa lahat ng yaman at siyentipikong impormasyong angkin ng mundo. Nasa atin ang plano ng buhay at kaligtasan. . . . Ang pinakamainam na paraan sa mundo para ipakita ang ating pagmamahal sa ating kapwa ay ang humayo at ipangaral ang ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo, at binigyan Niya tayo ng lubos na kaalaman hinggil sa kabanalan nito" (sa Conference Report, Abr. 1927, 175–76).

**Pangulong George Albert Smith (1945–1951)**

"Iyan ang ating misyon, mga kapatid ko sa Simbahan, iyan ang ating responsibilidad. Natanggap ninyo ito nang walang bayad at umaasa ang ating Ama sa Langit na ibabahagi ninyo ang mga maluwalhating katotohanang ito sa iba pa Niyang mga anak nang walang bayad" (*Sharing the Gospel with Others,* sel. Preston Nibley [1948], 213).

"Makakamit lamang natin ang ating kadakilaan sa Kahariang Selestiyal kung ibabahagi natin sa iba pang mga anak ng ating Ama ang mga pagpapala ng Ebanghelyo ni Jesucrsito at susundin ang mga kautusan na magpapayaman sa ating buhay dito at sa kabila" (*Sharing the Gospel with Others*, 190).

**Pangulong David O. McKay (1951-1970)**

"Bawat miyembro . . . ay misyonero!" (sa Conference Report, Abr. 1959, 122).

"Ang tunay na Kristiyanismo ay pagmamahal na isinasagawa. Wala nang mas mainam na paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos kaysa sa pagpapakita ng di-makasariling pagmamahal sa ating kapwa-tao. Ito ang diwa ng gawaing misyonero" (*Gospel Ideals* [1954], 129).

Mga Tala

**Pangulong Joseph Fielding Smith (1970-1972)**

"Narinig na natin na tayong lahat ay mga misyonero. Bawat miyembro . . . ay at dapat maging misyonero; . . . bilang mga miyembro ng Simbahan, na nangakong isusulong ang ebanghelyo ni Jesucristo ay maaari tayong maging mga misyonero. Ito ay bahagi ng responsibilidad ng bawat miyembro ng Simbahan" (*Take Heed to Yourselves* [1971], 27-28).

**Pangulong Harold B. Lee (1972-1973)**

"Ang gawaing misyonero ay parang home teaching sa mga hindi pa miyembro ng Simbahan, at ang home teaching ay walang iba kundi ang gawaing misyonero sa mga miyembro ng Simbahan" (*Improvement Era,* Dis. 1964, 1078).

**Pangulong Spencer W. Kimball (1973-1994)**

"Ngayon ang sandali sa talaorasan ng Panginoon para ihatid ang ebanghelyo sa iba pang mga lugar na hindi pa nararating nito. . . . Maraming tao sa daigdig ang nagsasabi, alam man nila o hindi, 'Halikayo . . . at tulungan ninyo kami.' Baka siya ang inyong kapitbahay. Baka siya ang kaibigan niya. Baka siya ang kamag-anak ninyo. Baka siya ang nakilala ninyo kahapon. Gayunman nasa atin ang bagay na kailangan nila. Magkaroon tayo ng panibagong lakas ng loob sa ating mga pag-aaral at manalangin, tulad ng ginawa ni Pedro, 'At ngayon, Panginoon, . . . ipagkaloob mo sa iyong mga alipin na salitain ang iyong salita ng buong katapangan' (Mga Gawa 4:29)" (*Teachings of Spencer W. Kimball* [1982], 546).

**Pangulong Ezra Taft Benson (1985-1994)**

"Kailangan nating ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Iyan ang ating responsibilidad—bawat miyembro ay misyonero. Iyan ang ipinagagawa sa atin ng mga propeta ng Diyos. . . .

". . . Ang gawain ng miyembro-at-misyonero ay isa sa mga pinakadakilang susi ng pag-unlad ng bawat isa sa ating mga miyembro. Naniniwala ako na ang gawain ng miyembro-at-misyonero ay magdaragdag sa espirituwalidad ng alinmang ward kung ito ay isasagawa" (*Teachings of Ezra Taft Benson,* 208-9).

**Pangulong Howard W. Hunter (1994-1995)**

"Tunay na ang paghahatid ng ebanghelyo sa bawat bansa at angkan at wika at bayan ang nag-iisang pinakadakilang responsibilidad natin sa mortalidad. . . . Mapalad tayo na maisilang sa mga huling araw, di tulad ng ilang mas naunang dispensasyon, para tumulong sa paghahatid ng ebanghelyo sa buong mundo" ("Walls of the Mind," *Ensign*, Set. 1990, 10).

"Ano ang kinalaman ng Pagbabayad-sala sa gawaing misyonero? Sa tuwing madarama natin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala sa ating buhay, hindi natin maiwasan ang hindi mag-alala sa kapakanan ng iba. . . . Ang malaking palatandaan ng personal na pagbabalik-loob ng isang tao ay ang hangarin na ibahagi ang ebanghelyo sa iba" ("The Atonement and Missionary Work," seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 1994).

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1995- )**

"Narito tayo para tulungan ang ating Ama sa Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian, ang 'isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao' (Moises 1:39). Ang inyong obligasyon sa inyong nasasakupan ay kasingbigat ng aking obligasyon sa aking nasasakupan" (sa Conference Report, Abr. 1995, 94; o *Ensign*, Mayo 1995, 71).

"Hayaang magkaroon ng kamalayan ang puso ng bawat miyembro hinggil sa kanyang sariling potensyal sa paghahatid sa iba sa kaalaman ng katotohanan. Hayaang pagpaguran niya ito. Hayaang ipagdasal niya ito nang may lubos na pagsusumigasig" ("Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, Mayo 1999, 106).

Mga Tala

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

## Personal na Pag-aaral

- Maghanda ng dalawang minutong mensahe tungkol sa isa sa mga tanong na nasa simula ng kabanatang ito. Maghandang ibahagi ang iyong mensahe sa iyong kompanyon o sa iba pang mga misyonero sa district meeting.
- Hilingin sa mga bagong binyag na ikuwento ang kanilang conversion. Ano ang nakatulong sa kanila para magkaroon ng "pananampalataya tungo sa pagsisisi" (Alma 34:17)? Bakit sila nagdesisyon na magpabinyag at magpakumpirma? Ano ba ang pakiramdam nila bilang mga bagong miyembro ng Simbahan? Paano sila sana higit na napaglingkuran ng mga misyonero?
- Isaisip ang ibig sabihin ng isigaw ang tinig ng babala (tingnan sa Jacob 3:12; D at T 1:4; 38:41; 63:57–58; 88:81; 112:5; Ezekiel 3:17–21; 33:1–12). Isulat sa sarili mong salita ang ibig sabihin nito at paano mo ito magagawa.
- Basahin ang Mormon 8 at Moroni 1 at 10. Habang nagbabasa, itanong sa iyong sarili, "Ano ang inaasahan ni Moroni sa ating panahon? Ano ang gusto niyang gawin natin sa Aklat ni Mormon? Ano ang sasabihin ko kay Moroni kung nagkaroon ako ng pagkakataon? Isulat ang nasa isip mo sa iyong study journal.
- Isaisip ang mga pangyayari sa iyong buhay na nagpatatag ng iyong patotoo kay Joseph Smith at sa Panunumbalik. Pagkatapos ay isulat ang sagot sa tanong na ito: Ano ang nakatulong sa iyo para malaman na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph Smith?

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Ibahagi sa isa't isa ang inyong mga sagot sa mga tanong na nasa "Isaisip Ito" "sa simula ng kabanata.
- Ibahagi sa isa't isa ang inyong mga pangarap at hangarin para sa inyong misyon nang matanggap ninyo ang inyong tawag sa misyon. Sa ngayon, gaano na ang natutupad sa inyong mga ekspektasyon? Paano ninyo mas makakamit ang mga ekspektasyon na ito?
- Basahin at talakayin ang "Minister" sa Guide to the Scriptures.
- Pumili ng isa sa sumusunod na mga dakilang misyonero, at basahin ang nakalistang sanggunian. Habang nagbabasa, pag-usapan kung paanong (1) naunawaan at ibinuhos ng misyonero ang kanyang sarili sa kanyang tungkulin, (2) nagpakita ng kanyang saloobin at hangarin na gumawa, at (3) tinulungan ang iba na matanggap ang ebanghelyo.

  Alma (Mosias 18) — Nephi at Lehi (Helaman 5) — Pablo (Mga Gawa 16)
  Aaron (Alma 22; 23:1–6) — Pedro (Mga Gawa 2)

- Sa hymnbook, pumili ng dalawang himno sa ilalim ng paksang "Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo" (tingnan sa pahina 270). Basahin o awitin ang mga himno. Talakayin ang kahulugan ng mga salita.
- Magkasama ninyong basahin ang "Pananampalataya," Magsisi, Pagsisisi," "Pagbibinyag, Binyagan," at "Espiritu Santo" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Basahin at talakayin ang lahat ng mga sangguniang banal na kasulatan sa mga ito.
- Magkasama ninyong basahin ang "Dispensasyon" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Basahin din at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 136:37.

Mga Tala

### Mga District Meeting at Zone Conference

- Imbitahan ang dalawa o tatlong bagong binyag na ibahagi ang kanilang karanasan sa conversion o pagbabalik-loob. Ano ang nadama nila sa mga misyonero? sa itinuro ng mga misyonero? sa pagtupad ng mga pangako? Ano ang malakas na nakaimpluwensya sa kanilang conversion o pagbabalik-loob?

- Imbitahan ang isang lider ng priesthood na makipag-usap sa mga misyonero tungkol sa mga oportunidad at hirap na dinaranas sa pagtatatag ng Simbahan sa inyong lugar.

- Basahin ang Alma 18 at talakayin ang mga tanong na ito: Ano ang nadama ni Lamoni sa simula ng kuwento? Paano nagbago ang mga ito? Ano ang dapat madama ng isang tao para matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo? Basahin ang Alma 34:15–16, at ihambing ito sa kuwento ni Lamoni. Paano tayo nakatatanggap ng biyaya o awa sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo?

- Talakayin ang ibig sabihin ng maging matagumpay na misyonero. Imbitahan ang mga misyonero na magbigay ng partikular na mga halimbawa ng tagumpay.

- Hatiin sa tatlong grupo ang mga misyonero. Ipabasa sa isang grupo ang Mga Gawa 2:36–38 (Pedro), sa isa pang grupo ay ipabasa ang Mga Gawa 16:25–33 (Pablo), at sa huling grupo ay ipabasa ang Mosias 18:8–11 (Alma). Pasagutan sa bawat grupo ang tanong na, "Ano ang ginawa ng misyonerong ito upang matulungan ang iba na madagdagan ang kanilang pananampalataya kay Cristo, magsisi, at matanggap ang binyag at kumpirmasyon?" Talakayin ang natutuhan ng mga misyonero mula sa mga kuwentong ito na makatutulong sa kanila na magpakita ng pananampalataya kapag iniimbita ang mga tao na magsisi, mabinyagan, at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo.

- Mga ilang araw bago ang miting, sabihan ang ilang misyonero na pag-isipang mabuti ang piling mga tanong mula sa "Isaisip Ito" na nasa simula ng kabanata. Sabihan ang bawat misyonero na maghanda ng dalawa hanggang tatlong minutong mensahe tungkol sa tanong na ibinigay sa kanila. Sa district meeting o zone conference, hayaang ibigay ng mga misyonero ang kanilang mensahe. Pagkatapos nilang magsalita, pag-usapan kung ano ang natutuhan nila at paano nila ito magagamit sa kanilang gawaing misyonero.

- Hatiin sa apat na grupo ang mga misyonero. Sabihin sa bawat grupo na ilista ang lahat ng katotohanan, tipan at ordenansa na maililista nila, na ibinalik at inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ipabahagi sa bawat grupo ang nakuha nilang mga resulta. Imbitahan ang mga misyonero na ibahagi kung paano naimpluwensyahan ang kanilang buhay ng alinman sa mga katotohanang inihayag sa pamamagitan ng Panunumbalik.

### Mission President

- Sa mga interbyu, hilingin paminsan-minsan na ibahagi sa iyo ng mga misyonero ang:
  - Kanilang patotoo kay Jesucristo.
  - Kanilang patotoo sa ibinalik na ebanghelyo at sa misyon ni Joseph Smith.
  - Kanilang patotoo sa Aklat ni Mormon.
  - Naiisip nila tungkol sa kanilang layunin bilang misyonero.

- Imbitahin ang mga misyonero na irekord sa kanilang study journal ang nadarama nilang layunin ng kanilang misyon. Sa interbyu, hilingin sa kanila na ibahagi ang naisulat nila.

- Magpadala ng liham ng pagbati sa mga bagong miyembro.

Mga Tala



# Paano Ako Epektibong Mag-aaral at Maghahanda na Magturo?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Bakit mahalagang pag-aralan ang ebanghelyo?
- Paano makakaapekto ang pag-aaral ko sa mga tinuturuan ko?
- Bakit kailangan kong papagyamanin sa aking isipan tuwina ang mga doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo?
- Paano ko epektibong matututuhan ang mga doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at maghahandang turuan ang iba?
- Paano ko mapahuhusay ang aking personal na pag-aaral at pag-aaral naming magkompanyon.

Sinabi ng Panginoon, "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (D at T 11:21). Para epektibong makapagturo, kailangang magkaroon ka ng espirituwal na kaalaman. Para humusay sa ebanghelyo at manatili sa landas patungo sa buhay na walang hanggan kailangan mong makaugaliang mag-aral ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 131:6). Ang nakaugaliang pag-aaral mo ng ebanghelyo bilang misyonero ay magpapala sa iyo mismo at makakatulong sa mga tinuturuan mo na lumakas ang pananampalataya nila sa Tagapagligtas.

Ang epektibong pag-aaral sa araw-araw ay kailangang palaging magsimula sa panalangin. Ang pag-aaral ay pagpapakita ng pananampalataya at kailangan ng sariling pagpili mismo. Maraming misyonero ang nahihirapang matutuhan kung paano epektibong makapag-aaral. Ang ilan ay lubos na umaasa sa iba o sa mga ginawang programa na magsasabi sa kanila kung ano at paano mag-aaral. Bagamat napakahalaga ang matuto mula sa mahusay na guro, mas mahalaga na ikaw mismo sa sarili mo ang magkaroon ng

Mga Tala

makabuluhang karanasan sa pag-aaral. Ang pagkakaroon ng magandang resulta sa iyong pag-aaral ay depende sa tindi ng hangarin mong matuto, na nag-aaral nang "may tunay na layunin" (Moroni 10:4), "nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran" (Mateo 5:6), at naghahanap ng mga sagot sa mga tanong at problema ng iyong mga investigator.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Tingnan ang larawan ni Joseph Smith sa naunang pahina. Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–13. Sagutin ang mga tanong na ito sa iyong study journal.

- Paano naging daan ng pagtanggap ng paghahayag ang pagbabasa at pag-iisip na mabuti ni Joseph Smith sa Santiago 1:5?
- Ano ang naging impluwensya ng kanyang pag-aaral sa mga sumunod na henerasyon?
- Ano ang epekto sa iyong buhay ng desisyon niyang mag-aral at magsaliksik?
- Paano nakaimpluwensya sa iyong buhay ang pag-aaral mo ng ebanghelyo?

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Paano ang pamamaraang gusto ng Panginoon sa pag-aaral natin ng ebanghelyo?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 4:15–16 | D at T 58:26–28 | D at T 88:118 |
| 2 Nephi 32:3 | | |

## Matuto sa Pamamagitan ng Espiritu Santo



Ang pag-aaral mo ng ebanghelyo ay napakaepektibo kapag tinuturuan ka sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Palaging simulan ang pag-aaral mo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalangin na tulungan ka ng Espiritu Santo na matuto. Siya ay maghahatid ng kaalaman at matibay na paniniwala na magpapala sa iyong buhay at mapagpapala mo ang buhay ng iba. Lalakas ang pananampalataya mo kay Jesucristo. Lalong titindi ang hangarin mong magsisi at humusay.

Ang ganitong uri ng pag-aaral ay maghahanda sa iyo para maglingkod, makaaliw, lumutas ng mga problema, at magbibigay ng lakas sa iyo na magtiis hanggang wakas. Ang matagumpay na pag-aaral ng ebanghelyo ay nangangailangan ng pagnanais at paggawa. "Sapagkat siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong; at ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, kapwa sa panahong ito at sa sinaunang panahon" (1 Nephi 10:19). Gaya ni Enos, habang nagugutom ka na malaman ang mga salita ng buhay na walang hanggan at hinahayaang "tumimo nang malalim sa [iyong] puso" (Enos 1:3) ang mga salitang ito, bubuksan ng Espiritu Santo ang iyong isipan at puso sa mas malinaw na kaalaman at pang-unawa.

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay proseso rin ng pagtanggap ng paghahayag (tingnan sa Jacob 4:8). Sinabi ng Panginoon kay Oliver Cowdery: "Masdan, hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay

Mga Tala

itanong sa akin. Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan, pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama" (D at T 9:7–8). Sa pag-aaral mo, pansining mabuti ang mga ideya na dumarating sa iyong isipan at damdamin na nasa puso mo, lalo na tungkol sa mga taong tinuturuan mo.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang ginagampanan ng Espiritu Santo sa pagtulong sa atin na matutuhan ang ebanghelyo?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 32:5 | D at T 11:12–14 | Juan 16:13 |
| Alma 5:45–46 | D at T 39:5–6 | I Mga Taga Corinto 2:9–14 |
| Moroni 10:5 | Juan 14:26 | |

## Ipamuhay ang Natututuhan Mo

Sa nadarama mong galak na dulot ng pagkaunawa sa ebanghelyo, gugustuhin mong ipamuhay ang natututuhan mo. Sikaping mamuhay ayon sa iyong natutuhan. Sa paggawa nito, mapapalakas ang iyong pananampalataya, kaalaman, at patotoo. Ang paggawa ayon sa iyong natutuhan ay magdudulot ng karagdagan at matatag na kaalaman (tingnan sa Juan 7:17).

*"Ang totoong doktrina na naunawaan, ay nagpapabago ng ugali at gawi. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis magpabuti ng ugali kaysa pag-aaral ng pag-uugali."*

–PANGULONG BOYD K. PACKER
"LITTLE CHILDREN," *ENSIGN*, NOB. 1986, 17

Habang isinasaisip mo ang mga salita ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta sa mga huling araw sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, lalakas ang hangarin mong ibahagi ang ebanghelyo. Pinangakuan ka na tutulungan ka ng Espiritu na malaman kung ano ang sasabihin mo sa iyong pagtuturo. Sinabi ng Panginoon, "Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (D at T 84:85).

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatan tungkol sa pag-aaral ng ebanghelyo?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 10:17–19 | D at T 50:19–22 | D at T 88:118 |
| D at T 11:21–22 | | |

## Pag-aaral at Paghahanda na Ituro ang mga Lesson

Ang mga lesson (na nasa kabanata 3) ay naglalaman ng mga tanong para sa interbyu sa binyag, mga pangako, at doktrina na ituturo mo. Sa mga lesson ay makikita mo rin ang kapaki-pakinabang na mga ideya para sa pagtuturo. Gayunman, hindi nakalagay sa mga aralin ang lahat ng sasabihin—o kung paano ito sasabihin. Sa halip, kailangang

Mga Tala

lubos mong maunawaan ang mga lesson at ituro sa pamamagitan ng Espiritu sa sarili mong mga salita. Magturo para mapatatag ng iba ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo, maghangad na magsisi, at makipagtipan sa Diyos.

Ang mga epektibong guro ay laging gumagawa ng paraan para mapahusay ang kanilang kaalaman at kakayahan. Bagamat hindi mo ituturo ang lahat ng alam mo tungkol sa doktrina, ang malaki mong kaalaman ang magpapalakas sa iyong patotoo at sa kakayahan mong magturo nang may espirituwal na kapangyarihan. Malalaman mo na nagamit mo ang mga lesson ayon sa layunin nito kapag:

- Hinangad at sinunod mo ang Espiritu sa iyong paghahanda at pagtuturo ng mga lesson.
- Sinikap mong palaging pag-aralan, pagyamanin, at ipamuhay ang mga doktrina.
- Nakipagtulungan ka sa iyong kompanyon sa paggawa ng partikular na mga plano para sa bawat taong tinuturuan ninyo.
- Nakapokus ka sa mahahalagang mensahe at doktrina habang ikaw ay nagtuturo.
- Iniaakma ang ayos, haba at bilis ng pagtuturo ng mga lesson para matugunan ang pangangailangan ng mga tinuturuan mo.
- Nagtuturo nang madalas mula sa mga banal na kasulatan nang malinaw at may matibay na paniniwala.
- Palaging nagpapatotoo.
- Tinutulungan ang iba na gumawa at tumupad ng mga pangako na humahantong sa binyag at kumpirmasyon.

Sa paggawa ng mga bagay na ito ay matutulungan mo ang iba na magkaroon ng patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa simula ng iyong misyon, kakailanganin mong matutuhan ang kaayusan ng mensahe at magkaroon ng kinakailangang kasanayan sa pagtuturo. Habang nadaragdagan ang karanasan mo, nanaisin mong mapalalim pa ang iyong kaalaman at mapahusay ang iyong abilidad sa pagtuturo. Sa paghahanda mo sa mga appointment na magturo, nanaisin mong magkaroon ng lesson plan para makapagturo ka sa pamamagitan ng Espiritu at tulungan ang iba na gumawa at tumupad ng mga pangako. Ang mga gabay na nasa ibaba ay mga mungkahi na magagamit mo sa buong misyon mo. Gayunman, huwag isiping dapat mong gamitin ang lahat ng gabay sa lahat ng sitwasyon. Sa halip, gamitin ang mga gabay na ito para matugunan ang pangangailangan mo at kapag ginagabayan ng Espiritu. Kung nag-aaral ka ng bagong wika, gamitin muna ang mga gabay na ito sa iyong sariling wika at tapos sa wikang gamit sa inyong misyon.

- **Magpokus sa mga pangakong gagawin at sa mga tanong para sa interbyu sa binyag.** Magturo nang sa gayon ay mangako ang mga tao at maghanda para sa binyag at kumpirmasyon. Unawain ang mga tanong para sa interbyu sa binyag at pangakong gagawin sa bawat lesson. Alamin kung ano ang dapat malaman o madama at gawin ng isang tao dahil sa iyong pagtuturo. Makipagtulungan sa iyong kompanyon para maipaliwanag nang malinaw at mabisa ng mga alituntuning ito sa sarili mong salita.

- **Pag-aralan at ipamuhay ang doktrina.** Ang doktrina ang pundasyon ng lesson. Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan, lesson, brochure, "Mga Ideya sa Pagtuturo," at mga aklat na para sa mga misyonero para magkaroon ng matibay na pag-unawa sa doktrina. Humanap ng materyal na sumusuporta sa doktrina ng mga lesson. Isaulo ang pagkakasunud-sunod ng mga alituntunin ng doktrina. Ipamuhay

Mga Tala

ang natutuhan mo. Irekord ang natutuhan mo sa iyong study journal. Ibahagi sa ibang misyonero ang natutuhan mo.



- **Isaayos at ibuod ang ituturo.** Para maihandang ituro nang malinaw at may espirituwal na kapangyarihan ang doktrina, isaayos at ibuod sa lesson plan ang ituturo mo. Magpokus sa doktrina, sa mga tanong para sa interbyu sa binyag, at sa mga pangakong gagawin na nasa mga lesson. Idagdag sa iyong lesson plan ang mga banal na kasulatan, tanong at halimbawa. May pagkakaiba dapat ang mga ito batay sa haba ng iyong mga appointment ng pagtuturo. Hindi ka dapat gumawa ng bagong lesson plan para sa bawat investigator, pero dapat patuloy mong pagbutihin ang iyong mga lesson plan at iakma ang mga ito sa pangangailangan ng iyong mga tinuturuan. Sa una mong paggawa ng lesson plan, sikaping gawin itong simple at maikli. Dagdagan ang iyong mga lesson plan habang nadaragdagan ang iyong karanasan.
- **Magpokus sa mga pangangailangan.** Bagama't angkop sa lahat ang mga doktrina ng ebanghelyo, dapat mong iakma ang paraan ng iyong pagtuturo sa pangangailangan ng iyong mga tinuturuan. Sa iyong pag-aaral ng doktrina at paggawa ng mga lesson plan, alamin kung saang bahagi mo maiaakma ang iyong pamamaraan para matugunan ang posibleng pangangailangan. Rebyuhin at ayusing mabuti ang mga pag-aakmang ito sa paghahanda mo sa partikular na mga appointment. Alamin ang mga pag-iimbitang gagawin. Magpokus sa pangunahing mithiin na tulungan ang iyong mga tinuturuan na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon.
- **Maghandang sagutin ang mga tanong.** Bilang misyonero, marami kang maririnig na tanong. Irekord ang mga tanong na ito sa iyong study journal. Saliksikin ang mga banal na kasulatan at iba pang materyal para sa mga sagot. Ipagdasal na maunawaan ito. Irekord ang mga sagot sa iyong study journal. Rebyuhin sa ibang mga misyonero ang nahanap mo. Idagdag ang mga madalas itanong at ang mga sagot dito sa iyong study journal para gawing sanggunian.
- **Ituro ang lesson.** Ang pagtuturo ay napakalaking oportunidad para mapahusay ang iyong kaalaman at abilidad. Sa pag-aaral mo ng doktrina at paggawa ng mga lesson plan, turuan ang iyong kompanyon at iba pang mga misyonero. Humingi ng mga ideya at mungkahi.
- **I-evaluate o suriin ang iyong pagtuturo.** Pagkatapos ng bawat pagtuturo, suriin kung gaano mo ito kahusay na nagawa. Nakapokus ka ba sa doktrina? Hinikayat mo ba ang mga investigator na magsisi at gumawa at tumupad ng mga pangako? Pinagsikapan mo bang ihanda sila sa binyag at kumpirmasyon? Gumamit ka ba ng mga epektibong tanong? Nagpatotoo ka ba? Humingi ka ba ng referral? Iakma ang iyong mga lesson plan habang humuhusay ka.

Mga Tala

Habang natututuhan mo ang mga lesson, patuloy na hangarin na magkaroon ng lubos na kaalaman sa doktrina. Aktibong gumawa para makapagturo nang lalong mabisa. Sa pag-aaral mo nang may panalangin at pananampalataya, lalago ang iyong kaalaman at patotoo. Gayunman, huwag subuking ituro ang lahat ng alam mo. Ituro ang mensahe nang malinaw, simple, at batay sa mga pangangailangan ng indibiduwal, na sinusunod ang Espiritu na ituro ang "bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (D at T 84:85).

#### Pagbibigay-kahulugan sa mga Salita

Tayo ay may makapangyarihang mensahe na may kakaibang bokabularyo. Gaya ng isang doktor na magkaiba ang sinasabi sa *waiting room* ng pamilya at sa *operating room*, tayo rin ay dapat matutong magsalita sa paraan na mauunawaan ng mga taong di-pamilyar sa ating mensahe ang iyong itinuturo.

Sa paghahanda na tulungan ang iba na maunawaan ang mga di-pamilyar na salita, pag-aralan ang listahan ng mahahalagang depinisyon at termino sa bahaging "Mga Ideya sa Pagtuturo" ng bawat lesson. Gamitin ang *True to the Faith* at Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa paghahanap ng mga depinisyon para sa ibang salita. Isulat ang mga depinisyon para sa ibang salita. Isulat ang mga depinisyong ito sa iyong study journal. Ibahagi ang mga depinisyon sa iyong kompanyon at sa iba para malaman kung naunawaan mo ito. Kung hindi malinaw ang depinisyon sa iba, baguhin ang iyong depinisyon batay sa materyal na pinag-aaralan mo.

Sa pagtuturo mo, sikaping makita kung bago ba ang salita o alituntunin sa taong tinuturuan mo. Mag-ukol ng oras para maipaliwanag ang mga di-pamilyar na salita o alituntunin. Alalahaning magturo para magpaunawa nang ikaw at ang tinuturuan mo "ay. . . [mapag]titibay at magkasamang magsasaya" (D at T 50:22).

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Buklatin ang lesson na "Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo" na nasa kabanata 3. Basahin ang listahan ng mahahalagang depinisyon sa bahaging " Mga Ideya sa Pagtuturo." Hanapin ang tatlong iba pang salita sa lesson plan na gusto mong bigyang-depinisyon. Sundin ang mga mungkahi na ibinigay sa itaas sa paggawa ng depinisyon sa bawat isa.

## Mga Ideyang Pag-aaralan at mga Mungkahi

Gagawing higit na kapaki-pakinabang at kasigla-sigla sa espiritu ng bawat ideya at mungkahi sa bahaging ito ang oras ng iyong pag-aaral. Isaisip ang sumusunod sa pagpaplano ng iyong pag-aaral:

- Palaging magsimula sa panalangin.
- Magplano ng mga aktibiti sa pag-aaral na magpapatatag ng iyong pananampalataya sa Tagapagligtas at gawing kapaki-pakinabang ang iyong oras.
- Planuhin ang iyong pag-aaral tungkol sa mga tao, sa kanilang pangangailangan, at paghahanda sa kanila na mabinyagan, makumpirma, at magtiis hanggang wakas. Isulat ang iyong mga plano sa iyong daily planner.
- Planuhin ang iyong pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong ng: Ano ang ituturo ko ngayon? Paano ko mapaplano ang aking pag-aaral para lalo kong matulungan ang mga tinuturuan ko? Alin sa mga ideya at mungkahi sa bahaging ito ang isasama ko sa aking pag-aaral?

Mga Tala

Sa pagpaplano mo ng mga aktibiti sa iyong pag-aaral, eksperimentuhin ang ilang kasunod na ideya at mungkahi o ang mga karagdagang ideya na natutuhan mo sa iba.

**Isagawa at Ipamuhay ang Iyong Natututuhan**

- "Ihalintulad" sa iyong sarili ang natutuhan mo (tingnan sa 1 Nephi 19:23).
- Magtakda ng mga mithiin na ipamuhay ang iyong mga natututuhan.
- Ipalit ang iyong pangalan sa talata ng banal na kasulatan para gawin itong personal.
- Tanungin ang sarili, "Paano ako dapat magbago bilang resulta ng aking natutuhan?" Magtakda ng mga tamang mithiin.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Pumili ng isa sa sumusunod na mga sanggunian. Habang binabasa at iniisip mong mabuti ang napili mong talata, alamin ang dalawa o tatlong paraan na maipamumuhay mo ito.

- 2 Nephi 31
- Alma 32:26–43
- Moroni 7:32–48

Suriin kung gaano kahusay mong naipapamuhay ang mga alituntuning itinuturo mo. Pumili ng isang paraan kung saan huhusay ka pa, at magplanong gawin ito.

**Magsaliksik, Pag-isipang Mabuti, at Alalahanin**

- Maging aktibo. Mag-ehersisyo, maligo, at manalangin bago ka mag-aral.
- Mag-aral sa desk o mesa kung saan maaari kang makapagsulat (hindi nakahiga o naka-upo sa iyong kama), ayusin ang iyong mga materyal sa pag-aaral, at manatiling alerto.
- Manalangin at humingi ng pang-unawa.
- Mag-aral alinsunod sa paksa.
- Tanungin ang sarili, "Ano ang sinasabi ng awtor? Ano ang pangunahing mensahe? Paano ito naaangkop sa akin?"
- Ilarawan sa isip ang pinag-aralan mo. Halimbawa, ilarawan kung ano kaya ang nadama ni Ammon nang tumayo siya sa harap ng hari ng mga Lamanita.
- Pag-aralan ang mga salita ng mga buhay na propeta (sa inaprubahang mga aklat para sa mga misyonero at mga magasin ng Simbahan).
- Isulat sa iyong study journal ang mga katanungan mo, at gamitin ang mga banal na kasulatan, salita ng mga propeta sa huling araw, at iba pang materyal sa pag-aaral para makahanap ng mga sagot.
- Ang isang talata ng banal na kasulatan ay maaaring maglaman ng maraming ideya. Guhitan at markahan ang mga salita o parirala nang sa gayon matukoy mo ang mga ideya sa isang talata.
- Ibahagi ang natutuhan mo sa iba pang mga misyonero. Marami kang matututuhan sa pagpapaliwanag ng doktrina o alituntunin sa ibang tao.
- Markahan ang iyong mga banal na kasulatan at sulatan ng mga puna ang mga ito. Sa mga margin isulat ang mga sangguniang banal na kasulatan na naglilinaw sa mga talata na iyong pinag-aaralan.
- Isaulo ang mga talata sa banal na kasulatan na nagpapaliwanag at sumusuporta sa mga alituntuning itinuturo mo.

Mga Tala

## Gumamit ng mga Materyal na Mapagkukunan ng Pag-aaral

- Gamitin ang mga tulong sa pag-aaral na nasa LDS na edisyon ng mga banal na kasulatan (mga chapter heading, footnote, at Gabay sa mga Banal na Kasulatan, na kinabibilangan ng Pagsasalin ni Joseph Smith at ng mga mapa).
- Gamitin ang mga lesson ng misyonero, ang inaprubahang mga aklat para sa mga misyonero, mga magasin ng Simbahan, at ang manwal na ito.
- Rebyuhin ang mga chapter heading sa mga banal na kasulatan. Ang pagrerebyung ito ay magbibigay sa iyo ng mga ideya kung ano ang hahanapin sa kabanatang ito.
- Gamitin ang iyong study journal sa pagrerekord at pag-aayos ng iyong natutuhan. Rebyuhin nang madalas ang mga kaisipang inirekord mo. Ayusin ang iyong journal para madali mong maalala ang iyong natutuhan.
- Gamitin ang manwal na ito bilang workbook. Gamitin ang blankong bahagi sa pagsusulat ng impresyon at mga ideya.
- Pag-aralan ang mga nakalistang talata ng banal na kasulatan sa manwal na ito. Irekord sa manwal na ito o sa iyong study journal ang iba pang talata ng banal na kasulatan na nakita mo.

## Tingnan ang Kabuuan

- Tingnan ang kabuuan, sa pamamagitan ng madaliang pagbabasa ng aklat, kabanata, o talata o pagrerebyu ng mga heading. Sikaping unawain ang kahulugan at background.
- Subukang isulat ang mahahalagang ideya ng talata sa isang pangungusap o maikling talata.
- Gamitin ang Biblia at mga mapa ng kasaysayan ng Simbahan para pag-aralan ang heograpiya, layo, klima, at lupain.
- Rebyuhin ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari at ang kultura. Basahin ang mga impormasyong pang-kasaysayan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan at ang mga buod ng kabanata at bahagi.

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral

Basahin ang mga buod ng kabanata ng mga aklat na nasa ibaba at sumulat ng outline na naglalarawan ng pinangyarihan, mahahalagang pangyayari, at pangunahing doktrina ng bawat aklat.

1 Nephi    Moises    Mga Gawa

## Saliksikin ang mga Detalye

- Hanapin ang mahahalagang salita at tiyaking nauunawaan mo ang ibig sabihin ng mga ito. Gamitin ang mga footnote, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, o iba pang diksyunaryo para sa mga depinisyon. Hanapin sa mga kasamang salita o parirala ang mga *clue* tungkol sa ibig sabihin ng mahahalagang salita.
- Hanapin ang mga salitang pang-ugnay, gaya ng *samakatuwid*, *at muli*, *sa gayon*, *gayon pa man*, at iba pa. Tapos ay tingnan kung paanong nauugnay sa isa't isa ang nauna at kasunod na mga talata.
- Gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan upang malaman kung paano ginamit ang gayunding salita sa ibang aspeto o kung paano ginamit ng ibang propeta ang gayunding salita.

Mga Tala

- Hanapin ang mga salita o pariralang di-pamilyar at tiyaking nauunawaan mo ang mga ito.

**Pagmamarka ng mga Banal na Kasulatan**

Ang pagmamarka ng iyong mga banal na kasulatan ay makakatulong sa iyo sa pag-iisip na mabuti sa talata o doktrina ng ebanghelyo. Maaari mong markahan ang iyong mga banal na kasulatan sa maraming paraan. Humanap ng paraan na mabisa sa iyo. Nasa ibaba ang ilang gabay sa pagmamarka ng mga banal na kasulatan.

- Gumamit ng mga lapis o colored marker. Iwasang gumamit ng pansulat na kumakalat ang tinta sa papel.
- Kulayan, guhitan, lagyan ng bracket, o i-outline ang bahagi ng isang talata, buong talata, o grupo ng mga talata.
- Iwasan ang sobrang pagmamarka. Hindi ito kapaki-pakinabang kung hindi mo maintindihan ang mga minarkahan mo dahil napakarami mong tala, linya, at kulay.
- Guhitan lamang ang ilang mahahalagang salita para i-highlight ang talata, bahagi, o kabanata.
- Bilugan o guhitan ang mahahalagang salita, at pagkatapos ay gumamit ng tuwid na linya para iugnay ang magkakaugnay na salita.
- Kapag magkakaugnay ang sunud-sunod na paksa sa isang talata, lagyan ng numero ang mga paksa sa margin o teksto.
- Gamitin ang mga footnote bilang materyal sa pagmamarka at pagpapakahulugan sa mga banal na kasulatan.
- Maglagay ng simbolo (gaya ng tsek) sa margin sa mahahalagang talata na dama mong kailangang tandaang mabuti.

Ang pagmamarka ng iyong banal na kasulatan ay dapat makatulong sa iyo na pumokus sa pamumuhay ng iyong natutuhan at sa pagtuturo ng iba. Gumawa ng pamamaraang naaayon at nakakatulong sa iyo na maisakatuparan ang iyong layunin bilang misyonero.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Aling mga mungkahi ang hindi mo pa nasusubukan? Tukuyin ang isang mungkahi sa "Pag-aaralang mga Ideya at Mungkahi" na susubukan mo sa iyong susunod na personal na pag-aaral o pag-aaral ng magkompanyon.

**Tandaan ito**

- Ang pagsisikap na matuto ay mahalaga sa iyong kaligtasan at tagumpay bilang misyonero.
- Matututuhan mo ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral, pananampalataya, at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.
- Nakakatuwa ang mag-aral at maraming biyaya ang ibinibigay nito.
- Ang personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon sa araw-araw ay nagpapalakas ng iyong pananampalataya at kakayahang magturo sa pamamagitan ng Espiritu.
- Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pag-aaral para sa makabuluhan at kasiya-siyang karanasan.

Mga Tala

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

## Personal na Pag-aaral

- I-rate ang iyong sarili batay sa sumusunod (1 = hindi kailanman, 3 = paminsan-minsan, at 5 = halos palagi).
  - Iniisip ko ang mga taong tinuturuan ko kapag ako'y nag-aaral.
  - Buong araw kong iniisip ang pinag-aralan ko ngayong umaga.
  - Sa aking pag-aaral, naiisip ko ang mga ideya na hindi ko naisip noon.
  - Inirerekord ko ang mga espirituwal na impresyon at ideya sa tamang lugar.
  - Nakakatulog ako habang nag-aaral.
  - Inaasam ko ang personal na pag-aaral.
  - Inaasam ko ang pag-aaral naming magkompanyon.

  Rebyuhin ang iyong mga sagot. Ano ang mahusay mong nagagawa? Nais mo bang iba ang naging sagot mo sa alinman sa mga ito? Magtakda ng isa o dalawang mithiin na magpapahusay sa kalidad ng iyong pagtuturo.

- Rebyuhin ang mga tanong sa "Isaisip Ito" sa simula ng kabanatang ito. Paano nakaiimpluwensya ang mga tanong na ito sa iyong pag-aaral?

- Rebyuhin ang "Pag-aaralang mga Ideya at Mungkahi." Tukuyin ang isang mungkahi sa bawat kategorya na hindi mo nagamit, at subukan ang mga ideyang ito sa iyong personal na pag-aaral.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 138:1–11. Kapag nabasa mo ang mga talatang ito, sagutin ang sumusunod na mga tanong:
  - Ano ang kailangan sanang gawin ni Pangulong Smith para mabuksan ang kanyang isipan?
  - Ano ang nadama niya tungkol sa doktrinang pinag-iisipan niya?

- Basahin ang depinisyon ng kaalaman sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan at ang nakalistang mga sanggunian. Sa iyong study journal, isulat ang sagot sa tanong na "Anong kaalaman ang makatutulong sa akin para epektibong makapaglingkod bilang misyonero?"

- Pumili ng doktrina sa kabanata 3 na gusto mong lalo pang maunawaan. Isulat sa iyong study journal ang mga tanong na gusto mong sagutin. Pag-aralang mabuti ang doktrinang iyon sa loob ng ilang araw, at partikular na ipanalangin na maragdagan ang iyong pang-unawa. Isulat ang iyong natutuhan.

- Basahin ang 1 Nephi 10:17; 11:1–6. Kapag nabasa mo na ang mga talatang ito, sagutin ang tanong na "Bakit nalaman ni Nephi ang alam ng kanyang ama?"

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Sabay na basahin ang sumusunod na mga talata. Sagutin ang tanong na "Bakit dapat nating hangarin ang banal na liwanag?"

  D at T 11:11–14 | Juan 8:12 | Mga Awit 119:105

  D at T 84:43–47

Mga Tala

- Sabay na basahin ang ilang talata na nasa ibaba, at pag-usapan ang mga pagpapala na dumarating sa pag-aaral ng salita ng Diyos. Aling mga talata ang higit na makatutulong sa inyong mga tinuturuan?

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 10:19 | Alma 37:44–46 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Banal na Kasulatan,” mga subheading: Kahalagahan ng mga banal na kasulatan,” 23 |
| 2 Nephi 32:3 | Alma 49:30 | |
| Mosias 1:6–7 | D at T 90:24 | |
| Alma 17:2–3 | D at T 130:19 | |
| Alma 32:42–43 | | |

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Pumili ng isang paksa mula sa isa sa mga lesson ng misyonero na pinag-aralan mong mabuti. Gawin ang sumusunod:
  - Magbahagi ng dalawa o tatlong mahahalagang ideya na natutuhan mo sa iyong pag-aaral na makatutulong sa pagtuturo ng lesson na iyon.
  - Ilarawan ang paraang ginamit mo sa iyong pag-aaral na nakatulong sa iyo para madiskubre ang mga ideyang ito (paano ka nagbasa, mga materyal na ginamit mo, mga tanong na sinasaliksik mo, at iba pa).
  - Ipakita kung paano mo inirekord at inayos ang mga resulta ng iyong pag-aaral.

  Kung may oras pa, hilingin sa ilan pang misyonero na gawin din iyon.

- Ang aktibiting ito ay maisasagawa nang isahan o sa maliit na grupo. Bilinan ang mga misyonero na pumili ng isa sa sumusunod na mga tanong (o maaari kang gumawa ng sarili mong mga tanong). Ipasulat sa kanila ang mga tanong.
  - Bakit napakahalaga ng mga pamilya sa plano ng Diyos?
  - Bakit may mga pagsubok at paghihirap ang mga tao?
  - Ano ang ginagampanan ng Espiritu sa conversion o pagbabalik-loob?

  Ipaliwanag na may lima hanggang pitong minuto sila upang:
  - Humanap ng kahit dalawang sangguniang banal na kasulatan na sasagot sa mga tanong.
  - Sumulat ng simpleng paliwanag kung paano nasagot ng pinili nilang banal na kasulatan ang tanong.
  - Ilarawan ang gagawin nila para maalala nila ang sagot.
  - Ilarawan ang gagawin nila para masaliksik pang mabuti ang tanong.

  Anyayahan ang ilang misyonero (o ang bawat grupo) na ibahagi ang kanilang mga sagot. Talakayin ang kanilang mga sagot.

- Ipasulat sa mga misyonero ang isa o dalawang tanong tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at doktrina mula sa isa sa mga lesson sa kabanata 3 na gusto nilang hanapan ng sagot. Anyayahan ang mga misyonero na ibahagi ang kanilang mga tanong sa grupo. Sa bawat tanong, talakayin ang sumusunod:
  - Paano pagpapalain ng pagsagot sa tanong na ito ang buhay ng misyonero?
  - Paano nito pagpapalain ang buhay ng mga investigator?
  - Paano mahahanap ng misyonero ang sagot?

Mga Tala

- Ipabahagi sa ilang misyonero ang isang alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa kanila ng kanilang kompanyon. Sabihing ipaliwanag nila ang alituntunin at paano ito itinuro sa kanila ng kanilang kompanyon.

- Iayos ang mga misyonero nang magkokompanyon o sa maliit na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng babasahing kabanata mula sa Aklat ni Mormon. Papiliin ang bawat grupo ng isang ideya sa bawat kategorya sa bahaging "Pag-aaralang mga Ideya at Mungkahi." Anyayahan ang mga grupo na isagawa ang bawat mungkahi sa pagbabasa nila nang sama-sama ng kanilang kabanata. Magbigay ng 15 hanggang 20 minuto sa pagbabasa at talakayan. Ipaliwanag sa bawat grupo ang mga mungkahing ginamit nila, gaano kahusay nagamit ang mga mungkahi, at ano ang natutuhan nila.

- Anyayahan ang bawat misyonero na mag-isip ng isang kuwento o pangyayari sa mga banal na kasulatan na may kahulugan sa kanya (gaya ng pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay, sermon ni Haring Benjamin, Pangangaral sa Bundok, o pagpapakita ni Cristo sa mga Nephita). Anyayahan ang mga misyonero na idrowing o ilarawan kung ano ang nakikita nila sa kuwentong napili nila. Anyayahan ang dalawa o tatlong misyonero na ibahagi ang nailarawan nila. Ipalahad sa iba ang mga kuwento at iugnay ang mga ito sa mga doktrina sa isa sa mga lesson. Basahin ang Moroni 10:3 at pag-usapan ang kahalagahan ng pag-iisip na mabuti tungkol sa kaalamang espirituwal.

### Mission President

- Hikayatin ang mga misyonero na dalhin ang kanilang study journal sa mga interbyu. Anyayahan silang ibahagi sa inyo ang isang naisulat nila.

- Sa interbyu, itanong ang ilan sa mga sumusunod:
  - Ano ang naging impresyon mo kamakailan sa pag-aaral mo ng banal na kasulatan?
  - Ano ang isang alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa iyo kamakailan ng iyong kompanyon?
  - Anong kabanata o bahagi ng manwal na ito ang lubos na nakatulong sa iyo sa nakalipas na dalawang linggo?
  - Ano ang ginagawa mo sa iyong personal na pag-aaral na nakatulong sa iyo upang lubos na matuto?

- Sa mga zone conference, anyayahan ang mga misyonero na magbahagi ng mga makabuluhang karanasan sa kanilang personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon.

- Sa mga zone conference, hayaang ibahagi ng mga misyonero ang mga ideya nila sa personal na pag-aaral.

- Ibahagi sa mga misyonero ang iyong mga kaalaman sa iyong personal na pag-aaral. Magbahagi ng mga tala mula sa iyong study journal at magpatotoo sa kahalagahan ng pag-aaral ng ebanghelyo.

- Kung makakaya mo, sumama sa mga misyonero sa kanilang pag-aaral ng magkompanyon.

- Sa mga interbyu, anyayahan ang mga misyonero na ibahagi ang isa sa kanilang lesson plan na mula sa isa sa mga lesson ng misyonero. Tanungin kung ano ang kahalagahan ng mga doktrinang ito sa kanila.



# Ano ang Pag-aaralan Ko at Ituturo?

Mga Tala

Ang mga lesson sa kabanatang ito ay naglalaman ng mahahalagang doktrina, alituntunin, at kautusan na dapat mong pag-aralan, paniwalaan, mahalin, ipamuhay, at ituro. Ipinag-uutos ng mga buhay na propeta at apostol na ituro mo ang mga ito. Binuo ang mga ito para matulungan mo ang iba na mas maunawaan ang mga doktrina ni Cristo.

Ang mga lesson sa kabanatang ito ay:

- Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo
- Ang Plano ng Kaligtasan
- Ang Ebanghelyo ni Jesucristo
- Ang mga Kautusan
- Mga Batas at Ordenansa

Ituro ang unang apat na lesson bago ang binyag. Tiyakin na ang mga tinuturuan mo ay kwalipikado sa binyag at kumpirmasyon sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad nila ng lahat ng mga ipinangakong gagawin sa mga lesson na ito.

Mga full-time na misyonero ang nangunguna sa pagtuturo ng mga lesson bago ang binyag sa tulong ng mga ward missionary at iba pang mga miyembro. Matapos ang binyag, muling ituturo sa mga bagong miyembro ang unang apat na lesson, pati na ang "Mga Batas at Ordenansa." Ang mga lider ng ward ang nagpapasiya kung ang mga ward missionary o ang mga full-time na misyonero ang responsable sa pagtiyak na maituturo ang mga lesson na ito at hanggang kailan kabahagi dito ang mga full-time na misyonero. Hikayatin ang bawat bagong miyembro na tuparin lahat ang mga ipinangakong gagawin sa mga lesson na ito.

Dapat mo ring gamitin ang mga lesson na ito kapag mag-isa kang nag-aaral o kaya'y kasama ang kompanyon mo, sa mga miting sa district, at iba pang mga training. Habang pinag-aaralan mo ang mga banal na kasulatan at tinatandaan ang mga doktrina sa mga lesson na ito, ibibigay ng Espiritu sa oras na iyon ang dapat mong sabihin at gawin para matulungan ang iba na matanggap ang patotoo tungkol sa katotohanan ng mga turo.

*Ang Sermon sa Bundok*, ni Carl Bloch. Ang orihinal ay nasa kapilya ng Frederiksborg Castle, Denmark. Ginamit nang may pahintulot ng Frederiksborgmuseum. Bawal kopyahin.

Mga Tala

Bilang misyonero, responsibilidad mo ang magturo nang tapat at sa pamamagitan ng Espiritu. Sinabi ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol na: "Ang ating layunin ay ituro ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa paraang magpapahintulot sa Espiritu na pumatnubay kapwa sa mga misyonero at sa mga tinuturuan. Mahalagang matutuhan ang mga konsepto ng [mga lesson], ngunit hindi dapat ituro ang mga ito sa sauladong paglalahad. Dapat malayang gamitin ng misyonero ang sarili niyang mga salita ayon sa paramdam ng Espiritu. Hindi niya dapat isaulo ang talakayan, kundi dapat manggaling sa puso at sarili niyang mga kataga. Maaaring hindi niya pagsunud-sunurin ang mga aralin, at ituro ito ayon sa inspirasyon, batay sa interes at pangangailangan ng investigator. Sa pagsasalita ayon sa sarili niyang paniniwala at sariling mga kataga dapat siyang magpatotoo sa katotohanan ng kanyang mga itinuturo" ("Pahayag Ukol sa Gawaing Misyonero," Liham ng Unang Panguluhan, ika-11 ng Dis. 2002). Habang pinag-aaralan ninyo ng kompanyon mo ang mga lesson na ito at naghahandang magturo, tandaang mabuti ang mga tagubiling ito. Tiyakin na ituturo ninyo ang lahat ng doktrina sa mga lesson na ito.

Maliban kung iba ang ipadama ng Espiritu, dapat mong ibigay ang buong nilalaman ng unang tatlong lesson ayon sa pagkakasulat ng mga ito. Ang ilan sa mga kautusan ay maaari ding isama kung angkop ito o kaya'y ituro bilang hiwalay na mga lesson.

Naka-outline sa bawat lesson ang mga tanong para sa interbyu sa binyag, mga pangakong gagawin, at doktrinang dapat mong ituro. Pag-aralang mabuti ang mga doktrina. Palaging bigyang-pansin ang pagtulong sa mga tinuturuan ninyo na magawa at matupad ang mga ipinangako. Gamitin ang mga tanong para sa interbyu sa binyag upang maihanda sa binyag at kumpirmasyon ang mga tinuturuan mo. Ang mga lesson ay mayroon ding mga ideya para sa pagtuturo. Gamitin ang mga mungkahing ito para mapabuti pa ang paraan ng paghahanda at pagtuturo mo.

### Ang Ginagampanan ng Pagsasaulo

Isaulo ang mga banal na kasulatan na gagamitin mo sa pagtuturo. Tandaang mabuti ang pagkakasunud-sunod ng mga punto ng doktrina sa bawat lesson ng misyonero. Ang mga misyonerong nag-aaral ng pangalawang wika ay dapat ipokus ang pag-aaral nila ng wika sa paghahanda sa pagtuturo ng mga lesson ng misyonero. Dapat nilang isaulo ang mga salita, parirala, kaayusan ng pangungusap, at maiikling pahayag ng mga doktrina na nasa lesson. Gagawin lang ito kapag naunawaan na nila ang talagang kahulugan ng mga salitang ito. Huwag isaulo ang kabuuan ng mga lesson.

### Magturo nang Malinaw

Sa katapusan ng unang tatlong lesson ay may listahan ng mga salita na maaaring hindi pamilyar sa mga tinuturuan mo. Pag-aralan kung paano maipaliliwanag nang simple ang mga salitang ito. Sa iyong pagtuturo, gawin ang lahat ng magagawa mo para madaling maunawaan ang mensahe.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang iniutos na ituro mo?**

Mosias 18:18–20 | D at T 43:15–16 | D at T 52:9

**Bakit kailangan mong pag-aralan ang mga doktrina sa mga lesson?**

Alma 17:2–3 | D at T 84:85

# Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo



© 1991 Greg K. Olsen. Bawal kopyahin.

Mga Tala

## Ang Iyong Layunin

Habang ikaw ay nagtuturo, ihanda ang iyong mga investigator na maging kwalipikado para sa binyag gaya ng itinuro sa Doktrina at mga Tipan 20:37 at sa mga tanong para sa interbyu sa binyag. Ang pinakamainam na paraan para magawa ito ay sa pamamagitan ng pag-imbita sa mga investigator mo na gawin at tuparin ang mga nakalista sa ibaba.

**Mga Tanong para sa Interbyu sa Binyag**

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan?
- Naniniwala ka ba na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig?
- Naniniwala ka ba na ang Simbahan at ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith?
- Naniniwala ka ba na si [kasalukuyang Pangulo ng Simbahan] ay propeta ng Diyos? Ano ang ibig sabihin nito sa iyo?

**Mga Pangakong Gagawin**

- Babasahin mo ba at ipagdarasal ang Aklat ni Mormon para malaman kung ito ay salita ng Diyos?
- Magdarasal ka ba para malaman kung si Joseph Smith ay isang propeta?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Iba pang mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Ang Diyos ang Ating Mapagmahal na Ama sa Langit

Ang Diyos ang ating Ama sa Langit. Tayo ay Kanyang mga anak. Mayroon Siyang katawan na may laman at buto na ginawang maluwalhati at perpekto. Mahal Niya tayo. Kasama natin Siyang tumatangis kapag nagdurusa tayo at nagagalak kapag wasto ang ginagawa natin. Nais Niyang makipag-ugnayan sa atin, at maaari tayong makipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng taos na panalangin.

Mga Tala

Ibinigay Niya sa atin ang karanasang ito sa lupa para matuto tayo at umunlad. Maipapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa mga pagpili natin at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Ang ating Ama sa Langit ay nagbigay sa atin, na Kanyang mga anak, ng paraan para magtagumpay sa buhay na ito at makabalik sa Kanyang piling. Para magawa ito, dapat tayong maging dalisay at malinis sa pamamagitan ng pagsunod. Ang pagsuway ang naglalayo sa atin sa Kanya. Ang sentro ng plano ng ating Ama ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kasama sa Pagbabayad-sala ang Kanyang pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani, pati ang paghihirap at pagkamatay Niya sa krus. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, mapapalaya tayo sa bigat ng ating mga kasalanan at magkakaroon tayo ng pananampalataya at lakas na harapin ang mga pagsubok sa ating buhay.

### Paniniwala sa Diyos

Alamin kung ano ang pagkaunawa ng bawat taong tinuturuan mo tungkol sa paniniwala sa Diyos bilang Kristiyano. Maraming tao sa daigdig ngayon ang walang alam o kaya'y kakaunti lang ang alam tungkol sa Diyos.

Dalawang misyonero sa Aklat ni Mormon, sina Ammon at Aaron, ang nagturo sa mga hindi Kristiyano. Mga simpleng katotohanan ang itinuro nila at inimbita ang kanilang mga investigator na magdasal. Si Lamoni at ang kanyang ama ay nabinyagan. Basahin ang Alma 18:24–40 at 22:4–23, at sagutin ang mga tanong sa ibaba:

- Ano ang itinuro ng mga misyonerong ito tungkol sa katangian ng Diyos?
- Paano mo susundan ang kanilang mga halimbawa?

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang katangian ng Diyos Ama at ni Jesucristo?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 17:36 | 3 Nephi 27:13–22 | Juan 3:16–17 |
| 2 Nephi 9:6 | D at T 38:1–3 | Ang Mga Gawa 17:27–29 |
| Mosias 4:9 | D at T 130:22 | Mga Taga Roma 8:16 |
| 3 Nephi 12:48 | Moises 1:39 | Sa Mga Hebreo 12:9 |
| 3 Nephi 14:9–11 | Mateo 5:48 | I Ni Juan 4:7–9 |

## Pinagpapala ng Ebanghelyo ang mga Pamilya

Pinagpapala at tinutulungan ng naipanumbalik na ebanghelyo ang mga mag-asawa, magulang at mga anak habang nagsisikap silang magkaroon ng mas malakas na ugnayan at espirituwal na lakas sa kanilang pamilya. Makakamtan ang mga biyayang ito ngayon at sa kawalang-hanggan. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay tumutulong sa paglutas ng mga problema at hamon sa kasalukuyan.

Dahil inordena ng Diyos ang mga pamilya, ang mga ito ang pinakamahalagang yunit sa lipunan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Itinatag ng Diyos ang mga pamilya para maging maligaya ang Kanyang mga anak, matuto sila ng mga tamang alituntunin sa kapaligirang puno ng pagmamahal, at ihanda sila sa buhay na walang hanggan. Ang tahanan ang pinakamainam na lugar para ituro, pag-aralan, at isabuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang tahanang binuo sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay magiging lugar ng kapahingahan at kaligtasan. Ito ay lugar kung saan makatatahan ang Espiritu ng Panginoon, mabibiyayaan ang mga miyembro ng pamilya ng kapayapaan, galak, at kaligayahan. Sa pamamagitan ng mga propeta sa bawat panahon, pati na sa panahon natin, inihahayag ng Diyos ang Kanyang plano ng kaligayahan para sa bawat tao at pamilya.

## Inihahayag ng Ama sa Langit ang Kanyang Ebanghelyo sa Bawat Dispensasyon

Isang mahalagang paraan na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin ay sa pamamagitan ng pagtawag ng mga propeta, na binigyan ng priesthood—ang kapangyarihan at awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Natututuhan ng mga propeta ang ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag. Itinuturo naman nila ang ebanghelyo sa iba at nagpapatotoo na si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos. Ang turo ng mga propeta ay makikita sa mga sagradong aklat na tinatawag na mga banal na kasulatan.

Ang plano ng ating Ama para magtagumpay tayo sa buhay na ito at makabalik sa piling Niya ay tinatawag na ebanghelyo ni Jesucristo, at ang Pagbabayad-sala ni Jesus ang sentro sa planong iyon. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makakatanggap tayo ng buhay na walang hanggan kung mananampalataya tayo kay Jesucristo, magsisisi, mabibinyagan sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan, tatanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, at magtitiis hanggang wakas. "Ito ang daan; at walang ibang daan ni pangalang ibinigay sa silong ng langit upang ang tao ay maligtas sa kaharian ng Diyos. At ngayon, masdan, ito ang doktrina ni Cristo" (2 Nephi 31:21). Lahat ng tao ay may karapatang pumili, at kasama dito ang kalayaang tanggapin o tanggihan ang ebanghelyo na itinuro ng mga propeta at apostol. Ang mga tao na pipiliin ang sumunod ay pagpapalain, pero ang mga nagwalang-bahala, tumanggi, o nagbaluktot sa ebanghelyo ay hindi tatanggap ng mga biyayang ipinangako ng Diyos.

Sa tuwing pipiliin ng mga tao na balewalain, suwayin, o baguhin ang alinmang alituntunin ng ebanghelyo o ordenansa, sa tuwing tatanggihan nila ang mga propeta ng Panginoon, o sa tuwing hindi sila makapagtiis nang may pananampalataya, sila ay lumalayo sa Diyos at nagsisimulang mamuhay sa espirituwal na kadiliman. Sa huli ay nauuwi ito sa tinatawag na apostasiya o pagtalikod sa katotohanan. Kapag lumalaganap ang apostasiya, inaalis ng Diyos ang Kanyang awtoridad ng priesthood na magturo at mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo.



Nakasulat sa kasaysayan ng Biblia na maraming pagkakataon na nakipag-usap ang Diyos sa mga propeta, at sinasabi rin nito na maraming beses nangyari ang apostasiya. Para mawakasan ang malawakang apostasiya sa bawat panahon, ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa Kanyang mga anak sa pagtawag ng isa pang propeta at pagbibigay sa kanya ng awtoridad ng priesthood para maibalik at maiturong muli ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ibig sabihin, ang propeta ang kumikilos bilang katiwala para mapamahalaan ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ang mga kapanahunang ito na pinamunuan ng mga propeta ay tinatawag na mga dispensasyon.

Ibinigay ng Diyos ang ebanghelyo ni Jesucristo kay Adan at binigyan siya ng awtoridad ng priesthood. Si Adan ang unang propeta sa lupa. Sa pamamagitan ng revelation o paghahayag, nalaman ni Adan ang wastong kaugnayan ng sangkatauhan sa Ama sa Langit, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo, ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo; at ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Itinuro nina Adan at Eva sa kanilang mga anak ang katotohanang ito at

Mga Tala

Mga Tala

hinikayat silang manampalataya at ipamuhay ang ebanghelyo. May iba pang mga propetang sumunod kay Adan, pero sa huli ay tinanggihan ng angkan ni Adan ang ebanghelyo at nag-apostasiya, at piniling maging masama.

Noon nagsimula ang mga dispensasyong pinamumunuan ng mga propeta na bumubuo ng malaking bahagi ng nakasulat na kasaysayan ng Lumang Tipan. Inihayag ng Ama sa Langit ang Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng direktang komunikasyon sa mga propetang tulad nina Noe, Abraham, at Moises. Bawat propeta ay tinawag ng Diyos para magpasimula ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo. Bawat isa sa mga propetang ito ay binigyan ng Diyos ng awtoridad ng priesthood at ibinigay sa kanila ang walang hanggang mga katotohanan. Nakakalungkot na sa bawat dispensasyon ay ginamit ng mga tao ang kanilang karapatang pumili para tanggihan ang ebanghelyo at pagkatapos ay nag-apostasiya.

### Mga Propeta

Alamin kung ano ang pagkaunawa ng iyong tinuturuan tungkol sa mga propeta. Karamihan sa mga kultura ay may mga taong naniniwala na ang banal o inspiradong tao ay nakakatanggap ng patnubay at tagubilin mula sa Diyos. Gayunman, hindi lahat ng inspiradong indibiduwal ay propeta ng Diyos ayon sa kahulugan nito sa ibinalik na ebanghelyo. Linawing mabuti na itinatatag ng Diyos ang Kanyang kaharian sa lupa sa pamamagitan ng pagtawag ng propetang magtatatag ng bagong dispensasyon. Ibinibigay Niya sa propetang iyon ang awtoridad ng priesthood. Tinutulungan naman ng propeta ang mga tao na maunawaan ang kanilang kaugnayan sa Diyos, at kung paano makakatanggap ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo.

Maaaring nagtataka ka kung bakit mahalaga ang mga dispensasyon ng ebanghelyo kapag nagtuturo sa mga tao na walang alam o walang kulturang Kristiyano. Pero makikita mo na sa maikling pagkukuwento ng kasaysayan ng mga dispensasyon ay matutulungan mo ang mga tao na maunawaan na mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak at na Siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Mga Propeta**

Jacob 4:4, 6
Mosias 8:13–18
Ang Mga Gawa 10:34–43
Amos 3:7

**Mga Dispensasyon**

D at T 136:36–38
Moises 5:4–12, 55–59
Moises 8:19–30
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Dispensasyon”

## Ang Ministeryo sa Lupa ng Tagapagligtas

Ilang daang taon bago isilang si Jesucristo, tumalikod muli sa katotohanan ang mga tao. Pero nang simulan ng Tagapagligtas ang Kanyang ministeryo sa lupa, itinatag Niyang muli ang Kanyang Simbahan sa mundo.

Ipinadala ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak sa lupa upang magbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng tao at daigin ang kamatayan: “Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak . . . upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya” (Juan 3:16–17). Ipinadala ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo, upang akuin Niya, sa

pamamagitan ng Kanyang paghihirap, ang mga kasalanan ng lahat ng mabubuhay sa mundong ito at upang daigin ang pisikal na kamatayan. Isinagawa ng Tagapagligtas ang nagbabayad-salang sakripisyo na pangwalang-hanggan nang sa gayon kung mananampalataya tayo sa Kanya, magsisisi, magpapabinyag, tatanggapin ang Espiritu Santo, at magtitiis hanggang wakas, tayo ay makatanggap ng kapatawaran ng ating mga kasalanan at makapasok at matahak ang landas na aakay sa atin sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos (tingnan sa 2 Nephi 31:13–21).



Sa Kanyang ministeryo sa lupa, itinuro ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo at nagsagawa ng maraming himala. Tumawag Siya ng labindalawang lalaki para maging mga Apostol Niya at ipinatong ang Kanyang mga kamay sa kanilang mga ulo para ibigay sa kanila ang awtoridad ng priesthood. Itinatag Niya ang Kanyang Simbahan, tinupad ang propesiya, at Siya ay hindi tinanggap at ipinako sa krus. Ang pinakamahalaga ay tinapos Niya ang Pagbabayad-sala. Tinapos ng Anak ng Diyos, ang Panginoong Jesucristo, ang lahat ng ipinagawa sa Kanya ng Kanyang Ama sa Langit.

Bago ang pagkamatay at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, binigyan Niya ng awtoridad ang Kanyang mga Apostol para maituro ang Kanyang ebanghelyo, isagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan, at itatag ang Kanyang Simbahan sa daigdig.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5
Mateo 10:1–10
Lucas 6:13
Juan 15:16
Sa Mga Hebreo 5:4

## Ang Malawakang Apostasiya

Nang mamatay si Jesucristo, inusig ng masasamang tao ang mga Apostol at miyembro ng Simbahan at pinatay ang marami sa kanila. Nang mamatay ang mga Apostol, inalis sa mundo ang mga susi ng priesthood at ang awtoridad ng priesthood na mangulo. Pinanatiling dalisay ng mga Apostol ang mga doktrina ng ebanghelyo at ang kaayusan at pamantayan ng pagiging karapat-dapat ng mga miyembro ng Simbahan. Nang tumagal, dahil wala na ang mga Apostol, nahaluan na ng mali ang mga doktrina, at binago nang walang pahintulot ang organisasyon ng Simbahan at mga ordenansa ng priesthood, tulad ng binyag at pagbibigay ng kaloob na Espiritu Santo.

Dahil walang paghahayag at awtoridad ng priesthood, umasa ang mga tao sa kanilang karunungan sa pagbibigay kahulugan sa mga banal na kasulatan at mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang maling mga ideya ay itinuro bilang katotohanan. Karamihan ng kaalaman tungkol sa tunay na katauhan at likas na katangian ng Diyos Ama, ng Kanyang Anak na si Jesucristo, at ng Banal na Espiritu Santo ay nawala. Ang mga doktrina ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, at kaloob na Espiritu Santo ay sinira o kinalimutan. Ang awtoridad ng priesthood na ibinigay sa mga Apostol ni Cristo ay wala na sa mundo. Sa huli, ang apostasiya na ito ang naging dahilan ng paglitaw ng maraming simbahan.

Mga Tala

Mga Tala

Matapos ang daan-daang taon ng espirituwal na kadiliman, ang kalalakihan at kababaihan na naghahanap ng katotohanan ay nagprotesta laban sa kasalukuyang gawain ng mga relihiyon. Nalaman nila na marami sa mga doktrina at ordenansa ng ebanghelyo ang nabago o nawala. Hinanap nila ang dagdag na espirituwal na kaliwanagan, at marami ang nagsabing kailangang maibalik ang katotohanan. Gayunman, hindi nila sinasabing sila ay tinawag ng Diyos para maging propeta. Sa halip, sinikap nilang baguhin ang mga turo at gawain na pinaniniwalaan nilang nabago o sinira. Dahil sa pagsisikap nila ay nabuo ang maraming simbahang Protestante. Dahil sa Repormasyong ito ay lalong binigyang halaga ang kalayaan sa relihiyon, na nagbigay-daan sa huling Panunumbalik.

Nagpropesiya ang mga Apostol ng Tagapagligtas tungkol sa malawakang apostasiya na ito. Nagpropesiya din sila na ang ebanghelyo ni Jesucristo at Kanyang Simbahan ay muling ibabalik sa mundo.

## Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

1 Nephi 13
2 Nephi 26:20–21
2 Nephi 28
4 Nephi 1:27
D at T 86:1–3
Mateo 24:9–11
Marcos 12:1–9
Mga Gawa 3:19–21

Mga Gawa 20:28–30
Mga Taga Galacia 1:6–9
II Mga Taga Tesalonica 2:1–12 (PJS mga talata 2, 3, 7–9)
I Kay Timoteo 4:1–3
II Kay Timoteo 4:3–4
II Ni Pedro 2:1–2
Amos 8:11–12

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan"
*True to the Faith,* "Apostasy," mga pahina 13–14
*Our Search for Happiness,* mga pahina 23–32
*Jesus the Christ,* kabanata 40, "The Long Night of Apostasy"

## Ang Malawakang Apostasiya

Kailangang maunawaan ng mga investigator na nangyari ang malawakang apostasiya noong namatay si Jesucristo at Kanyang mga Apostol. Kung hindi nagkaroon ng apostasiya, hindi na sana kinailangan pa ang Panunumbalik. Tulad ng isang diyamante na lalong nagiging makinang kapag idinispley sa itim na pelus [velvet], gayundin na kitang-kita ang kaibahan ng Panunumbalik sa madilim na kalagayan ng Malawakang Apostasiya. Ayon sa patnubay ng Espiritu, ituro sa mga investigator ang tungkol sa Malawakang Apostasiya batay na rin sa kanilang mga pangangailangan at kalagayan. Ang layunin mo ay tulungan silang maunawaan na kailangan ang Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo.

### Mahahalagang Punto

- Ang Simbahan ni Jesucristo ay itinayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at mga propeta (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:19–20; 4:11–14). Ang mga lider na ito ay may banal na awtoridad ng priesthood. Sa pamamagitan ng paghahayag ay sila ang namamahala sa mga gawain ng Simbahan. Pinananatili nilang dalisay ang doktrina, pinapahintulutan ang pangangasiwa ng mga ordenansa, at tumatawag at iginagawad sa iba ang awtoridad ng priesthood.
- Tinanggihan at pinatay ng mga tao si Jesucristo at ang mga Apostol (tingnan sa Mateo 24:9; 1 Nephi 11:32–34; 2 Nephi 27:5). Nang mamatay ang mga Apostol ay nawala sa Simbahan ang awtoridad ng priesthood na mamuno. Dahil dito, wala nang awtoridad na magkakaloob ng Espiritu Santo o magsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa. Tumigil ang paghahayag, at nahaluan ng mali ang mga doktrina.
- Bago pa man namatay ang mga Apostol, marami nang naganap na pagtatalo tungkol sa doktrina. Ang Imperyo ng Roma, na noong una'y umusig sa mga Kristiyano, ay niyakap ang Kristiyanismo. Ang mahahalagang tanong sa relihiyon ay inayos ng mga konseho. Ang mga simpleng doktrina at ordenansang itinuro ng Tagapagligtas ay pinagtalunan at binago para

Mga Tala

umakma sa mga pilosopiya ng mundo (tingnan sa Isaias 24:5). Binago nila ang nilalaman ng mga banal na kasulatan, inalis ang malilinaw at mahahalagang doktrina mula sa mga ito (1 Nephi 13:26–40). Lumikha sila ng mga kredo, o mga pahayag ng paniniwala, batay sa mali at binagong doktina (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:19). Dahil sa pagmamataas, naghangad ang ilan na magkaroon ng maimpluwensiyang posisyon (tingnan sa III Ni Juan 1:9–10). Tinanggap ng mga tao ang mga maling ideyang ito at pinarangalan ang mga huwad na gurong nagturo ng kaakit-akit na mga doktrina sa halip na banal na katotohanan (tingnan sa II Kay Timoteo 4:3–4).

- Sa buong kasaysayan, maraming tao ang tapat na naniwala sa mga maling kredo at doktrina. Sumamba sila ayon sa nalalaman nila at nakatanggap ng sagot sa kanilang mga dalangin. Dahil dito sila ay “napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan” (D at T 123:12).
- Dahil dito, panunumbalik, at hindi pagbabago ang kinailangan. Hindi nagpatuloy ang awtoridad ng priesthood sa tuluy-tuloy na linya ng pagpapalit-palit mula kay Apostol Pedro. Ang ibig sabihin ng magbago ay magpalit ng dati nang umiiral; ang magpanumbalik ay ang ibalik ang isang bagay sa orihinal na anyo nito. Kaya nga, ang panunumbalik ng awtoridad ng priesthood sa pamamagitan ng mga banal na sugo ang tanging posibleng paraan para mapawi ang Malawakang Apostasiya.

## Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa Pamamagitan ni Joseph Smith

Nang ayos na ang lahat, muling ipinadama ng Ama sa Langit ang pagmamahal Niya sa Kanyang mga anak. Tinawag niya ang isang binatilyong nagngangalang Joseph Smith bilang propeta. Sa pamamagitan niya ay naibalik sa mundo ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.


Nakatira noon si Joseph Smith sa Estados Unidos, na siguro ay tanging bansa na may kalayaan sa relihiyon nang panahong iyon. Panahon iyon ng matinding kasabikan sa relihiyon sa silangang Estados Unidos. Napakarelihiyoso ng kanyang pamilya at palaging naghahanap ng katotohanan. Pero maraming ministro ang nagsasabing nasa kanila ang tunay na ebanghelyo. Gusto ni Joseph na “[malaman] kung alin sa lahat ng sekta ang tama,” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:18). Itinuro ng Biblia na may “isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo” (Mga Taga Efeso 4:5). Dumalo si Joseph sa iba-ibang simbahan, pero nalito pa rin siya kung aling simbahan ang sasalihan niya. Sa huli’y isinulat niya:

“Napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba’t ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao na kasimbata ko . . . na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali. . . . Sa gitna nitong labanan ng mga salita at ingay ng mga haka-haka, madalas kong sabihin sa aking sarili: Ano ang nararapat gawin? Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali? Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:8, 10).

Sa paghahanap ni Joseph ng katotohanan sa iba’t ibang relihiyon, bumaling siya sa Biblia para magabayan. Nabasa niya na, “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya” (Santiago 1:5). Dahil sa talatang ito, naisip ni Joseph na magtanong sa Diyos kung ano ang dapat niyang gawin. Sa tagsibol ng 1820 nagpunta siya sa malapit na kakahuyan at lumuhod para manalangin. Inilarawan niya ang kanyang karanasan:

Mga Tala

"Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin. . . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak, Pakinggan Siya"* (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).



Sa pangitaing ito ay nagpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, kay Joseph Smith. Sinabi ng Tagapagligtas kay Joseph Smith na huwag sumapi sa alinmang simbahan, dahil "lahat sila ay mali" at "lahat ng kanilang sinasampalatayanan ay karumal-dumal." Sinabi niya, "Lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin, itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, ng may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19). Kahit na maraming mabubuting tao ang naniwala kay Cristo at sinikap na maunawaan at ituro ang Kanyang ebanghelyo, wala sa kanila ang kabuuan ng katotohanan o awtoridad ng priesthood para magbinyag at magsagawa ng iba pang nakapagliligtas na mga ordenansa. Namana nila ang henerasyong tumalikod sa katotohanan dahil naimpluwensiyahan ang bawat henerasyon ng ipinasa ng nauna rito, kasama na ang mga pagbabago sa doktrina at mga ordenansang tulad ng binyag. Tulad ng ginawa ng Diyos kina Adan, Noe, Abraham, Moises, at iba pang mga propeta, tinawag niya si Joseph Smith bilang propeta para maging instrumento sa panunumbalik ng ebanghelyo sa mundo.

Matapos magpakita ang Ama at ang Anak, ipinadala ang iba pang mga sugo ng langit, o mga anghel, kay Joseph Smith at sa kanyang kasamang si Oliver Cowdery. Nagpakita si Juan Bautista at ipinagkaloob kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Aaronic Priesthood, pati na ang awtoridad na magbinyag. Nagpakita sina Pedro, Santiago, at Juan (tatlo sa orihinal na Apostol ni Cristo) at ipinagkaloob ang Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, ibinalik ang awtoridad na iyon na ibinigay sa mga Apostol ni Cristo noong unang panahon. Taglay ang awtoridad na ito ng priesthood, inutusan si Joseph Smith na itatag muli sa mundo ang Simbahan ni Jesucristo. Sa pamamagitan niya, tumawag si Jesucristo ng labindalawang Apostol.

Ang kapanahunan natin ngayon ay tinawag ng mga propeta sa Biblia na mga huling araw, o ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Ito ang panahon bago ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Ito ang huling dispensasyon. Ito ang dahilan kung bakit pinangalanan ang Simbahan na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Isang buhay na propeta ang namamahala sa Simbahan ngayon. Ang propetang ito, ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang awtorisadong kapalit ni Joseph Smith. Matutunton niya at ng mga Apostol ngayon ang kanilang awtoridad kay Jesucristo sa tuluy-tuloy na ordenasyong ginawa sa pamamagitan ni Joseph Smith.

#### Isaulo ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17

Isaulo ang paglalarawan ni Joseph Smith nang makita niya ang Ama at ang Anak (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17), at laging maging handang ilarawan ang Unang Pangitain gamit ang kanyang sariling salita. Huwag itong madaliin. Taimtim na magpatotoo na alam mong totoo ito. Huwag magdalawang-isip na ipaliwanag kung paano mo nalaman ang katotohanang ito. Imbitahan ang kompanyon mo na gawin din iyon.


#### Magpatotoo

Isang mahalagang bahagi ng tungkulin ng misyonero ang magpatotoo tungkol sa kasulukuyang propeta at pangulo ng Simbahan.

#### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 3 | Mga Taga Efeso 4:5 | Brochure, *Ang Patotoo ng Propetang Joseph Smith* |
| D at T 112:30 | Santiago 1:5 | |
| Mga Taga Efeso 1:10 | | |

## Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo



Nalalaman na mananatili ang pagdududa, kawalan ng paniniwala, at maling impormasyon matapos ang daan-daang taon ng kadiliman, nagpalabas ang ating mapagmahal na Ama sa Langit ng sinaunang aklat ng banal na kasulatan na maitutulad sa Biblia. Naglalaman ito ng kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo ni Jesucristo. Taglay ng banal na kasulatang ito ang kapani-paniwalang ebidensiya na si Joseph Smith ay totoong propeta ng Diyos. Ito ay ang Aklat ni Mormon: Isa pang Tipan ni Jesucristo.

Itinuro ng sugo ng langit na si Moroni kay Joseph Smith ang burol kung saan nakabaon ang mga laminang ginto sa loob ng maraming taon. Nasa mga laminang ginto na ito ang isinulat ng mga propeta na nagkukuwento tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Diyos sa ilang taong nabuhay noon sa Amerika. Isinalin ni Joseph Smith ang nilalaman ng mga laminang ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Alam ng mga propeta sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa misyon ng Tagapagligtas at itinuro ang Kanyang ebanghelyo. Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nagpakita si Cristo sa mga taong ito. Itinuro Niya sa kanila ang Kanyang ebanghelyo at itinatag ang Kanyang Simbahan. Pinatutunayan ng Aklat ni Mormon na "ang Diyos ay humihikayat ng mga tao at tinatawag sila para sa kanyang banal na gawain sa panahon at salinlahing ito, maging sa mga sinaunang mga lahi" (D at T 20:11). Para malaman kung totoo ang Aklat ni Mormon, dapat basahin, pag-isipang mabuti, at ipagdasal ito ng isang tao. Hindi magtatagal ay madarama ng tapat na naghahanap ng katotohanan na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

Mga Tala

Mga Tala

Ang pagbabasa, pag-iisip na mabuti, at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon ay kailangan para tunay na magbalik-loob. Ang mga nagsisimulang magbasa ng Aklat ni Mormon sa unang pagkakataon ay gumagawa ng mahalagang hakbang para malaman na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos at ang totoong Simbahan ay naibalik na sa lupa.

**Gamitin ang Aklat ni Mormon para Mapatunayan ang Katotohanan ng Panunumbalik**

Narito ang halimbawa ng maaari mong sabihin kapag ipinakikilala ang Aklat ni Mormon:

"Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak, kaya naglaan Siya ng kapani-paniwalang paraan para mapatunayan na totoo ang sinabi namin. Ito'y ang Aklat ni Mormon. Maaari mo bang basahin ang huling dalawang talata sa pambungad ng aklat?"

Ipaliwanag na mabuti ang kahulugan ng bawat konsepto sa dalawang talata at imbitahan ang investigator na mangakong basahin ang ilang bahagi ng Aklat ni Mormon at isagawa ang mga alituntuning binanggit sa dalawang talatang ito.

---

Kapag ipinakikilala sa isang tao ang Aklat ni Mormon, makabubuting ipakita sa kanya ang isang kopya, rebyuhin sandali ang nilalaman, at magbahagi ng isa o dalawang talata na makahulugan sa iyo o maaaring makahulugan sa kanya.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon | D at T 1:17–23 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–64 |
| Pambungad sa Aklat ni Mormon, mga talata 1–7 | D at T 20:5–12 | |

## Magdasal para Malaman ang Katotohanan sa Pamamagitan ng Espiritu Santo

Ang mensaheng ito ng Panunumbalik ay maaaring totoo o hindi. Malalaman nating ito'y totoo sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tulad ng ipinangako sa Moroni 10:3–5. Matapos basahin at pag-isipang mabuti ang mensahe ng Aklat ni Mormon, ang sinumang naghahangad na malaman ang katotohanan ay dapat itanong ito sa pagdalangin sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo kung ito ay totoo. Para magawa ito, tumatawag tayo sa ating Ama sa Langit. Pinasasalamatan natin Siya sa ating mga biyaya at nagtatanong para malaman kung totoo ang mensahe ng Aklat ni Mormon. Walang makakaalam sa mga espirituwal na katotohanan kung walang panalangin.

**Panalangin**

- Magdasal sa ating Ama sa Langit ("Ama naming nasa Langit, . . .").
- Sabihin ang nadarama ng iyong puso (pasasalamat, mga tanong, hiling na mapatunayang totoo ang Aklat ni Mormon, at kung anu-ano pa).
- Magtapos ("Sa pangalan ni Jesucristo, amen").

Bilang sagot sa ating mga dasal, ituturo sa atin ng Espiritu Santo ang katotohanan sa pamamagitan ng ating damdamin at kaisipan. Ang mga damdaming mula sa Espiritu Santo ay makapangyarihan, pero kadalasan ding banayad at tahimik ang mga ito. Kapag nadama natin na totoo ang napag-aralan natin, nanaisin nating malaman ang lahat tungkol sa Panunumbalik.

Kapag nalaman nating totoo ang Aklat ni Mormon malalaman din natin na si Joseph Smith ay tinawag bilang propeta at ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naibalik sa pamamagitan niya.

### Panalangin

Bagamat may papel na ginagampanan ang panalangin sa maraming relihiyon at kultura, bihirang ituring ang panalangin bilang palitan ng komunikasyon sa pagitan ng Diyos at ng tao. Tulungan ang mga tinuturuan mo na maunawaan na maaari nilang sabihin sa panalangin ang kanilang nadarama. Ipakita ito sa paraan ng pagdarasal mo kapag nagsisimula o nagtatapos ang lesson. Gumamit ng simpleng salita na magagamit din nila kapag sila'y nagdarasal. Tulungan silang maunawaan na sasagutin ng ating Ama sa Langit ang kanilang mga dasal, sa pamamagitan ng kanilang damdamin at mga kaisipan. Kung sila ay tapat at talagang nais malaman kung naroon nga ang Diyos, sila ay sasagutin Niya. Imbitahan ang ulo ng tahanan na mamuno sa pagdarasal nang nakaluhod sa katapusan ng lesson.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

Alma 5:45–46
D at T 8:2–3
Juan 14:26
Pambungad sa Aklat ni Mormon, mga talata 8–9

### Imbitasyon na Mabinyagan

Sa lesson na ito o sa iba pa, huwag magdalawang-isip na imbitahan ang mga tao na mabinyagan at makumpirma.

Para maihanda ang mga tao sa imbitasyon na mabinyagan at makumpirma, madalas na magpatotoo na mahalagang mabinyagan ang lahat ng tao nang isang may awtoridad, makatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, at kagila-gilalas ang kaloob na Espiritu Santo. Maaari mong sabihing, "Sa pagsagot ng Panginoon sa mga dasal mo at pagkadama mong totoo ang mensaheng ito, susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag?"

Ang imbitasyon na mabinyagan at makumpirma ay dapat tiyak at maliwanag: "Susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa isang taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood ng Diyos? Magdaraos kami ng serbisyo ng binyag sa (petsa). Ihahanda mo ba ang sarili mo na mabinyagan sa petsang iyon?"

Mga Tala

Mga Tala

# Mga Ideya para sa Pagtuturo

Ang bahaging ito ay may mga ideya na magagamit mo sa paghahanda at pagtuturo ng lesson na ito. Mapanalanging sundin ang Espiritu sa pagpapasiya kung paano gagamitin ang mga ideyang ito. Idagdag ang mga ideyang napili mo sa inyong lesson plan. Tandaan na mungkahi lang ang mga ideyang ito—hindi kailangang gawin—para tulungan kang matugunan ang pangangailangan ng iyong mga tinuturuan.

## Maikling Lesson Plan (3–5 minuto)

Matapos mawala sa loob ng daan-daang taon, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinalik sa mundo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit sa pamamagitan ng buhay na propeta. Ang Aklat ni Mormon ang patunay dito. Mahahawakan mo ito. Mababasa mo ito, mapag-iisipang mabuti kung paano mapapabuti ng mensahe ng aklat ang iyong buhay, at makapagdarasal para malaman kung ang mensahe ay salita ng Diyos.

- Ang Diyos ang Ating Mapagmahal na Ama sa Langit
- Pinagpapala ng Ebanghelyo ang mga Pamilya
- Inihahayag ng Ama sa Langit ang Kanyang Ebanghelyo sa Bawat Dispensasyon
- Ang Ministeryo sa Lupa ng Tagapagligtas
- Ang Malawakang Apostasiya
- Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa Pamamagitan ni Joseph Smith
- Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo
- Magdasal para Malaman ang Katotohanan sa Pamamagitan ng Espiritu Santo

### Mga Pangakong Gagawin

- Babasahin mo ba at ipagdarasal ang Aklat ni Mormon para malaman kung ito ay salita ng Diyos?
- Magdarasal ka ba para malaman kung si Joseph Smith ay isang propeta?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Katamtamang Haba na Lesson Plan (10–15 minuto)

Ang aming mensahe ay mahalaga at simple. Ang Diyos ang ating Ama. Tayo ay Kanyang mga anak. Bahagi tayo ng Kanyang pamilya. Mahal Niya tayo. Sa simula pa lang ng daigdig, nagpakita na Siya ng halimbawa ng pagmamahal at pagmamalasakit. Maraming beses Siyang nagpakita ng pagmamahal para maihayag ang ebanghelyo ni Jesucristo upang malaman ng Kanyang mga anak kung paano makababalik sa Kanya. Ipinaalam Niya ito sa mga propetang tulad nina Adan, Noe, Abraham, at Moises. Pero paulit-ulit na pinili ng mga tao na tanggihan ang ebanghelyong iyon. Dalawang libong taon na ang nakalipas, itinuro mismo ni Jesucristo ang Kanyang ebanghelyo at itinatag ang Kanyang Simbahan. Hindi kapani-paniwalang tinanggihan din ng mga tao si Jesus.

Mga Tala

Sa tuwing babalewalain o babaguhin ng mga tao ang mga totoong doktrina at ordenansa, inaalis ng Diyos ang Kanyang awtoridad na mangasiwa sa Simbahan.

Ang imbitasyon namin sa iyo at sa lahat ng tao ay dagdagan ang katotohanang noon pa man ay mahalaga na sa iyo. Pag-isipan mo ang katibayang inilahad namin sa iyo na ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ay muling nagpadama ng pagmamahal sa mga anak ng Diyos at ipinahahayag sa isang propeta ang kabuuan ng ebanghelyo. Ang pangalan ng propetang ito ay Joseph Smith. Ang katibayan ng banal na katotohanang ito ay makikita sa isang aklat—ang Aklat ni Mormon—na iyong mababasa, mapag-iisipang mabuti, at maipagdarasal. Kung magdarasal ka nang taus-puso, na may tunay na layunin at pananampalataya kay Cristo, sasabihin sa iyo ng Diyos sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na ito ay totoo.

### Mga Pangakong Gagawin

- Babasahin mo ba at ipagdarasal ang Aklat ni Mormon para malaman kung ito ay salita ng Diyos?
- Magdarasal ka ba para malaman kung si Joseph Smith ay isang propeta?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Buong Lesson Plan (30–45 minuto)

- Ang Diyos ang Ating Mapagmahal na Ama sa Langit
  - Tayo ay mga anak ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 17:29).
  - Mahal tayo ng Diyos at tutulungan tayong gumawa ng mga tamang desisyon.
  - Sa pamamagitan ni Jesucristo, makakapiling nating muli ang Diyos (tingnan sa Juan 3:16–17).
- Pinagpapala ng Ebanghelyo ang mga Pamilya
  - Tinutulungan ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga pamilya na magkaroon ng mas matatag na ugnayan.
  - Ang mga pamilya ay inordena ng Diyos; sila ang pinakamahalagang yunit sa lipunan sa buhay ngayon at sa kawalang-hanggan (tingnan sa D at T 49:15–16).
  - Ang pamilya ang pinakamainam na lugar para ituro, matutuhan, at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 68:25; Genesis 18:19, Deuteronomio 6:7).
  - Ang pamilya ay maaaring maging lugar ng kaligtasan, kapayapaan, at galak.

Mga Tala

- Inihahayag ng Ama sa Langit ang Kanyang Ebanghelyo sa Bawat Dispensasyon
  - Tumatawag ang Diyos ng mga propeta para magturo ng Kanyang ebanghelyo (tingnan sa Amos 3:7).
  - Ang ibig sabihin ng Apostasiya ay pagtanggi sa mga propeta at sa ebanghelyo.
  - Ang mga dispensasyon ay mga panahon kung kailan itinuro ng mga propeta ang ebanghelyo. Ang mga naunang dispensasyon ay nagwakas sa apostasiya (tingnan sa D at T 136:36–38).
  - Sina Adan, Noe, Abraham, Moises, at iba pang mga propeta noon ay nagturo lahat ng ebanghelyo (tingnan sa Moises 5:4–12).
- Ang Ministeryo sa Lupa ng Tagapagligtas
  - Ibinalik at itinuro ng Anak ng Diyos ang ebanghelyo. Nagsagawa Siya ng maraming himala (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Himala," 74).
  - Tumawag Siya ng mga Apostol at binigyan sila ng awtoridad ng priesthood para ipangaral ang ebanghelyo at isagawa ang mga nakapagliligtas na ordenansa tulad ng binyag (tingnan sa Juan 15:16).
  - Itinatag ni Cristo ang Kanyang Simbahan.
  - Ipinako si Cristo, at tinanggihan at pinatay ang Kanyang mga Apostol (tingnan sa Mateo 27:35; Marcos 15:25).
  - Naisagawa ni Cristo ang Pagbabayad-sala (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Bayad-sala, Pagbabayad-sala," 26–27).
- Ang Malawakang Apostasiya
  - Kung walang paghahayag sa pamamagitan ng propeta, mahuhulog ang mga tao sa espirituwal na kadiliman (tingnan sa Amos 8:11–12).
  - Naipropesiya noon ng mga Propeta at Apostol ang Malawakang Apostasiya (tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:1–3).
- Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa Pamamagitan ni Joseph Smith.
  - Naghanap si Joseph ng katotohanan (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:8, 10).
  - Nagpakita ang Diyos at si Jesucristo kay Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).
  - Tulad ng mga propeta sa naunang mga dispensasyon, si Joseph Smith ay tinawag bilang propeta ng huling dispensasyong ito.
  - Ibinalik ng Diyos ang kabuuan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith (tingnan sa D at T 35:17; 135:3).
  - Ibinalik ng ibang mga sugo ng langit ang priesthood, at naitatag ang Simbahan ni Cristo (tingnan sa D at T 13; 27:12).
  - Isang buhay na propeta ang namamahala sa Simbahan ngayon.

Mga Tala

- Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo
  - Ang Aklat ni Mormon ay kapani-paniwalang katibayan na si Joseph Smith ay propeta.
  - Isinalin ni Joseph ang mga lamina sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa Pambungad sa Aklat ni Mormon, talata 5).
  - Pinapatunayan ng Aklat ni Mormon na binibigyang-inspirasyon ng Diyos ang mga propeta sa ating panahon tulad ng ginawa Niya noon sa bawat dispensasyon (tingnan sa D at T 20:5–12).
  - Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa D at T 20:8–9).
- Magdasal para Malaman ang Katotohanan sa Pamamagitan ng Espiritu Santo.
  - Malalaman mo na totoo ang Aklat ni Mormon (tingnan sa Moroni 10:3–5; Pambungad sa Aklat ni Mormon 1, 8–9).
  - Tuturuan ka ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng iyong kaisipan at damdamin (tingnan sa D at T 8:2–3).

### Mga Pangakong Gagawin

- Babasahin mo ba at ipagdarasal ang Aklat ni Mormon para malaman kung ito ay salita ng Diyos?
- Magdarasal ka ba para malaman kung si Joseph Smith ay isang propeta?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Mga Itatanong Matapos Magturo

- May mga tanong ka ba tungkol sa itinuro namin?
- Kung may propeta ngayon sa mundo, ano ang itatanong mo sa kanya?
- Nadarama mo ba na pinakikinggan ng Diyos ang mga dasal mo? Bakit?
- Gusto mo bang malaman kung totoo ang Aklat ni Mormon? Bakit?

## Mahahalagang Depinisyon

- **Apostasiya o Pagtalikod sa Katotohanan:** Paglayo ng mga tao, ng Simbahan, o ng buong bansa, sa katotohanan. Kasama rito ang paghihimagsik laban sa awtoridad at di-pagtanggap sa mga propeta. Kasama sa mga palatandaan ng apostasiya ang paglabag sa mga batas ng Diyos, pagbabago sa mga ordenansa ng ebanghelyo, at di pagtupad sa mga tipan (tingnan sa Isaias 24:5).
- **Dispensasyon:** Panahon kung saan ang Panginoon, kahit paano, ay may isang awtorisadong tagapaglingkod sa mundo na nagtataglay ng mga susi ng banal na priesthood. Bukod kay Jesucristo, ang mga propetang tulad nina Adan, Enos, Noe, Abraham, Moises, at Joseph Smith ay nagpasimulang lahat ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo. Kapag nagtatatag ang Panginoon ng dispensasyon,

Mga Tala

inihahayag muli ang ebanghelyo para sa mga tao sa dispensasyong iyon upang hindi na sila umasa sa nakaraang dispensasyon para malaman ang plano ng kaligtasan. Ang dispensasyong sinimulan ni Joseph Smith ay kilala bilang "dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon."

- **Karapatang Pumili:** Ang kakayahan at pribilehiyo na ibinibigay ng Diyos sa mga tao na pumili at kumilos para sa kanilang sarili.

- **Manunubos:** Si Jesucristo ang dakilang Manunubos ng mga tao dahil sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay binayaran niya ang mga kasalanan ng tao at ginawang posible na mabuhay na mag-uli ang sangkatauhan. Ang ibig sabihin ng tubusin ay iligtas, bilhin, o palayain ang tao mula sa pagkabihag kapalit ng bayad. Ang pagtubos ay tumutukoy sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pagkaligtas mula sa kasalanan. Ang Pagbabayad-sala ni Jesus ay tumutubos sa lahat ng tao mula sa pisikal na kamatayan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, na kinabibilangan ng paghihirap Niya sa Getsemani at sa krus pati ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ang mga sumasampalataya sa Kanya at nagsisisi ay naliligtas mula sa espiritwal na kamatayan.

- **Panunumbalik:** Ang ibig sabihin ng ipanumbalik ay ibalik sa dating kalagayan, o isauli. Ang ibig sabihin ng Panunumbalik, ayon sa paggamit ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay naibalik ang totoong Simbahan ni Jesucristo, na nawala dahil sa apostasiya, sa orihinal na kalagayan nito nang itatag ni Jesucristo. Di tulad ng Repormasyon o Pagbabago, ang Panunumbalik ay naisagawa nang may awtoridad mula sa langit sa pamamagitan ng paghahayag.

- **Paghahayag:** Komunikasyon mula sa Diyos tungo sa Kanyang mga anak sa lupa. Maaaring dumating ang paghahayag sa pamamagitan ng Liwanag ni Cristo at ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng inspirasyon, mga pangitain, panaginip, o pagdalaw ng mga anghel. Ang paghahayag ay gabay na umaakay sa matatapat tungo sa walang hanggang kaligtasan sa kahariang selestiyal. Inihahayag ng Panginoon ang Kanyang gawain sa Kanyang mga propeta at pinatutunayan sa mga naniniwala na ang paghahayag sa mga propeta ay totoo (tingnan sa Amos 3:7). Sa pamamagitan ng paghahayag, ginagabayan ng Panginoon ang bawat tao na nagnanais nito at nananampalataya, nagsisisi, at sumusunod sa ebanghelyo ni Jesucristo.

- **Priesthood:** Ang awtoridad at kapangyarihan na ibinibigay ng Diyos sa tao para kumilos sa pangalan ni Jesucristo sa lahat ng bagay para sa kaligtasan ng mga tao.

- **Propeta:** Isang taong tinawag ng at tagapagsalita ng Diyos. Bilang sugo ng Diyos, tumatanggap ang propeta ng awtoridad ng priesthood, mga utos, propesiya, at paghahayag mula sa Diyos. Responsibilidad niyang ipaalam sa mga tao ang kalooban at tunay na katangian ng Diyos at ipakita ang tunay na kahulugan ng pakikitungo Niya sa kanila. Binabatikos ng propeta ang kasalanan at bago pa man mangyari ay sinasabi ang magiging resulta nito. Siya ay mangangaral ng kabutihan. Paminsan-minsan, maaaring magkaroon ng inspirasyon ang propeta na sabihin ang mangyayari sa hinaharap para sa ikabubuti ng mga tao. Gayunman, ang pinakauna niyang responsibilidad ay ang magpatotoo tungkol kay Cristo.

- **Repormista o Tagapagbago:** Ang ibig sabihin ng magbago ay gumawa ng mga pagbabago sa isang bagay para pagandahin ito. Ang salitang mga *repormista* ay tumutukoy sa mga lalaki at babae (tulad nina Martin Luther, John Calvin, William Tyndale, at John Wycliffe) na nagprotesta laban sa mga gawain ng umiiral na simbahan, na sa tingin nila ay kailangang baguhin.

Mga Tala

### Iba pang mga Salita na Maaaring Kailangang Ipaliwanag pa nang mas Mabuti sa Tinuturuan Mo

- Apostol
- Biblia
- Ebanghelyo
- Kaloob na Espiritu Santo
- Kasalanan
- Magtiis hanggang wakas
- Makabalik upang mamuhay sa Kanyang piling
- Mga banal na kasulatan
- Mga ordenansa ng kaligtasan
- Tagapagligtas
- Pagsunod at Pagsuway sa mga Kautusan
- Pamamahala
- Panalangin

### Mga Repormista at Lider ng Relihiyon sa Daigdig

**Ang sumusunod na impormasyon ay dapat gamitin kung kailangan lamang.**

**John Wycliffe:** Isinilang noong ika-14 na siglo sa England. Iskolar ng Teolohiya sa Oxford University. Itinuro niya na ang Simbahang Katoliko ay walang mga susi ng priesthood, na ang Holy Eucharist (o sakrament) ay hindi ang aktuwal na katawan ni Cristo, at hindi dapat gamitin ng simbahan ang pulitika para impluwensiyahan ang mga tao. Isinalin niya sa Ingles ang Biblia. Namatay noong Disyembre 31, 1384.

**Martin Luther:** Isinilang noong Nobyembre 10, 1483, sa Germany. Nag-aral sa University of Erfurt at Wittenberg. Nagpako ng 95 na punto ng doktrina sa pintuan ng Castle Church bilang pagtutol sa maraming itinuturo noon ng Simbahang Romanong Katoliko, pati na ang nakagawian na paghingi ng bayad sa mga tao para mapatawad sa kanilang mga kasalanan. Namatay noong Pebrero 18, 1546.

**William Tyndale:** Isinilang sa Wales noong 1494. Nag-aral sa Oxford at Cambridge. Isinalin sa Ingles ang Bagong Tipan. Ipinabasa sa mga karaniwang tao ang mga banal na kasulatan para mabunyag ang mga maling doktrina at katiwalian ng mga lider ng relihiyon. Binitay siya noong Oktubre 6, 1536.

**John Calvin:** Isinilang noong Hulyo 10, 1509, sa France. Nag-aral ng pagkapari sa Paris. Namuno sa mga kilusang humihingi ng pagbabago sa Simbahang Katoliko. Matagal na nanirahan sa Switzerland. Itinuro niya na likas na masama ang tao at tanging awa lamang ng Diyos ang makapagliligtas sa kanila. Sumulat ng maraming komentaryo sa Biblia. Namatay noong Mayo 27, 1564.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga repormista, tingnan sa sumusunod na mga aklat ng misyonero: James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 692–703; M. Russel Ballard, *Our Search for Happiness,* 26–32.

Tulad ng Kristiyanismo na nabiyayaan ng tapang at pananaw ng mga repormista, maraming iba pang bansa at kultura ang nabiyayaan din ng mga taong nabahaginan ng salita "na nakikita [ng Diyos na] karapat-dapat na taglayin nila" (Alma 29:8). Ang mga turo ng ibang lider ng relihiyon ay nakatulong sa maraming tao na maging mas magalang at magkaroon ng mas magandang asal.

Mga Tala

**Buddha (Gotama):** Isinilang noong 563 B.C sa isang Hindu na pinuno ng tribo sa Nepal. Naapektuhan ng kahirapang nakita niya sa paligid. Lumayas sa magarang palasyo ng kanyang ama, iniwan ang kasaganaan, at nagbuhay-mahirap. Sa paghahanap ng kaliwanagan, natuklasan niya ang tinatawag na "landas ng kaligtasan." Sinasabing narating niya ang Nirvana, ang kalagayang walang problema, sakit, o panlabas na katotohanan. Naging guro ng komunidad ng mga monghe.

**Confucius:** Isinilang noong 551 B.C. Bata pa lang ay naulila na siya. Unang propesyonal na guro ng China. Pinakamahusay na mangangaral ng China sa isyu ng moralidad at lipunan. Kaunti lang ang binanggit niya tungkol sa mga espirituwal na nilalang o kapangyarihang mula sa langit. Naniwalang ipinagkatiwala sa kanya ng langit ang isang sagradong misyon bilang tagapagtanggol ng mabuti at totoo.

**Mohammed:** Isinilang noong 570 A.D. sa Mecca. Bata pa ay naulila na. Nabuhay sa hirap. Nakilala bilang mapagkakatiwalaang tagapamayapa. Nag-asawa sa edad na 25. Noong 610 nagdasal at nagnilay-nilay sa Bundok ng Hira. Sinabing nagpakita sa kanya ang anghel na si Gabriel at nagbigay ng mensahe mula kay Allah (Diyos). Ipinahayag na nakatanggap siya ng mensahe mula sa Diyos sa pamamagitan ni Gabriel mula 620 hanggang 632. Nang tumagal, ang mga mensaheng ito na binigkas niya sa kanyang mga tagasunod, ay isinulat sa Koran, ang sagradong aklat ng Islam.

# Ang Plano ng Kaligtasan



Mga Tala

## Ang Iyong Layunin

Habang ikaw ay nagtuturo, ihanda ang iyong mga investigator na maging kwalipikado para sa binyag gaya ng itinuro sa Doktrina at mga Tipan 20:37 at sa mga tanong para sa interbyu sa binyag. Ang pinakamainam na paraan para magawa ito ay sa pamamagitan ng pag-imbita sa mga investigator mo na gawin at tuparin ang mga nakalista sa ibaba.

**Mga Tanong para sa Interbyu sa Binyag**

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan?
- Naniniwala ka ba na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig?
- Handa ka bang panatilihing banal ang araw ng Sabbath, makibahagi ng sakrament linggu-linggo at maglingkod sa mga kapwa miyembro?

**Mga Pangakong Gagawin**

- Magdarasal ka ba para malaman kung totoo ang itinuro namin?
- Pagsisisihan mo ba ang iyong mga kasalanan?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Susundan mo ba ang halimbawa ng Tagapagligtas at magpapabinyag sa (petsa)?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita ?
- Mga kautusan sa lesson 4 na napili mong isama.

## Pagtulong sa Iba na Malaman ang Tungkol kay Jesucristo

Ang mga misyonero ay dapat magpatotoo tungkol kay Jesucristo at imbitahan ang lahat na lumapit sa Kanya para maligtas. Ang pagbibigay ng partikular na mga tagubilin tungkol sa Tagapagligtas ay mahalaga sa mga taong walang gaanong alam o kaya'y hindi nakakikilala sa Kanya. Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ay dinisenyo para tulungan ang lahat ng tao na malaman na "si Jesus ang Cristo, . . . nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon). Isa sa mga pinakamabisang paraan para magturo at magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas ay ang magkasamang pagbabasa ng Aklat ni Mormon. Makakatulong din ang mga talata mula sa iba pang mga pamantayang aklat o standard work.

Mga Tala

Pag-isipan ang mga mungkahi sa ibaba. Maaaring gawin itong bahagi nito o ng ibang lesson o kaya'y bilang isang aralin. Kung makakatulong, ulitin nang ilang beses ang aktibiting ito bago at pagkatapos ng binyag at kumpirmasyon.

| | |
|---|---|
| Pahina ng pamagat at pambungad | Ipaliwanag na mabuti ang layunin ng aklat. |
| 1 Nephi 10–11 | Sina Lehi at Nephi ay nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas. |
| 1 Nephi 19 | Iniisa-isa ni Nephi ang mga propesiya tungkol sa ministeryo at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. |
| 2 Nephi 2 | Nagpatotoo si Lehi tungkol sa pagiging Manunubos ng Tagapagligtas. |
| 2 Nephi 9 | Nagpatotoo si Jacob tungkol sa Pagbabayad-sala. |
| 2 Nephi 31–33 | Itinuro ni Nephi ang doktrina ni Cristo. |
| Enos | Nadama ni Enos ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. |
| Mosias 2–5 | Nagturo si Haring Benjamin tungkol kay Cristo. |
| Mosias 12–16 | Inalay ni Abinadi ang kanyang buhay sa pagpapatotoo kay Jesucristo. |
| Alma 5, 7 | Nagpatotoo si Alma tungkol sa Tagapagligtas. |
| Alma 17–22 | Tinanggap ng mga Lamanita ang patotoo tungkol kay Jesucristo. |
| Alma 34 | Nagpatotoo si Amulek tungkol sa Pagbabayad-sala. |
| Alma 36 | Nadama ni Alma ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. |
| Alma 40–42 | Nagpatotoo si Alma tungkol sa pagkabuhay na mag-uli at Pagbabayad-sala. |
| Helaman 5 | Sina Nephi at Lehi ay mga instrumento sa kamay ng Diyos sa pagsaksi tungkol sa Tagapagligtas. |
| 3 Nephi 9–10 | Inimbita ng Tagapagligtas ang mga tao na lumapit sa Kanya. |
| 3 Nephi 11–18 | Itinuro ng Tagapagligtas sa mga Nephita ang tungkol sa Ama at sa Kanyang doktrina. |
| 3 Nephi 27 | Itinuro ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo. |
| Eter 3 | Nakita ng kapatid ni Jared ang Tagapagligtas. |
| Eter 12 | Nagpatotoo sina Eter at Moroni tungkol sa Tagapagligtas at sa kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala. |
| Moroni 7–8 | Itinuro ni Moroni ang dalisay na pag-ibig ni Cristo at Kanyang Pagbabayad-sala. |
| Moroni 10 | Inimbita ni Moroni ang lahat na lumapit kay Cristo at maging ganap sa Kanya. |
| "Ang Buhay na Cristo" | Nagpatotoo ang mga propeta at apostol tungkol sa Tagapagligtas. |

## Buhay Bago ang Buhay sa Mundo: Layunin at Plano ng Diyos para sa Atin.

Maraming tao ang nagtatanong, "Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito? Saan tayo pupunta?" Ibinibigay sa atin ng plano ng kaligtasan ang sagot sa mga tanong na ito.

Ang Diyos ang siyang Ama ng ating mga espiritu. Tayo ay literal na mga anak Niya, at mahal Niya tayo. Nabuhay tayo bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit bago tayo isinilang sa mundong ito. Pero hindi tayo katulad ng ating Ama sa Langit, ni magiging katulad niya at makakamtan ang lahat ng biyayang mayroon Siya kung hindi tayo mabubuhay bilang mortal na may pisikal na katawan.

Mga Tala

Ang buong layunin ng Diyos—Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian—ay ang magawa nating tamasahin ang lahat ng Kanyang mga biyaya. Naglaan siya ng perpektong plano para maisagawa ang Kanyang layunin. Naunawaan at tinanggap natin ang planong ito bago tayo naparito sa lupa. Sa mga banal na kasulatan ang plano ng Diyos ay tinatawag na maawaing plano, ang plano ng kaligayahan, ang plano ng pagtubos, at ang plano ng kaligtasan.

Si Jesucristo ay sentro sa plano ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, natupad ni Jesucristo ang layunin ng Kanyang Ama at ginawang posible na makamtan ng bawat isa sa atin ang imortalidad at buhay na walang hanggan. Si Satanas, o ang diyablo, ang kumalaban sa plano ng Diyos.

Ang pagpili, o kakayahang pumili, ay isa sa pinakadakilang mga kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang ating walang hanggang pag-unlad ay nakasalalay sa paraan ng paggamit natin sa kaloob na ito. Dapat tayong pumili kung susundin ba natin si Jesucristo o si Satanas.

Tayo ay pisikal na nakawalay sa Diyos habang nabubuhay dito sa lupa, pero gusto Niya na bawat isa sa Kanyang mga anak ay makahanap ng kapayapaan sa buhay na ito at lubos na kagalakan sa piling Niya pagkatapos ng buhay na ito. Nais Niyang maging katulad Niya tayo.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Mga Anak ng Diyos**

D at T 93:29 Sa Mga Hebreo 12:9
Mga Gawa 17:29

**Layunin ng Diyos**

Moises 1:39 Juan 17:3

**Buhay Bago Pa ang Buhay na Ito**

D at T 138:53–56 Abraham 3:22–26 Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Buhay Bago Pa ang Buhay na Ito”
Moises 3:5 Jeremias 1:5

## Ang Paglikha

Sa ilalim ng pamamahala ng Ama, nilikha ni Jesucristo ang mundo kung saan tayo titira at magkakaroon ng karanasan. Para umunlad at maging tulad ng Diyos, dapat magkaroon ang bawat isa sa atin ng pisikal na katawan para subukin sa panahon ng pagsubok. Habang nasa mundo hindi natin pisikal na makakasama ang Diyos. Hindi natin naaalaala ang buhay natin bago pa ang buhay na ito. Kailangan tayong mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa halip na magtiwala sa ating pisikal na kakayahan.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

1 Nephi 17:36
Alma 30:44
D at T 88:41–47
Moises 2:1
Moises 6:63
Abraham 3:24–25
PJS, Juan 1:1–3
II Mga Taga Corinto 5:6–7

Mga Tala

## Karapatang Pumili at ang Pagkahulog nina Adan at Eva

Sina Adan at Eva ang una sa mga anak ng Diyos na bumaba sa lupa. Nilikha ng Diyos sina Adan at Eva at inilagay sila sa Halamanan ng Eden. Sina Adan at Eva ay nilikha sa larawan ng Diyos, na may laman at buto. Noong nasa halamanan sina Adan at Eva, kasama pa rin nila ang Diyos at maaari sanang mabuhay magpakailanman. Sila ay namuhay na inosente, at ang Diyos ang nagbibigay sa kanilang mga pangangailangan.

Sa Halamanan ng Eden, binigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng karapatang pumili. Inutusan Niya sila na huwag kainin ang ipinagbabawal na bunga, o ang bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Ang ibig sabihin ng pagsunod nila sa kautusang ito ay maaari silang mamalagi sa halamanan, pero hindi sila uunlad dahil hindi sila daranas ng oposisyon sa buhay na ito. Hindi nila malalaman ang galak dahil hindi nila mararanasan ang lungkot at sakit.

Tinukso ni Satanas sina Adan at Eva na kainin ang ipinagbabawal na bunga, at pinili nilang gawin iyon. Bahagi ito ng plano ng Diyos. Dahil sa pagpiling ito, pinalayas sila sa halamanan at hindi na pisikal na kasama ang Diyos. Ang tawag sa pangyayaring ito ay Pagkahulog. Ang pagkawalay sa piling ng Diyos ay espirituwal na kamatayan. Sina Adan at Eva ay naging mortal—daranas sila ng pisikal na kamatayan, o paghihiwalay ng katawan at espiritu. Makakaranas na sila ng sakit at lahat ng uri ng paghihirap. May karapatan silang pumili o may kakayahan silang piliin ang mabuti o masama. Dahil dito maaari silang matuto at umunlad. Dahil dito posible rin na magkamali sila sa pagpili at magkasala. Bukod dito, maaari na silang magkaanak, para makababa sa mundo ang iba pang espiritung anak ng Diyos, magkaroon ng pisikal na katawan, at masubukan. Sa ganitong paraan lamang uunlad ang mga anak ng Diyos at magiging tulad Niya.

### Pagtuturo Tungkol sa Pagkahulog

Sa unang pagtuturo ng doktrinang ito, huwag ituro ang lahat ng alam mo tungkol dito. Ipaliwanag sa simpleng paraan na pinili ng Diyos ang dalawa sa Kanyang mga anak, sina Adan at Eva, na maging unang mga magulang sa mundo. Matapos silang lumabag napasailalim na sila sa kasalanan at kamatayan. Hindi sila makakabalik na mag-isa sa piling ng Ama sa Langit. Nakipag-usap ang Panginoon kay Adan at itinuro sa kanya ang plano ng kaligtasan at pagtubos sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo. Sa pagsunod sa planong iyon, makadarama ng galak si Adan at ang kanyang pamilya sa buhay na ito at makakabalik sa piling ng Diyos (tingnan sa Alma 18:36; 22:12–14).

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Sa Halamanan**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 2 | Moises 3:15–17 | Genesis 1:26–31 |
| Moises 2:26–31 | Moises 5:11 | Genesis 2:15–17 |

**Ang Pagkahulog**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 2:25 | Moises 4 | Genesis 3 |
| Alma 12:22–34 | Moises 5:10–12 | |

Mga Tala

## Ang Ating Buhay sa Lupa

Ang buhay sa lupa ay isang oportunidad at biyaya. Ang layunin natin sa buhay na ito ay magkaroon ng kagalakan at maghandang bumalik sa piling ng Diyos. Sa mortalidad daranasin natin kapwa ang pisikal at espirituwal na kamatayan. Ang Diyos ay may perpekto, niluwalhati, at imortal na katawan na may laman at buto. Para maging tulad ng Diyos at makabalik sa piling Niya, dapat ay mayroon din tayong imortal na katawang may laman at buto. Pero dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, bawat tao sa lupa ay may katawang mortal na hindi perpekto at sa bandang huli'y mamamatay. Kung hindi dahil sa Tagapagligtas na si Jesucristo, kapag namatay ang tao ay wala nang pag-asa pa ang lahat na makapiling ang Ama sa Langit balang-araw.

Kaakibat ng pisikal na kamatayan, ang kasalanan ang pinakamalaking hadlang na pipigil sa atin na maging katulad ng ating Ama sa Langit at makabalik sa Kanyang piling. Sa ating mortal na kalagayan madalas tayong natutukso, lumalabag sa mga kautusan ng Diyos, at nagkakasala. Sa ating buhay sa lupa bawat isa sa atin ay nagkakamali. Kahit kung minsan ay parang kabaligtaran ang nangyayari, laging nauuwi sa kalungkutan ang kasalanan. Nagiging sanhi ng dusa at kahihiyan ang kasalanan. Dahil sa ating mga kasalanan, hindi tayo makababalik sa piling ng Ama sa Langit maliban kung napatawad at nalinis muna tayo.

Habang narito tayo sa buhay na ito, magkakaroon tayo ng mga karanasang magpapasaya sa atin. May mga karanasan din tayong magdudulot sa atin ng pait at kalungkutan, ang ilan ay dahil na rin sa mga kasalanang nagagawa ng iba. Ang mga karanasang ito ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong matuto at umunlad, na malaman ang mabuti sa masama, at pagkakataong pumili. Iniimpluwensiyahan tayo ng Diyos na gumawa ng mabuti; tinutukso tayo ni Satanas na magkasala. Tulad ng pisikal na kamatayan, hindi natin madadaig ang epekto ng kasalanan nang mag-isa. Wala tayong magagawa kung wala ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Panahon ng Pagsubok**

2 Nephi 2:21
2 Nephi 9:27
Mosias 3:19
Alma 12:21–24
Alma 34:31–35
Alma 42:2–10
Abraham 3:25–26

**Pagpili**

2 Nephi 2:26–29
Joshua 24:15
*Para sa Lakas ng mga Kabataan*, "Karapatang Pumili at Pananagutan"

**Mabuti at Masama**

Moroni 7:12–19

**Kasalanan**

Mga Taga Roma 3:23
I Ni Juan 1:8–10
I Ni Juan 3:4

**Hindi Makakasama ng Diyos ang Marurumi**

I Nephi 10:20–21
Alma 41:10–11
3 Nephi 27:19
Moises 6:57

Mga Tala

## Ang Pagbabayad-sala



Bago itatag ang daigdig, pinili ng ating Ama sa Langit si Jesucristo na maging Tagapagligtas at Manunubos natin. Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay naging posible na mapaglabanan natin ang mga epekto ng Pagkahulog. Lahat ng mga propeta mula nang magsimula ang daigdig ay nagpatotoo na si Jesucristo ang ating Manunubos.

Lahat tayo ay daranas ng pisikal na kamatayan, pero nadaig ni Jesucristo ang hadlang na pisikal na kamatayan para sa atin. Nang namatay siya sa Krus, nahiwalay ang Kanyang espiritu sa Kanyang katawan. Sa ikatlong araw, nagsamang muli ang Kanyang espiritu at katawan at ito'y pamhabampanahon na, at hindi na muling maghihiwalay kailanman. Nagpakita siya sa maraming tao, ipinakita Niya na mayroon Siyang imortal na katawang may laman at buto. Ang pagsasama ng katawan at espiritu ay tinatawag na pagkabuhay na mag-uli at isang handog na ipinangako sa atin. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, tayong lahat ay mabubuhay na muli, mabuti o masama man ang ginawa natin sa buhay na ito. Magkakaroon tayo ng perpektong imortal na katawan na may laman at buto na hindi na muling magkakasakit, o mamamatay. Dahil sa pagkabuhay na mag-uli naging posible na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos para hatulan pero hindi ito garantiya na makakapiling natin Siya. Para matanggap ang biyayang iyon, kailangan tayong malinis mula sa kasalanan.

Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Jesucristo, para daigin ang kasalanan bukod pa sa pisikal na kamatayan. Hindi tayo mananagot sa Pagkahulog nina Adan at Eva, pero pananagutan natin ang sarili nating mga kasalanan. Ang Diyos ay hindi makakatingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot, at kasalanan ang hadlang sa atin para makapiling Siya. Tanging sa biyaya at awa ng Tagapagligtas tayo malilinis mula sa kasalanan para makapamuhay tayong muli na kasama ang Diyos. Magiging posible ito sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

Para maisagawa ang plano ng kaligtasan, binayaran ni Cristo ang ating mga kasalanan. Siya lang ang makakagawa niyon. Tinawag Siya at inihanda bago pa ang buhay sa lupa. Siya ay literal na Anak ng Diyos sa laman. Wala siyang kasalanan at lubos na masunurin sa Kanyang Ama. Kahit na tinukso, hindi Siya nagpatukso. Nang sabihan ng Ama ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na magbayad para sa mga kasalanan ng daigdig, handa si Jesus at nais gawin ito. Kasama sa Pagbabayad-sala ang Kanyang paghihirap sa Halamanan ng Getsemani at kanyang pagdurusa at pagkamatay sa krus. Natapos ito sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Kahit hindi natin lubos na mauunawaan ang Kanyang naging paghihirap—kung kaya lumabas ang dugo sa bawat butas ng Kanyang balat at hiniling na kung maaaari ay alisin ang pasaning ito sa Kanya—sinunod Niya ang kalooban ng Ama sa dakilang pagpapakita ng pagmamahal para sa Kanyang Ama at sa atin. Ang tagumpay na ito ni Jesucristo laban sa espirituwal na kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang paghihirap at laban sa pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ay tinatawag na Pagbabayad-sala.

Mga Tala

Nangako si Cristo na patatawarin ang ating mga kasalanan kung tatanggapin natin Siya sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, pagsisisi, pagpapabinyag sa pamamagitan ng paglulubog, at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at tapat na pagsisikap na sundin ang Kanyang mga kautusan hanggang sa katapusan ng ating buhay. Sa patuloy na pagsisisi, maaari tayong mapatawad at malinis mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Naaalis sa atin ang bigat ng dusa at kahihiyan, at sa pamamagitan ni Jesucristo nagiging karapat-dapat tayo na makabalik sa piling ng Diyos.

Sa pag-asa natin sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matutulungan Niya tayo na tiisin ang ating mga pagsubok, karamdaman, at sakit. Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Kahit pinagbayaran ni Jesus ang kaparusahan sa ating mga kasalanan, hindi Niya inalis ang ating personal na responsibilidad. Dapat nating ipakita na tinatanggap natin Siya at susundin natin ang Kanyang mga kautusan. Tanging sa pamamagitan ng kaloob na Pagbabayad-sala tayo makakakabalik para mamuhay sa piling ng Diyos.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Pagkabuhay na Mag-uli**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 9:6–7 | D at T 88:27–32 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, |
| Alma 11:42–45 | Lukas 24:1–10, 36–39 | “Kamatayan, Pisikal na,” |
| Alma 40:23 | I Mga Taga Corinto 15:20–23 | Kamatayan, Espirituwal na,” |
| Helaman 14:15–19 | PJS, I Mga Taga Corinto 15:40–42 | “Pagkabuhay na Mag-uli” |

**Pagbabayad-sala**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 2:6–8 | D at T 19:15–19 | I Ni Juan 1:7 |
| Alma 7:11–13 | D at T 45:3–5 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, |
| Alma 34:8–10 | Juan 3:16–17 | “Bayad-sala, Pagbabayad-sala” |

**Ang Ebanghelyo—Ang Daan**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 9:1–24 | Alma 11:40 | 3 Nephi 27 |
| 2 Nephi 31 | 3 Nephi 11:31–41 | Moroni 7:27–28 |

## Ang Daigdig ng mga Espiritu

Kahit na nadaig ni Cristo ang pisikal na kamatayan, kailangang mamatay pa rin ang lahat ng tao dahil ang kamatayan ay bahagi ng proseso kung saan malilipat tayo mula sa mortalidad tungo sa imortalidad. Pagkamatay natin mapupunta ang ating mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu. Hindi mababago ng kamatayan ang ating ugali o kung mabuti o masama ang ating mga hangarin. Ang mga taong piniling sundin ang Diyos sa buhay na ito ay mamumuhay nang maligaya, payapa, at malaya sa problema at alalahanin. Ang mga taong piniling sumuway sa buhay na ito at hindi nagsisi ay mamumuhay nang malungkot. Sa daigdig ng mga espiritu ay ipinangangaral ang ebanghelyo sa mga hindi sumunod sa ebanghelyo o hindi nagkaroon ng pagkakataong marinig ito habang nasa lupa. Doon tayo sa daigdig ng mga espiritu hanggang sa tayo ay mabuhay na mag-uli.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ipinangaral ang Ebanghelyo sa mga Patay**

| | | |
|---|---|---|
| D at T 138 | I Ni Pedro 3:19–20 | I Ni Pedro 4:6 |

**Kamatayan at ang Daigdig ng mga Espiritu**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 34:34 | Alma 40:11–14 | Eclesiastes 12:7 |

## Ang Pagkabuhay na Mag-uli, Paghuhukom, at Imortalidad

Kapag nagsamang muli ang ating katawan at espiritu sa pagkabuhay na mag-uli, dadalhin tayo sa harapan ng Diyos para hatulan. Maaalala natin ang lahat ng kabutihan at kasalanan natin. Kung nakapagsisi tayo, tatanggap tayo ng awa. Gagantimpalaan tayo ayon sa ating mga gawa at hangarin.

Sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli lahat ng tao ay magiging imortal—mabubuhay sila magpakailanman, mabuti man sila o masama. Ang kawalang-kamatayan ay handog sa lahat ng tao, mabuti man sila o masama. Gayunman, ang buhay na walang hanggan at kawalang-kamatayan ay magkaiba. Ang buhay na walang hanggan ay regalong bigay ng Diyos sa mga sumusunod lamang sa Kanyang ebanghelyo. Ito ang pinakamataas na kalagayan na maaari nating makamit. Dumarating ito sa mga napalaya sa kasalanan at paghihirap sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito ay kadakilaan, na ibig sabihin ay mamumuhay sa piling ng Diyos sa walang hanggan kasama ang mga pamilya. Ito ay pagkakilala sa Diyos at kay Jesucristo at pagkakaroon ng buhay na tulad ng sa kanila.

**Pagkabuhay na Mag-uli at *Reincarnation***

Maaaring isipin ng ilang tao na magkatulad ang pagkabuhay na mag-uli at ang konsepto ng *reincarnation*. Ang konsepto ng *reincarnation* ay ang pagsilang muli sa mundo sa ibang anyo. Ito ay maling doktrina. Ang doktrina ng pagkabuhay na mag-uli ay ang pagtanggap ng imortal na katawan na may laman at buto bilang walang hanggang gantimpala. Ito ang totoong doktrina. Tiyakin na nauunawaang mabuti ng mga tinuturuan mo ang doktrina ng pagkabuhay na mag-uli.

## Mga Kaharian ng Kaluwalhatian

Sa buhay natin sa lupa pumipili tayo sa pagitan ng mabuti o masama. Ginagantimpalaan tayo ng Diyos ayon sa ating mga gawa at naisin. Dahil ginagantimpalaan ng Diyos ang lahat ayon sa mga ginawa sa lupa, may iba't ibang kaharian ng kaluwalhatian na nakatakda sa atin matapos ang Paghuhukom. Ang mga nagsisi ng kanilang mga kasalanan at nakatanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo at tinupad ang kaugnay na mga tipan ay malilinis ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Makakatanggap sila ng kadakilaan sa pinakamataas na kaharian, na kilala rin bilang selestiyal na kaharian. Mamumuhay silang kasama ng Diyos, magiging tulad Niya, at tatanggap ng lubos na kagalakan. Mamumuhay silang kasama sa kawalang hanggan ang kanilang kapamilya na naging karapat-dapat. Sa mga banal na kasulatan inihahambing ang kahariang ito sa kaluwalhatian o liwanag ng araw.

Ang mga taong hindi tumanggap ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo pero namuhay nang marangal ay tatanggap ng lugar sa kahariang terestiyal. Ang kahariang ito ay inihahambing sa kaluwalhatian ng buwan.

Mga Tala

Ang mga nagpatuloy sa paggawa ng kasalanan at hindi nagsisi sa buhay na ito ay tatanggap ng kanilang gantimpala sa pinakamababang kaharian, na tinatawag na telestiyal na kaharian. Ang kaharian na ito ay inihahambing sa kaluwalhatian ng mga bituin.

## Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Pagkabuhay na Mag-uli at Panunumbalik**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 9:14–15 | Jacob 6:8–9 | Alma 42:13–15, 22–23 |

**Paghuhukom**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 28:23 | Alma 5:15–21 | D at T 132:12; 137:9 |
| Mosias 3:23–25 | Alma 12:12–14 | Juan 5:22 |


**Mga Kaharian ng Kaluwalhatian**

| | | |
|---|---|---|
| 3 Nephi 28:10 | D at T 76 | Mateo 5:48 |
| D at T 76: Pambungad | D at T 137 | I Mga Taga Corinto 15:41–42 |
| | | PJS, I Mga Taga Corinto 15:40 |

**Buhay na Walang Hanggan**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 31:17–21 | D at T 45:8 | Juan 3:16 |
| D at T 14:7 | D at T 93:19 | Juan 17:3 |
| D at T 29:43–44 | | |

## Plano ng Kaligtasan




Naging posible ang kaligtasan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

## Imbitasyon na Mabinyagan

Ang imbitasyon na mabinyagan at makumpirma ay dapat tiyak at maliwanag: "Susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa isang taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood ng Diyos? Magdaraos kami ng serbisyo ng binyag sa (petsa). Ihahanda mo ba ang sarili mo na mabinyagan sa petsang iyon?"

Mga Tala

# Mga Ideya para sa Pagtuturo

Ang bahaging ito ay may mga ideya na magagamit mo sa paghahanda at pagtuturo ng lesson na ito. Mapanalanging sundin ang Espiritu sa pagpapasiya kung paano gagamitin ang mga ideyang ito. Idagdag ang mga ideyang napili mo sa inyong lesson plan. Tandaan na mungkahi lang ang mga ideyang ito—hindi kailangang gawin—para tulungan kang matugunan ang pangangailangan ng iyong mga tinuturuan.

## Maikling Lesson Plan (3–5 minuto)

Itinuturo ng plano ng kaligtasan kung saan tayo nanggaling, bakit narito tayo sa lupa, at saan tayo pupunta matapos ang buhay na ito. Inilalarawan nito ang ating walang hanggang paglalakbay sa pamamagitan ng buhay bago pa ang buhay na ito, buhay sa lupa, kamatayan, pagkabuhay na mag-uli, at buhay natin sa kawalang-hanggan. Ipinapaliwanag din ng plano kung ano ang ginagawa ng Ama sa Langit para tulungan tayong magtagumpay sa paglalakbay upang makabalik tayo sa Kanyang piling at maging katulad Niya. Ang plano ay nakatuon sa misyon at Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa pagdaig sa mga epekto ng Pagkahulog at paggawang posible ng buhay na walang hanggan para sa atin. Iniimbitahan ka naming pag-isipang mabuti at ipagdasal ang tungkol sa mensaheng ito.

- Buhay Bago pa ang Buhay na Ito: Ang Layunin at Plano ng Diyos para sa Atin
- Ang Paglikha
- Karapatang Pumili at ang Pagkahulog nina Adan at Eva
- Ang Buhay Natin sa Lupa
- Ang Pagbabayad-sala
- Ang Daigdig ng mga Espiritu
- Ang Pagkabuhay na Mag-uli, Paghuhukom, at Imortalidad
- Mga Kaharian ng Kaluwalhatian

### Mga Pangakong Gagawin

- Magdarasal ka ba para malaman kung totoo ang itinuro namin?
- Pagsisisihan mo ba ang iyong mga kasalanan?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Susundan mo ba ang mga halimbawa ng Tagapagligtas at magpapabinyag sa (petsa)?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Katamtamang Haba na Lesson Plan (10–15 minuto)

Ang mensahe namin ay tumutulong sa atin na maunawaan ang layunin ng buhay at kung sino tayo. Nagbibigay ito sa atin ng pag-asa at tinutulungan tayong magkaroon ng kapayapaan, galak, at kaligayahan. Sinasabi nito sa atin kung saan tayo nanggaling, bakit tayo narito sa lupa, at saan tayo pupunta matapos ang buhay na ito. Ang Diyos ang ating

Mga Tala

Ama, at mahal Niya tayo. Tayo ay mga anak Niya. Bahagi tayo ng Kanyang pamilya, at nabuhay tayo sa piling Niya bago tayo isinilang sa mundong ito. Siya ay may plano ng kaligayahan kaya naging posible na makabalik tayo sa Kanyang piling matapos ang buhay na ito. Ang ating progreso ay nakasalalay sa paraan ng ating paggamit ng karapatang pumili, o kakayahang pumili, na ibinigay ng Diyos. Bilang bahagi ng planong iyan, ginawang posible ng Pagkahulog ni Adan na isilang tayo sa mundo, magkaroon ng pisikal na katawan, karanasan, at sariling pamilya. Pero ang Pagkahulog din ang naging sanhi ng pisikal na kamatayan, o paghiwalay ng espiritu sa katawan, at espirituwal na kamatayan, o pagkawalay sa Diyos.

Si Jesucristo ang sentro sa plano ng Diyos. Nadaig ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo ang mga epekto ng pisikal at espirituwal na kamatayan. Tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli at mabubuhay magpakailanman na may pisikal na katawang malaya sa sakit at karamdaman. Ginawa ring posible ni Cristo na madaig ang espirituwal na kamatayan. Kapag ipinamuhay natin ang Kanyang ebanghelyo buong habag Niyang patatawarin ang ating mga kasalanan. Pagagalingin Niya tayo at papalitan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay na ito ang dusa at kahihiyan.

Bilang bahagi ng maawaing plano ng Diyos, daranasin nating lahat ang pisikal na kamatayan. Mahihiwalay ang ating espiritu sa ating katawan at pansamantalang lalagi sa daigdig ng mga espiritu. Pagkatapos ay mabubuhay tayong muli na may imortal na katawan, ang walang hanggang pagsasama ng ating katawan at espiritu.. Hahatulan tayo batay sa ating mga gawa at naisin. Ang mga sumunod sa ebanghelyo ay tatanggap ng pinakadakilang handog ng ating Ama, ang kaloob na buhay na walang hanggan sa Kanyang piling.

Ang ating Ama sa Langit ay muling nagpadama ng Kanyang pagmamahal sa Kanyang mga anak para ihayag ang Kanyang plano ng kaligayahan. Nalalaman natin ang tungkol sa napakagandang planong ito sa Aklat ni Mormon, na mababasa, mapag-iisipang mabuti, at maipagdarasal mo. Iniimbita ka naming magsimba at sumambang kasama namin.

### Mga Pangakong Gagawin

- Magdarasal ka ba para malaman kung totoo ang itinuro namin?
- Pagsisisihan mo ba ang iyong mga kasalanan?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Susundan mo ba ang halimbawa ng Tagapagligtas at magpapabinyag sa (petsa)?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

### Buong Lesson Plan (30–45 minuto)

- Buhay Bago ang Buhay sa Lupa: Layunin at Plano ng Diyos para sa Atin
  - Ang Diyos ang ating Ama sa Langit, at tayo ay Kanyang mga anak (tingnan sa Ang Mga Gawa 17:16–34; Sa Mga Hebreo 12:9).

Mga Tala

- – Ang Diyos ay may plano para sa ating kaligayahan. Si Jesucristo ang sentro sa planong iyon.
- – Ginawang posible ng plano ng kaligayahan ng Diyos na makabalik tayo sa Kanyang piling (tingnan sa Moises 1:39).
- – Ang ating walang hanggang pag-unlad ay nakasalalay sa paraan ng paggamit natin ng ating karapatang pumili (tingnan sa 2 Nephi 2:27–29).

- Ang Paglikha
  - Sa ilalim ng pamamahala ng Ama, nilikha ni Jesucristo ang mundo (tingnan sa Mga Hebreo 1:1–3).
- Karapatang Pumili at ang Pagkahulog nina Adan at Eva
  - Sina Adan at Eva ay nilikha sa larawan ng Diyos (tingnan sa Genesis 1:26–27).
  - Sa Halamanan ng Eden sila ay inosente at namuhay na kasama ang Diyos.
  - Dahil kinain nila ang ipinagbabawal na bunga, pinalayas sila sa halamanan (tingnan sa Moises 4:19–31). Ang tawag dito ay Pagkahulog.
  - Sila ay naging mortal, nagkaanak, at naranasan ding magkasala at mamatay (tingnan sa 2 Nephi 2:22–25; Moises 5:11).
- Ang Ating Buhay sa Lupa
  - Ang ating layunin sa buhay ay magkaroon ng walang hanggang kapayapaan, galak, at kaligayahan bilang mga pamilya at maghandang bumalik para mamuhay na kasama ang Diyos.
  - Naparito tayo sa lupa para subukin (tingnan sa Abraham 3:24–25).
  - Nagkaroon tayo ng katawang may laman at buto, pero daranas tayo ng pisikal na kamatayan.
  - Nagbibigay ang Diyos ng mga kautusan. Kung susunod tayo, pagpapalain tayo. Kung susuway tayo, nagkakasala tayo at tatanggapin ang mga bunga nito.
  - Lahat ng kasalanan ay kailangang pagbayaran, ng ating sarili mismo o sa pamamagitan ni Cristo (tingnan sa D at T 19:15–20).
  - Gumagawa tayo ng mga pagpili, at lahat tayo ay nagkakasala (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23).
  - May mga karanasan tayo na nagbibigay sa atin ng kaligayahan at gayundin ng kalungkutan.
  - Hindi natin madadaig ang pisikal o espirituwal na kamatayan kung wala si Cristo.
- Ang Pagbabayad-sala
  - Dahil nadaig ni Jesucristo ang pisikal na kamatayan, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa Alma 11:41–43).
  - Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo malilinis tayo mula sa kasalanan kung kaya makakabalik tayong muli sa piling ng Diyos (tingnan sa 2 Nephi 9:8–9).

Mga Tala

- Patatawarin ni Cristo ang ating mga kasalanan kung mananampalataya tayo sa Kanya, magsisisi, magpapabinyag at tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at magtitiis hanggang wakas.

- Ang Daigdig ng mga Espiritu
  - Lahat ng tao ay kailangang mamatay.
  - Sa oras ng kamatayan ang ating espiritu ay mapupunta sa daigdig ng mga espiritu.
  - Nabubuhay tayo sa malungkot na kalagayan o mapayapa at panatag na kalagayan, depende sa paraan ng pamumuhay natin dito.
- Ang Pagkabuhay na Mag-uli, Paghuhukom, at Imortalidad
  - Ang ating mga espiritu at katawan ay magsasamang muli sa pagkabuhay na mag-uli (tingnan sa Alma 11:42–45; 40:23).
  - Makakabalik tayo sa piling ng Diyos para hatulan ayon sa ating mga gawa at naisin.
  - Kung nagsisi tayo, tayo ay tatanggap ng awa.
  - Ang buhay na walang hanggan ay kaloob ng Diyos sa mga lubusang sumusunod sa ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa D at T 14:7).
- Mga Kaharian ng Kaluwalhatian (tingnan sa D at T 76; 137; 1 Mga Taga Corinto 15:40–42).
  - Nakakatanggap tayo ng mga gantimpala batay sa ating mga gawa at naisin (tingnan sa D at T 137:9).
  - Ang mga tumanggap sa ebanghelyo at ipinamumuhay itong mabuti sa buong buhay nila ay tatanggap ng kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 76:50–70).
  - Ang mararangal na tao "na nabulag ng panlilinlang ng mga tao" at hindi "matatag sa pagpapatotoo kay Jesus [Cristo]" ay tatanggap ng kahariang terestriyal (tingnan sa D at T 76:75, 79).
  - Ang mga nagkasala at hindi nagsisi ay tatanggap ng kaluwalhatiang telestiyal matapos nilang pagdusahan at pagbayaran ang kanilang mga kasalanan.

### Mga Pangakong Gagawin

- Magdarasal ka ba para malaman kung totoo ang itinuro namin?
- Pagsisisihan mo ba ang iyong mga kasalanan?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Susundan mo ba ang halimbawa ng Tagapagligtas at magpapabinyag sa (petsa)?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

Mga Tala

## Mga Itatanong Matapos Magturo

- May mga tanong ka ba tungkol sa itinuro namin?
- Ano ang pagkaunawa mo tungkol sa plano ng Diyos sa iyo at sa pamilya mo?
- Sa itinuro namin sa iyo, ano ang pagkaunawa mo tungkol sa papel ni Jesucristo? Ano ang ibig sabihin nito sa iyo?

## Mahahalagang Depinisyon

Ang sumusunod ay mga salitang madalas na hindi naiintindihan. Tiyakin na ipaliliwanag mong mabuti ang mga ito at alamin kung naiintindihan ito ng mga tinuturuan mo.

- **Buhay bago pa ang buhay na ito (premortal na buhay):** Bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit, nabuhay tayo sa Kanyang piling bago tayo isilang sa mundong ito. Sa premortal na buhay wala tayong pisikal na katawan.
- **Espirituwal na kamatayan:** Ang pagkawalay sa Diyos at Kanyang mga impluwensiya; kamatayan ukol sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan. Ang espirituwal na kamatayan ay nagsimula sa daigdig dahil sa pagkahulog ni Adan (tingnan sa Alma 42:6–7). Ang mga tao na may masasamang iniisip, sinasabi, at ginagawa ay espirituwal na patay kahit buhay pa sa mundo (tingnan sa 2 Nephi 9:39). Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, ang kalalakihan at kababaihan ay malilinis mula sa kasalanan at madaraig ang espirituwal na kamatayan.
- **Imortalidad:** Ang mabuhay nang habampanahon sa nabuhay na mag-uling kalagayan, nang hindi na daranas ng pisikal na kamatayan.
- **Kadakilaan:** Buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos; maging katulad ng ating Ama sa Langit at mamuhay sa piling Niya. Ang pinakadakila sa lahat ng mga kaloob ng Diyos. Ang kadakilaan ay dumarating sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo at pagsunod sa lahat ng batas at ordenansa ng ebanghelyo.
- **Kaligtasan:** Ang maligtas mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan. Lahat ng tao ay maliligtas sa pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Bawat tao ay maliligtas rin mula sa espirituwal na kamatayan dahil sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalatayang ito ay makikita sa habambuhay na pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo at paglilingkod kay Cristo.
- **Mortalidad:** Ang panahon mula pagsilang hanggang kamatayan.
- **Pagbabayad-sala:** Ayon sa paggamit sa mga banal na kasulatan, ang magbayad-sala ay pagdusahan ang nagawang kasalanan, at sa gayon ay naaalis ang mga epekto ng kasalanan sa mga taong nagsisi at ito ang paraan ng pakikipagkasundo nilang muli sa Diyos. Nagdusa si Jesus sa Getsemani at sa krus. Siya lang ang tanging makakagawa ng perpektong Pagbabayad-sala para sa lahat ng tao. Pinagdusahan Niya ang kaparusahan ng ating mga kasalanan sa Getsemani at namatay sa krus. Inako Niya ang dusa, sakit, tukso, paghihirap, at karamdaman nating lahat (tingnan sa Alma 7:11–12).
- **Paghuhukom:** Ang Diyos, sa pamamagitan ni Jesucristo, ay hahatulan tayo nang isa-isa para matukoy ang kaluwalhatiang tatanggapin natin. Ang paghatol na ito ay batay sa ating pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, kasama na ang pagtanggap natin sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Matatanggap natin ang ating walang hanggang gantimpala batay sa ating mga gawa at naisin, kung ito ay mabuti o masama.

Mga Tala

- **Pagkabuhay na Mag-uli:** Ang muling pagsasama ng espiritung katawan at pisikal na katawang may laman at buto matapos ang kamatayan. Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, ang espiritu at katawan ay hindi na muling maghihiwalay, at ang tao ay isa nang imortal. Bawat tao sa mundo ay mabubuhay na mag-uli dahil nadaig ni Jesus ang kamatayan.
- **Pagkahulog (nina Adan at Eva):** Nang kinain nina Adan at Eva ang ipinagbabawal na bunga, sila ay naging mortal—ibig sabihin, mararanasan nilang magkasala at mamatay. Si Adan ang naging "unang laman" sa lupa (Moises 3:7). Nilinaw ng paghahayag sa mga huling araw na ang Pagkahulog ay isang biyaya at sina Adan at Eva ay dapat igalang bilang unang mga magulang ng buong sangkatauhan.
- **Pagtubos:** Iligtas, bilhin, o tubusin, tulad ng pagpapalaya sa isang tao kapalit ng bayad. Ang Pagtubos ay tumutukoy sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagpapalaya mula sa kasalanan. Tinubos ng Pagbabayad-sala ni Jesus ang lahat ng tao mula sa pisikal na kamatayan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ang mga sumasampalataya sa Kanya at nagsisisi ay matutubos din mula sa espirituwal na kamatayan.
- **Pisikal na kamatayan:** Paghiwalay ng ating espiritu, na habampanahong mabubuhay at hindi mamamatay, mula sa ating katawan.

### Iba Pang mga Salita na Maaaring Kailangang Ipaliwanag pa nang mas Mabuti sa mga Tinuturuan Mo

- Buhay na walang hanggan
- Daigdig ng mga espiritu
- Halamanan ng Eden
- Ipinagbabawal na bunga
- Kasalanan
- Magsisi
- Mga kaharian ng kaluwalhatian
- Nalinis [mula sa kasalanan]
- Napatawad [ang kasalanan]
- Oposisyon o Pagsalungat
- Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog
- Paglikha
- Pagsubok
- Pananampalataya
- Pisikal na kamatayan
- Plano ng kaligtasan
- Puno ng kaalaman ng masama at mabuti
- Selestiyal
- Telestiyal
- Terestriyal
- Walang hanggang pag-unlad

Mga Tala

# Ang Ebanghelyo ni Jesucristo



## Ang Iyong Layunin

Habang ikaw ay nagtuturo, ihanda ang iyong mga investigator na maging kwalipikado para sa binyag gaya ng itinuro sa Doktrina at mga Tipan 20:37 at sa mga tanong para sa interbyu sa binyag. Ang pinakamainam na paraan para magawa ito ay sa pamamagitan ng pag-imbita sa mga investigator mo na gawin at tuparin ang mga nakalista sa ibaba.

**Mga Tanong para sa Interbyu sa Binyag**

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan?
- Naniniwala ka ba na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig?
- Naniniwala ka ba na ang Simbahan at ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith?

**Mga Pangakong Gagawin**

- Patuloy ka bang mananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang ebanghelyo?
- Magsisisi ka ba at hihingi ng kapatawaran ng mga kasalanan?
- Magpapabinyag ka ba para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa (petsa)? Magpapakumpirma at tatanggapin mo ba ang kaloob na Espiritu Santo?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Sa Pamamagitan ni Cristo Malilinis Tayo mula sa Kasalanan

Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Minamahal na Anak, si Jesucristo, sa daigdig para lahat ng anak ng Diyos ay makabalik sa Kanyang piling kapag sila ay namatay. Tanging sa pamamagitan ng biyaya at awa ng Tagapagligtas tayo malilinis mula sa kasalanan upang makapiling natin ang Ama sa Langit. Ang pagkalinis mula sa kasalanan ay paggaling sa espirituwal (tingnan sa 3 Nephi 9:13; 18:32).

Mga Tala

Dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, ang lahat ng tao ay ihaharap sa Panginoon para hatulan ayon sa kanilang mga gawa at hangarin (tingnan sa 2 Nephi 9:10–16; Helaman 14:15–18; 3 Nephi 27:14–22; D at T 137:9). Tayo ay hahatulan ayon sa mga batas ng katarungan at awa.

Ang katarungan ay ang di-nagbabagong batas na naghahatid ng bunga sa ating mga ginawa—biyaya kapag sumunod sa mga kautusan ng Diyos at parusa sa di-pagsunod. Lahat tayo ay nagkakasala. Narurumihan tayo ng kasalanan, at walang maruming bagay na makapananahan sa piling ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 10:21; 3 Nephi 27:19; Moises 6:57).

Binayaran ng Tagapagligtas ang mga hinihingi ng katarungan para doon sa mga taong nagsisi ng kanilang mga kasalanan at nagsisikap na sundin ang lahat ng Kanyang kautusan noong Siya ang tumayo sa ating lugar at dumanas ng kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Ang gawaing ito ay tinawag na Pagbabayad-sala. Dahil sa di-makasariling hakbang na ito, maaaring makiusap si Cristo sa Ama para sa ating kapakanan. Maaawa ang Ama sa Langit, hindi na tayo parurusahan pa, at tatanggapin tayo sa Kanyang piling. Nagpapakita ng awa ang ating Ama sa Langit kapag pinapatawad Niya ang ating mga kasalanan at tinutulungan tayong makabalik upang mamuhay sa Kanyang piling.

Gayon pa man, hindi inaalis ni Jesus ang ating responsibilidad. Pinatatawad Niya tayo sa ating mga kasalanan kapag tinatanggap natin Siya, nagsisisi, at sinusunod ang Kanyang mga kautusan. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala at pamumuhay ng ebanghelyo, tayo ay nagiging karapat-dapat na pumasok nang pirmihan sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. Kailangan nating ipakita na tinanggap natin si Cristo at nananampalataya tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pagsunod sa mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo.

### Kasalanan

Ang konsepto ng "kasalanan" ay magkakaiba sa iba't ibang kultura. Sa ilang kultura ito'y iniuugnay sa konsepto ng paggawa ng krimen. Sa iba naman ang isang bagay ay kasalanan kung nahuli ang tao na gumagawa nang mali at dahil dito'y naghahatid ng kahihiyan sa pamilya o komunidad. Linawin na ang kasalanan ay di-pagsunod sa mga kautusan ng Diyos at ang bunga nito ay pagkawalay sa Diyos. Alam ng Diyos ang lahat ng ginagawa at iniisip natin, at hindi Siya natutuwa kapag tayo'y nagkakasala. Huwag talakayin ang mga kasalanang nagawa mo noon. Huwag hikayatin o sabihan ang iyong investigator na huwag talakayin ang kanilang mga kasalanan.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak**

Alma 11:40 | Juan 3:16–17

**Kaligtasan sa Pamamagitan ni Cristo**

2 Nephi 2:6–8 | Alma 34:8–9, 14–16
2 Nephi 9:21–24

**Si Cristo ang Ating Tagapamagitan**


D at T 45:3–5

**Awa at Katarungan**

Mosias 15:9 | Alma 42:22–25

Mga Tala

## Pananampalataya kay Jesucristo



Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Kasama sa pagkakaroon ng pananampalataya kay Cristo ang matibay na paniniwala na Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig. Alam natin na makababalik lamang tayo sa piling ng ating Ama sa Langit kapag umaasa tayo sa biyaya at awa ng Kanyang Anak. Kapag nananampalataya tayo kay Cristo, tanggap natin at ipinamumuhay natin ang Kanyang pagbabayad-sala at Kanyang mga turo. Nagtitiwala tayo sa Kanya at sa sinasabi Niya. Alam natin na kaya Niyang tuparin ang Kanyang mga pangako. Pinagpapala ng Ama sa Langit ang mga taong may pananampalatayang sundin ang Kanyang Anak.

Ang pananampalataya kay Cristo ay nagbubunga ng paggawa. Ito'y nagbubunga ng tapat at taos na pagsisisi. Dahil sa pananampalataya ay sinisikap nating mabuti na matutuhan ang lahat ng tungkol sa ating Tagapagligtas at maging higit na katulad Niya. Gusto nating malaman kung ano ang mga kautusan Niya at sundin ang mga ito. Kahit nakagagawa pa rin tayo ng mga pagkakamali, ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisikap na sundin ang Kanyang mga utos at iwasan ang kasalanan.

Naniniwala tayo kay Cristo, at naniniwala tayo na gusto Niyang sundin natin ang lahat ng Kanyang kautusan. Nais nating ipakita ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Nananalangin tayo nang may pananampalataya na mapaglabanan ang tukso. Maaari din tayong magkaroon ng pananampalataya sa isang partikular na alituntunin, gaya ng Word of Wisdom o ikapu (tithing), una sa pamamagitan ng sapat na paniniwala kay Jesucristo upang sundin ang Kanyang mga kautusan. Habang ipinamumuhay natin ang isang partikular na kautusan, nalalaman natin ang katotohanan nito sa paggawa nito (tingnan sa Juan 7:17). Lumalakas din ang ating pananampalataya sa pakikinig sa salita ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 10:17) at sa pagbabasa ng salita ng Diyos (tingnan sa Helaman 15:7–8).

Habang sinusunod natin ang Diyos, pinagpapala Niya tayo. Binibigyan Niya tayo ng lakas upang magtagumpay sa mga hamon ng buhay. Tinutulungan Niya tayong baguhin ang hangarin ng ating puso. Sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesucristo, mapagagaling Niya tayo, kapwa sa pisikal at espirituwal.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Pananampalataya, Lakas, at Kaligtasan**

1 Nephi 7:12
2 Nephi 9:23
2 Nephi 25:23
Moroni 7:33–34
Moroni 10:7

**Ang Doktrina ng Pananampalataya**

Alma 32
Mga Taga Efeso 2:8
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pananampalataya"

**Mga Halimbawa ng Pananampalataya**

Eter 12
Sa Mga Hebreo 11

**Mga Paggawa at Pagsunod**

1 Nephi 3:7
D at T 130:20–21
Santiago 2:17–26

**Pananampalataya Tungo sa Pagsisisi**

Alma 34

## Pagsisisi

Ang pangalawang alituntunin ng ebanghelyo ay pagsisisi. Ang ating pananampalataya kay Cristo at ang ating pagmamahal sa Kanya ang umaakay sa atin na magsisi, o baguhin ang ating mga kaisipan, paniniwala, at pag-uugali na hindi tugma sa Kanyang kalooban. Kasama sa pagsisisi ang pagkakaroon ng bagong pagkaunawa tungkol sa Diyos, sa ating sarili, at sa daigdig. Kapag nagsisisi tayo, nakadarama tayo ng kalungkutang mula sa Diyos, at pagkatapos ay itinitigil natin ang paggawa ng mali at patuloy sa paggawa ng tama. Ang pag-aayon ng ating buhay sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisisi ang pinakasentrong layunin ng ating buhay. Tanging sa pamamagitan ng awa ni Cristo tayo makababalik sa piling ng Diyos Ama at matatanggap lamang natin ang awa ni Cristo kung tayo ay magsisisi.

Sa pagsisisi, inaamin natin ang ating mga pagkakasala at nakadarama ng kalungkutan, o kalumbayang mula sa Diyos. Ipinagtatapat natin ang ating mga kasalanan sa Diyos. Ipinagtatapat din natin ang mabibigat nating kasalanan sa mga awtorisadong pinuno ng Simbahan ng Diyos, na makatutulong sa ating magsisi. Hinihiling natin sa Diyos sa panalangin na tayo'y patawarin. Ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin para maitama ang mga problemang dulot ng ating ginawa; ang tawag dito ay pagsasauli. Sa ating pagsisisi, ang pananaw natin sa ating sarili at sa daigdig ay nagbabago. Sa ating pagbabago, nalalaman natin na tayo ay mga anak ng Diyos at hindi natin dapat patuloy na ulit-ulitin ang mga pagkakamaling iyon. Kung tunay tayong nagsisisi, tatalikuran natin ang ating mga kasalanan at di na uulitin pa ang mga ito. Pinaglalabanan natin ang hangaring magkasala. Ang ating hangaring sundin ang Diyos ay lumalakas at tumitibay.

Ang tunay na pagsisisi ay may dalang mga resulta. Nadarama natin ang pagpapatawad ng Diyos at ang Kanyang kapayapaan sa ating buhay. Ang ating kasalanan at kalungkutan ay naaalis. Mas nadarama natin ang impluwensiya ng Espiritu. At kapag tayo'y namatay, tayo'y mas magiging handang manirahan kasama ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak.

Kahit na tinanggap na natin si Cristo at nagsisi sa ating mga kasalanan, maaari tayong magkamali at magkasalang muli. Dapat patuloy nating sikaping itama ang ating mga pagkakamaling ito. Dagdag pa rito, dapat patuloy tayong bumuti—taglayin ang mga katangiang tulad ng kay Cristo, umunlad sa kaalaman, at maglingkod nang mas epektibo. Habang marami tayong natututuhan tungkol sa mga bagay na inaasahan sa atin ng Tagapagligtas, nanaisin nating ipakita ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Samakatuwid, habang araw-araw tayong nagsisisi, makikita nating nagbabago at bumubuti ang ating buhay. Ang ating puso at ating ugali ay magiging higit na katulad ng kay Cristo. Madarama natin ang malaking kagalakan sa araw-araw na pagsisisi.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Lahat Tayo ay Nagkakasala**

Mga Taga Roma 3:23 I Ni Juan 1:7–8

**Pagsisisi**

Alma 34:8–17
D at T 58:42–43
D at T 61:2
II Mga Taga Corinto 7:9–10
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagsisisi"

**Pagtubos at Pagpapatawad**

Helaman 5:10–11


**Inaangkin ng Awa ang Nagsisisi**

Alma 12:32–35
Alma 42:13, 21–24
D at T 18:10–13

Mga Tala

Mga Tala

## Binyag, ang Ating Unang Tipan



Ang pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi ang naghahanda sa atin sa mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon. Ang ordenansa ay sagradong seremonya na nagpapakita na nakikipagtipan tayo sa Diyos.

Palaging hinihingi ng Diyos sa Kanyang mga anak na makipagtipan. Ang tipan ay isang kasunduang nagbibigkis at sagrado sa pagitan ng Diyos at tao. Ipinapangako ng Diyos na pagpapalain tayo, at nangangako tayo na susundin Siya. Ang Diyos ang nagtatakda ng mga kondisyon ng mga tipan ng ebanghelyo, na maaari nating tanggapin o tanggihan. Ang pagtupad sa mga tipan ay naghahatid ng biyaya sa buhay na ito at kadakilaan sa buhay na darating.

Ipinasailalim tayo ng mga tipan sa matinding obligasyon na tuparin ang mga ipinangako natin sa Diyos. Para matupad ang ating mga tipan, kailangan nating talikuran ang mga aktibiti o kinahihiligan na humahadlang sa atin sa pagtupad sa mga tipang iyon. Halimbawa, hindi tayo mamimili at maglilibang tuwing Linggo para mapanatili nating banal ang araw ng Sabbath. Dapat nating hangarin na maging karapat-dapat sa pagtanggap ng mga tipan na iniaalok sa atin ng Diyos at sikaping tuparin ang mga iyon. Ipinapaalala sa atin ng ating mga tipan na magsisi araw-araw. Sa pagsunod sa mga kautusan at paglilingkod sa iba, matatanggap at mapananatili natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Ang mga tipan ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa, gaya ng binyag. Ang mga ordenansang ito ay isinasagawa ng awtoridad ng priesthood. Sa ordenansa ng binyag, halimbawa, nakikipagtipan tayo na tataglayin natin ang pangalan ni Jesucristo, lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan. Kapag tinutupad natin ang ating bahagi sa tipan, ipinapangako ng Diyos ang palagiang pagsama ng Espiritu Santo, kapatawaran ng ating mga kasalanan, at pagkapanganak na muli.

Sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa, gaya ng binyag at kumpirmasyon, natututuhan at nadarama natin ang kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa D at T 84:20). Itinuro ni Jesus na dapat tayong mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Ang binyag ay mahalagang ordenansa ng kaligtasan. Walang taong makakapasok sa kaharian ng Diyos nang hindi nabibinyagan. Ipinakita sa atin ni Cristo ang halimbawa nang Siya'y binyagan.

Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ay simbolo ng kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas. Sa gayunding paraan, ito'y sagisag ng katapusan ng dati nating buhay ng kasalanan at pangangako na mamuhay nang panibago bilang disipulo ni Cristo. Itinuro ng Tagapagligtas na ang binyag ay pagsilang na muli. Noong tayo'y binyagan, nagsimula tayo sa proseso ng muling pagsilang at naging espirituwal na mga anak ni Cristo (tingnan sa Mosias 5:7–8; Mga Taga Roma 8:14–17).

Kailangan tayong mabinyagan para maging mga miyembro sa ibinalik na Simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at sa huli ay makapasok sa kaharian ng langit. Ang ordenansang ito ay batas ng Diyos at dapat isagawa ng Kanyang awtoridad. Dapat bigyan ng pahintulot ng bishop o mission president ang maytaglay ng priesthood na magsagawa ng pagbibinyag o kumpirmasyon.

Mga Tala

Ang maliliit na bata ay di kailangang binyagan at tinubos sa pamamagitan ng awa ni Jesucristo (tingnan sa Moroni 8:4–24). Hindi sila bibinyagan hangga't hindi sila umaabot sa edad ng pananagutan, na walong taong gulang (tingnan sa D at T 68:27).

Bago ang binyag ipinapakita natin ang kahandaan na makipagtipan na susundin ang lahat ng kautusan habang tayo'y nabubuhay. Matapos ang binyag ipinakikita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tipan. Palagi rin nating sinasariwa ang mga tipang ginawa natin sa binyag sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakrament. Ang pagtanggap ng sakrament linggu-linggo ay isang kautusan. Nakakatulong ito sa atin na manatiling karapat-dapat para mapasaatin ang Espiritu tuwina. Ito'y lingguhang paalala sa ating tipan. Itinuro ni Jesucristo ang ordenansang ito sa Kanyang mga Apostol bago ang Kanyang Pagbabayad-sala. Ibinalik Niya ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Iniutos ng Tagapagligtas na dapat pangasiwaan ng mga maytaglay ng priesthood ang sakrament sa pag-alaala sa Kanyang katawan at Kanyang dugo, na ibinuhos para sa atin. Sa marapat na pagtanggap ng sakrament ipinapangako natin na palagi nating aalalahanin ang Kanyang sakripisyo, pinapanibago natin ang ating mga ipinangako, at tumatanggap tayo ng panibagong pangako na mapapasaatin ang Espiritu tuwina.

### Bago ang Binyag

"Tiyakin na napagtibay [ng mga investigator] ang kanilang pananampalataya kay Cristo, nakapagsisi ng mga kasalanan, at nakagawa ng sapat na pagbabago sa kanilang buhay upang maging karapat-dapat ayon sa utos sa Doktrina at mga Tipan 20:37. Dapat ipamuhay ng mga investigator ang mga alituntunin ng moral na pagkamarapat, ang Word of Wisdom, at matibay na mangakong magbabayad ng ikapu. Kung nadarama ng mga misyonero na kailangan ng karagdagang paghahanda, dapat nilang ipagpaliban ang pagbibinyag hanggang matugunan ng investigator ang pamantayan.

"Bago ang binyag bawat investigator ay dapat matanggap ang lahat ng talakayan ng misyonero, makipagkita sa bishop o branch president, at dumalo sa ilang sakrament miting" ("Pahayag Ukol sa Gawaing Misyonero," liham ng Unang Panguluhan, ika-11 ng Dis. 2002).

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Halimbawa ni Cristo**

2 Nephi 31:4–18 | Mateo 3:13–17

**Ang Tipan sa Binyag**

Mosias 5:8–10 | D at T 20:37
Mosias 18:8–10

**Mga Kwalipikasyon para sa Binyag**

2 Nephi 9:23 | Moroni 6:1–4
Mosias 18:8–10 | D at T 20:37
Alma 7:14–15 | Ang Mga Gawa 2:37–39
3 Nephi 11:23–27

**Itinatag ng Panginoon ang Sakrament**

3 Nephi 18:1–18 | Lucas 22:15–20

**Mga Pangakong Pagpapala ng Binyag**

Mosias 4:11–12, 26 | Juan 3:5
Moroni 8:25–26 | Mga Taga Roma 6:4

**Ang mga Panalangin sa Sakrament**

Moroni 4 at 5 | D at T 20:75–79

**Pagtanggap ng Sakrament**

D at T 27:2 | I Mga Taga Corinto 11:23–29

**Kailangan ang Awtoridad**

D at T 22 | Sa Mga Hebreo 5:4

Mga Tala

## Ang Kaloob na Espiritu Santo

Itinuro ni Jesus na dapat tayong binyagan sa tubig at sa pamamagitan din ng Espiritu. Ang binyag sa tubig ay dapat sundan ng pagbibinyag sa pamamagitan ng Espiritu dahil kung hindi ito ay hindi kumpleto. Sa pagpapabinyag at pagtanggap lamang natin ng kaloob na Espiritu Santo tayo makatatanggap ng kapatawaran ng ating mga kasalanan at lubos na maisisilang muli sa espirituwal. Pagkatapos magsisimula na tayo ng bagong espirituwal na buhay bilang mga disipulo ni Cristo.

Matapos binyagan ang tao sa tubig, isa o higit pang awtorisadong maytaglay ng priesthood ang magpapatong ng kanilang mga kamay sa ulo ng tao at ikukumpirma siyang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pagkatapos ay igagawad nila ang kaloob na Espiritu Santo.

Ang mga tumatanggap ng kaloob na Espiritu Santo at nananatiling karapat-dapat ay matatamasa ang Kanyang pagsama sa buong buhay nila. Ang Espiritu Santo ay nagpapabanal, nagpapalinis sa atin. Nagpapatotoo kay Cristo ang Espiritu Santo at tinutulungan tayo na makilala ang katotohanan. Nagbibigay Siya ng espirituwal na lakas at tinutulungan tayong gawin ang tama. Inaaliw Niya tayo sa oras ng pagsubok o kalungkutan. Binabalaan Niya tayo sa mga panganib na espirituwal o pisikal. Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng kapangyarihan upang tayo ay makapagturo at matuto. Ang kaloob na Espiritu Santo ay isa sa mga pinakamahalagang regalo ng ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nadarama natin ang pagmamahal at patnubay ng Diyos. Ang kaloob na ito ay maliit na halimbawa ng walang katapusang kagalakan at pangako ng buhay na walang hanggan.

Ang karapatan ng priesthood na kailangan sa pagsasagawa ng ordenansang ito, na inalis makalipas ang maraming daantaon dahil sa apostasiya, ay ibinalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Tanging sa pamamagitan ng pagiging miyembro ng Simbahan matatanggap ng tao ang kaloob na Espiritu Santo. Ang karapatang ito ang dahilan kung bakit kaiba ang Simbahan kumpara sa alinmang relihiyon sa daigdig. Sa sariling pahayag ng Panginoon, ito "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30).

### Patnubay mula sa Espiritu Santo

Ipaliwanag sa mga tinuturuan mo na kinakalaban ni Satanas ang Diyos at tinutukso ang mga tao na magkasala. Upang manatili ang magandang pakiramdam nila habang nakikipag-usap sa mga misyonero, dapat nilang basahin ang Aklat ni Mormon, manalangin, magsimba, at sundin ang mga kautusan. Ipaliwanag na ang patuloy na paggabay ng Espiritu Santo ay isa sa mga benipisyo ng pagpapabinyag at pagpapakumpirma.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Katangian ng Espiritu Santo**

D at T 130:22–23
Juan 3:1–8
Mga Taga Galacia 5:22–23
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo"

**Mga Pagpapala at Impluwensiya mula sa Espiritu Santo**

2 Nephi 32:1–5
2 Nephi 33:1–2
Moises 6:61
Juan 14:26
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo"

**Kahalagahan ng Kaloob na Espiritu Santo**

2 Nephi 31:11–12, 18, 21
3 Nephi 18:36–37
3 Nephi 19:13
3 Nephi 27:19–20
D at T 19:31
D at T 33:15
Ang Mga Gawa 19:1–6

Mga Tala

## Magtiis Hanggang Wakas

Kapag nakapasok na tayo sa makipot at makitid na daan sa pamamagitan ng pananampalataya natin kay Jesucristo, pagsisisi, at mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon, dapat tayong magsikap na manatili sa landas. Magagawa natin ito sa patuloy na pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagtupad sa mga pangako, at pagsunod sa Espiritu.

Kapag napatawad na tayo sa ating mga kasalanan, dapat nating sikapin araw-araw na manatiling malaya sa kasalanan upang mapasaatin palagi ang Espiritu Santo. Sa tipan ng binyag, nangangako tayo sa ating Ama sa Langit na susundin natin ang Kanyang mga kautusan habambuhay. Kung mabigo tayo, dapat tayong magsisi para manatili ang mga biyaya ng tipan. Nangangako tayong gagawa ng mabuti, maglilingkod sa iba, at susundin ang halimbawa ng Tagapagligtas. Sa mga banal na kasulatan ang habambuhay na pangakong ito ay kadalasang tinatawag na "pagtitiis hanggang wakas."

Sa pagsunod sa landas ng ebanghelyo, mas mapapalapit tayo sa Diyos, matatalo ang tukso at kasalanan, at matatamasa ang kaloob na Espiritu Santo nang sagana. Habang matiisin, matapat, at palagian nating tinatahak ang landas na ito habambuhay, magiging karapat-dapat tayo sa buhay na walang hanggan.

Pananampalataya kay Cristo; pagsisisi; paggawa, pagpapanibago, at pagtupad sa mga tipan; at pagiging malinis sa pamamagitan ng Espiritu ang naging landas ng pamumuhay. Ang mga kilos natin sa araw-araw ay hinuhubog at pinamamahalaan ng mga alituntuning ito. Kapayapaan at kagalakan ang dumarating sa pagsunod sa landas na ito, at unti-unti tayong bumubuti tungo sa mga katangiang gaya ng kay Cristo. Sa huli, sa pagsunod natin sa landas na ito at "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo . . . at magtiis hanggang wakas," pinangakuan tayo, "Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20).

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Magtiis Hanggang Wakas**

2 Nephi 9:24
2 Nephi 31:14–20
3 Nephi 27:16–17
Mateo 10:22

**Mga Biyaya para sa mga Nagtitiis**

1 Nephi 13:37
3 Nephi 15:9
D at T 14:7

### Imbitasyon na Mabinyagan

Ang imbitasyon na mabinyagan at makumpirma ay dapat tiyak at maliwanag: "Susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa isang taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood ng Diyos? Magdaraos kami ng serbisyo ng binyag sa (petsa). Ihahanda mo ba ang sarili mo na mabinyagan sa petsang iyon?"

Mga Tala

# Mga Ideya para sa Pagtuturo

Ang bahaging ito ay may mga ideya na magagamit mo sa paghahanda at pagtuturo ng lesson na ito. Mapanalanging sundin ang Espiritu sa pagpapasiya kung paano gagamitin ang mga ideyang ito. Idagdag ang mga ideyang napili mo sa inyong lesson plan. Tandaan na mungkahi lang ang mga ideyang ito—hindi kailangang gawin—para tulungan kang matugunan ang pangangailangan ng iyong mga tinuturuan.

### Maikling Lesson Plan (3–5 minuto)

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang tanging daan sa buhay na walang hanggan. Ang mga unang alituntunin at ordenansa ng Kanyang ebanghelyo ay pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at ang kaloob na Espiritu Santo. Pagkatapos ay kailangan tayong magtiis hanggang wakas. Sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga alintuntuning ito sa buong buhay natin, sinusunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas, natututuhan nating ipamuhay ang Kanyang mga kautusan, at nagkakaroon ng mga katangiang tulad ng kay Cristo. Mapapatawad tayo sa ating mga kasalanan, at makababalik tayo upang mabuhay sa piling ng ating Ama sa Langit.

- Sa Pamamagitan ni Cristo Malilinis Tayo mula sa Kasalanan
- Pananampalataya kay Jesucristo
- Pagsisisi
- Binyag, ang Ating Unang Tipan
- Ang Kaloob na Espiritu Santo
- Magtiis Hanggang Wakas

#### Mga Pangakong Gagawin

- Patuloy ka bang mananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang ebanghelyo?
- Magsisisi ka ba at hihingi ng kapatawaran ng mga kasalanan?
- Magpapabinyag ka ba para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa (petsa)? Magpapakumpirma at tatanggapin mo ba ang kaloob na Espiritu Santo?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

### Katamtamang Haba na Lesson Plan (10–15 minuto)

Ang mensahe namin ay tungkol sa pananampalataya at pag-asa. Mahal at sinasamba namin si Jesucristo. Siya ang sentro sa plano ng Diyos para sa ating kaligayahan. Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo naging posible na magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos. Habang ipinamumuhay natin ang Kanyang ebanghelyo, buong habag Niya tayong patatawarin sa ating mga kasalanan. Pagagalingin Niya tayo at papalitan ang kasalanan at kahihiyan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay na ito.

Simple ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ito'y nagsisimula sa pananampalataya kay Cristo. Naniniwala tayo sa Kanya, nagtitiwala sa Kanya, at umaasa sa Kanya. Ang gayong pananampalataya ang umaakay sa atin na magsisi—upang itigil ang paggawa ng mali at patuloy na gawin ang mga bagay na tama. Ang ating pananampalataya sa Kanya ang dahilan din kung bakit hangad nating ipakita ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan, kasama na ang binyag. Matapos ang binyag, ipinangako Niya na ibibigay Niya sa atin ang kaloob na Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang gagabay sa atin, aaliw sa atin at tutulong sa atin na malaman ang katotohanan. Malalaman natin sa ating puso at isipan kapag nasa atin ang Espiritu Santo. Makadarama tayo ng kapayapaan, pagmamahal, at kagalakan. Nanaisin nating maglingkod sa iba. Habang buhay nating sisikapin na masiyahan ang Panginoon.

Ibinalik ni Jesucristo ang Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng isang propeta sa mga huling araw. Natututuhan natin ang tungkol sa ebanghelyo sa Aklat ni Mormon, na maaari mong basahin, pag-isipang mabuti, at ipagdasal. Sasabihin sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ito ay totoo. Kapag nalaman mong ito ay totoo, nanaisin mong magsisi at magpabinyag upang matanggap mo ang kapatawaran ng iyong mga kasalanan at ang kaloob na Espiritu Santo.

### Mga Pangakong Gagawin

- Patuloy ka bang mananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang ebanghelyo?
- Magsisisi ka ba at hihingi ng kapatawaran ng mga kasalanan?
- Magpapabinyag ka ba para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa (petsa)? Magpapakumpirma at tatanggapin mo ba ang kaloob na Espiritu Santo?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

### Buong Lesson Plan (30–45 minuto)

- Sa Pamamagitan ni Cristo Malilinis Tayo mula sa Kasalanan
  - Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Minamahal na Anak, si Jesucristo, sa daigdig (tingnan sa Juan 3:16–17).
  - Tanging sa pamamagitan ng biyaya at awa ni Cristo tayo magiging malinis mula sa kasalanan (tingnan sa 2 Nephi 2:6–8).
  - Tayo ay may pananagutan na tanggapin si Cristo, magsisi, at sumunod.
- Pananampalataya kay Jesucristo
  - Dapat tayong maniwala kay Cristo bilang Tagapagligtas ng daigdig.
  - Nais Niyang tanggapin at sundin natin ang Kanyang mga turo.
  - Tumatanggap tayo ng mga pagpapala kapag tayo'y sumusunod (tingnan sa D at T 130:20–21).

Mga Tala

Lesson 3:
Ang Ebanghelyo ni Jesucristo

Mga Tala

- Pagsisisi
  - Ang pananampalataya kay Cristo ang nagbibigay-daan sa pagsisisi (tingnan sa Alma 34).
  - Nakadarama tayo ng kalumbayang mula sa Diyos (tingnan sa II Mga Taga Corinto 7:9–10).
  - Tinitigil natin ang paggawa ng mali at nagpapatuloy sa paggawa ng tama.
  - Ipinagtatapat natin ang ating mga kasalanan, at ipinagtatapat natin ang mabibigat nating kasalanan sa mga pinuno ng Simbahan, na makatutulong sa ating magsisi (tingnan sa D at T 58:43).
  - Tumatanggap tayo ng kapatawaran; napapalitan ng kapayapaan ang kasalanan at kalungkutan (tingnan sa Alma 36:17–21).
- Binyag, ang Ating Unang Tipan
  - Ang ordenansa ay sagradong seremonya kung saan tayo nakikipagtipan sa Diyos.
  - Ang tipan ay sagradong kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak.
  - Ang mga tipan ay naghahatid ng mga biyaya.
  - Tayo ay binibinyagan sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan (tingnan sa Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).
  - Kapag tayo ay nabinyagan nagsisimula tayo ng panibagong buhay ng pangangako kay Cristo (tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–8).
  - Ang binyag ay kailangang isagawa ng taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood.
  - Pinaninibago natin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakrament linggu-linggo (D at T 20:77, 79).
- Ang Kaloob na Espiritu Santo
  - Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ay sinusundan ng pagbibinyag sa pamamagitan ng Espiritu; hindi mapaghihiwalay ang dalawang ito.
  - Iginagawad ng mga maytaglay ng Priesthood ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.
  - Ang Espiritu Santo ay nagtuturo, lumilinis, umaaliw sa atin, nagpapatotoo sa katotohanan, nagbibigay babala sa atin, at gumagabay sa atin (tingnan sa 2 Nephi 32:1–5; Mosias 5:1–6; Moroni 10:5; D at T 36:2).
- Magtiis Hanggang Wakas
  - Kailangang patuloy nating tahakin ang landas kapag nabinyagan at nakumpirma na tayo.
  - Ginagawa natin ang lahat para manatiling malaya sa kasalanan upang matamasa natin ang kaloob na Espiritu Santo.

Mga Tala

- – Sa matapat na pagsunod sa landas ng ebanghelyo ng pananampalataya, pagsisisi, paggawa at pagtupad sa mga tipan, at pagtanggap ng Espiritu Santo, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:14–20).
- – Kailangan tayong patuloy na magsisi sa buong buhay natin (tingnan sa D at T 19:15–20).

### Mga Pangakong Gagawin

- Patuloy ka bang mananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang ebanghelyo?
- Magsisisi ka ba at hihingi ng kapatawaran ng mga kasalanan?
- Magpapabinyag ka ba para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa (petsa)? Magpapakumpirma at tatanggapin mo ba ang kaloob na Espiritu Santo?
- Sasama ka ba sa amin na magsimba sa Linggo?
- Maaari ba tayong mag-iskedyul ng susunod naming pagbisita?
- Mga kautusan mula sa lesson 4 na napili mong isama.

## Mga Itatanong Matapos Magturo

- May mga tanong ka ba tungkol sa itinuro namin?
- Ano ang ibig sabihin ng magsisi?
- Bakit mahalagang bahagi ng ebanghelyo ang kaloob na Espiritu Santo?
- Bakit mahalaga para sa iyo na mabinyagan at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo?
- Mayroon bang anumang bagay na hindi mo naunawaan sa mga miting namin sa Simbahan?
- Ano ang nagustuhan mo sa mga miting namin sa Simbahan?

## Mahahalagang Depinisyon

- **Awa:** Ang diwa ng pagkahabag, pagmamahal, at pagpapatawad. Ang awa ay isa sa mga katangian ng Diyos. Nagbigay ng awa si Jesucristo sa atin sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo sa kundisyong magsisisi tayo.

- **Biyaya:** Ang kapangyarihang mula kay Jesucristo na nagpapahintulot sa ating matanggap ang mga pagpapala sa buhay na ito at makamit ang buhay na walang hanggan at kadakilaan matapos tayong manampalataya, magsisi, at gawin ang lahat ng ating makakaya para sundin ang mga kautusan. Ang gayong tulong mula sa Diyos ay ibinigay sa pamamagitan ng awa at pagmamahal ni Jesucristo. Kailangan nating lahat ang biyayang galing sa Diyos dahil sa Pagkahulog ni Adan at dahil din sa ating mga kahinaan.

- **Buhay na Walang Hanggan:** Mamuhay magpakailanman bilang pamilya sa piling ng Diyos (tingnan sa D at T 132:19–20). Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao.

Mga Tala

- **Ebanghelyo:** Ang plano ng kaligtasan ng Diyos na naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Nakapaloob sa ebanghelyo ang mga walang hanggang katotohanan o batas, tipan, at ordenansang kailangan ng mga tao upang makabalik sa piling ng Diyos.
- **Kumpirmasyon:** Ang pagpapatong ng mga kamay ng may mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood upang maging miyembro ng Simbahan at para maigawad ang kaloob na Espiritu Santo.
- **Magtiis Hanggang Wakas:** Manatiling tapat habambuhay sa mga kautusan ng Diyos kahit na may tukso, oposisyon, at kahirapan.
- **Pagsasauli:** Ang pagbabalik ng bagay na kinuha o nawala.
- **Tipan:** Isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak. Hindi tayo ang gumagawa ng kasunduan. Ang Diyos ang nagbibigay ng kundisyon para sa tipan, at sumasang-ayon tayong gagawin ang ipinagagawa Niya. Pagkatapos nangangako ang Diyos sa atin ng mga tiyak na pagpapala kung susunod tayo. Tinatanggap natin ang mga ordenansa sa pamamagitan ng tipan. Kapag nakikipagtipan tayo, nangangako tayo na tutuparin ang mga iyon. Halimbawa, ang mga miyembro ng Simbahan ay nakipagtipan sa Panginoon sa binyag at pinaninibago ang mga tipang iyon sa pagtanggap ng sakrament. Gumagawa rin tayo ng mga tipan sa templo. Ang mga tao ng Panginoon ay isang pinagtipanang tao. Pinagpapala tayong mabuti kapag tinutupad natin ang ating mga tipan sa Panginoon.


### Iba pang mga Salita na Maaaring Kailangang Ipaliwanag pa nang mas Mabuti sa Tinuturuan Mo

- Kapatawaran
- Makipot at makitid na landas
- Malinis mula sa kasalanan
- Pagtatapat o pagkukumpisal
- Panalangin
- Sakrament
- Tukso

# Ang mga Kautusan

*Paghahanda para sa Binyag at Kumpirmasyon*

Mga Tala



**Pagtuturo ng Lesson na Ito**

Maraming paraan para maituro ang mga kautusang nasa lesson na ito. Halimbawa, maaari mong ituro ang ilang kautusan mula sa lesson na ito bilang bahagi ng unang tatlong lesson, o maaari kang magturo ng ilang kautusan bilang isang lesson. Ang gagawin mo ay dapat ibatay sa mga pangangailangan ng mga investigator at sa patnubay ng Espiritu.

## Paghahanda sa Pagtuturo

Ang layunin mo sa pagtuturo ng mga kautusan ay tulungan ang mga tao na ipamuhay ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi habang naghahanda sila para sa binyag at kumpirmasyon. Sa pagsunod sa mga kautusan, lalakas ang tao sa kanilang patotoo sa ebanghelyo, na ipinakikitang sila ay may "bagbag na puso at nagsisising espiritu," at nagsisimulang magsisi ng lahat ng kanilang kasalanan (tingnan sa Moroni 6:1–4; D at T 20:37).

Iba ang pagkakabuo ng lesson na ito sa naunang tatlong lesson. Ipinaliliwanag sa unang tatlong lesson ang pundasyon ng doktrina para sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang lesson namang ito ay nagpapaliwanag sa partikular na mga kautusang ibinigay ng Diyos na tumutulong sa atin na maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Maraming paraan para maituro ang lesson na ito. Ang paraang gagamitin mo ay dapat ibatay sa pangangailangan ng mga investigator at sa patnubay ng Espiritu. Palaging isipin at idalangin kung paano matutulungan ang mga investigator na ipamuhay ang ebanghelyo. Kabilang sa mga ideyang ito ang:

- Pagtuturo ng isa o higit pang kautusan bilang bahagi ng unang tatlong lesson. Kapag ginawa mo ito, isaisip ang alituntuning itinuro sa Alma 12:32: "Ang Diyos ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, *matapos* maipaalam sa kanila ang plano ng pagtubos" (idinagdag ang pagkahilig ng salita). Ang ilang partikular na mga kautusan, gaya ng panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan, ay pinakamainam na maituturo bilang bahagi ng unang tatlong lesson. Ang iba pang kautusan ay pinakamainam namang maituturo matapos mong ilahad ang doktrinal na pundasyon ng ebanghelyo na nasa unang tatlong lesson.

Mga Tala

- Pagtuturo ng dalawa o tatlong kautusan bilang isang lesson.
- Pagtuturo ng isang kautusan bilang isang lesson.
- Pagtuturo ng mga kautusan sa kahulugan ng ebanghelyo. Maikling repasuhin ang lesson tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo bago magturo ng isa o higit pang kautusan. Sa pamamagitan nito ay matutulungan mo ang mga investigator na makita kung paano naiakma ang mga kautusan sa napakalawak na kahulugan ng pananampalataya sa Tagapagligtas at pagsisisi bilang paghahanda para sa binyag at kumpirmasyon. Mabibiyayaan ang kanilang buhay kapag nakita nilang *pattern* o huwaran pala ng pamumuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Maaari mong turuan ang ibang investigator sa ilang pagbisita; ang iba naman ay maaaring mangailangan ng mas maraming pagbisita. Ikaw ang bahala kung paano mo pinakamainam na maituturo ang mga lesson para matulungan ang mga tao na makapaghandang mabuti sa kanilang binyag at kumpirmasyon. Ang layunin mo ay hindi lamang matapos ang buong lesson; ito rin ay tulungan ang iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

Bihirang lumampas sa 45 minuto ang lesson. Makikita mo na may oras na maiikli lang ang dapat na pagtuturo sa pagbisita. Sa kasong ito, kakailanganin mo ang madalas at maiikling pagtuturo sa mga pagbisita kung saan maliit na bahagi lang ng materyal ang maituturo mo.

Maraming paraan na maituturo ang lesson na ito. Malalaman mo kung aling kautusan ang ituturo mo, kailan ito ituturo, at gaano kahaba ang oras na iuukol mo, batay na rin sa pangangailangan ng mga investigator at sa patnubay ng Espiritu.

## Pag-aralan ang mga Kautusan at mga Pangakong Gagawin

Sa pag-aaral mo ng lesson na ito, sundan ang pattern sa ibaba:

- Pag-aralan ang bahagi na naglalarawan sa kautusan at sumulat ng simpleng lesson plan na may tatlo hanggang limang mahahalagang ideya.
- Ibuod ang lesson at ituro sa iyong kompanyon sa loob lamang ng dalawa o tatlong minuto. Magpraktis kung paano mo aanyayahang mangako ang tinuturuan ninyo at kung paano mo sasagutin ang mga tanong at problema.
- Pag-usapan ang mga paraan para masubaybayan ang bawat ipinangakong gagawin ng mga investigator.

## Pagsunod

Binibigyan tayo ng Diyos ng mga kautusan para na rin sa ating ikabubuti. Ang mga ito ay tagubilin mula sa mapagmahal na Ama sa Langit para tulungan tayong maging maligaya sa buhay. Binigyan din Niya tayo ng kalayaang pumili, o kakayahan at oportunidad na pumili sa pagitan ng mabuti at masama. Kapag sinusunod natin ang Diyos, sinusunod natin ang impluwensiya ng Espiritu at pinipiling sundin ang Kanyang kalooban. Ang pagsunod sa mga kautusan ay naghahatid sa atin ng kapayapaan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Ipinapakita ng pagsunod ang ating pagmamahal sa Diyos. Ang di-pagsunod ay naghahatid sa atin ng kalungkutan.

Alam ng Ama sa Langit ang ating mga kahinaan at mapagpasensya Siya sa atin. Pinagpapala Niya tayo kapag sinikap nating sundin ang Kanyang mga kautusan. Umaasa Siyang susunod tayo sa Kanya para mapagpala Niya tayo.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Kalayaang Pumili**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 2:26–29<br>Alma 12:31 | D at T 58:26–29<br>D at T 82:8–10 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Kalayaang Mamili" |

**Pagsunod**

| | | |
|---|---|---|
| D at T 130:20–21 | Juan 14:15, 21 | Eclesiastes 12:13 |

**Pangakong Gagawin**

- Susundin mo ba ang mga batas ng Diyos?

## Manalangin Tuwina

Inuutusan tayo ng Diyos na manalangin sa Kanya. Makapagdarasal ka kahit anong oras at kahit saang lugar. Itinuro sa atin ng Panginoon na lumuhod at manalangin sa umaga at sa gabi, nang nag-iisa at kasama ang ating pamilya. Naririnig at sinasagot ng ating Ama sa Langit ang ating mga dalangin. Sa araw-araw na pananalangin tumatanggap tayo ng banal na patnubay at mga pagpapala. Dapat tayong manalangin nang taos sa tuwina. Dapat din tayong manalangin nang may "buong layunin," na ang ibig sabihin ay nangangako tayo na gagawin ang sagot na natanggap natin.

Nananalangin tayo nang may pananampalataya sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo (tingnan sa Moises 5:8). Dahil Siya ang ating Ama at tayo ay Kanyang mga Anak, sasagutin Niya ang ating mga dalangin. Sinisimulan natin ang ating panalangin sa pagtawag sa ating Ama sa Langit. Tinatapos natin ang ating mga panalangin sa pagsasabing, "Sa pangalan ni Jesucristo, Amen."

Sa panalangin tuwiran at tapat tayong nakikipag-usap sa ating mapagmahal na Ama sa Langit. Nagpapasalamat tayo para sa ating mga pagpapala. Maaari nating ipaalam ang pagmamahal natin sa Kanya. Humihingi rin tayo ng tulong, proteksyon, at patnubay ayon sa ating mga pangangailangan.

Habang nananalangin tayo nang may pananampalataya, tapat, at may tunay na layunin, nakikita natin ang impluwensiya ng Diyos sa ating buhay. Gagabayan Niya tayo sa araw-araw at tutulungan tayong gumawa ng mabubuting desisyon. Bibiyayaan Niya tayo ng panatag at payapang damdamin. Babalaan Niya tayo kapag may panganib at palalakasin upang mapaglabanan ang tukso. Patatawarin Niya ang ating mga kasalanan. Mapapalapit tayo sa Kanya. Kailangan nating matutuhang makilala ang Kanyang impluwensiya sa ating buhay. Kailangan tayong matutong makinig sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu.

Malalaman natin kapag ang Espiritu Santo ang nagtuturo sa atin ng katotohanan. Mapupuno ang ating isipan ng mga inspirado at nakasisiglang kaisipan. Maliliwanagan tayo, o mabibigyan ng bagong kaalaman. Madarama ng ating puso ang kapayapaan, kaligayahan, at pagmamahal. Nanaisin nating gumawa nang mabuti at maging matulungin sa iba. Mahirap ipaliwanag ang mga damdaming ito pero malalaman natin ito kapag nadama natin ang mga ito.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 32:8–9 | D at T 6:22–23 | D at T 19:28 |
| Enos 1:1–12 | D at T 8:2–3 | I Mga Hari 19:11–12 |
| Alma 34:17–28 | D at T 9:7–9 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin" |
| Moroni 10:3–5 | | |

**Pangakong Gagawin**

- Luluhod ka ba at mananalangin araw-araw nang mag-isa at kasama ang pamilya?

## Pag-aralan ang mga Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay mga isinulat na rekord tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga anak na isinulat ng mga propeta sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu Santo. Ipinapakita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pag-aaral, paniniwala, at pagsunod sa mga inihayag na salita ng Diyos. Masigasig nating sinasaliksik ang mga banal na kasulatan para maunawaan ang katotohanan. Nagpapakabusog tayo sa mga ito dahil binubuksan ng mga ito ang pinto sa paghahayag at ipinakikita ang dapat nating gawin at marating. Sinasaliksik natin ang mga banal na kasulatan para malaman ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Ang pananampalataya kay Jesucristo ay regalong mula sa Diyos at dumarating sa pamamagitan ng pag-aaral at pamumuhay sa Kanyang salita at Kanyang ebanghelyo. Ang inaprubahang mga banal na kasulatan ng Simbahan, na tinatawag ding pamantayang mga banal na kasulatan, ay ang Banal na Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. Dapat nating pag-aralan ang mga sagradong aklat na ito araw-araw.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 19:22–23 | 2 Nephi 31:19–20 | Juan 20:31 |
| 2 Nephi 9:50–51 | 2 Nephi 32:3–5 | II Kay Timoteo 3:14–17 |
| 2 Nephi 25:26 | Alma 32:28–30 | II Ni Pedro 1:20–21 |
| 2 Nephi 29:1–13 | Juan 5:39 | |

**Pangakong Gagawin**

- Babasahin mo ba ang mga banal na kasulatan nang mag-isa at kasama ang pamilya?

## Panatilihing Banal ang Araw ng Sabbath

Ang ating pag-uugali sa araw ng Sabbath ay larawan ng pangako nating igagalang at sasambahin ang Diyos. Sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, ipinakikita natin sa Diyos ang ating kahandaang tuparin ang ating mga tipan. Tuwing araw ng Sabbath nagpupunta tayo sa bahay ng Panginoon para sambahin Siya. Habang naroon tumatanggap tayo ng sakrament upang alalahanin si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala. Pinaninibago natin ang ating mga tipan at ipinakikita na handa tayong magsisi ng ating mga kasalanan at kamalian.

Mga Tala

Sa araw na ito, namamahinga tayo mula sa ating mga gawain. Sa pagdalo natin sa mga miting sa Simbahan at sama-samang pagsamba, pinalalakas natin ang bawat isa. Naninibago ang ating sigla sa pakikihalubilo sa ating mga kaibigan at pamilya. Lumalakas ang ating pananampalataya habang nag-aaral tayo ng mga banal na kasulatan at natututo pa tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Kapag ang komunidad o bansa ay naging pabaya sa mga gawain nito sa Sabbath, ang buhay ng relihiyon nito ay humihina at negatibo ang epekto nito sa lahat ng aspeto ng buhay. Ang mga biyayang nauugnay sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ay nawawala. Dapat tayong tumigil sa pamimili sa araw ng Sabbath at huwag sumali sa iba pang gawaing ukol sa pangangalakal at isports na ngayon ay karaniwang lumalapastangan sa araw ng Sabbath.

Dapat ihiwalay ng mga Banal sa mga Huling Araw ang banal na araw na ito sa mga aktibiti ng daigdig sa pamamagitan ng pagkakaroon ng diwa ng pagsamba, pasasalamat, paglilingkod, at mga aktibiting nakasentro sa pamilya na angkop sa araw ng Sabbath. Kapag sinikap ng mga miyembro ng Simbahan na itugma ang kanilang mga aktibiti sa Sabbath sa layunin at Espiritu ng Panginoon, ang buhay nila ay mapupuno ng galak at kapayapaan.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| 3 Nephi 18:1–25 | Exodo 20:8–11 | Isaias 58:13–14 |
| D at T 59:9–15 | Exodo 31:12–17 | |

**Maupo sa Tabi ng mga Investigator o Miyembro sa Simbahan**

Kapag dumadalo sa mga sakrament miting o stake conference, dapat tabihan ng magkompanyon na misyonero ang mga investigator, bagong binyag, o mga miyembro. Hindi sila dapat tumabi sa ibang mga misyonero.

**Mga Pangakong Gagawin**

- Pananatilihin mo bang banal ang araw ng Sabbath?
- Ihahanda mo ba ang iyong sarili para maging karapat-dapat sa pagtanggap ng sakrament?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Ano ang naunawaan mo tungkol sa araw ng Sabbath, kasama na ang pagtanggap ng sakrament linggu-linggo at paglilingkod sa iba? Handa ka bang sundin ang batas na ito [bago ang iyong binyag]?

## Binyag at Kumpirmasyon

Ang paraan para maipakita ang hangarin nating sundin ang landas ng Diyos ay sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon. Kapag tayo ay nabinyagan at nakumpirma, nakikipagtipan tayo sa Diyos na tataglayin natin ang pangalan ni Jesucristo at aalalahanin natin Siya at susundin tuwina ang Kanyang mga kautusan. Nangangako rin tayo na tatayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at tutulungan ang mga nangangailangan (tingnan sa Mosias 18:8–9). Bilang kapalit, ipinangangako ng Diyos ang palagiang pagsama ng Espiritu Santo, kapatawaran ng ating mga kasalanan, at ating pagsilang muli.

Mga Tala

### Mga Pangakong Gagawin

- Magpapabinyag at magpapakumpirma ka ba?
- Mag-iimbita ka ba ng mga investigator na dadalo sa binyag?
- Kung maaari, mag-imbita ng mga investigator sa sakrament miting kapag may taong ikukumpirma.

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Lahat ng tanong sa interbyu sa binyag.

### Imbitasyon na Mabinyagan

Ang imbitasyon na mabinyagan at makumpirma ay dapat tiyak at maliwanag: "Susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa isang taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood ng Diyos? Magdaraos kami ng serbisyo ng binyag sa (petsa). Ihahanda mo ba ang sarili mo na mabinyagan sa petsang iyon?"

## Sundin ang Propeta

Ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa. Hindi ito nagbabago nang dahil sa mga kalagayan o panahon. Ang katotohanan ay gayon pa rin sa bawat panahon at kultura. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan. Maaari tayong sumampalataya sa Kanya dahil alam natin na tanging katotohanan ang ituturo Niya sa atin. Gusto ng Diyos na malaman ng lahat ng Kanyang anak ang katotohanan. Dahil dito, inihahayag Niya ang mga katotohanang kailangan para sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga propeta at apostol. Inihahayag Niya sa atin mismo ang katotohanan sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan at personal na paghahayag.

Ang propeta ay tinatawag at pinipili ng Diyos at siya ay mabuting tao na may malaking pananampalataya. Inihahayag ng Panginoon ang katotohanan sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Inuutusan Niya ang Kanyang propeta na ituro ang katotohanan sa lahat ng tao. Ang mga naniniwala sa mga salita ng Diyos na inihayag sa pamamagitan ng Kanyang propeta ay pinagpapala.

Ang Simbahan ni Cristo ay itinayo sa pundasyon ng mga apostol at propeta, na nangangasiwa sa Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag. Tinawag ng Panginoon si Joseph Smith bilang unang propeta at pinuno ng huling dispensasyong ito. Ang mga pumalit sa kanya na namumuno sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mga propeta at apostol din. Ang Pangulo ng Simbahan ngayon ay buhay na propeta. Kailangan nating manampalataya sa piniling propeta ng Diyos, manalig sa kanyang banal na tungkulin, at sundin ang kanyang mga turo.

Madalas tayong magkaroon ng oportunidad na hayagang sang-ayunan ang mga pinuno ng Simbahan. Ang ibig sabihin ng *sang-ayunan* ay suportahan. Dapat nating ihanda ang ating sarili para kapag nagsalita ang mga propeta at apostol ay mapagtibay ng Espiritu Santo ang mga katotohanang itinuturo nila, at makapagpasiya tayong sundin ang payo nila sa atin.

Ang mga nakikinig at sumusunod sa payo ng mga buhay na propeta at apostol ay hindi maliligaw. Ang mga turo ng mga buhay na propeta ay nagsisilbing angkla ng walang hanggang katotohanan sa daigdig na pabagu-bago ang pinahahalagahan at tinutulungan tayong umiwas sa hirap at kalungkutan. Hindi tayo madaraig ng kaguluhan at labanan sa daigdig, at masisiyahan tayo sa katiyakan ng pagiging kaisa sa kalooban ng Diyos.

Mga Tala

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 15:11–12 | D at T 21:1–7 | Mga Taga Efeso 2:19–20 |
| Alma 13:1–16 | D at T 136:37–38 | Mga Taga Efeso 4:11–14 |
| 3 Nephi 12:1–2 | Juan 15:16 | Sa Mga Hebreo 5:4 |
| D at T 1:37–38 | Mga Gawa 10:34–44 | Amos 3:7 |

### Mga Pangakong Gagawin

- Makikipagkita ka ba sa bishop?
- Sasang-ayunan at susundin mo ba ang payo ng mga lider ng Simbahan?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Naniniwala ka ba na si [kasalukuyang Pangulo ng Simbahan] ay propeta ng Diyos? Ano ang ibig sabihin nito sa iyo?

## Sundin ang Sampung Utos

Binibigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan para malaman natin kung ano ang gagawin at ano ang iiwasan para matanggap ang mga biyayang gusto Niyang ibigay sa atin (kagalakan, katahimikan ng budhi, walang katapusang kaligayahan). Inihayag ng Diyos kay Moises ang Sampung Utos para gabayan ang Kanyang mga tao:

- "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" (Exodo 20:3). Kabilang sa ibang "mga dios" ang mga ari-arian, kapangyarihan, o katanyagan.
- "Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan" (Exodo 20:4).
- "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan" (Exodo 20:7).
- "Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin" (Exodo 20:8).
- "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12).
- "Huwag kang papatay" (Exodo 20:13).
- "Huwag kang mangangalunya" (Exodo 20:14).
- "Huwag kang magnanakaw" (Exodo 20:15).
- "Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa" (Exodo 20:16).
- "Huwag kang mag-imbot" (Exodo 20:17).

Ang Sampung Utos ay totoo pa rin ngayon. Tinuturuan tayo ng mga ito na sambahin at magpakita ng paggalang sa Diyos. Itinuturo din nito sa atin kung paano tratuhin ang bawat isa.

### Walang Ibang mga Diyos

Ang mga tao sa maraming kultura ay nagbibigay-galang sa mga bagay na nagpapaalaala sa kanila sa Diyos o sa mga ninuno. Minsan ang mga bagay na ito, gaya ng mga istatuwa, simbolo ng relihiyon, o maliit na altar, ay maaari din nilang sambahin. Tulungan silang maunawaan na inutusan tayo ng Panginoon na huwag sasamba sa mga diyus-diyosan. Hikayatin sila na alisin sa kanilang tahanan ang anumang bagay na sinasamba o dinadasalan nila. Tulungan sila na ipokus ang kanilang pananampalataya at pagsamba sa kanilang Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ituro sa kanila na ang ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nakapokus sa buhay na Cristo.

Mga Tala

Sa ibinalik na ebanghelyo itinuro sa atin ng Panginoon kung paano Siya aalalahanin. Inaalala natin Siya sa pamamagitan ng pagdarasal, sa sakrament, at pagsamba sa templo. Ang iyong mission president ay magbibigay ng gabay sa mga partikular na area.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 13 | Mateo 22:36–40 | Deuteronomio 5:6–21 |
| D at T 59:5–6 | Exodo 20:1–17 | |

**Pangakong Gagawin**

- Susundin mo ba ang Sampung Utos?

## Ipamuhay ang Batas ng Kalinisang-Puri

Nasisiyahan ang Diyos sa kalinisang-puri at napopoot sa kasalanang seksuwal. Nakapaloob sa kalinisang-puri ang mahigpit na pag-iwas sa seksuwal na pakikipagrelasyon bago ikasal at lubos na katapatan sa asawa matapos ikasal. Ang mga taong sumusunod sa batas ng kalinisang-puri ay nasisiyahan sa lakas na nagmumula sa pagkontrol ng sarili. Tinatamasa nila ang pagtitiwala ng kanilang pamilya. Mas lubusan nilang madarama ang impluwensiya ng Espiritu Santo sa kanilang buhay. Ang mga lumalabag sa batas na ito ay dumaranas ng walang katapusang kahihiyan at bigat na dulot ng kasalanan sa kanilang buhay.

Kailangan sa kalinisang-puri ang katapatan sa isip at gawa. Kailangang laging malinis ang ating isipan at maayos ang ating pananamit, pagsasalita, at kilos. Kailangan nating iwasan ang anumang uri ng pornograpiya. Dapat nating ituring na sagrado ang bigay ng Diyos na kapangyarihang lumikha ng bata at ang ating katawan. Kailangang ipamuhay ng mga bibinyagan ang batas ng kalinisang-puri, na nagbabawal sa anumang relasyong seksuwal sa pagitan ng lalaki at babae na hindi legal na mag-asawa. Hindi sila dapat magkaroon ng kaugnayan sa pagpapalaglag ng bata o homoseksuwal na pakikipagrelasyon. Ang mga nakagawa ng kasalanang seksuwal ay makapagsisisi at mapapatawad.

**Mga Nagsasama nang Hindi Kasal**

Ang kalalakihan at kababaihang nagsasama ngunit hindi kasal ay hindi maaaring binyagan hangga't hindi sila nagpapakasal o naghihiwalay. Ang mga taong kasal sa mahigit sa isang tao ay hindi maaaring binyagan. Humingi ng payo sa iyong mission president, na magbibigay sa iyo ng partikular na tagubilin sa mga kalagayang ito.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| Jacob 2:28 | 3 Nephi 12:27–30 | Mateo 5:27–28 |
| Mosias 13:22 | D at T 42:22–24 | Mga Taga Roma 1:26–32 |
| Alma 39:3–5 | D at T 63:16 | Mga Taga Efeso 5:3–5 |

Mga Tala

### Pangakong Gagawin

- Ipamumuhay mo ba ang batas ng kalinisang-puri?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Ano ang pagkaunawa mo sa batas ng kalinisang-puri, na nagbabawal sa anumang relasyong seksuwal sa pagitan ng lalaki at babae na hindi legal na kasal? Handa ka bang sundin ang batas na ito [bago ka binyagan]?
- Naging bahagi ka ba ng aborsiyon o pagpapalaglag ng bata? Sa homoseksuwal na relasyon? [Paalala: Ang taong sasagot ng oo sa alinman sa mga tanong na ito ay kailangang mainterbyu ng mission president bago binyagan.]

## Sundin ang Word of Wisdom

Inihayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith ang isang batas ng kalusugan na tinawag na Word of Wisdom. Itinuturo sa atin ng batas na ito ang mga pagkain at sangkap na dapat o di dapat nating kainin para manatiling malusog ang ating katawan at malaya sa masasamang impluwensiya. Nangangako ang Panginoon ng kalusugan, lakas, proteksyon laban sa masama, at higit na kahandaang tumanggap ng mga espirituwal na katotohanan.

Tandaan na sagrado ang ating katawan. Dapat natin itong tratuhin nang may paggalang at pagpipitagan. Itinuturo ng Word of Wisdom na dapat tayong kumain ng masusustansyang pagkain. Nilinaw nito na dapat nating iwasan ang mga nakapipinsalang bagay, kasama na ang alak, tabako, tsaa, at kape. Kailangan din nating iwasan ang anumang nakapipinsalang droga. Para mabinyagan at makumpirma, kailangang talikuran ng mga tinuturuan mo ang mga bagay na ito. Ang mga taong sumusunod sa Word of Wisdom ay mas handang tumanggap ng mga espirituwal na katotohanan.

Ang mission president mo ang sasagot sa mga tanong tungkol sa ilang partikular na bagay sa iyong kultura na kasama sa Word of Wisdom.

### Paglaban sa Adiksiyon

Mas matutulungan mo ang mga nagsisikap na umiwas sa paninigarilyo, pag-inom ng alak, at iba pang nakagawian sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning ito. Ang mga mungkahi sa ibaba ay mai-aaplay lalo sa Word of Wisdom pero maaari ding gamitin sa ibang uri ng adiksiyon.

1. Tulungan ang mga tao na magtakda ng layunin kung kailan at paano nila ipamumuhay ang Word of Wisdom.
2. Ipagdasal sila sa iyong personal na mga panalangin at kapag kasama mo sila.
3. Maging positibo at sumuporta—kahit bumalik sila sa dating gawi.
4. Patuloy na ituro sa kanila ang ebanghelyo. Turuan sila kung paano gamitin ang panalangin at pananampalataya bilang pinagmumulan ng lakas.
5. Tulungan silang regular na magsimba at makipagkaibigan sa mga taong sumusunod sa Word of Wisdom at napaglabanan ang gayunding adiksiyon.
6. Kung angkop, mag-alok na bigyan sila ng basbas ng priesthood.
7. Hikayatin silang alisin ang mga bagay na nakapipinsala sa kanilang tahanan.

Tingnan ang kabanata 10 para sa dagdag na tagubilin sa pagtulong sa mga tao na mapaglabanan ang adiksiyon.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

D at T 89 | I Mga Taga Corinto 3:16–17 | I Mga Taga Corinto 6:19–20

Mga Tala

**Pangakong Gagawin**

- Ipamumuhay mo ba ang Word of Wisdom?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Ano ang naunawaan mo sa Word of Wisdom? Handa ka bang sundin ang batas na ito [bago ka binyagan]?

## Sundin ang Batas ng Ikapu

Ang isa sa mga malaking biyaya ng pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang pribilehiyo na mag-ambag sa pagsulong ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad ng ikapu. Ang ikapu ay batas noong sinauna na galing sa Diyos. Halimbawa, sa Lumang Tipan, si propetang Abraham ay nagbayad ng ikapu ng lahat ng kanyang ari-arian (tingnan sa Alma 13:15).

Sa mga nagbabayad ng ikapu, nangangako ang Panginoon na Kanyang "bubuksan . . . ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog . . . ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10). Ang mga pagpapalang ito ay maaaring temporal o espirituwal, ngunit darating ang mga ito sa mga sumusunod sa batas na ito.

Ang ibig sabihin ng ikapu ay ikasampung bahagi, at inutusan tayo ng Panginoon na ibigay ang ikasampung bahagi ng ating kinikita, na ibig sabihin ay suweldo, para mabiyayaan tayo. Ang batas ng ikapu ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na tumulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. Ang ating mga ikapu ay banal sa Panginoon, at iginagalang natin Siya kapag nagbabayad tayo ng ikapu. Nangangako ang Diyos na pagpapalaing mabuti ang mga matapat na nagbabayad ng ikapu. Ang Diyos ay ninanakawan ng mga hindi nagbabayad ng ikapu (tingnan sa Malakias 3:8). Kinukuha nila ang bagay na dapat ay sa Panginoon. Dapat nating hanapin muna ang kaharian ng Diyos, at ang ikapu ay mahalagang paraan ng paggawa nito. Ang pagbabayad ng ikapu ay pagpapakita ng ating pananampalataya. Ito'y palatandaan ng ating paniniwala sa Diyos at sa Kanyang gawain.

Ang pondo ng ikapu ay ginagamit sa pagsuporta sa mga ginagawang aktibiti ng Simbahan, gaya ng pagtatayo at pagpapanatiling maayos sa mga templo at bahay-pulungan, paghahatid ng ebanghelyo sa buong mundo, pangangasiwa sa gawain sa templo at family history, at marami pang aktibiti sa buong daigdig. Hindi binabayaran ng ikapu ang mga lokal na lider ng Simbahan, na naglilingkod nang walang bayad.

Direktang ipinadadala ng mga lokal na lider ng Simbahan ang natatanggap na ikapu bawat linggo sa headquarters ng Simbahan. Isang konseho na binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawa, at ng Presiding Bishopric ang nagpapasiya kung paano gagamitin ang sagradong pondo ng ikapu.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ikapu**

| | | |
|---|---|---|
| D at T 119 | Sa Mga Hebreo 7:1–2 | Levitico 27:30–33 |
| D at T 120 | Genesis 14:18–20 | Malakias 3:7–12 |

**Pananampalataya**

| | |
|---|---|
| 3 Nephi 13:33 | Eter 12:6 |

**Pangakong Gagawin**

- Ipamumuhay mo ba ang batas ng ikapu kapag ikaw ay nabinyagan?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- Ano ang naunawaan mo sa batas ng ikapu? Handa ka bang sundin ang batas na ito?

Mga Tala

## Sundin ang Batas ng Ayuno

Malaking pagpapala ang matatanggap ng mga sumusunod sa kautusan ng Diyos na mag-ayuno. Ang ibig sabihin ng pag-aayuno ay hindi pagkain at pag-inom sa itinakdang oras. Karaniwang ang unang Linggo ng bawat buwan ang itinatalaga bilang espesyal na araw para mag-ayuno sa dalawang magkasunod na kainan, manalangin, at magpatotoo. Magkasama ang pag-aayuno at panalangin. Kapag nag-aayuno at nananalangin tayo nang may pananampalataya, mas handa tayong tumanggap ng sagot sa ating mga panalangin at pagpapala mula sa Panginoon. Nangangako Siya na patuloy Niya tayong gagabayan. Dapat tayong mag-ayuno at manalangin para sa mga partikular na mga layunin. Ang pag-aayuno ay ginagawa nang sarilinan at espirituwal, at hindi tayo dapat magpapansin na tayo ay nag-aayuno.

Ang tunay na relihiyon ay kinapapalooban ng pangangalaga sa mga mahihirap. Dapat natin silang tulungan na matugunan ang kanilang pisikal at espirituwal na pangangailangan. Kapag nag-aayuno tayo, nag-aambag tayo ng pera sa Simbahan para sa pangangalaga ng mahihirap at nangangailangan. Tinatawag natin itong handog-ayuno. Ibinibigay natin ang halaga ng pera na naitabi natin sa pag-aayuno sa dalawang magkasunod na kainan. Gayunman, hindi natin dapat limitahan ang ating kontribusyon sa halagang katumbas ng dalawang kainan. Hinihikayat tayo na maging bukas-palad sa pagbibigay kung kaya naman natin. Sa pangangalaga sa mahihirap, natutulungan tayong tumupad sa ating mga tipan sa binyag at makatanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Pag-aayuno**

| | | |
|---|---|---|
| Omni 1:26 | Alma 17:2–3 | D at T 88:76 |
| Alma 5:45–46 | Moroni 6:5 | Mateo 6:1–4, 16–18 |
| Alma 6:6 | D at T 59:12–16 | Isaias 58:6–11 |

**Pangangalaga sa Mahihirap**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 4:16–27 | Alma 4:12–13 | Santiago 1:27 |
| Mosias 18:8–10 | Mateo 25:34–46 | Isaias 58:3–12 |

**Mga Pangakong Gagawin**

- Mag-aayuno at mananalangin ka ba sa susunod na Linggo ng ayuno para sa ilang espesyal na pangangailangan?
- Magbibigay ka ba ng bukas-palad na handog-ayuno [matapos kang binyagan]?

Mga Tala

## Paano Magbigay ng Ikapu at mga Handog

Boluntaryo at sarilinan ang pagbabayad ng ikapu at mga handog. Ang mga miyembro ay maaaring magbayad ng ikapu at mga handog kahit anong oras, ngunit karaniwang pinakamainam magbayad ng ikapu kapag natanggap ang suweldo at ang handog-ayuno sa araw ng pag-aayuno. Nagbibigay ng donasyon ang mga miyembro sa pamamagitan ng pagsusulat sa donation slip, na makukuha sa bishopric. Kukunin ng miyembro ang dilaw na kopya at ilalagay ang puting kopya at ang donasyon sa sobreng laan para dito at isasara ito. Ang sobre ay ibibigay sa miyembro ng bishopric. Ang mga donasyong ito ay sagrado at pag-aari ng Panginoon. Ang miyembro ng bishopric at klerk ang maingat na nagtatago at kumpidensiyal na nagbibilang ng lahat ng donasyon.

Ang mga miyembro ay nakikipag-usap sa bishop para sa tithing settlement sa katapusan ng bawat taon para ideklara ang kanilang katapatan sa pagbabayad ng ikapu. Sa pribadong miting na ito, tumatanggap ang mga miyembro ng buong taong ulat ng lahat ng kanilang donasyon. Lahat ng impormasyong pinansiyal ay kumpidensyal at mahigpit na iniingatan.

### Ituro Kung Paano Magbigay ng Ikapu at mga Handog

Ipakita ang form ng donasyon at ipaliwanag kung paano ito gamitin. Matapos mabinyagan, maaari mo silang tulungan na sulatan ang pormularyo.

## Sundin at Igalang ang Batas

Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ay naniniwala sa pagsunod sa mga batas ng bansa kung saan sila nakatira. Ang mga miyembro ng Simbahan ay pinapayuhan na maging mabubuting mamamayan, makilahok sa gobyernong sibil at sa mga prosesong pulitikal, at maglingkod sa komunidad. Gayunman, ginagawa nila ito bilang nagmamalasakit na mamamayan at hindi bilang kinatawan ng Simbahan.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | |
|---|---|---|
| D at T 58:21 | D at T 130:20–21 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12 |
| D at T 98:5 | D at T 134 | |

### Pangakong Gagawin

- Susundin mo ba ang mga batas ng bansang tinitirahan ninyo?

**Mga Angkop na Tanong sa Lesson para sa Interbyu sa Binyag**

- May nagawa ka na bang mabigat na krimen? Kung gayon, ikaw ba'y nasa *probation* o *parole* na? [Paalala: Ang taong sasagot ng oo sa alinman sa mga tanong na ito ay kailangang mainterbyu ng mission president bago binyagan.]

### Aktibiti

Sa bawat kautusan sa lesson na ito, ilista ang mga ipinangako ng Panginoon sa banal na kasulatan para sa mga sumusunod sa kautusan. Irekord sa iyong study journal ang mga pangakong natupad sa iyong buhay.

# Mga Batas at Ordenansa

*Pagkatapos ng Binyag at Kumpirmasyon*

Mga Tala



© 1998 Del Parson. Bawal kopyahin.

## Paghahanda sa Pagtuturo

Matapos mabinyagan at makumpirma ang mga bagong miyembro, ang mga lider ng ward ang nagpapasiya kung ang mga ward missionary o ang mga full-time na misyonero ang mangunguna sa pagtuturo at gaano katagal sasama ang mga full-time na misyonero. Ang lesson na ito ay dapat kaagad ituro sa mga bagong miyembro pagkatapos nilang mabinyagan at makumpirma. Masisimulan mo silang turuan tungkol sa mga batas at ordenansang ito sa pagitan ng kanilang binyag at kumpirmasyon o kahit bago pa sila binyagan. Dapat alam na kahit paano ng mga bibinyagan ang mga batas at ordenansang ito bago sila binyagan.

Ang lesson na ito ay maituturo nang halos gaya ng lesson 4. Ang paraang gagamitin mo ay dapat ibatay sa pangangailangan ng mga bagong binyag at sa patnubay ng Espiritu. Palaging isipin at idalangin kung paano matutulungan ang mga bagong binyag na ipamuhay ang ebanghelyo. Kabilang sa mga ideyang ito ang:

- Pagtuturo sa bagong miyembro ng bawat batas at ordenansa mula sa lesson na ito habang nirerebyu ang mga lesson na "Ang Mensahe ng Panunumbalik," "Ang Plano ng Kaligtasan," at "Ang Ebanghelyo ni Jesucristo." Halimbawa, habang nirerebyu ang mensahe ng Panunumbalik maaari mong ituro ang tungkol sa priesthood at gawaing misyonero; habang nirerebyu ang plano ng kaligtasan maaari mong ituro ang tungkol sa walang hanggang kasal, gawain sa mga templo at family history, at pagtuturo at pag-aaral sa Simbahan. Kapag nirerebyu ang ebanghelyo ni Jesucristo maaari mong ituro ang tungkol sa makipot at makitid na landas at paglilingkod sa Simbahan.
- Pagtuturo ng dalawa o tatlo sa mga batas at ordenansa bilang isang lesson.
- Pagtuturo ng isang batas o ordenansa bilang isang lesson.

Makipagtulungan sa mga miyembro para matulungan ang mga bagong miyembro na tanggapin at simulang ipamuhay ang mga batas at ordenansang ito. Tulungan ang mga bagong miyembro na malaman na sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos ay mapapatawad ang kanilang mga kasalanan at mananatili sila sa landas patungo sa buhay na walang hanggan. Makadarama sila ng higit na kapayapaan at kagalakan. Makakahanap sila ng mga sagot sa mga katanungan ng buhay at seguridad sa kaalamang kabilang sila sa

Mga Tala

totoong Simbahan ni Jesucristo. Ang mga batas at ordenansa ay nagsisilbing patnubay sa masayang pamumuhay, na may pananampalataya kay Jesucristo at matatag na pag-asa na tatanggap ng buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.

## Pag-aralan ang Tungkol sa mga Batas, Ordenansa, at Pangakong Gagawin

Sa pag-aaral mo ng "Mga Batas at Ordenansa; makabubuting sundan ang pattern sa ibaba.

- Pag-aralan ang bahaging naglalarawan sa doktrina, at sumulat ng simpleng lesson plan na may tatlo hanggang limang mahahalagang ideya.
- Ibuod ang lesson at ituro sa iyong kompanyon sa loob lamang ng dalawa o tatlong minuto. Magpraktis kung paano mo aanyayahang mangako ang tinuturuan ninyo at kung paano mo sasagutin ang mga tanong at problema.
- Pag-usapan ang mga paraan para masubaybayan ang bawat ipinangakong gagawin ng mga bagong binyag.

## Priesthood at mga Auxillary

Ang Priesthood ay ang kapangyarihan at karapatan na ibinigay sa tao upang kumilos sa pangalan ng Diyos para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Sa pamamagitan ng priesthood tinatanggap natin ang mga ordenansa ng kaligtasan, gayundin ang mga basbas ng pagpapagaling, pag-aliw, at pagpapayo.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinamumunuan ni Jesucristo sa pamamagitan ng mga apostol at propeta. Sila ay mabubuting kalalakihan na tinawag ng Diyos at binigyan ng priesthood. Noong una inordena ni Cristo ang Kanyang mga Apostol at binigyan sila ng priesthood. Ang awtoridad na iyon ay nawala nang tanggihan ng tao ang ebanghelyo at patayin si Cristo at ang mga Apostol.

Ang awtoridad ng priesthood ay ibinalik noong 1829 nang magpakita si Juan Bautista kina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanilang ulo at iginawad sa kanila ang Aaronic Priesthood (tingnan sa D at T 13). Di nagtagal ipinatong naman nina Pedro, Santiago, at Juan ng orihinal na Labindalawang Apostol ang kanilang mga kamay kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood, na natanggap nina Pedro, Santiago, at Juan kay Jesucristo (tingnan sa D at T 27:12–13).

Matatanggap lamang ng isang tao ang priesthood sa pamamagitan ng tamang ordenasyon ng pagpapatong ng mga kamay ng isang taong may awtoridad. Ang taong tumanggap ng priesthood ay binibigyan ng kagila-gilalas na pagkakataon. Nakikipagtipan siya na tutuparin ang mga sagradong tungkulin, maglilingkod sa iba, at tutulong sa pagtatayo ng Simbahan. Kailangang mayroon siyang hangarin na paglingkuran ang Diyos at kailangang maordena sa kapangyarihang ito (tingnan sa D at T 4:3; 63:57). Mahalaga rin para sa mga maytaglay ng priesthood na magsagawa ng mga sagradong ordenansa, gaya ng binyag at kumpirmasyon. Kapag karapat-dapat ang paggamit ng awtoridad ng priesthood, ang kapangyarihan ng Diyos ay makikita. Ang kapangyarihan ng priesthood ay magagamit lamang sa kabutihan, pagmamahal, at pagtitiis.

Ang lahat ng priesthood ay mula sa Diyos. May dalawang priesthood sa Simbahan: ang Aaronic Priesthood at ang Melchizedek Priesthood. Ang Aaronic Priesthood ay nangangasiwa sa mga ordenansa gaya ng binyag at sakrament. Ang karapat-dapat na kalalakihan na edad 12 pataas ay kaagad tumatanggap ng Aaronic Priesthood pagkatapos ng binyag at kumpirmasyon.

Mga Tala

Di magtatagal ang mga karapat-dapat na kalalakihang nasa wastong gulang ay tatanggap ng Melchizedek, o mas mataas na Priesthood. Ang mga miyembro ng Simbahan ay tatanggap ng maraming espirituwal at temporal na pagpapala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood na ito. Ang mga karapat-dapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay maaaring maggawad ng kaloob na Espiritu Santo, mag-ordena ng iba pa sa priesthood kapag inatasan, magpahid ng inilaang langis sa maysakit, at magbigay ng basbas ng paggaling at kapanatagan. Ang karapat-dapat na mga asawa at ama na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay makapagbibigay ng espesyal na basbas sa kanilang maybahay, mga anak, at iba pang kapamilya. Binibisita ng mga home teacher ang mga tahanan ng mga miyembro ng Simbahan at pinangangalagaan ang mga indibiduwal at pamilyang ito. Ang mga bishop at stake president ang mga hukom sa Simbahan. May karapatan silang tulungan ang mga Banal na nagkasala na magsisi at kamtin ang lubos na pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan. Iniinterbyu nila ang mga tao para matiyak kung karapat-dapat silang pumasok sa templo.

Sa ilalim ng patnubay ng priesthood, tumutulong ang mga organisasyong auxillary sa pagpapalakas ng mga miyembro. Sila ay malaking suporta sa gawaing misyonero sa pamamagitan ng pagtulong nila sa paghahanap at pagtuturo ng mga investigator at pakikipagkaibigan sa mga bagong miyembro. Ang mga babaing edad 18 pataas ay mga miyembro ng Relief Society, na tumutulong sa paglilingkod sa mga pamilya, indibiduwal, at komunidad. Ang mga kabataang babae na edad 12 hanggang 18 ay mga miyembro ng programang Young Women. Ang mga kabataang lalaki sa gayunding edad ay kasali sa programang Young Men. Ang lahat ng bata na edad 3 hanggang 11 ay bahagi ng organisasyong Primary. Ang lahat ng miyembro na edad 12 pataas ay naka-enrol sa mga klase sa Sunday School.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 18:17 | D at T 84:19–20 | Lucas 9:1–6 |
| Alma 13:1–19 | D at T 107 | Juan 15:16 |
| D at T 20:38–65 | D at T 121:34–46 | Santiago 5:14–15 |

**Mga Pangakong Gagawin**

- Maghahanda ka ba para tanggapin ang Aaronic Priesthood (mga lalaking edad 12 pataas na karapat-dapat mahirang)?
- Maghahanda ka ba para tanggapin ang Melchizedek Priesthood (mga lalaking nasa wastong gulang na karapat-dapat mahirang)?
- Aktibo ka bang sasali sa organisasyong auxillary na angkop sa edad mo?

## Gawaing Misyonero

Ang mga miyembrong nagbabahagi ng ebanghelyo ay nakadarama ng kagalakan at higit na napapasakanila ang Espiritu ng Panginoon. Sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo, nauunawaan natin kung gaano kahalaga ito sa atin, at nakadarama tayo ng malaking pagmamahal sa Diyos at sa ibang tao. Inutusan ng Panginoon ang Kanyang mga tagasunod na ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo, na binibigyan ang mga tao ng pagkakataong tanggapin o tanggihan ito. Kapag nabinyagan ang mga tao, nakikipagtipan sila na lagi silang tatayo bilang saksi ng Diyos. Inuutusan silang ibahagi ang ebanghelyo sa mga hindi pa nakatanggap ito. Sa matapat nilang pamumuhay ng ebanghelyo, sila ay

Mga Tala

nagiging halimbawa, at ipinakikita sa kanilang mga kapamilya at kaibigan ang malalaking pagpapalang dumarating sa kanila sa pamumuhay ng ebanghelyo. Dapat din nilang samantalahin ang oportunidad na sagutin ang mga tanong, mamigay ng mga lathalang babasahin o materyal na audiovisual, at imbitahan ang iba na madagdagan pa ang kaalaman nila tungkol sa mensahe ng ibinalik na ebanghelyo. Dapat ipagdasal ng mga miyembro ang mga hindi miyembro ng Simbahan. Dapat silang manalangin na magkaroon ng pagkakataong maging misyonero—na paglingkuran ang hindi natin kamiyembro at ibahagi ang kanilang pinaniniwalaan. Nangangako ang Panginoon na tutulungan Niya ang mga miyembro na malaman ang sasabihin at gagawin nila habang ibinabahagi nila ang ebanghelyo.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | |
|---|---|---|
| Jacob 5:70–75 | D at T 19:29 | D at T 84:74–76, 88 |
| Mosias 28:3 | D at T 33:8–11 | D at T 88:81 |
| D at T 18:10–16 | D at T 38:40–42 | D at T 100:5–8 |

### Mga Pangakong Gagawin

- Maghahanda ka ba para makapag-imbita ng mga kaibigan at kamag-anak na hindi miyembro ng Simbahan para makilala ng mga misyonero at maturuan ng ebanghelyo?
- Mananalangin ka ba para sa mga misyonero at sa mga pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo?
- Maghahanda ka ba para makapaglingkod sa misyon?

## Walang Hanggang Kasal

Ang mahalagang yunit ng Simbahan ay ang pamilya. Sa pamilya nadarama ng mga tao ang malaking kagalakan at kalungkutan ng buhay. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang sentro ng walang hanggang plano ng Diyos para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Ang paraan ng paglikha ng mortal na buhay ay itinakda ng langit at iniingatan sa pamamagitan ng kasal. Dahil sa banal na plano ng kaligayahan ang relasyon ng pamilya ay maaaring magpatuloy hanggang sa kabilang buhay. Gayunman, ang kasal ay magiging walang hanggan lamang kapag isinagawa ng mga awtorisadong maytaglay ng priesthood ang ordenansa ng pagbubuklod sa mga sagradong templo at kapag tinupad ng mag-asawang naibuklod ang mga tipang ginawa nila. Dapat magmahalan ang mag-asawa. Sa pagsunod nila sa mga kautusan at sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat nilang igalang ang ginawa nilang mga pangako noong sila ay ikasal nang may lubos na katapatan (tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102; tingnan din sa D at T 42:22).

Ang kaligayahan sa buhay-pamilya ay makakamit kapag nakabatay ito sa mga turo ni Jesucristo at kapag inuuna ng mga magulang ang kanilang pamilya. "Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan" (*Ensign*, Nob. 1995, 102). Magkasamang ituturo ng mga magulang ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang mga anak at tutulungan sila na ipamuhay ito.

Si Satanas ay gumagawa ng matinding pagsalakay sa mga pamilya. Maraming taon na ang nakalilipas nang italaga ng mga lider ng Simbahan ang gabi ng Lunes bilang oras para sa family home evening. Dapat gamitin ng mga magulang ang oras na ito sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak, at pagtibayin ang kanilang relasyon sa kanila, at sama-samang magsaya. Ang iba pang paraan ng pagpapalakas ng pamilya ay ang araw-araw na panalangin ng pamilya at pag-aaral ng banal na kasulatan, pagsamba sa simbahan bilang isang pamilya, at paglilingkod sa iba. Ang langit ay karugtong ng huwarang tahanan. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood at matwid na pamumuhay, maninirahan tayo bilang pamilya sa piling ng Diyos nang walang hanggan.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Kasal**

| | | |
|---|---|---|
| D at T 42:22 | D at T 132:7 | "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" |
| D at T 49:15 | Genesis 2:24 | |
| D at T 131:1–4 | Mga Taga Efeso 5:25 | |

**Pamilya**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 4:14–15 | D at T 130:2 | "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" |
| 3 Nephi 18:21 | I Kay Timoteo 5:8 | |

**Turuan ang mga Bata**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 56:47 | D at T 68:25–30 | Mga Taga Efeso 6:4 |
| Alma 57:21 | Moises 6:55–62 | Mga Kawikaan 22:6 |

### Mga Pangakong Gagawin

- Magdadaos ba kayo ng lingguhang family home evening, araw-araw na pananalangin ng pamilya, araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya, at iba pang mga aktibiti ng pamilya?
- Maghahanda ka ba para makapasok sa templo para (1) matanggap ang iyong endowment? (2) makasal para sa panahon at kawalang-hanggan? (3) kung kasal na, mabuklod sa kawalang-hanggan bilang mag-asawa? at (4) mabuklod sa iyo ang iyong mga anak?
- Sasamba ba kayo tuwing Sabbath bilang isang pamilya?
- Paglilingkuran mo ba ang iba?

## Mga Templo at Family History

Inutusan ng Diyos ang Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo. Sa templo gumagawa tayo ng mga sagradong tipan at pinagkakalooban, o nabibigyan, ng isang kaloob na kapangyarihan at kaalaman mula sa kaitaasan. Tinutulungan tayo ng kapangyarihang ito sa ating araw-araw na buhay at sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Sa templo maikakasal din tayo sa panahon at kawalang-hanggan, kung kaya posibleng magkasama ang mga pamilya magpasawalang-hanggan sa piling ng Diyos. Matapos ang isang taon ng pagiging miyembro, ang mga karapat-dapat na nasa wastong gulang ay maaaring tumanggap mula sa kanilang bishop ng rekomendasyon na tanggapin ang kanilang sariling endowment. Matapos tanggapin ang kanilang endowment, ang mag-asawa ay maaaring ibuklod o ikasal para sa kawalang-hanggan.

Mahal ng Tagapagligtas ang lahat ng tao at hangad ang kanilang kaligtasan. Ngunit milyun-milyong tao ang namatay nang walang kahit anong oportunidad na marinig ang

Mga Tala

mensahe ng ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo o tumanggap ng mga nakapagliligtas na ordenansa. Dahil sa Kanyang mapagmahal na biyaya at awa naging posible ang kaligtasan para sa lahat ng hindi nagkaroon ng pagkakataong tanggapin, unawain, at sundin ang ebanghelyo noong sila ay nabubuhay. Ang ebanghelyo ay ipinangangaral sa mga namatay na doon sa daigdig ng mga espiritu. Isinasagawa ng mga miyembro ng Simbahan sa lupa ang mga nakapagliligtas na ordenansa para sa kanilang mga namatay na ninuno at iba pa. Ang mga namatay na nasa daigdig ng mga espiritu ay may pagkakataong tanggapin o tanggihan ang ebanghelyo at ang isinagawang ordenansa para sa kanila.

Dahil dito, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagsasaliksik ng impormasyon tungkol sa kanilang mga ninuno. Kinukumpleto nila ang mga pedigree chart at mga family group record at isinusumite ang mga pangalan ng mga namatay na kapamilya na kailangang gawan ng nakapagliligtas na ordenansa sa mga banal na templo. Ito ang gawaing family history. Ang mga karapat-dapat na miyembro na edad 12 pataas, pati ang mga bagong miyembro, ay tatanggap mula sa kanilang bishop ng rekomendasyon para magsagawa ng binyag para sa mga patay.

### Family History

Imbitahan ang mga bagong miyembro na makipag-usap sa isang miyembro o pumunta sa isang lokal na family history center (kung maaari) para malaman ang tungkol sa gawain sa family history at ang mga materyal na magagamit nila. Bigyan sila ng kopya ng mga materyal sa family history.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | | |
|---|---|---|---|
| D at T 43:16 | D at T 128 | D at T 138 | I Mga Taga Corinto 15:29 |
| D at T 95:8–9 | D at T 131 | Mga Awit 65:4 | Brochure, *Welcome to the* |
| D at T 124:22–42 | D at T 132 | I Ni Pedro 3:18–21 | *Family History Center* |

### Mga Pangakong Gagawin

- Maghahanda ka ba para matanggap ang mga ordenansa sa templo? (Kaagad pagkatapos ng binyag at kumpirmasyon, ang mga karapat-dapat na miyembro na edad 12 ay maaaring tumanggap ng rekomendasyon na pumasok sa templo at makilahok sa mga binyag para sa mga patay.)
- Lalahok ka ba sa gawain sa family history at magsusumite ng mga pangalan ng mga ninuno na tatanggap ng mga ordenansa sa templo?

## Paglilingkod

Ang isa sa malalaking biyaya ng pagiging miyembro sa Simbahan ay ang oportunidad na maglingkod. Kapag magiliw tayong naglilingkod sa iba, pinaglilingkuran natin ang Diyos. Noong tayo ay binyagan, nakipagtipan tayo na maglilingkod sa gayong paraan (tingnan sa Mosias 18:8–10). Dapat nating alamin ang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan ng iba. Pagkatapos ay ibinabahagi natin ang ating panahon, talento, at kabuhayan para makatulong sa pagtugon sa mga pangangailangang iyon. Sinusunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas, na naparito para maglingkod sa iba. Dapat nating gawin ang ginawa ni Jesus at maging tulad Niya.

Mga Tala

Kaagad pagkatapos ng binyag ang mga bagong miyembro ay tumatanggap mula sa mga lider ng priesthood ng mga pagpapala ng responsibilidad na tumulong sa Simbahan. Ito ay tinatawag na tungkulin. Ang lahat ng gawain sa Simbahan ay boluntaryo. Walang sinumang binabayaran sa paglilingkod na ito. Kapag tumatanggap tayo ng mga tungkulin, tayo ay hayagang sinasang-ayunan sa isang miting sa Simbahan para malaman ng ibang miyembro ang ating tungkulin at masuportahan tayo. Tayo rin ay itinatalaga ng lider ng priesthood at binibigyan ng espesyal na basbas para tulungan tayong magampanan ang ating mga tungkulin. Kailangan ng Simbahan ang mga talento at abilidad ng bawat miyembro para magampanan ang iba't ibang tungkulin. Ang lahat ng tungkulin ay mahalaga at tumutulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Dapat nating tanggapin ang mga tungkuling iyon at sikaping matutuhan at tuparin ang ating mga tungkulin. Kapag ginagawa natin ito, lumalakas tayo sa pananampalataya, nagkakaroon ng bagong talento at dagdag na abilidad na maglingkod, at tumanggap ng marami pang pagpapala.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Pag-ibig sa Kapwa**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Moroni 7:43–48 | D at T 88:125 | Mateo 22:36–40 | I Mga Taga Corinto 13:1–8 |

**Pangangalaga sa Mahihirap**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mosias 4:26 | Alma 34:28–29 | D at T 52:40 | Mateo 25:40 |

**Kailangan Tayong Maglingkod**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mosias 2:17 | Mosias 18:8–10 | D at T 42:29 | D at T 107:99–100 |

### Mga Pangakong Gagawin

- Tatanggapin at gagampanan mo ba ang mga responsibilidad ng isang tungkulin (pati na ang pagiging home teacher o visiting teacher)?
- Susuportahan mo ba ang iba sa kanilang mga tungkulin?

## Pagtuturo at Pagkatuto sa Simbahan

Ang Simbahan ay itinatag para gawing perpekto at pagpalain ang buhay ng mga miyembro. Binibigyan tayo nito ng mga oportunidad na turuan ang bawat isa tungkol sa ebanghelyo, makipagkaibigan at paglingkuran ang isa't isa, at suportahan ang bawat isa sa mithiing maligtas. Sa pamilya at sa pamamagitan ng Simbahan, ang bawat miyembro ay tinuturuan ng mga doktrina ng ebanghelyo. Kapag ang mga miyembro ay natawag na magturo, sila ay bibigyan ng mga materyal at tulong para sila ay magtagumpay.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | |
|---|---|
| D at T 88:77–79 | Mga Taga Efeso 4:11–14 |

### Pangakong Gagawin

- Magsisimba ka ba?

Mga Tala

## Magtiis Hanggang Wakas

Habang patuloy nating ipinamumuhay ang ebanghelyo, lalo tayong napapalapit sa ating Ama sa Langit. Tinatamasa at higit nating pinahahalagahan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Nagiging mas malapit sa isa't isa ang pamilya. Nakadarama tayo ng matinding pagmamahal, kagalakan, at kapayapaan na dumarating dahil sa Pagbabayad-sala. Ang mga puso natin ay nagbabago, at nagkakaroon tayo ng seguridad sa pamumuhay ng ibinalik na ebanghelyo.

Habang patuloy tayong nananampalataya kay Cristo, nagsisisi, at nagpapanibago ng ating mga tipan, tinatamasa natin ang patuloy na patnubay ng Espiritu Santo. Kung magtitiis tayo hanggang sa wakas ng ating buhay sa pagiging tapat sa ating mga tipan, tatanggap tayo ng buhay na walang hanggan.

Ang ilang miyembro ay hindi nakapagtitiis o nananatiling lubos na aktibo. Gayunman, ang pagtitiis hanggang sa wakas ay personal na responsibilidad. "[Gawain natin ang] sariling pagkaligtas" (Mga Taga Filipos 2:12), at pinaglilingkuran at minamahal natin ang mga nanghihina sa pananampalataya dahil sa hindi nila pagiging aktibo.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2 Nephi 31:20–21 | D at T 20:37 | Juan 14:15, 21 | Mga Taga Filipos 2:12 |
| Moroni 6:4 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3 | Mga Taga Efeso 4:11–14 | |

### Pangakong Gagawin

- Patuloy mo bang ipamumuhay ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan ng binyag sa buong buhay mo?



# Paano ko Makikilala at Mauunawaan ang Espiritu?

Mga Tala

**Isaisip ito**

- Bakit kailangan akong tumanggap ng personal na paghahayag?
- Sino ang Espiritu Santo at paano Siya kumikilos?
- Bakit kailangan kong magdasal nang may pananampalataya?
- Ano ang papel na ginagampanan ng Espiritu sa gawaing misyonero?
- Paano ko malalamang hinihikayat ako ng Espiritu?

## Personal na Paghahayag

Sinabi ni Joseph Smith, "Hindi darating ang kaligtasan kung walang paghahayag; walang kabuluhan para sa sinuman na maglingkod kung wala ito" (*History of the Church*, 3:389). Magtatagumpay ka sa ginagawa mo habang natututuhan mong tanggapin at sundin ang personal na paghahayag. Itinuro din ni Joseph Smith na mahalaga ang paghahayag para sa iyong araw-araw na gawain: "Ito ang alituntuning gamit sa pangangasiwa sa langit—sa pamamagitan ng paghahayag na akma sa kalagayan ng mga anak ng kaharian" (*History of the Church*, 5:135).

Ikaw at ang lahat ng Kanyang mga anak ay mahal ng Diyos. Nais Niyang tulungan ka sa iyong praktikal at partikular na mga hamon. Pinangakuan ka ng inspirasyon na malaman ang dapat gawin at binigyang-lakas na gawin ito (tingnan sa D at T 43:15–16). Tutulungan ka Niya habang sinisikap mong kilalanin at unawain ang Espiritu sa pamamagitan ng masipag na pag-aaral ng banal na kasulatan. Aakayin ka Niya sa mga tao na tatanggap ng mensahe ng Panunumbalik. Bibigyan ka Niya ng lakas para maihatid ang mensahe at magpatotoo kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo. Ibubuhos Niya ang

Mga Tala

Kanyang mga biyaya sa iyo sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo. Inuutos Niya na manatili kang karapat-dapat sa kaloob na ito at dapat na ikaw ay humiling, maghanap, at kumatok (tingnan sa D at T 4:7, Mateo 7:7–8).

Nabubuhay tayo sa panahong naipropesiya ng mga propeta sa Aklat ni Mormon—ang panahon kung kailan ang mga tao ay "makikipagtalo . . . sa isa't isa, . . . at magtuturo sila sa pamamagitan ng sarili nilang kaalaman, at itatatwa ang Espiritu Santo, na nagbibigay ng pananalita" (2 Nephi 28:4; tingnan din sa 3 Nephi 29:6; Mormon 9:7–8). Pero maraming tao ang nagnanais pa rin ng mga espirituwal na bagay. Kapag natuto kang tumanggap ng personal na paghahayag, magtuturo ka nang may kapangyarihan at awtoridad (tingnan sa Alma 17:3) dahil bibigyan ka ng Espiritu Santo ng kapangyarihang magsalita (tingnan sa 1 Nephi 10:22).

Kailangang hangarin at tanggapin mo ang personal na paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo sa pagtulong mo sa mga tao na mabinyagan at makumpirma. Manampalataya na ikaw ay tatanggap ng personal na paghahayag para gabayan ka araw-araw. Tutulungan ka ng Espiritu Santo sa bawat aspeto ng gawain mo.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Sa katapusan ng patotoo ni Moroni, nagsulat siya ng "ilang pangungusap sa paraan ng pagpapayo" (Moroni 10:2). Basahin ang Moroni 10 at isulat sa iyong sariling mga salita ang ipinapayo ni Moroni na gawin ng mga mambabasa ng Aklat ni Mormon. (Ibig sabihin ng *magpayo* ay maghikayat nang matindi o himukin ang isang tao na gumawa ng isang bagay.)

## Ang Liwanag ni Cristo

Ang isang tao ay may kakayahang tumanggap ng espirituwal na gabay bago mabinyagan at makumpirma. Nagsisimula ang espritiwal na impluwensiyang ito sa liwanag ni Cristo, na "ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama" (Moroni 7:16; tingnan din sa mga talata 14–19).

Ang Liwanag ni Cristo ay "[b]anal na lakas, kapangyarihan, o impluho na nanggagaling sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo at nagbibigay ng buhay at ilaw sa lahat ng bagay. Ito ang batas kung saan ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan sa langit at sa lupa. Tinutulungan din nito ang mga tao na maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at tinutulungang ilagay sila sa daan ng ebanghelyo na naghahatid sa kaligtasan.

"Ang Ilaw ni Cristo ay hindi dapat ipagkamali sa Espiritu Santo. Ang ilaw ni Cristo ay hindi tao. Ito ay isang impluho na nanggagaling sa Diyos at naghahanda sa isang tao na matanggap ang Espiritu Santo. Ito ay isang impluho para sa kabutihan sa buhay ng lahat ng tao.

"Isang patunay na ang budhi ang ilaw ni Cristo, na tumutulong sa isang tao na pumili sa tama at mali. Habang natututo ang tao tungkol sa ebanghelyo, ang kanilang budhi ay lalong nagiging madaling makaramdam. Ang mga taong nakikinig sa ilaw ni Cristo ay naaakay sa ebanghelyo ni Jesucristo" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilaw, Liwanag ni Cristo," 79–80; tingnan din sa D at T 84:46–47).

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, "Mahalaga para sa . . . misyonero . . . na malamang kumikilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng Liwanag ni Cristo. Ang guro ng mga katotohanan ng ebanghelyo ay hindi nagtatanim ng isang bagay na kakaiba o bago sa isang matanda o bata. Sa halip, ang misyonero o guro ay nakikipag-ugnayan sa Espiritu ni Cristo na naroroon na. Ang ebanghelyo ay nagiging pamilyar na sa kanila" ("The Light of Christ," mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 22, 2004, 2).

Mga Tala

## Ang Espiritu Santo

**Ang personahe ng Espiritu Santo.** Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay isang katauhang espiritu at walang katawang laman at mga buto (tingnan sa D at T 130:22). Siya ang Mang-aaliw, na siyang ipinangako ng Tagapagligtas na magtuturo sa Kanyang mga tagasunod sa lahat ng bagay at magpapaalala sa kanila ng lahat ng bagay na itinuro Niya sa kanila (tingnan sa Juan 14:26).

**Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.** Ang natanggap na patotoo ng mga investigator bago sila binyagan ay dumating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. "Maaaring dumating ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa tao bago ang pagbibinyag, at sumasaksi na ang ebanghelyo ay totoo" (Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo"). Binibigyan nito ang tao ng patotoo kay Jesucristo at sa kanyang gawain at sa gawain ng kanyang mga tagapaglingkod sa mundo. Ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa katotohanan. Malalaman ng lahat ng tao ang katotohanan ng Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5).

**Ang kaloob na Espiritu Santo.** Ang mga investigator na nakatatanggap ng patotoo ay wala pa ng ipinangakong palagiang pakikisama ng Espiritu Santo. Sabi ni Joseph Smith: "Magkaiba ang Espiritu Santo at ang kaloob na Espiritu Santo. Natanggap ni Cornelio ang Espiritu Santo bago siya nabinyagan, na isang nakakukumbinsing kapangyarihan ng Diyos sa kanya tungkol sa katotohanan ng Ebanghelyo, pero natanggap lamang niya ang kaloob na Espiritu Santo noong siya ay binyagan. Kung hindi niya tinanggap ang palatandaan o ordenansang ito, ang Espiritu Santo na nanghikayat sa kanya ng katotohanan ng Diyos, ay lumisan na sana sa kanya" (*History of the Church*, 4:555).

"... ang karapatang makasama sa tuwina ang Espiritu Santo, sa tuwing karapat-dapat ang isang tao, ay kaloob na matatanggap lamang sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng maytaglay ng Melchizedek Priesthood matapos ang awtorisadong binyag sa totoong Simbahan ni Jesucristo (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo").

> *"Dumarating ang Kaloob na Espiritu Santo matapos magsisi at maging karapat-dapat ang isang tao. . . . Ang Espiritu Santo ay sumasaksi sa katotohanan at ikinikintal na mabuti sa kaluluwa ang katotohanan ng Diyos Ama at ng Anak na si Jesucristo kung kaya't walang kapangyarihan o awtoridad sa lupa na makapaghihiwalay sa kanya mula sa kaalamang iyon."*
>
> – PANGULONG JAMES E. FAUST
> "THE GIFT OF THE HOLY GHOST—A SURE COMPASS," *ENSIGN*, ABR. 1996, 4.

Bilang miyembro ng Simbahan, natanggap mo ang Kaloob na Espiritu Santo mula sa maytaglay ng priesthood. Ang kaloob na ito ang nagbibigay karapatan sa iyo sa palagiang pakikisama ng Espiritu Santo basta't nananatili kang karapat-dapat. Manalangin at hingin ang patnubay ng Espiritu Santo, at masigasig na sundin ang mga panghihikayat na tinatanggap mo.

**Ang Banal na Espiritu ng Pangako.** Ang Espiritu Santo ay tinutukoy din bilang Banal na Espiritu ng Pangako (tingnan sa D at T 88:3). Ang ibig sabihin ng mabuklod sa Banal na Espiritu ng Pangako ay pinagtitibay ng Espiritu Santo na ang mabubuting gawa,

Mga Tala

ordenansa, at tipan ay karapat-dapat sa Diyos. Ang Banal na Espiritu ng Pangako ay nagpapatotoo sa Ama na ang mga nakapagliligtas na ordenansa ay naisagawa nang wasto at ang mga tipan na kaakibat nito ay tinupad. Tinatanggap ng mga nabuklod sa Banal na Espiritu ng Pangako ang lahat ng mayroon ang Ama (tingnan sa D at T 76:51–60; Mga Taga Efeso 1:13–14). Ang lahat ng mga tipan at pagsasagawa ay dapat mabuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako para maging mabisa pagkatapos ng kamatayan (tingnan sa D at T 132:7, 18–19, 26). Maaaring makalag ang pagkakabuklod kapag nilabag ang mga tipan.

**Mga Kaloob ng Espiritu.** Ang mga kaloob ng Espiritu ay natatanging espirituwal na pagpapala na ibinibigay ng Panginoon sa karapat-dapat na mga tao para sa kanilang kapakinabangan at para magamit nila sa pagpapala sa iba. Halimbawa, ang mga misyonero na kailangang matuto ng bagong wika ay maaaring matanggap ang kaloob na mga wika para mabigyan sila ng banal na tulong sa pag-aaral ng wika. Ang ilang kaloob ng Espiritu ay inilarawan sa Moroni 10:8–18; Doktrina at mga Tipan 46:11–33; at I Mga Taga Corinto 12:1–12. Ito ay ilan lamang sa mga halimbawa ng maraming kaloob ng Espiritu. Maaaring pagpalain ka ng Panginoon sa ibang paraan ayon sa iyong pananampalataya, pangangailangan, at sa pangangailangan ng iyong mga pinaglilingkuran. Dapat mong hangarin ang mga espirituwal na kaloob at taimtim na hanapin ang mga ito (tingnan sa D at T 46:8; I Mga Taga Corinto 12:31; 14:1, 12). Ang mga kaloob na ito ay dumarating sa pamamagitan ng panalangin, pananampalataya, at mga gawa, ayon sa kagustuhan ng Diyos (tingnan sa D at T 63:9–12; 84:64–73).

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Basahin ang mga reperensiya sa ibaba:

- Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Espiritu Santo,” “Ilaw, Liwanag ni Cristo,” at “Espiritu.”
- *Our Search for Happiness*, 84–86, 91–92.
- *True to the Faith*, “Holy Ghost,” 81–84, at “Spiritual Gifts,” 165–167.

Sumulat ng paglalarawan ng katangian at ginagampanan ng Espiritu Santo.

Basahin ang Mga Gawa 4:23–33.

- Paano hinangad nina Pedro at Juan ang mga espirituwal na kaloob?
- Paano sinagot ng Panginoon ang kanilang mga dalangin?
- Ano ang matututuhan mo mula sa karanasang ito tungkol sa sarili mong gawain?

## Ang Kapangyarihan ng Espiritu sa Conversion o Pagbabalik-loob

Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay mahalaga sa pagbabalik-loob. Sikaping unawain ang doktrina ng pagbabalik-loob at gayundin ang karanasan ng pagbabalik-loob. Ipinaliwanag ni Elder Boyd K. Packer ang mahalagang tungkulin ng Espiritu sa pagbabalik-loob:


“Kapag nagaganap ang pagbabalik-loob, ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Para magtagumpay sa gawaing misyonero, ang tatlong bagay na ito ay dapat maganap:

“Kailangan nating maunawaan ang dapat madama ng investigator para matanggap ang pagbabalik-loob.

Mga Tala

"Kailangan nating maunawaan ang dapat madama ng misyonero para makapagturo na taglay ang kapangyarihan na magpabalik-loob mula sa Diyos.

"At pagkatapos kailangan nating maunawaan ang dapat madama ng miyembro para maging tunay na kabahagi ng nararanasang pagbabalik-loob" (kumperensya ng mga mission president, Abr. 3, 1985).



Kapag mas nauunawaan mo ang nadarama ng mga investigator, misyonero, at miyembro kapag natatanggap nila ang pagsaksi ng Espiritu, mas mauunawaan mo ang ginagampanan mo na:

- Espirituwal na magpalakas at liwanagin ang iyong isipan habang sinasaliksik mo ang mga banal na kasulatan at itinuturo ang doktrina.
- Kapag nagtuturo ka lumikha ng kapaligiran kung saan makapagbibigay-saksi ang Espiritu Santo. Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapatotoo sa mensahe ng Panunumbalik. Magturo ayon sa paggabay ng Espiritu, at magpatotoo na alam mo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang itinuturo mo ay totoo.
- Sundin ang paggabay ng Espiritu para maiakma ang mensahe sa pangangailangan ng bawat tao.
- Hikayatin ang mga tao na kumilos. Lalago ang kanilang pananampalataya habang sila'y nagsisisi, sumusunod sa mga kautusan, at gumagawa at tumutupad ng mga tipan.

Nagsalita si Elder Ballard tungkol sa kapangyarihan ng Espiritu: "Ang tunay na pagbabalik-loob ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Kapag naaantig ng Espiritu ang puso, ang mga puso ay nagbabago. Kapag . . . nadama ng mga indibiduwal na pinupukaw sila ng Espiritu, o kapag nakasaksi sila ng pagmamahal at awa ng Panginoon sa kanilang buhay, naliliwanagan sila at espirituwal na lumalakas at lumalago ang pananampalataya nila sa Kanya. Kusang dumarating ang mga espirituwal na karanasang ito sa pagkilos ng Espiritu kapag ang tao ay handang sumubok sa salita. Ito ang paraan para *madama* natin na ang ebanghelyo ay totoo" ("Panahon Na," *Liahona*, Ene. 2001, 89).

Ang Espiritu Santo ay kumikilos sa puso ng mga tao para magdulot ng mga pagbabagong ito. Habang pinipili ng mga tao na sundin ang mga kautusan, lalo nilang madarama ang kapangyarihan ng Espiritu Santo at magkakaroon ng pananampalatayang sundin si Cristo. Samakatuwid, dapat mong tulungan ang mga taong tinuturuan mo na lumago sa pananampalataya sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang magsisi at gumawa at sumunod sa mga kautusan.

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

- Basahin ang isa o dalawa sa mga talatang ito, at isiping mabuti kung ano ang dapat madama ng investigator para magbalik-loob. Isulat ang iyong nadarama at impresyon sa iyong study journal. Talakayin ang iyong mga ideya sa ibang mga misyonero at miyembro.

  2 Nephi 4:16–35; Enos 1; Mosias 4–5; 18:7–14; 27–28; Alma 5; 17–22; 32; 36; 38

- Basahin ang isa o dalawa sa mga talatang ito at isiping mabuti kung ano ang dapat mong madama bilang misyonero at bilang miyembro para makapagturo nang may kapangyarihang magpabalik-loob. Isulat ang iyong nadarama at impresyon sa iyong study journal. Talakayin ang iyong mga ideya sa ibang mga misyonero at miyembro.

  1 Nephi 8:11–12; Mosias 28:1–4; Alma 26; 29; 31:26–38; 32; Moroni 7:43–48; D at T 4; 18:10–16; 50:21–22

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang itunuturo ng mga banal na kasulatang ito tungkol sa kapangyarihan ng Espiritu sa gawain mo?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 33:1–2 | D at T 50:13–22 | I Mga Taga Corinto 2:11–14 |
| D at T 42:11–17 | Mga Gawa 2:37–38 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabalik-loob, Magbalik-loob" |

**Ano ang magagawa mo para madama ang kapangyarihan ng Espiritu sa iyong gawain?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 32:27–28 | D at T 42:14 | Juan 7:17 |

**Bakit mahalaga na ituro ang nalalaman at pinaniniwalaan mo?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 5:43–47 | D at T 52:9 | D at T 80:4 |


## Manalangin nang may Pananampalataya

Makapagtuturo ka sa pamamaraan ng Panginoon sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Espiritu, at matatanggap mo ang Espiritu sa pananalangin nang may pananampalataya. Sabi ng Panginoon, "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:14)). Sa pananalangin mo na tulungan ka sa iyong pagtuturo, dadalhin ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ang iyong itinuturo "sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1).

Inilarawan ni Pangulong Hinckley ang alituntuning ito sa pagsasalaysay ng naranasan niya sa misyon:

"Lagi kong naaalala ang dalawang binatang naglingkod sa misyon ko. Ang isa ay kilalang tao. Mataas ang pinag-aralan niya. Matalino siya. Mabilis siya. Medyo may kayabangan. Ang isa naman ay pintor ng mga karatula. Mula siya sa gawaan ng karatula at di gaanong nakapag-aral, pero alam niya ang mga kakulangan niya at umasa sa Panginoon. Kapag siya'y nagdarasal, alam mong nakikipag-usap siya sa Panginoon. Hindi iyon sauladong dasal, kundi isang pakikipag-usap. At ang binatang iyon ay nakagawa ng mga kagila-gilalas na bagay samantalang ang isa ay basta gumawa nang walang dahilan. Ang kapangyarihan na taglay ng isa at ang kawalan ng kapangyarihan nung isa pa ay kitang-kita. Tumawag sa Panginoon. Ibinigay Niya ang paanyaya, at Siya ay sasagot" (*Teachings of Gordon B. Hinckley* [1997], 469).

Mga Tala



Sikaping manalangin nang tapat, nang may tunay na layunin, at nang "buong lakas ng puso" (Moroni 7:48). Kailangan ng pagpupunyagi para maging epektibo ang panalangin (tingnan sa Moroni 10:3–4; D at T 8:10; 9:7). Pag-isipang mabuti ang iyong saloobin at ang mga salitang gamit mo. Isaisip ang sumusunod kapag ika'y nananalangin:

- Gamitin ang wika ng panalangin, na nagpapakitang minamahal at iginagalang mo ang iyong Ama sa Langit. Gumamit ng maayos at magalang na mga salita anuman ang wikang gamit mo. Halimbawa, gamitin ang mga panghalip na nasa banal na kasulatan na *Inyo, Kayo,* at *Ninyo*.
- Laging pasalamatan ang mga biyayang natatanggap mo. Ang kusang pagsisikap na magpasalamat ay makatutulong para madama mo kung gaano kamaawain ang Panginoon sa iyong buhay.
- Partikular na idalangin ang paggabay at pagtulong ng Espiritu Santo. Ipakita na pinahahalagahan mo ang mga biyayang ito sa pamamagitan ng pagiging sensitibo at pagkilala sa mga espirituwal na paramdam. Pagkatapos ay lakas-loob na sundin ang mga paramdam na iyon.
- Manalangin nang may pagmamahal at pag-ibig sa kapwa. Banggitin ang pangalan ng mga taong ipinagdarasal mo. Humingi ng inspirasyon na tulungan kang unawain at tugunan ang kanilang pangangailangan. Ipanalangin ang kapakanan ng mga tinuturuan, investigator, bagong binyag, at di gaanong aktibong miyembro. Ipanalangin ang mga miyembro at mga lider ng priesthood at auxilliary sa inyong lugar. Ipanalangin ang iyong pamilya na nasa tahanan. Ipanalangin ang iyong kompanyon, ibang mga misyonero, at iyong mission president. Manalangin para malaman kung paano mo matutulungan ang iba, at maghandang magsakripisyo alang-alang sa kanila.

*"Tuwing umaga . . . , dapat lumuhod ang mga misyonero at magsumamo sa Panginoon na kalagan ang kanilang mga dila at magsalita sa pamamagitan nila para mapagpala ang mga taong tuturuan nila. Sa gayon, bagong liwanag ang darating sa kanilang buhay. Sisigla sila sa gawain. Malalaman nila na sila'y tunay na mga alagad ng Panginoon, na nagsasalita para sa Kanya. Makakakita sila ng kakaibang pagtugon sa mga tinuturuan nila. Sa paggawa niyon ayon sa Espiritu, tutugon ang kanilang mga tinuturuan sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu ring iyon."*

—PANGULONG GORDON B. HINCKLEY
"PAGLILINGKOD NG MISYONERO," *UNANG PANDAIGDIGANG PULONG SA PAGSASANAY SA PAMUMUNO,* 11 ENE. 2003, 23.

Mga Tala

- Ipanalangin na ipakita sa iyo kung saan pupunta at ano ang gagawin. Ipanalangin na dalhin ka sa mga taong handang tumanggap ng mensahe ng Panunumbalik. Ipanalangin na makilala mo sila.
- Tanggapin na mas alam ng Ama sa Langit kung ano ang kailangan mo. Umasa sa Espiritu para malaman kung ano ang dapat mong ipanalangin (tingnan sa 3 Nephi 19:24; D at T 46:28, 30).
- Sa mga panalangin mo sa gabi, sabihin sa Panginooon ang mga nagawa mo sa maghapon. Pagkatapos ay sabihin sa Kanya ang plano mo sa susunod na araw. Pakinggan ang mga panghihikayat ng Espiritu.
- Ipanalanging madaig ang tukso. Ang pagpapatangay sa mga tukso ay humahadlang sa Espiritu.
- Manalangin, kapag naaangkop, mag-ayuno para sa natatanging mga biyaya.
- Ipanalangin at pag-isipang mabuti ang mga banal na kasulatan. Ang mga banal na kasulatan ang tumutulong para matanggap ang paghahayag.
- Maniwalang sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin. Tanggapin na ang pag-iisip ng Diyos ay hindi mo pag-iisip (tingnan sa Isaias 55:8–9), at magtiwala sa Diyos na sasagutin Niya ang iyong mga panalangin sa Kanyang sariling paraan at oras.

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral

Isiping mabuti ang mga paghahayag na ito tungkol sa taimtim na panalangin:

"Ang problema sa karamihan sa ating mga dasal ay ginagawa natin ito na parang dinadampot lang natin ang telepono at umoorder ng paninda—umoorder tayo at ibinababa ang telepono. Kailangan nating magmuni, magnilay, pag-isipan kung ano at para kanino ang ipinagdarasal natin at pagkatapos ay makipag-usap sa Panginoon tulad ng pakikipag-usap sa isang tao" (Gordon B. Hinckley, *Teachings of Gordon B. Hinckley*, 469).

"Kung ang panalangin ay isa lamang biglaang pagtawag sa oras ng krisis, ito ay lubos na kasakiman, at iniisip natin na ang Diyos ay tagapagkumpuni o ahensyang pangserbisyo lamang na tutulong sa atin sa biglaang pangangailangan. Dapat nating alalahanin palagi ang Kataas-taasan sa gabi't araw—palagi—hindi lang sa oras na wala na tayong ibang mahingan ng tulong na kailangang-kailangan natin" (Howard W. Hunter, *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams [1997], 39).

Gamit ang sumusunod na sukatan, suriin ang iyong mga panalangin nang sarilinan. Sa iyong study journal, isulat ang mga sagot sa tanong na tulad nito: Nasaan ka sa sukatan na ito? Saan mo gustong malagay sa sukatan? Paano ka magbabago?

| | Hindi nagagawa — Medyo nagagawa — Nagagawa | |
|---|---|---|
| Mahinang pananampalataya kay Cristo | ◄ - - - - ► | Malakas na pananampalataya kay Cristo |
| Hindi mapagpasalamat | ◄ - - - - ► | Puno ng pasasalamat |
| Hindi nakapokus ang isipan sa gawain | ◄ - - - - ► | Nakapokus ang isipan sa gawain |
| Walang kaugnayan ang mga dasal ko sa ginagawa ko | ◄ - - - - ► | Makikita sa ginagawa ko ang mga ipinagdarasal ko |
| Paulit-ulit | ◄ - - - - ► | Nakapokus sa mga pangangailangan ngayon |

Mga Tala

| | | |
|---|---|---|
| Matamlay ang nararamdaman | ◄ - - - ► | Nakapagpapasigla, nakapananariwa |
| Nakapokus sa maruming kaisipan | ◄ - - - ► | Nakapokus sa dalisay na kaisipan |
| Sarili lamang ang iniisip | ◄ - - - ► | Iniisip ang ibang tao |
| Panglahatan, hindi tiyak | ◄ - - - ► | Tiyak, hindi panglahatan |
| Wala ang Espiritu | ◄ - - - ► | Ginagabayan ng Espiritu ang panalangin |
| Hindi nakikita ang mga sagot | ◄ - - - ► | Nagtitiwalang sinasagot ng Diyos ang mga panalangin |

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Bakit kailangan mong manalangin para sa Espiritu?**

2 Nephi 32:8–9
D at T 42:14
D at T 50:13–22

**Ano ang dapat mong ipagdasal?**

Alma 6:6
Alma 13:28
Alma 34:17–27
Alma 37:36–37
3 Nephi 18:20
3 Nephi 19:9
D at T 50:29–30
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin"

## Matutuhang Makilala ang mga Panghihikayat ng Espiritu

Ang Espiritu ay laging nariyan para gabayan at tagubilinan ka. Gayunpaman, mahina ang pagsasalita ng Espiritu, sa pamamagitan ng iyong nadarama gayundin sa naiisip mo. Isang malaking hamon sa iyo at sa mga kasama mong naglilingkod na makilala ang tahimik at banayad na panghihikayat ng Espiritu Santo.

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer: "Ang tinig ng Espiritu ay inilalarawan sa banal na kasulatan na hindi 'malakas' ni 'garalgal.' 'Hindi ito tinig ng kulog, ni tunog man ng napakalakas na ingay.' Kundi sa halip ay 'tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan, wari'y isang bulong,' at ito ay tumagos maging sa buong kaluluwa at 'nagpaalab sa kanilang [puso].' (3 Nephi 11:3; Hel. 5:30; D at T 85:6–7.) Tandaan na nalaman ni Elias na ang tinig ng Panginoon ay wala sa hangin, ni sa lindol, ni sa apoy, kundi isang 'marahang bulong na tinig.' (I Mga Hari 19:12.)

"Hindi sumisigaw o hindi tayo niyuyugyog ng Espiritu para makuha ang atensyon natin. Sa halip ito'y bumubulong. Marahan ang haplos nito kaya't kung tayo'y abala maaaring hindi natin ito mapansin. (Kaya pala sa atin inihayag ang Word of Wisdom, dahil paano madarama ng taong lasenggo o adik ang gayong tinig?)

"Paminsan-minsan inaantig tayo nito para makinig tayo. Pero kadalasan, kung hindi natin pakikinggan ang banayad na damdamin, lalayo ang Espiritu at maghihintay hanggang sa hangarin at pakinggan at sabihin natin, tulad ni Samuel noong unang panahon, 'Magsalita ka [Panginoon], sapagka't dinirinig ng iyong lingkod.' " (I Sam. 3:10.) ("The Candle of the Lord," *Ensign*, Ene. 1983, 53).

Maraming tinig sa mundo ang nag-uunahang umakit sa iyong atensyon, at madali nilang matatabunan ang mga espirituwal na impresyon kung hindi ka maingat.

Mga Tala

## Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon

Pag-aralan ang table na ito. Isipin ang mga pagkakataon kung saan naranasan mo ang alinman sa damdamin, kaisipan, o impresyong nakalarawan sa mga talata sa ibaba. Habang nag-aaral ka at nagtatamo ng karanasan, magdagdag ng iba pang mga talata sa listahang ito. Isipin kung paano magagamit ang mga alituntuning ito para tulungan ang iba na madama at makilala ang Espiritu.

| | |
|---|---|
| D at T 6:23; 11:12–14; Mga Taga Roma 15:13; Mga Taga Galacia 5:22–23 | Nagdudulot ng damdamin ng pagmamahal, galak, katahimikan, tiyaga, kababaang-loob, kahinahunan, pananampalataya, at pag-asa. |
| D at T 8:2–3 | Nagbibigay ng mga ideya sa isipan, damdamin sa puso. |
| D at T 128:1 | Inookupa ang isipan at iniimpluwensiyahan ang damdamin. |
| Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–12 | Tumutulong upang magkaroon ng matinding epekto ang mga banal na kasulatan. |
| D at T 9:8–9 | Nagdudulot ng magandang damdamin para ituro kung totoo ang isang bagay. |
| Alma 32:28; D at T 6:14–15; I Mga Taga Corinto 2:9–11 | Pinagliliwanag ang isipan. |
| Alma 19:6 | Pinapalitan ng liwanag ang kadiliman. |
| Mosias 5:2–5 | Pinalalakas ang hangaring iwasan ang masama at sundin ang mga kautusan. |
| Juan 14:26 | Nagtuturo ng katotohanan at ipinaaalala ito. |
| Juan 14:27 | Nagdudulot ng damdamin ng kapayapaan at kaaliwan. |
| Juan 16:13 | Umaakay sa katotohanan at ipinakikita ang mga bagay na magaganap. |
| Moroni 10:5 | Ipinahahayag ang katotohanan. |
| D at T 45:57 | Gumagabay at nagpoprotekta mula sa panlilinlang. |
| 2 Nephi 31:18; D at T 20:27; Juan 16:14 | Niluluwalhati at pinatototohanan ang Diyos Ama at si Jesucristo. |
| D at T 42:16; 84:85; 100:5–8; Lucas 2:11–12 | Ginagabayan ang mga salita ng mapagpakumbabang mga guro. |
| Juan 16:8 | Tinatanggap at itinatama ang mga kasalanan. |
| Moroni 10:8–17; D at T 46:8–26; I Mga Taga Corinto 12 | Nagbibigay ng mga kaloob ng Espiritu. |
| Alma 10:17; 12:3; 18:16, 20, 32, 35; D at T 63:41 | Tumutulong na madama at maunawaan ang mga iniisip ng iba. |
| D at T 46:30; 50:29–30 | Sinasabi kung ano ang ipagdarasal. |
| 2 Nephi 32:1–5; D at T 28:15 | Sinasabi kung ano ang gagawin. |
| 1 Nephi 10:22; Alma 18:35 | Tinutulungan ang mabubuti na magsalita nang may kapangyarihan at awtoridad. |
| D at T 21:9; 100:8; Juan 15:26 | Nagpapatotoo sa katotohanan. |
| 2 Nephi 31:17; Alma 13:12; 3 Nephi 27:20 | Nagpapabanal at nagdudulot ng kapatawaran ng mga kasalanan. |
| 1 Nephi 2:16–17; 2 Nephi 33:1; Alma 24:8 | Naghahatid ng katotohanan sa puso ng nakikinig. |
| 1 Nephi 1:1–3; Exodo 31:3–5 | Nagpapahusay ng mga kasanayan at kakayahan. |
| 1 Nephi 7:15; 2 Nephi 28:1; 32:7; Alma 14:11; Mormon 3:16; Eter 12:2 | Namimilit (sumusulong) o pinipigil (umuurong). |
| D at T 50:13–22 | Pinasisigla kapwa ang guro at mga estudyante. |
| D at T 88:3; Juan 14:26 | Nagbibigay-aliw. |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Mga Tala

Bilang sagot sa mga tanong na, "Paano natin makikilala ang mga panghihikayat ng Espiritu?" Binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Moroni 7:13, 16–17 at pagkatapos ay sinabi: "Iyan ang pagsubok, matapos ang lahat. Hinihikayat ba nito ang isang tao na gumawa ng mabuti, bumangon, manindigan, gawin ang tama, maging mabait, maging bukas-palad? Kung gayon ito ay sa Espiritu ng Diyos. . . .

"Kung ito ay nanghihikayat na gumawa ng mabuti, ito ay sa Diyos. Kung ito ay nanghihikayat na gumawa ng masama, ito ay sa diyablo. . . . At kung ginagawa mo ang tama at namumuhay nang tama, malalaman mo sa iyong puso kung ano ang sinasabi sa iyo ng Espiritu.

"Makikilala mo ang mga panghihikayat ng Espiritu sa pamamagitan ng mga bunga ng Espiritu—yaong nagbibigay-liwanag, yaong nagpapalakas, yaong positibo at sinasang-ayunan at nagbibigay-inspirasyon at umaakay sa atin sa mas mabubuting kaisipan at salita at gawa ay sa Espiritu ng Diyos" (*Teachings of Gordon B. Hinckley*, 260–61).

Sinasagot ng Diyos ang iyong mga dasal sa pamamagitan ng personal na inspirasyon at paghahayag. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay gagabayan ka Niya sa paghanap ng mga tao, sa pagtuturo mo ng ipinanumbalik na ebanghelyo, at sa pagpapalakas mo ng mga di-gaanong aktibong miyembro at mga bagong binyag. Ang iyong gawain ay mamuhay nang karapat-dapat, manalangin nang taimtim, at matutong kilalanin at lakas-loob na sundin ang paggabay ng Espiritu.

## Pag-asa sa Espiritu

Bilang tagapaglingkod ng Panginoon, kailangang gawin mo ang Kanyang gawain sa Kanyang pamamaraan at Kanyang kapangyarihan. Tiwala ang ilang misyonero na alam nila kung paano magtagumpay. Ang ilan ay kulang sa gayong tiwala. Gayunman, tandaan na ang iyong tiwala at pananampalataya ay dapat na kay Cristo, hindi sa sarili mo. Umasa sa Espiritu sa halip na sa iyong sariling mga talento at kakayahan. Magtiwala na gagabayan ka ng Espiritu sa bawat aspeto ng iyong gawain. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang Espiritu ay mahalaga sa pagtuturo at pangangaral:

"Walang makapangangaral ng Ebanghelyo kung wala ang Espiritu Santo" (*History of the Church*, 2:477).

"Ang ilan ay tinawag at naorden sa Espiritu ng paghahayag at propesiya, at nagsimulang mangaral habang ibinibigay ng Espiritu ang kanilang sasabihin, at bagamat mahina, sila ay napalakas ng kapangyarihan ng Diyos" (*History of the Church*, 4:538).

"Si [Joseph Smith] ay nagbigay ng tagubilin sa mga Elder tungkol sa pangangaral ng Ebanghelyo, at binigyang-diin sa kanila ang kahalagahan ng pagtatamo ng Espiritu, upang makapangaral sila taglay ang Espiritu Santong isinugo mula sa langit" (*History of the Church*, 4:13).

Sa iyong lingguhan at araw-araw na pagpaplano, kailangan mong itanong ang ilang pangunahing tanong araw-araw—o maraming beses sa bawat araw (tingnan ang kasunod na Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan para sa halimbawa ng mga tanong). Hingin ang inspirasyon para masagot ang mga tanong na ito sa paraang tutugon sa bawat sitwasyon. Dapat gamitin ang mga sagot sa mga plano mo. Pero dapat handa ka ring sundin ang Espiritu at baguhin ang mga plano mo kapag may mga dumarating na pagkakataong hindi mo nakinita noon.

Pag-aralan ang sumusunod na mga banal na kasulatan at isipin kung paano masasagot ng mga ito ang mahahalagang tanong na dapat itanong sa bawat araw. Isipin kung ano ang ibig sabihin ng mga talatang ito sa paghahanap mo ng tuturuan, pagpaplano, at

Mga Tala

personal at magkompanyon na pag-aaral. Isipin din ang kahulugan ng mga ito habang itinuturo mo ang mga lesson, iniimbita ang mga tao na gumawa ng mga pangako, nagpa-follow up tungkol sa mga pangako, pinatatatag ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibo, at nakikipagtulungan sa mga miyembro.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Saan ako dapat pumunta?**

| | |
|---|---|
| Helaman 10:7 | D at T 75:26–27 |
| D at T 31:11 | D at T 79:1–2 |

**Ano ang dapat kong gawin?**

| | |
|---|---|
| 1 Nephi 4:6 | D at T 28:15 |
| 2 Nephi 32:2–5 | D at T 52:3–4 |

**Ano ang dapat kong sabihin?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 33:1 | D at T 33:8–10 | Mateo 10:19–20 |
| Alma 5:43–46 | D at T 50:13–22 | Marcos 13:11 |
| Alma 11:22 | D at T 68:1–4 | I Mga Taga Corinto 2:4–5, 12–13 |
| Helaman 5:18 | D at T 75:3–11 | Exodo 4:10–12 |
| Helaman 13:3–5 | D at T 100:5–8 | |

**Paano ko maiaakma ang pagtuturo ko sa pangangailangan ng aking mga investigator?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 12:7 | 3 Nephi 17:2–3 | D at T 84:85 |
| Alma 41:1 | D at T 71:1 | |

**Aling banal na kasulatan ang dapat kong gamitin at paano ko dapat gamitin ang mga ito?**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 18:19–20 | D at T 32:4 | D at T 71:1 |
| Mosias 27:35 | D at T 42:11–17 | D at T 80:4 |
| D at T 18:32–36 | D at T 68:1–4 | Lucas 24:13–32 |

## Isang Babala

Habang nananalangin ka para sa inspirasyon, dapat mo ring alamin talaga ang iyong damdamin. Halimbawa, ihambing ang iyong mga desisyon sa mga banal na kasulatan at sa turo ng mga buhay na propeta. Tiyakin na ang nadarama mo ay akma sa tungkulin mo; halimbawa, hindi ka tatanggap ng paghahayag na sabihin sa lokal na bishop kung paano niya gagampanan ang kanyang tungkulin. Talakayin ang iyong mga desisyon at konklusyon sa iyong kompanyon, district leader, o mission president kung naaangkop.

Ibinigay ni Pangulong Howard W. Hunter ang payo na ito: "Hayaan ninyong bigyan ko kayo ng isang babala. . . . Palagay ko kung hindi tayo mag-iingat . . . , sisimulan nating subukan na tularan ang tunay na impluwensiya ng Espiritu ng Panginoon sa di karapat-dapat at mapandayang paraan. Nag-aalala ako kapag parang itinuturing na pagtataglay ng Espiritu ang matinding damdamin o malayang pagdaloy ng luha. Totoong ang Espiritu ng Panginoon ay makapagdudulot ng matitinding damdamin, kasama na ang mga pagluha, ngunit hindi dapat ipagkamali ang panlabas na manipestasyong iyon sa presensya mismo ng Espiritu" (*The Teachings of Howard W. Hunter*, 184). Ang Espiritu ng Panginoon ay lagi nang nagbibigay-sigla.

Mga Tala

Ang paghahayag at mga espirituwal na karanasan ay sagrado. Dapat itong panatilihing pribado at pag-usapan lamang sa angkop na mga sitwasyon. Bilang misyonero, maaaring mas marami kang alam na espirituwal na karanasan ngayon kaysa noon. Labanan ang tuksong sabihin nang hayagan ang tungkol sa mga karanasang ito.

Ipinayo ni Elder Boyd K. Packer: "Natutuhan ko na ang masidhi, kagila-gilalas na espirituwal na mga karanasan ay di madalas na dumarating sa atin. At kung dumating man ang mga ito, karaniwang ito ay para pasiglahin, tagubilinan, o itama tayo. Maliban kung tayo ay tinawag ng tamang awtoridad na gawin iyon, wala tayong karapatan na payuhan o itama ang iba.

"Naniniwala rin ako na hindi makabubuting patuloy na magsalita tungkol sa di-pangkaraniwang espirituwal na karanasan. Dapat ingatan itong mabuti at ibahagi lamang kapag hinihikayat mismo ng Espiritu na gamitin ito para pagpalain ang iba" (*Ensign*, Ene. 1983, 53).

> *"Kung tayo ay karapat-dapat, may karapatan tayong tumanggap ng mga paghahayag para sa ating sarili, ang mga magulang para sa kanilang mga anak, at ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga tungkulin. Ngunit ang karapatang makatanggap ng paghahayag para sa iba ay hindi natin saklaw."*
>
> —PANGULONG JAMES E. FAUST
> "PAKIKIPAG-UGNAYAN SA ESPIRITU SANTO,"
> *LIAHONA*, MAR. 2002, 4

## Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

Ang pag-asa sa Espiritu ay napakahalaga kung kaya't binabalaan tayong mabuti ng Panginoon na huwag itatwa o supilin ang Espiritu. Ano ang natutuhan mo mula sa sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan?

| | | |
|---|---|---|
| Jacob 6:8–9 | Mormon 9:7–9 | D at T 11:25–26 |
| 3 Nephi 29:5–6 | Moroni 10:7–8 | I Mga Taga Tesalonica 5:19–20 |

## Tandaan Ito

- Manalangin nang may pananampalataya upang sagutin ang iyong mga panalangin.
- Pag-aralang unawain, kilalanin, at sundin ang mga panghihikayat ng Espiritu.
- Matutong umasa sa Espiritu para ipakita sa iyo kung saan pupunta, ano ang gagawin, at ano ang sasabihin.
- Turuan ang iba kung paano makikilala ang Espiritu.

Mga Tala

## Mga Ideya na Pag-aaralan at Isasagawa

### Personal na Pag-aaral

- Isulat ang iyong mga espirituwal na karanasan sa iyong journal. Halimbawa, sagutin ang mga tanong tulad ng: Lalo ko bang naunawaan ang mga bagay sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan? Nagkaroon ba ako ng kakaibang oportunidad na makilala ang mga tao na maaari kong bahaginan ng mensahe? Naibigay ba sa akin ang mga salitang sasabihin ko sa oras na kailangan ko ang mga ito? Nakadama ba ako ng matinding pagmamahal sa mga taong nakilala ko? Paano sinagot ang aking mga panalangin?

- Hatiin sa dalawang hanay ang isang pahina. Pamagatan ang isang hanay ng "Ang Ginawa ng Panginoon" at ang isang hanay naman ng "Ang Ginawa ni Lehi o Nephi." Basahin ang kuwento tungkol sa Liahona at ang nabaling busog (1 Nephi 16:9–30) o ang kuwento ng paggawa ni Nephi ng sasakyang-dagat (1 Nephi 17:7–16; 18:1–6). Habang binabasa mo ito, isulat ang mga pangyayari mula sa kuwento sa angkop na hanay. Isipin kung ano ang maituturo sa iyo ng kuwento tungkol sa diwa ng inspirasyon.

- Basahin ang iyong journal at maghanap ng mga pagkakataon kung kailan naakay ka ng Espiritu o nakaranas ka ng paghahayag o ng iba pang kaloob ng Espiritu. Isipin kung kailan, saan, at bakit nangyari ang mga karanasang ito. May ginawa ka ba para maihanda ang sarili mo sa gayong karanasan? Paano naipakita sa karanasang ito ang impluwensiya ng Panginoon? Ano ang nadama mo? Ano ang gagawin mo para magkaroon ng gayunding mga karanasan? Ang pag-alaala sa mga karanasang ito ay makatutulong sa iyo na makilala at matanggap muli ang Espiritu.

- Ang aklat ng Mga Gawa sa Biblia ay tinawag na "Aklat ng Mga Gawa ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga Apostol." Basahin ang mga chapter heading ng aklat ng Mga Gawa at ipaliwanag kung bakit angkop ang pamagat na ito. Humanap ng katibayan na magbibigay-katwiran sa paliwanag mo.

- Pag-aralan at pagnilayin ang sumusunod na payo. Paano ito nauugnay sa iyong pagpo-proselyte sa araw-araw?

  > "Sabihin sa mga kapatid na maging mapagpakumbaba at manampalataya at tiyaking taglay ang Espiritu ng Panginoon, at aakayin sila nito sa tama. Mag-ingat at huwag itaboy ang marahan at banayad na tinig; ituturo nito sa kanila ang gagawin at kung saan pupunta; magbibigay ito ng bunga ng kaharian. Sabihin sa mga kapatid na panatilihing bukas ang kanilang puso sa matibay na paniniwala, upang sa sandaling pumasok ang Espiritu Santo sa kanilang mga puso ay maging handa silang tanggapin ito. Malalaman nila ang kaibhan ng Espiritu ng Panginoon sa ibang mga espiritu—magbubulong ito ng kapayapaan at galak sa kanilang mga kaluluwa; aalisin nito ang malisya, poot, pagtatalo at lahat ng kasamaan sa kanilang mga puso, at ang hahangarin lamang nila ay ang gumawa ng mabuti" (sinipi sa *Juvenile Instructor*, Hulyo 19, 1873, 114).

  Ibinigay ni Propetang Joseph Smith ang payo na ito kay Brigham Young sa panaginip halos tatlong taon mula nang mamatay si Joseph Smith. Kung ikaw ang nasa lugar ni Brigham Young at natanggap mo ang payo na ito, ano ang gagawin mo?

- Pag-aralan ang Alma 33:1–12; 34:17–29, 38. Anong mga tanong ang sinasagot ni Alma? (Rebyuhin ang Alma 33:1–2.) Paano nasagot ni Alma ang mga tanong na ito? Anong mga katiyakan ang ibinigay niya na naririnig at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin?

- Ipinangako ng Panginoon na gagabayan tayo ng Espiritu sa maraming mahahalagang paraan. Sa pagbabasa mo ng sumusunod na mga talata, tukuyin ang mga aspeto ng gawain mo na nangangailangan ng paggabay ng Espiritu. Ano ang ibig

Mga Tala

sabihin ng mga kautusan at pangakong nakapaloob sa sumusunod na mga banal na kasulatan sa iyong personal na pag-aaral o sa pag-aaral ninyo ng kompanyon mo? sa mga district meeting, zone conference, serbisyo ng binyag, at iba pang mga miting?

**Pagdarasal**

| | |
|---|---|
| 3 Nephi 19:24 | D at T 50:30 |
| D at T 46:30 | Mga Taga Roma 8:26 |

**Pangangasiwa ng mga miting**

| | | |
|---|---|---|
| Moroni 6:9 | D at T 20:45 | D at T 46:2 |

**Pagsusulat**

| | | |
|---|---|---|
| D at T 9:9 | D at T 47:4 | D at T 124:4 |
| D at T 24:6 | D at T 104:81 | Moises 6:6 |

- Basahin ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan (kasama ang mga heading sa mga bahaging ito).

| | | |
|---|---|---|
| D at T 60:1–5 | D at T 61:1–4, 21–22 | D at T 62:4–8 |

Sa talatang ito, ano ang pinakamahalaga sa Panginoon?

Ano ang hindi mahalaga sa Panginoon?

Isaisip ang pahayag na ito mula kay Elder Dallin H. Oaks:

"[Ang isang tao ay maaaring may] matinding hangarin na maakay ng Espiritu ng Panginoon ngunit . . . hindi matalinong hangarin iyon kung ang gusto niya'y akayin siya sa *lahat* ng bagay. Ang hangaring maakay ng Panginoon ay isang kalakasan, pero kailangang may kasama itong pang-unawa na hinahayaan ng ating Ama sa Langit na tayo ang magdesisyon sa maraming pagpili natin. Ang pansariling desisyon ay isa sa mga pinagmumulan ng pag-unlad na dapat nating maranasan sa buhay na ito. Ang mga taong nag-iisip na ipabahala ang lahat ng desisyon sa Panginoon at humihingi ng paghahayag sa bawat pagpili ay malalagay sa katayuan na kung saan nagdarasal sila at humihingi ng gabay pero hindi ito natatanggap. Halimbawa, ito'y malamang mangyari sa maraming sitwasyon kung saan madaling gawin ang pagpili o kaya'y katanggap-tanggap ang alinman sa pinagpipilian.

"Dapat nating pag-aralan ito sa ating mga isipan, gamit ang kapangyarihang mag-isip na bigay sa atin ng ating Tagapaglikha. Pagkatapos ay manalangin tayo para sa gabay at kumilos ayon dito kapag natanggap natin ito. Kung hindi tayo makatatanggap ng gabay, kailangang kumilos tayo ayon sa pinakamainam nating paghatol. Ang mga taong pilit na humihingi ng patnubay ng paghahayag sa mga bagay na hindi pinili ng Panginoon para sa atin ay maaaring lumikha ng sagot mula sa sarili nilang pangarap o gusto, o maaaring makatanggap pa sila ng sagot mula sa maling paghahayag" ("Our Strength Can Become our Downfall," *Ensign*, Okt. 1994, 13–14).

Ano ang kaugnayan ng pagsunod sa sarili mong kahatulan at pag-asa sa Espiritu?

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Pag-usapan ang mga panalangin ninyong magkompanyon. Ginagabayan ba ito ng Espiritu Santo? Nakatanggap na ba kayo ng mga sagot sa inyong mga panalangin? Kapag nananalangin kayo bilang magkompanyon, kayo ba ay:
  - Naniniwala na ibibigay sa inyo ng Diyos ang hinihingi ninyo sa kabutihan?
  - Kumikilala at nagpapasalamat sa mga sagot sa inyong mga panalangin?
  - Nagdarasal para sa mga tao at binabanggit ang kanilang pangalan at iniisip ang kanilang mga pangangailangan?

Mga Tala

- – Nananalangin para sa isa't isa at para magabayan kayo ng Espiritu?
- – Nakatatanggap ng mga sagot sa inyong mga panalangin?

Pag-usapan ninyo bilang magkompanyon kung paano ninyo lalong hahangarin nang tapat ang Espiritu.

- Talakayin ang iba't ibang paraan ng paglalarawan ng mga tao sa impluwensiya ng Espiritu Santo. Isulat ang mga sinabi ng mga investigator tungkol sa kanilang mga karanasan sa Espiritu sa pag-aaral ng ebanghelyo at pagsisikap na tuparin ang mga pangako. Paano mo matutulungan ang iba na makilala ang sagradong impluwensiyang ito? Paano mo maiiwasan ang magmanipula sa paggawa nito?

- Isipin at pag-usapan kung paano naaangkop ang payong ito sa inyo: "Hindi ninyo mapipilit ang mga espirituwal na bagay. Ang mga salitang tulad ng *pilitin, puwersahin, limitahan, gipitin, sapilitang hingin*, ay hindi naglalarawan ng ating mga pribilehiyo sa Espiritu. Hindi ninyo mapipilit na tumugon ang Espiritu tulad ng hindi ninyo mapipilit ang binhi na umusbong, o mapisa ang itlog bago ang takdang panahon nito. Makalilikha kayo ng kapaligiran para mahikayat ang pag-unlad, mangalaga at magtanggol; pero hindi ninyo sila puwedeng puwersahin o pilitin; dapat ninyong hintayin ang paglago" (Boyd K. Packer, "The Candle of the Lord," *Ensign*, Ene. 1983, 53).

- Talakayin ang sumusunod na pahayag at kung paano mababago ng mga alituntuning ito ang inyong mga panalangin at gawain. Paano maiimpluwensiyahan ng mga panalangin mo ang iyong pagpaplano, paggawa ng mithiin, at mga aktibiti sa bawat araw?

  "Ang ating mga ginagawa, kadalasan, ay resulta ng ating mga panalangin. Pagkatapos manalangin, kumikilos tayo; ang ating mga angkop na kahilingan ay nagdudulot sa atin ng matwid na pag-uugali" (Bruce R. McConkie, "Why the Lord Ordained Prayer," *Ensign*, Ene. 1976, 12).

  "Ang taimtim na pagdarasal ay nangangahulugan na kapag humiling tayo ng anumang biyaya o mabuting katangian dapat nating pagsikapan ang biyayang iyon at linangin ang mabuting katangian" (David O. McKay, *Secrets of a Happy Life*, 114–15).

  "Hilingin [sa Diyos] na ilagay kayo kung saan niya gusto, at sabihin sa inyo ang nais niyang gawin ninyo, at isiping kaya ninyong gawin ito" (Brigham Young, *Discourses of Brigham Young*, tinipon ni John A. Widtsoe [1954], 46).

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Maglahad ng lesson plan tungkol sa paggamit ng tama at magalang na salita sa panalangin.

- Kung naaangkop, magpabahagi sa mga misyonero ng kuwento o karanasang narinig nila sa katatapos na miting ng patotoo, naranasang pagtuturo, o iba pang tagpo. Ang mga espirituwal na kuwento at karanasang sinasabi ng ibang tao ay makatutulong sa iyo sa pagkakaroon ng pananampalataya at makilala na ang impluwensiya ng Espiritu ay laganap at madalas na nakikita.

- Magpasalamat sa mga katibayan ng impluwensiya ng Panginoon sa gawain ninyo (tingnan sa D at T 59:21). Talakayin kung paano nakatutulong sa iyo ang pagpapasalamat na makita ang maliliit pero mahahalagang paraan ng pagpapala sa iyo ng Panginoon (tingnan sa Eter 3:5).

Mga Tala

- Hilingan ang mga misyonero na magbigay ng mensahe tungkol sa misyon at kapangyarihan ng Espiritu Santo.

- Hilingin sa isang bagong binyag na sabihin kung paano siya naimpluwensiyahan ng Espiritu bilang investigator.

### Mission President


- Hilingin paminsan-minsan sa mga misyonero na isama sa lingguhang sulat nila sa iyo ang mga angkop na espirituwal na karanasan.

- Sa mga interbyu, itanong paminsan-minsan sa mga misyonero ang tungkol sa kanilang panalangin sa umaga at gabi. Itanong kung sa palagay nila ay makabuluhan ang kanilang mga panalangin.

- Itanong sa mga misyonero kung paano nila tinutulungan ang mga investigator na madama at makilala ang Espiritu.

- Kung naaangkop, sabihin sa mga misyonero kung paano ka tumatanggap ng paghahayag ukol sa mga transfer o paglipat ng misyonero, mga misyonerong hindi masunurin o nangangailangan ng tulong, at mga doktrinang ituturo.

Mga Tala



# Ano ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon?

Mga Tala


## Isaisip Ito

- Paano naging saligang bato ng ating relihiyon ang Aklat ni Mormon?
- Paano sinasagot ng Aklat ni Mormon ang malalaking katanungan ng kaluluwa ng tao?
- Bakit napakabisa ng Aklat ni Mormon sa proseso ng conversion o pagbabalik-loob?
- Paano ko dapat gamitin ang Aklat ni Mormon para makapagpatatag ng pananampalataya at matulungan ang iba na lalong mapalapit sa Diyos?
- Bakit pinakamahalaga sa gawaing misyonero ang pangako sa Moroni 10:3–5?

Ang Aklat ni Mormon ay napakalakas na ebidensya ng kabanalan ni Cristo. Ito ay katibayan rin ng Panunumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Isang mahalagang bahagi ng conversion o pagbabalik-loob ang pagtanggap ng patotoo mula sa Espiritu Santo na totoo ang Aklat ni Mormon. Bilang misyonero, kailangan ka munang magkaroon ng personal na patotoo na tunay ang Aklat ni Mormon. Ang patotoong ito ay maaaring magdulot ng malalim at matatag na pananalig sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon sa proseso ng conversion o pagbabalik-loob. Magtiwala na ang Espiritu Santo ay magpapatotoo sa kahit sinong nagbabasa at nag-iisip na mabuti tungkol sa Aklat ni Mormon at nagtatanong sa Diyos kung ito ay totoo nang may tapat na puso, tunay na layunin, at pananampalataya kay Cristo. Ang pagsaksing ito ng Espiritu Santo ang dapat pagtuunang mabuti ng pansin sa iyong pagtuturo.

Mga Tala

## Ang Aklat ni Mormon ay ang Saligang Bato ng Ating Relihiyon





Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon "ang saligang bato ng ating relihiyon" (pambungad sa Aklat ni Mormon). Minsan naman ay sinabi niyang: "Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag, at nasaan ang ating relihiyon? Wala" (*History of the Church*, 2:52).

Ang arko ay isang matatag na arkitektural na istrukturang yari sa tabas-palakol na mga piraso na nakahilig sa isa't isa. Ang gitna, o ang saligang bato, ay karaniwang mas malaki kaysa sa ibang piraso at pinatatatag nito ang kinalalagyan ng iba pang mga bato. Nang tawagin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon na "saligang bato ng ating relihiyon," itnuro niya na ang Aklat ni Mormon ang nagbibigkis sa ating relihiyon. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na may tatlong paraan kung paanong naging saligang bato ang Aklat ni Mormon:

**Patotoo kay Cristo.** "Ang Aklat ni Mormon ay ang saligang bato ng ating patotoo kay Jesucristo, na Siya mismong panulok na bato ng lahat ng ating ginagawa. Mabisa at malinaw nitong pinatutunayan na Siya ay tunay."

**Kabuuan ng doktrina.** "Sinabi Mismo ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng 'kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.' (D at T 20:9.) . . . Sa Aklat ni Mormon natin matatagpuan ang kabuuan ng mga doktrinang kailangan para sa ating kaligtasan. At malinaw at simple ang pagkaturo sa mga ito upang kahit ang mga bata ay malaman ang landas ng kaligtasan at kadakilaan."




**Pundasyon ng patotoo.** "Tulad ng pagguho ng arko kapag inalis ang saligang bato, gayundin na guguho o mananatiling nakatayo ang Simbahan batay sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. Nauunawaan itong mabuti ng mga kaaway ng Simbahan. Kaya nga sinisikap nilang mabuti na pabulaanan ang Aklat ni Mormon, dahil kung mapasisinungalingan nila ito ay kasama na rito si Propetang Joseph Smith. Gayundin ang pag-angkin natin sa mga susi ng priesthood, at paghahayag, at ang ibinalik na Simbahan. Ngunit kung totoo naman ang Aklat ni Mormon—at milyon na ang nakapagpatunay na natanggap nila ang pagsaksi ng Espiritu na ito ay talagang totoo—kailangang tanggapin ng tao ang sinasabi ng Panunumbalik at lahat ng kaakibat nito" (*A Witness and a Warning* [1988], 18–19).

Ang Aklat ni Mormon, kasama ang Espiritu, ang pinakamabisa ninyong magagamit sa conversion o pagbabalik-loob. Ito ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo (tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon). Itinuturo nito ang doktrina ni Cristo nang malinaw, lalo na sa mga lesson na itinuturo mo sa mga investigator. Gamitin ito bilang pangunahing sanggunian sa pagtuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga katotohanang malinaw na itinuro sa Aklat ni Mormon na ituturo mo sa mga investigator.

Mga Tala

| Lesson na Itinuturo ng Misyonero | Mga Doktrina | Mga Sanggunian |
|---|---|---|
| Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo | Apostasiya, Panunumbalik, Joseph Smith, awtoridad ng priesthood | 1 Nephi 12–14<br>2 Nephi 3; 26–29<br>Mosias 18 |
| Ang Plano ng Kaligtasan | Ang "dakilang plano ng Diyos na Walang Hanggan," kasama ang Pagkahulog ni Adan, ang Pagbabayad-sala, ang Pagkabuhay na Mag-uli, at ang Paghuhukom | 2 Nephi 2; 9<br>Mosias 3; 15<br>Alma 12; 40–42 |
| Ang Ebanghelyo ni Jesucristo | Pananampalataya kay Cristo, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas | 2 Nephi 31–32<br>3 Nephi 11; 27 |
| Ang mga Kautusan; Mga Batas at Ordenansa | Mga ordenansa tulad ng binyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa priesthood, at sakrament | 3 Nephi 11:22–28; 18<br>Moroni 2–6 |

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Isulat ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong sa iyong study journal:

- Paano naimpluwensyahan ng iyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon ang iyong patotoo kay Jesucristo?
- Paano mo gagamitin ang Aklat ni Mormon para tulungan ang iba na patatagin ang kanilang patotoo?

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang sabi ng Tagapagligtas tungkol sa Aklat ni Mormon?**

D at T 1:29
D at T 3:19–20
D at T 17:6
D at T 19:26–27
D at T 20:5–16
D at T 33:16
D at T 42:12
Moises 7:62



Larawan sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc. Bawal kopyahin.

## Ang Aklat ni Mormon ay Nagpapatotoo kay Cristo

Ang pinakamahalagang layunin ng Aklat ni Mormon ay hikayatin ang lahat ng tao na si Jesus ang Cristo (tingnan sa pahinang pamagat ng Aklat ni Mormon). Nagpapatotoo ito kay Cristo sa pamamagitan ng pagpapatibay sa katunayan ng Kanyang buhay, misyon, at kapangyarihan. Itinuturo nito ang totoong doktrina ng Pagbabayad-sala—ang pundasyon ng plano ng kaligtasan. Ang ilan sa mga nagsulat sa Aklat ni Mormon ay personal na nakita si Cristo. Nakita ng kapatid ni Jared, ni Nephi, at ni Jacob ang premortal na Cristo. Nakita nina Mormon at Moroni ang nagbangong Cristo. Dagdag pa rito, maraming tao ang dumalo sa maikli ngunit makapangyarihang ministeryo ng

Mga Tala

Tagapagligtas sa mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 11–28). Ang mga taong kakaunti o kaya'y walang alam tungkol sa Tagapagligtas ay makikilala Siya sa pamamagitan ng pagbabasa, pag-iisip nang mabuti, at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon.

Pinagtitibay ng patotoo ng Aklat ni Mormon ang patotoo ng Biblia na si Jesus ang Bugtong na Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo. Sa pagtuturo mo ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, madalas kang magpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig. Sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, idaragdag mo ang iyong buhay na patotoo sa katotohanan ng mensaheng ito.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Anong mga dahilan ang ibinigay ng mga propeta ng Aklat ni Mormon sa pagsulat ng kanilang mga rekord?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 6:4–6 | 2 Nephi 33:13–15 | Mga Salita ni Mormon 1:3–8 |
| 1 Nephi 9:3–5 | Jacob 1:4–7 | Alma 37:2, 14 |
| 2 Nephi 4:15–16 | Jacob 4:1–6, 12 | 3 Nephi 5:14–15 |
| 2 Nephi 25:23–29 | Enos 1:13 | Mormon 8:35 |
| 2 Nephi 26:15–16 | Jarom 1:2 | D at T 3:16–20 |
| 2 Nephi 29:11–14 | Omni 1:25–26 | D at T 10:46–48 |

## Sinusuportahan ng Aklat ni Mormon at ng Biblia ang Isa't Isa

Iba-iba ang paniniwala ng mga tao tungkol sa Biblia. Naniniwala ang ilan na ang Biblia ay perpekto, walang mali, at ito lang ang kailangan natin para maligtas. Iniisip naman ng iba na ang Biblia ay literatura na dapat pag-aralan, ngunit ayaw nilang tanggapin na ito ay ebidensya ng kabanalan ni Cristo at ng mga himala o direktang paghahayag mula sa Diyos. Pinili ng ilan na balewalain ang Biblia, at ang iba naman ay hindi pa nakakita ng Biblia o nagkaroon ng pagkakataong basahin ito.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay "naniniwala na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto" (Saligan ng Pananampalataya 1:8). Ang Aklat ni Mormon ay hindi nakikipagkumpetensya sa Biblia, kundi sinusuportahan ito, hinihimok tayong basahin ito, at nagpapatunay sa katotohanan ng mensahe nito. Dapat mong gamitin ang Aklat ni Mormon at ang Biblia para suportahan ang isa't isa.

Binabanggit ng Aklat ni Mormon ang sinaunang mga tipan na ginawa ng Diyos sa Kanyang mga anak; ikinukuwento ng Biblia ang mga dakilang propeta na tumanggap din sa mga tipan na ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo kay Cristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala; nakasaad sa Biblia ang tungkol sa Kanyang pagsilang, ministeryo, kamatayan, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli. Sa gayon, ang Biblia at Aklat ni Mormon ay kabuuan ng isa't isa at pinagyayaman ang bawat isa.

Ang Ingles na edisyon ng LDS ng King James Version ng Biblia at ang Aklat ni Mormon ay may mga cross-reference at gabay sa pag-aaral at pinag-iisa nito sa ating kamay (tingnan sa Ezekiel 37:15–17; tingnan din sa 1 Nephi 13:34–41; 2 Nephi 3:12; 29:8) ang tungkod ni Juda (ang Biblia) at ang tungkod ni Jose (ang Aklat ni Mormon). Bigyang priyoridad ang mga talata sa Aklat ni Mormon kapag nagtuturo ka, ngunit ipakita din kung paanong iisang alituntunin ang ipinakikita ng Aklat ni Mormon at ng Biblia.

Gamitin ang Aklat ni Mormon upang linawin at ipaliwanag ang mga talata ng Biblia. Halimbawa, sinasabi sa Bagong Tipan na si Cristo ay nabinyagan sa "pagganap ng buong katuwiran" (Mateo 3:14–15). Ipinaliliwanag ng Aklat ni Mormon ang ibig sabihin ng pagganap ng buong katuwiran (tingnan sa 2 Nephi 31:5–9).

Mga Tala

Sa paggamit mo sa Aklat ni Mormon at sa Biblia bilang magkasamang tomo ng banal na kasulatan, maaalis nila ang pagtatalo at maiwawasto ang maling doktrina (tingnan sa 2 Nephi 3:12).

Ganito ang itinuturo ng Biblia tungkol sa batas ng mga saksi: “Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita” (II Mga Taga Corinto 13:1). Bilang pag-ayon sa batas na ito, kapwa ang Aklat ni Mormon at Biblia ay nagpapatotoo kay Jesucristo.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Hanapin ang mga cross-reference sa sumusunod na mga paksa sa Aklat ni Mormon at Biblia. Ang mga halimbawa ay nasa mga panaklong kasunod ng bawat paksa. Idagdag ang sarili mong mga talata at paksa.

- Mga Propeta (Amos 3:7 at Jacob 4:4–6)
- Apostasiya (II Kay Timoteo 4:3–4 at 2 Nephi 28)
- Panunumbalik (Mga Gawa 3:19–21 at 1 Nephi 13:34–42)
- Mga Anak ng Diyos (Mga Gawa 17:29 at 1 Nephi 17:36)

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Aklat ni Mormon?**

Juan 10:16
Isaias 29:4, 11–18
Ezekiel 37:15–17
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Ephraim,” sa subheading na: *Ang Talaan ni Ephraim o Jose*

**Ano ang sinasabi ng Aklat ni Mormon tungkol sa Biblia?**

1 Nephi 13:20–29, 40–41
2 Nephi 29:3–14
3 Nephi 23:1
Mormon 7:8–9


**Sa paanong mga paraan kapwa nagsisilbing mga tipan ni Cristo ang dalawang aklat na ito?**

2 Nephi 29:8
Juan 20:31
Mga Gawa 10:43

## Sinasagot ng Aklat ni Mormon ang mga Tanong ng Kaluluwa

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na “kailangang ipakita [ng mga misyonero] kung paano sinasagot [ng Aklat ni Mormon] ang malalaking katanungan ng kaluluwa” (“Flooding the Earth with the Book of Mormon,” *Ensign*, Nob. 1988, 5).

Maaaring kabilang sa “malalaking katanungan ng kaluluwa” ang mga tulad nito: May-roon ba talagang Diyos? Nabuhay na ba ako bago pa ako ipinanganak? Mabubuhay ba ako matapos akong mamatay? Ano ang layunin ng buhay? Si Jesus nga ba ang Tagapagligtas?



Ang ibang mga tanong ay maaaring magpokus sa mas temporal na pangangailangan: Paano ko pagbubutihin ang aking relasyon sa aking asawa? Paano ko matutulungan ang aking mga tinedyer na umiwas sa droga o imoralidad? Paano ako makahahanap ng trabaho para masuportahan ang aking pamilya?

Tinutulungan tayo ng ebanghelyo ni Jesucristo na sagutin ang ganitong uri ng mga tanong. Kapag nagkaroon tayo ng pananampalataya na totoo ang Aklat ni Mormon, masisimulan nating sagutin ang mga tanong tungkol sa layunin ng buhay at pag-asa sa buhay na walang hanggan.

Mga Tala

Inilalarawan ng Aklat ni Mormon ang plano ng kaligayahan, na nagbibigay ng kabuluhan at pananaw sa buhay. Ang mga sagot sa mga tanong na tulad ng sumusunod ay malinaw na itinuro sa Aklat ni Mormon.

- Mayroon bang Diyos? (Alma 22)
- Ano ang inaasahan sa akin ni Jesucristo? (2 Nephi 9)
- Paano makatutulong sa akin ang paniniwala kay Jesucristo? (Alma 36)
- May buhay ba pagkatapos mamatay? (Alma 40)
- Ano ang layunin ng buhay? (Alma 34)
- Bakit hinahayaan ng Diyos na mangyari ang kasamaan at pagdurusa? (2 Nephi 2; Alma 14:9–11; 60:13)
- Kailangan bang binyagan ang aking sanggol? (Moroni 8)
- Kilala ba ako ng Diyos? (Alma 5:38, 58)
- Sinasagot ba ng Diyos ang mga dalangin? (Enos 1)
- Paano ako magkakaroon ng kapayapaan at galak? (Mosias 2, 4)
- Paano magiging mas maligaya at mas nagkakaisa ang aking pamilya? (Mosias 2)
- Paano ko mababalanse ang aking pamilya at trabaho? (3 Nephi 13)
- Paano ko mapatatatag ang aking relasyon sa aking asawa? (3 Nephi 14)
- Paano ko maiiwasan ang mga kasamaang nagbabanta sa aking pamilya? (Alma 39)
- Paano ko maiiwasan ang kasalanan? (Helaman 5)

Ang pagbabasa natin ng Aklat ni Mormon sa patnubay ng Espiritu ay nakatutulong sa pagsagot sa mga personal na katanungan. Itinuturo nito na ang dasal at paghahayag ang mga susi sa paglutas ng partikular na mga problema. Tinutulungan tayo nitong magkaroon ng pananampalataya na sasagutin ng Diyos ang ating mga dasal.

Tinutulungan din tayo ng Aklat ni Mormon na maunawaan na ang mga kautusan ng Diyos ay hindi listahan na hahadlang sa dapat at di-dapat gawin kundi mga gabay sa maligaya at masaganang pamumuhay. Kapag naunawaan natin na ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ang daan tungo sa masaganang buhay, pasasalamatan natin ang tulong ng mga alituntuning ito sa pagsagot sa alinmang tanong at pagtugon sa alinmang pangangailangan. Halimbawa, nauunawaan natin na ang pagsisisi, pagpapatawad, at tipan na maglingkod sa iba ay mahalaga sa pagpapabuti ng ating relasyon sa ating asawa. Nakikita natin na ang pananampalataya kay Cristo, ang pagtanggap at pagtupad ng mga tipan, at pagsunod sa mga paghihikayat ng Espiritu ay makatutulong sa mga tinedyer na umiwas sa mga makapangyarihang tukso na nakapaligid sa kanila.

> *"Sa daigdig na lubhang mapanganib . . . ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ay may nangangalagang kapangyarihan upang pagalingin ang nagugutom na mga kaluluwa sa daigdig."*
>
> –PANGULONG BOYD K. PACKER
> "ANG AKLAT NI MORMON: ISA PANG TIPAN NI JESUCRISTO," *LIAHONA*, ENE. 2002, 64

Malulutas ng ebanghelyo ang halos lahat ng tanong o pangangailangan. Kaya nga kailangan kang "magturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, na kung saan ang kabuuan ng ebanghelyo" (D at T 42:12).

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Gumawa ng listahan ng ilang “malalaking katanungan ng kaluluwa” na itinanong ng mga investigator. Humanap ng mga talata sa Aklat ni Mormon para sagutin ang mga tanong na ito. Isulat ang mga sagot sa iyong study journal, at gamitin ang mga ito sa pagtuturo mo.

## Inilalapit ng Aklat ni Mormon ang mga Tao sa Diyos

Tungkol sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Propetang Joseph Smith na “ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat” (pambungad sa Aklat ni Mormon). Ang Aklat ni Mormon ay batong-tuntungan sa pagkakaroon ng patotoo at personal na paghahayag. Gamitin ang Aklat ni Mormon para tulungan ang mga tao na magkaroon ng mga espirituwal na karanasan, lalo na ng pagsaksi ng Espiritu Santo na ang mismong aklat ay totoo. Sa palagiang paghikayat sa mga tao na ipamuhay ang mga alituntuning nasa Aklat ni Mormon, matutulungan mo silang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at lalong mapalapit sa Diyos.

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Ang mga taong may panalanging nakabasa [sa Aklat ni Mormon], mayaman man sila o mahirap, may pinag-aralan o wala, ay umunlad sa ilalim ng kapangyarihan nito. . . . Walang pag-aatubiling ipinangangako ko sa inyo na kung may panalangin ninyong babasahin ang Aklat ni Mormon, kahit ilang beses pa ninyo itong nabasa noon, ay darating sa inyong puso . . . ang Espiritu ng Panginoon. Lalong magiging matibay ang inyong desisyon na sumunod sa kanyang mga kautusan, at lalong lalakas ang inyong patotoo tungkol sa katotohanan na buhay ang Anak ng Diyos” (“The Power of the Book of Mormon,” *Ensign*, Hunyo 1988, 6).

## Gamitin ang Aklat ni Mormon sa Pagsagot sa mga Pagsalungat

Maraming tao ang hindi maniniwala sa lahat ng itinuturo mo. Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson kung paanong ang Aklat ni Mormon ay pangunahing mapagkukunan ng sagot sa gayong mga sitwasyon:

“Dapat nating gamitin ang Aklat ni Mormon sa pagsagot sa mga pagsalungat sa Simbahan. . . .

“. . . Lahat ng pagsalungat, maging ito man ay tungkol sa aborsiyon, pagpapakasal nang mahigit sa isang asawa, pagsamba sa ikapitong araw, atbp., ay nakabatay sa kung propeta nga ba ng Diyos si Joseph Smith at ang mga sumunod sa kanya, at tumatanggap ng paghahayag mula sa langit. . . .

“. . . Ang tanging problemang dapat lutasin ng taong tumututol ay alamin kung totoo nga ang Aklat ni Mormon. Dahil kung totoo ang Aklat ni Mormon, ibig sabihin si Jesus ay ang Cristo, si Joseph Smith ay kanyang propeta, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay totoo, at ito ay pinamumunuan ngayon ng isang propeta na tumatanggap ng paghahayag.



*My Servant Joseph* © 2004 Liz Lemon Swindle. Ang larawang ito ay muling inimprenta sa pahintulot ng Foundation Arts, American Fork, Utah 84003.

Mga Tala

"Ang pangunahin nating tungkulin ay ipangaral ang ebanghelyo at gawin ito sa epektibong paraan. Hindi natin obligasyon na sagutin ang bawat pagsalungat. Sa huli ay kailangang ipakita ng bawat tao ang kanyang pananampalataya, at kailangan niyang panindigan ito" (*A Witness and a Warning*, 4–5).

Halimbawa, ang matatapat na investigator ay maaaring sumalungat sa itinuro ninyo tungkol sa Word of Wisdom. Tulungan silang makita na ang talagang katanungan ay kung nagsalita si Joseph Smith bilang propeta ng Diyos nang ibigay ang kautusang ito sa dispensasyong ito. Maaari mong sabihing: "Para magkaroon ng pananampalataya na tanggapin ang turong ito kailangan ng katiyakan na ang kautusang ito ay natanggap natin sa pamamagitan ng paghahayag ng Diyos kay Propetang Joseph Smith. Ang paraan para malaman na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos ay basahin at ipagdasal ang tungkol sa Aklat ni Mormon."

Kailangang mga investigator mismo ang lumutas o sumagot sa kanilang mga katanungan at pagsalungat. Matutulungan ninyo sila kapag ipinokus ninyo sila sa bagay na magpapatatag sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo—pagbabasa at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon. Kapag napatatag na nila ang kanilang patotoo sa Panunumbalik, magkakaroon sila ng lakas para mapaglabanan ang kanilang mga pagsalungat at alalahanin.

Sa pagsagot ninyo sa mga tanong, tandaan na ang pang-unawa natin ay nagmumula sa mga makabagong propeta—kay Joseph Smith at mga sumunod sa kanya—na tumatanggap ng direktang paghahayag mula sa Diyos. Dahil dito, ang unang tanong na sasagutin ng isang investigator ay kung propeta si Joseph Smith, at masasagot niya ang tanong na ito sa pagbabasa at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon.

**Si Joseph Smith at ang Aklat ni Mormon**

Ang isang paraan para malaman na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos ay basahin at ipagdasal ang tungkol sa Aklat ni Mormon.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Sa iyong study journal, isulat kung paano mo babanggitin si Joseph Smith at ang Aklat ni Mormon para sagutin ang sumusunod na mga pagsalungat o mga tanong:

- "Hindi ako naniniwala na hanggang ngayon ay nakikipag-usap ang Diyos sa mga tao."
- "Naniniwala ako na maaari akong sumamba sa Diyos sa sarili kong pamamaraan sa halip na sa pamamagitan ng organisadong relihiyon."
- "Bakit kailangan kong itigil ang pag-inom ng alak kapag kumakain ako kung sasapi ako sa inyong simbahan?"
- "Bakit kailangan ko ang relihiyon?"

## Paano Mo Gagamitin ang Aklat ni Mormon?

Maraming investigator ang hindi nagbabasa ng Aklat ni Mormon o kaya'y hindi nauunawaan ang binabasa nila. Ang mga hindi nagbabasa o hindi nauunawaan ang Aklat ni Mormon ay mahihirapang tumanggap ng patotoo na ito ay totoo.

Mga Tala

**Basahin ang Aklat ni Mormon na Kasama ang Inyong mga Investigator**

Sa pagbabasa ninyo nang magkasama, idalangin na patotohanan ng Espiritu Santo sa mga investigator na totoo ang Aklat ni Mormon.



Matutulungan ninyo ang mga investigator sa pamamagitan ng pagbasa sa Aklat ni Mormon na kasama sila. Magdasal at humingi ng tulong habang pumipili kayo ng mga talata na nauukol sa kanilang mga tanong at problema. Maaari ninyo silang samahan sa pagbabasa bilang bahagi ng appointment sa pagtuturo o sa pagbisita para mag-follow up. Maaari din kayong makipag-ayos sa mga miyembro na samahan ang mga investigator sa pagbabasa.

Kabilang sa ilang mahahalagang talata ang pamagat na pahina, ang pambungad (lalo na ang huling dalawang talata), at ang Moroni 10:3–5. Tinutulungan ng mga talatang ito ang mga investigator na maunawaan kung paano magkaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon. Hikayatin silang basahin ang Aklat ni Mormon mula sa umpisa, kasama na ang mga patotoo ng tatlo at walong saksi at ang patotoo ni Propetang Joseph Smith.

Basahin at talakayin ang maiikling talata (gaya ng 1 Nephi 3:7 o Mosias 2:17) at ang mahahabang talata o buong kabanata (gaya ng 2 Nephi 31, Alma 7, o 3 Nephi 18).

Kapag sinamahan ninyong magbasa ang mga investigator, tumigil paminsan-minsan at pag-usapan ang nabasa ninyo. Bigyang-diin ang mga pangunahing mensahe o mahahalagang doktrina na dapat hanapin habang sinasabayan ninyo sila sa pagbabasa. Ibahagi ang angkop na mga ideya, damdamin, patotoo, at sariling karanasan. Tulungan ang iba na madama ang espirituwal na kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Sa ganitong paraan direkta ninyong maituturo sa kanila ang totoong doktrina mula sa Aklat ni Mormon. Ipagpatuloy ang ganitong gawain sa mga susunod pang pagbisita para magawa ng tinuturuan ninyo na magbasa at magdasal nang mag-isa.

Ituro ang mga alituntunin at doktrina gamit ang mga salita at parirala ng mga propeta sa Aklat ni Mormon. Ipaliwanag ang pangyayari noong panahong iyon at ang nilalaman ng talata. Ipaliwanag ang di-pamilyar na mga salita at parirala.

> *"Nakikiusap ako na huwag ninyong balewalain ang Aklat ni Mormon. Manalangin para malaman kung paano magagamit ang Aklat ni Mormon nang mas epektibo sa iyong misyon. Nangangako ako na kapag ginawa ninyo ito, maliliwanagan ang inyong isipan ukol sa direksyong dapat ninyong tahakin."*
>
> —ELDER JOSEPH B. WIRTHLIN
> SEMINAR PARA SA MGA BAGONG MISSION PRESIDENT, 23 HUNYO 1999

"Ihalintulad" sa iyong sarili at sa iyong mga investigator ang binabasa ninyo sa pamamagitan ng paghahanap ng angkop na pag-aakma nito sa iyo at sa iyong mga investigator (tingnan sa 1Nephi 19:23). Ang ibig sabihin ng "ihalintulad" ay umisip ng koneksyon sa pag-unawa sa doktrina at pagsasabuhay ng doktrina. Para makapagbasa nang taos, nang

Mga Tala

may tunay na layunin, ikaw at ang mga tinuturuan mo ay kailangang handang isagawa ang doktrina, gawin itong bahagi ng inyong pang-araw-araw na buhay, at kung kinakailangan, magsisi. Sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng doktrina, magkakaroon ka ng katiyakan na ito ay totoo. Halimbawa, maaari mong sabihin sa isang investigator:

- "Tulad mo, naharap din sa malaking hamon si Nephi. Ngunit nang ipakita niya ang kanyang pananampalataya na 'humayo at gawin' ang iniuutos sa kanya ng Panginoon, nagtagumpay siya. (Basahin sa 1 Nephi 3:7.) Alam kong maghahanda ang Diyos ng paraan para masunod mo ang Word of Wisdom."
- John, mabuti at gusto mong maalis ang mabigat na damdaming nadarama mo. Tulad ng pangako ng Tagapagligtas sa mga Nephita, kung ikaw ay magsisisi, magpapabinyag, at tatanggap ng Espiritu Santo, ikaw ay 'pawawalan . . . ng sala sa harapan ng . . . Ama.' " (Basahin sa 3 Nephi 27:16.)

Umasa sa pangako sa Moroni 10:3–5. Bawat tao na taos na nagbabasa at nagdarasal tungkol sa aklat na ito ay tiyak na malalaman ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Gawin ang lahat para tulungan ang mga investigator:

- Basahin ang Aklat ni Mormon at pag-isipang mabuti ang mensahe nito tungkol kay Jesucristo.
- Manalangin sa Diyos nang may pananampalataya kay Jesucristo para matanggap ang patotoo na ang Aklat ni Mormon ay totoo at si Joseph Smith ay propeta ng Panunumbalik.
- Manalangin nang tapat at may tunay na layunin, na ang ibig sabihin ay kikilos sila ayon sa sagot na matatanggap nila mula sa Diyos.

Dapat mo ring isagawa palagi ang pangakong ito para mapalakas at mapanibago ang sarili mong patotoo sa Aklat ni Mormon. Ang pinanibagong patotoong ito ay tutulong sa iyo na palaging magkaroon ng matatag na paniniwala na sinumang magsagawa sa pangakong ito ay tatanggap ng sagot.

### Gamitin ang Aklat ni Mormon sa Lahat ng Aspeto ng Iyong Gawain

Ang Aklat ni Mormon ay mabisang mapagkukunan sa conversion o pagbabalik-loob. Gamitin ito bilang pangunahing pinagmumulan ng itinuturong katotohanan na naipanumbalik.

### Isaisip Ito:

- Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating pagsaksi kay Cristo, ng ating doktrina, at ating mga patotoo.
- Malinaw na itinuturo ng Aklat ni Mormon ang doktrinang matatagpuan sa mga lesson ng misyonero.
- Gamitin ang Aklat ni Mormon sa pagsagot sa mga katanungan ng kaluluwa at para sagutin ang mga pagsalungat sa Simbahan.
- Palagiang basahin ang Aklat ni Mormon kasama ang iyong mga investigator at bagong miyembro. Gawin mo ang lahat para tulungan silang magbasa araw-araw at ipamuhay ang natutuhan nila.
- Magtiwala sa pangako ng Panginoon na bawat taong taos na magbabasa at mananalangin tungkol sa Aklat ni Mormon ay malalaman ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Basahin ang 2 Nephi 2, 9, 30, 31, 32, at i-highlight ang bawat sanggunian kay Jesucristo. Gumawa ng listahan ng iba-ibang pangalan at tawag kay Cristo na ginamit sa mga kabanatang ito. Salungguhitan ang mga salitang binigkas ni Cristo. I-highlight ang Kanyang mga katangian at Kanyang mga ginawang hakbang. Maaari mong ipagpatuloy ang gawaing ito habang binabasa mo ang buong Aklat ni Mormon.

- Isulat sa iyong study journal kung ano ang nadama mo noong una kang makatanggap ng espirituwal na pagsaksi na totoo ang Aklat ni Mormon.

- Gamit ng D at T 20:17 ang pariralang "sa pamamagitan ng mga bagay na ito nalalaman natin" para ipaalam ang mga doktrinang itinuro at nilinaw ng Aklat ni Mormon. Basahin ang D at T 20:15–35 at ilista ang mga doktrinang nabanggit. Pumili ng isa sa mga doktrinang ito at gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan para ikumpara ang iyong listahan sa itinuturo ng Biblia tungkol sa mga doktrinang ito.

- Paghambingin ang Sermon sa Bundok sa Mateo 5–7 at ang sermon ni Cristo sa templo sa 3 Nephi 12–14. Ilista ang malinaw at mahahalagang katotohanan na ibinalik sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon.

- Gumawa ng listahan ng mga itinatanong ng mga investigator. Hanapin ang mga talata sa Aklat ni Mormon na sumasagot sa mga tanong na iyon, at gamitin ang mga ito kung kinakailangan sa inyong pagtuturo sa araw-araw.

- Hanapin ang isang talata sa Aklat ni Mormon na nagpabago sa iyong buhay. Irekord ang iyong damdamin ukol sa banal na kasulatang ito sa iyong study journal.

- Hanapin ang mga pagkakataon sa Aklat ni Mormon kung saan inirekord ang mga salita ng panalangin ng isang tao. Sa iyong study journal, isulat ang pangkaraniwang elemento ng mga dasal na ito.

- Basahin ang 2 Nephi 33:10–15 at Moroni 10:27–29, 34. Ano ang sasabihin mo kina Nephi at Moroni sa paghuhukom tungkol sa paggamit mo sa Aklat ni Mormon? Isulat ang sagot mo at magtakda ng mga mithiin para mapagbuti pa ito.

- Mula sa mga chapter heading ng Mosias 11–16, isulat ang buod ng itinuro ni Abinadi. Basahin ang mga kabanatang ito at lawakan ang iyong buod.

- Mula sa mga chapter heading ng Mosias 2–5, isulat ang buod ng itinuro ni Haring Benjamin. Basahin ang mga kabanatang ito at lawakan ang iyong buod.

- Sa araw-araw mong pagbabasa sa Aklat ni Mormon, isulat sa iyong study journal ang mga talatang nagustuhan mo. Isulat kung paano mo maipapamuhay ang mga ito.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Magkasama ninyong basahin ang mga talata ng Aklat ni Mormon. Sabihin kung ano ang natutuhan at nadama ninyo. Ibigay din ninyo sa isa't isa ang inyong patotoo.

- Sinong propeta o misyonero sa Aklat ni Mormon ang gusto ninyong makatulad at bakit? Sabihin sa iyong kompanyon kung ano ang sagot mo.

- Basahin ninyong magkompanyon ang Alma 26 at 29. Sabihin kung ano ang nadarama mo tungkol sa iyong misyon. Isulat ang damdamin mo sa iyong study journal.

Mga Tala

- Basahin ang Alma 37:9 at pag-usapan kung gaano kahalaga kay Ammon at sa mga kapwa niya misyonero ang mga banal na kasulatan. Humanap ng mga sanggunian na naglalarawan kung paano nila ginamit ang mga banal na kasulatan.

- Basahin ninyong magkompanyon ang Alma 11–14, at gampanan ng isa ang papel ni Alma o Amulek at ng isa naman ang papel ng mga tumiwalag. Pansinin kung paanong sinagot ng mga misyonero ang mahihirap na tanong.

- Basahin ang kasunod na totoong pangyayari at pag-usapan kung ano ang natutuhan ninyo tungkol sa kahalagahan at kapangyarihan ng Aklat ni Mormon (binago ang mga pangalan).

  "Nang anyayahan namin ang mga Snider na magpabinyag at magpakumpirma, handa na si Sister Snider, ngunit sinabi ni Brother Snider na, 'Huwag kayong masyadong umasa na mabibinyagan ako, Elders. Hindi ko alam kung magagawa ko nga ba ito!' Kahit tinanggap ni Brother Snider ang itinuro namin at laging mabait at palakaibigan sa amin, masyado siyang nag-alala sa magiging reaksiyon ng kanyang pamilya sa pagsapi niya sa ibang simbahan.

  "Matapos ang ilang linggong pagmamasid sa pagsisikap ni Brother Snider, nadama naming magkompanyon na dapat naming basahin muli sa mga Snider ang 3 Nephi 11. Hinding-hindi ko malilimutan ang nangyari nang gabing iyon. Nang buksan namin ang Aklat ni Mormon, ipinaliwanag ng kompanyon ko na, 'Kung naaalala ninyo, ikinuwento ng kabanatang ito ang pagbisita ng Tagapagligtas sa mga tao sa Aklat ni Mormon. Dito natin mababasa ang tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas sa mga taong ito at kung ano ang itinuro Niya sa kanila.' Halinhinan naming binasa ang mga talata. Matapos magbasa hanggang talata 5, tumigil ang kompanyon ko at sinabing, 'Hangang-hanga ako sa paglalarawan dito sa tinig na narinig nila. Ang tinig ay hindi marahas, hindi ito malakas, at kahit ito'y munting tinig, makapangyarihan ang naging epekto nito sa kanila. Ang tinig na ito'y hindi lamang narinig ng kanilang mga tainga, kundi nangusap ito sa kanilang mga puso.' Minasdan ko ang mga Snider habang nakikinig silang mabuti sa aking kompanyon.

  "Matapos pag-usapan ang tungkol sa panalangin at pakikinig sa Espiritu, si Brother na ang magbabasa: 'At masdan, sa ikatlong pagkakataon ay naunawaan nila ang tinig na kanilang narinig; at sinabi nito sa kanila: Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan—pakinggan ninyo siya.' Tumigil si Brother Snider, at tumitig na mabuti sa kanyang Aklat ni Mormon. Pagkatapos ay tumingin siya sa akin at sinabing, 'Ipinagmamalaki talaga ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak, 'di ba?' 'Oho,' sagot ko. Muling tiningnan ni Brother Snider ang kanyang aklat at tumitig sa nakabukas na mga pahina na parang nag-iisip nang malalim. Sa huli'y sinabi niyang, 'Gusto ko ring ipagmalaki ako ng Ama sa Langit. Paano kaya Niya ako ipakikilala. Siguro, kung ako'y . . . kung gusto kong maipagmalaki Niya ako mabuti siguro gawin ko ang nais Niyang gawin ko.' 'Oho, palagay ko'y mahalaga iyan,' sagot ko. 'Bueno,' patuloy ni Brother Snider. 'Siguro masyado ko lang iniisip ang sasabihin ng iba at hindi iniisip ang sasabihin ng Diyos.' Matapos ang sandaling pagtigil tumango si Brother Snider at may determinasyong sinabi na, 'Mabuti nga siguro magpabinyag ako.' Hindi namin talaga inasahan ang sagot niya kaya't gulat na gulat kami ng kompanyon ko. At sinabi ng kompanyon ko, 'Oho, iyan ang tamang gawin. Sa katunayan, sa bandang huli ng kabanatang ito ay itinuro ng Tagapagligtas na . . .' Habang nagsasalita ang kompanyon ko nadama ko ang pag-aalab sa aking puso at pasasalamat sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon."

Paanong ginamit ng mga misyonerong ito ang Aklat ni Mormon? Paano ninyo ito gagamitin ng kompanyon mo nang mas epektibo sa inyong mga gawain bilang misyonero?

Mga Tala

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Magpraktis na gamitin ang Aklat ni Mormon sa bawat paraan na binanggit sa mga pamagat ng kabanatang ito.
- Ilista ang mga pagsalungat o itinatanong ng mga investigator. Ipaliwanag sa isa't isa kung paano ninyo sasagutin ang mga tanong na ito gamit ang Aklat ni Mormon.
- Magkasama ninyong basahin ang mga talata ng Aklat ni Mormon. Ibahagi ang inyong kaalaman, damdamin, at patotoo.
- Magpraktis na gamitin ang Aklat ni Mormon para pagtibayin ang mensahe ng Panunumbalik.
- Pumili ng isa sa mga dakilang misyonero ng Aklat ni Mormon. Magtalakayan at ipalista sa mga misyonero ang mga katangian ng misyonerong ito. Imbitahan ang bawat misyonero na magtakda ng mithiin na isagawa ang isa sa mga katangiang ito. Regular na ulitin ang aktibiti na ito gamit ang mga misyonero ng Aklat ni Mormon.
- Anyayahan ang mga misyonero na magbahagi ng mga karanasan kung saan natulungan ng Aklat ni Mormon ang kanilang mga investigator sa proseso ng conversion o pagbabalik-loob.
- Ipabahagi sa mga misyonero ang pinakamainam nilang sagot mula sa Aklat ni Mormon sa isang katanungan ng kaluluwa.

## Mission President

- Turuan ang mga misyonero kung paano gamitin ang Aklat ni Mormon para pagtibayin ang katotohanan ng mensahe ng Panunumbalik.
- Basahin ang 1 Nephi 1 sa mga misyonero at ihambing ito sa karanasan ni Joseph Smith.
- Bigyan ang mga misyonero ng malinis na kopyang paperback ng Aklat ni Mormon. Gamit ang iba't ibang kulay ipa-highlight sa kanila ang:
  - Bawat pagtukoy kay Jesucristo (alinman sa Kanyang mga pangalan o mga panghalip na tumutukoy sa Kanya).
  - Kanyang mga salita (binigkas Niya o ng mga propeta kapag sinasabi nilang, "At ganito ang wika ng Panginoon").
  - Kanyang mga katangian.
  - Mga doktrina at alituntuning nasa Aklat ni Mormon.

  Sa ibaba ng bawat pahina ipabilang sa mga misyonero ang kabuuang bilang ng mga aytem na tinukoy. Sa mga interbyu at district meeting sa loob ng dalawa-o-tatlong-buwan para sa aktibiting ito, sabihin sa mga misyonero na ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila. Maaari ninyong gawin ang aktibiti ring ito sa buong misyon na ipinapa-highlight ang mga sangguniang ukol sa pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, kaloob na Espiritu Santo, o alinman sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo.
- Sa mga interbyu, hikayatin ang mga misyonero na ibahagi sa iyo ang mga banal na kasulatan sa Aklat ni Mormon na nagpabago sa kanilang buhay.

Mga Tala

- Tulungan ang mga misyonero na makita kung paano itinuturo ng Aklat ni Mormon ang mga doktrina mula sa mga lesson ng misyonero. Halimbawa, kung ang paksa ay ang Pagbabayad-sala, ipasulat sa mga misyonero sa isang hanay ang bawat pangunahing elemento ng Pagbabayad-sala na itinuro sa Aklat ni Mormon, kasama na ang mga sanggunian nito. Pagkatapos sa ikalawang hanay, ipalista sa tapat nito ang mga elemento ring ito ayon sa pagkaturo sa Biblia. Paiwanan nang blangko sa mga misyonero ang mga elementong nawawala o hindi itinuro sa Biblia. Magiging malinaw sa mga misyonero kung paanong ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating doktrina. Ang aktibiting ito ay magagawa din sa iba pang mga doktrinang itinuturo ng mga misyonero.

- Tukuyin ang mga kaukulang katanungan ng kaluluwa para sa mga tao sa inyong misyon. Imbitahan ang mga misyonero na hanapin ang mga sagot sa Aklat ni Mormon.



# Paano Ako Magkakaroon ng mga Katangiang Tulad ng Kay Cristo

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Paano ko tataglayin ang mga katangian na magbibigay sa akin ng higit na kapangyarihan upang mabisa kong maipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo?
- Paano makatutulong sa akin ang pagkakaroon ng mga katangiang tulad ng kay Cristo upang maisakatuparan ang aking layunin bilang misyonero?
- Aling katangian ang talagang kailangan kong taglayin?

Sa simula ng Kanyang ministeryo sa lupa, lumakad si Cristo sa mga baybayin ng dagat ng Galilea at tinawag ang dalawang mangingisda, sina Pedro at Andres. "Magsisunod kayo sa hulihan ko," sabi Niya, "at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao" (Mateo 4:19; tingnan din sa Marcos 1:17). Tinawag ka rin ng Panginoon sa Kanyang gawain, at inaanyayahan ka Niya na sumunod sa Kanya. Ang imbitasyong sumunod kay Cristo ay imbitasyong sumunod sa Kanyang halimbawa at maging tulad Niya.

Ang ilang kabanata sa "*Mangaral ng Aking Ebanghelyo*" ay nakapokus sa mga kailangan mong gawin bilang misyonero—paano mag-aral, paano magturo, paano gamitin nang wasto ang oras. Gayunpaman, ang ginagawa mo ay kasinghalaga ng iyong pagkatao.

Binibigyang-kakayahan ka ng ipinanumbalik na ebanghelyo na maging tulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Ipinakita ng Tagapagligtas ang paraan. Siya ang naging perpektong halimbawa, at inuutos Niya sa atin na maging tulad Niya (tingnan sa 3 Nephi 27:27). Matuto sa Kanya at naising maging bahagi ng iyong buhay ang Kanyang mga katangian.

Mga Tala

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, makakamit mo ang mithiing ito at maaakay ang iba na kamtin din iyon.

Inilalarawan ng mga banal na kasulatan ang mga katangiang tulad ng kay Cristo na mahalagang taglayin mo bilang misyonero at sa habambuhay. Pag-aralan ang mga talata sa banal na kasulatan sa kabanatang ito at hanapin ang iba pang halimbawa ng mga katangiang tulad ng kay Cristo habang pinag-aaralan mo ang iba pang mga talata.

Ang mga katangiang tulad ng kay Cristo ay mga kaloob mula sa Diyos. Dumarating ang mga ito kapag ginamit mo nang wasto ang kalayaan mong pumili. Hilingin sa iyong Ama sa Langit na biyayaan ka ng mga katangiang ito; hindi ka makapagtataglay nito kung wala ang tulong Niya. Taglay ang hangaring pasayahin ang Diyos, alamin ang iyong mga kahinaan at maging handa at sabik na magpakabuti.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang sinasabi ng mga banal na kasulatang ito tungkol sa pagsunod sa halimbawa ni Jesucristo?**

3 Nephi 12:48
Juan 13:1–16
I Ni Pedro 2:21
3 Nephi 27:21, 27

**Ano ang kaugnayan ng unang alituntunin ng ebanghelyo sa mga katangiang tulad ng kay Cristo?**

Moroni 8:25–26


## Mga Ideya sa Pag-aaral ng Kabanatang Ito

Maraming pamamaraan sa pag-aaral ng kabanatang ito. Subukan ang isa sa sumusunod na mga ideya:

- Sa pagkumpleto mo ng "Aktibiti Patungkol sa Katangian" sa katapusan ng kabanatang ito, tukuyin ang katangian na talagang kailangan o gusto mong taglayin. Pag-aralan ang bahaging tungkol sa katangiang iyon, at mithiing taglayin ito.
- Basahin ang kabanata nang hindi pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan, at magpasiya kung aling katangian ang gusto mong lubos na pag-aralan. Pagkatapos ay pag-aralan ang mga pangunahing banal na kasulatan na may kaugnayan sa katangian. Saliksikin ang karagdagang mga banal na kasulatan na hindi nakalista sa kabanata na nagtuturo tungkol sa katangian. Irekord sa iyong study journal ang mga ideya para sa pagtataglay ng katangian.
- Alamin ang katangiang gusto mong pag-aralan. Sundan ang mga pattern sa ilalim ng heading na "Pagtataglay ng mga Katangiang Tulad ng Kay Cristo" na matatagpuan sa hulihan ng kabanata.

Mga Tala

## Pananampalataya kay Jesucristo



© 1989 Conceptions Unlimited Investments, Inc. Bawal kopyahin.

Kapag may pananampalataya ka kay Cristo, maniniwala ka na Siya ay ang Anak ng Diyos, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Tatanggapin mo Siya bilang iyong Tagapagligtas at Manunubos at susunod sa Kanyang mga turo. Maniniwala ka na mapapatawad ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ang ibig sabihin ng manampalataya sa Kanya ay ang pagtiwalaan Siya at maniwalang mahal ka Niya.

Ang pananampalataya ay humahantong sa pagkilos, kasama na ang pagsisisi, pagsunod, at tapat na paglilingkod. Kapag may pananampalataya ka kay Jesucristo, sapat ang pagtitiwala mo sa Panginoon para sundin ang Kanyang mga utos— kahit hindi mo lubos na nauunawaan kung bakit iniutos ang mga ito. Ginagawa mo ang nais ng Panginoon na gawin mo. Tumutulong ka na magdulot ng kabutihan sa buhay mo at sa iba. Nakagagawa ka ng mga himala ayon sa kagustuhan ng Panginoon. Makikita ang pananampalataya mo sa sipag at gawa.

Ang pananampalataya ay alituntunin ng kapangyarihan. Kumikilos ang Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan, pero ang Kanyang kapangyarihan ay karaniwang ginagamit bilang tugon sa pananampalataya (tingnan sa Moroni 10:7). Kumikilos Siya ayon sa pananampalataya ng Kanyang mga anak. Kalaban ng pananampalataya ang pag-aalinlangan at takot.

Lalakas ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral, pagdarasal, tapat na paglilingkod, at pagsunod sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo at mga utos.

Lalago ang iyong pananampalataya kapag lalo mong inalam ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang mga turo. Sa pagsasaliksik mo sa mga banal na kasulatan, natututuhan mo ang Kanyang mga pamamaraan, Kanyang pagmamahal sa lahat ng tao, at Kanyang mga utos.

Kasama sa pananampalataya ang tiwala sa misyon at kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakatatanggap ka ng sagot sa iyong mga dalangin at personal na inspirasyon na gagabay sa iyo sa gawain ng Panginoon.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang pananampalataya?**

Alma 32:21
Eter 12:6

Sa Mga Hebreo 11:1; Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, PJS Sa Mga Hebreo 11:1.

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pananampalataya"
*True to the Faith*, "Faith," 52–54

**Paano ka magkakaroon ng pananampalataya, at ano ang magagawa mo sa pamamagitan ng pananampalataya?**

2 Nephi 25:29
2 Nephi 26:13
Mosias 4:6–12

Alma 32
Helaman 15:7–8
Eter 12:7–22

Moroni 7:33
Mga Taga Roma 10:17
Sa Mga Hebreo 11

Mga Tala

**Ano ang mga biyayang dulot ng pananampalataya?**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 3:17 | Helaman 5:9–12 | Juan 14:6 |
| Mosias 5:1–15 | | |

## Pag-asa

Ang pag-asa ay matibay na pagtitiwala na tutuparin ng Panginoon ang Kanyang mga pangako sa iyo. Nakikita ito sa tiwala, positibong pananaw, sigla, at matiyagang pagtitiis. Ito ay paniniwala at pag-asang may magandang mangyayari. Kapag umaasa ka, hinaharap mo ang mga pagsubok at paghihirap nang may tiwala at katiyakan na ang lahat ng bagay ay magkakasamang gagawa para sa iyong ikabubuti. Tinutulungan ka ng pag-asa na matalo ang panghihina ng loob. Madalas na inilalarawan ng mga banal na kasulatan ang pag-asa kay Jesucristo bilang katiyakan na magmamana ka ng buhay na walang hanggan sa kahariang selestiyal.

*"Dahil nabiyayaan ng pag-asa, halina't hanapin natin, bilang mga disipulo, ang lahat ng 'di makilos sa pagasa sa evangelio' sa anupamang dahilan (Col. 1:23). Ating tulungang itaas ang mga kamay na nawawalan ng pag-asa."*

– ELDER NEAL A. MAXWELL
"BRIGHTNESS OF HOPE" *ENSIGN*, NOB. 1994, 36.

Itinuro ni Pangulong James E. Faust:

"Ang pag-asa ay angkla ng ating kaluluwa. . .

"Ang pag-asa ay paniniwala sa mga pangako ng Diyos, pananampalataya na kung tayo ay kikilos na ngayon, ang mga ninanais nating biyaya ay maisasakatuparan sa hinaharap. . . .

"Ang mga walang maliw na pinagmumulan ng ating pag-asa ay ang ating pagiging anak na lalaki at babae ng Diyos at na ang Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo, ang nagligtas sa atin mula sa kamatayan" (Pag-asa, ang Angkla ng Kaluluwa," *Liahona*, Ene. 2000, 70–71).

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang pag-asa at ano ang inaasahan natin?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 31:20 | Moroni 7:40–48 | Mga Taga Roma 8:24–25 |
| Alma 58:10–11 | D at T 59:23 | Sa Mga Hebreo 6:10–20 |
| Eter 12:4, 32 | D at T 138:14 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pag-asa" |

Mga Tala

## Pag-ibig sa Kapwa at Pagmamahal



© 2001 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Isang lalaki ang minsang nagtanong kay Jesus, "Alin baga ang dakilang utos sa kautusan?" Sumagot si Jesus: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:36–39).

Ang pag-ibig sa kapwa ay "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo" (Moroni 7:47). Kasama rito ang walang hanggang pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Dapat nating naising taglayin ang gayong uri ng pagmamahal. Kapag puno ka ng pag-ibig sa kapwa, sinusunod mo ang mga utos ng Diyos at ginagawa mo ang lahat para paglingkuran ang iba at tulungan silang matanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

Ang pag-ibig sa kapwa ay kaloob ng Diyos. Sinabi ni propetang Mormon na dapat tayong "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig" (Moroni 7:48). Sa pagsunod mo sa payo na ito at pagsisikap na gumawa ng mabuti, madaragdagan ang pagmamahal mo sa lahat ng tao, lalo na sa mga pinaglilingkuran mo. Makadarama ka ng tapat na pagmamalasakit sa walang hanggang kapakanan at kaligayahan ng ibang tao. Makikita mo sila bilang mga anak ng Diyos na may potensyal na maging tulad ng ating Ama sa Langit, at maglilingkod ka alang-alang sa kanila. Iiwasan mo ang di mabubuting damdamin tulad ng galit, inggit, pagnanasa, o pag-iimbot. Iiwasan mong husgahan ang iba, pintasan sila, o magsalita ng hindi maganda sa kanila. Sisikapin mong unawain sila at ang kanilang mga pananaw. Magiging matiyaga ka sa kanila at sisikaping tulungan sila kapag nahihirapan o pinanghihinaan sila ng loob. Ang pag-ibig sa kapwa, tulad ng pananampalataya, ay humahantong sa pagkilos. Magkakaroon ka ng pag-ibig sa kapwa habang naghahanap ka ng pagkakataong maglingkod sa iba at ialay ang iyong sarili.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang pag-ibig sa kapwa?**

| | | |
|---|---|---|
| Moroni 7:45–48 | I Mga Taga Corinto 13 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pag-ibig sa Kapwa-tao" |

**Paano ipinakita ni Jesucristo ang pag-ibig sa kapwa?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 19:9 | Eter 12:33–34 | Lucas 7:12–15 |
| Alma 7:11–13 | | |

**Ano ang itinuturo sa iyo ng mga talatang ito tungkol sa pag-ibig sa kapwa?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 26:30 | Alma 7:24 | I Kay Timoteo 4:12 |
| Mosias 2:17 | Eter 12:28 | I Ni Pedro 4:8; Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, PJS, I Ni Pedro 4:8 |
| Mosias 28:3 | D at T 88:125 | |

Mga Tala

## Kabaitan

Ang kabaitan ay nagmumula sa kaloob-looban ng iyong isipan at hangarin. Huwaran ito ng pag-iisip at pag-uugali na nakabatay sa mataas na pamantayan ng moralidad. Dahil ang Espiritu Santo ay hindi nananahanan sa maruruming templo, kailangan ang kabaitan para matanggap ang patnubay ng Espiritu. Ang pinipili mong isipin at gawin kapag nag-iisa ka at sa palagay mo'y walang sinumang nakakakita ay mainam na sukatan ng iyong kabaitan.

Ang mababait na tao ay malinis at dalisay ang espiritu. Nakatuon sila sa mabuti, nagpapasiglang kaisipan at inaalis sa isipan nila ang masasamang kaisipan na humahantong sa di tamang pagkilos. Sinusunod nila ang mga utos ng Diyos at payo ng mga lider ng Simbahan. Ipinagdarasal nilang bigyan sila ng lakas na mapaglabanan ang tukso at gawin ang tama. Mabilis nilang pinagsisisihan ang anumang kasalanan o pagkakamali. Namumuhay sila nang marapat sa rekomend sa templo.

Ang isipan mo ay parang entablado sa teatro; gayunpaman sa teatro ng iyong isipan, isang artista lang ang puwedeng nasa entablado sa isang pagkakataon. Kapag naiwang walang tao ang entablado, papasok ang maruruming kaisipan at madalas pumapasok sa entablado ang kasalanan para manukso. Pero walang kapangyarihan ang mga kaisipang ito kung ang iyong isipan ay okupado ng mabubuting kaisipan, tulad ng sinaulong himno o talata sa banal na kasulatan na maiisip mo sa oras ng tukso. Sa pagkontrol sa entablado ng iyong isipan, matagumpay mong mapaglalabanan ang walang tigil na pang-aakit na magpatangay sa tukso at malulong sa kasalanan. Magiging dalisay at mabait ka.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ibig sabihin ng maging mabait?**

D at T 4:6
D at T 25:2
D at T 38:24
D at T 46:33
D at T 121:45–46
Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13
II Ni Pedro 1:3–8
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Kabaitan"

## Kaalaman

Iniutos ng Panginoon, "Maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). Siya rin ay nagbabala, "Hindi maaari para sa isang tao na maligtas dahil sa kamangmangan" (D at T 131:6). Maghangad ng kaalaman, lalo na ng espiritwal na kaalaman. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, at pag-aralan din ang mga salita ng mga buhay na propeta. Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagdarasal, humingi ng tulong para sa partikular na mga tanong, hamon, at oportunidad. Bigyan ng espesyal na atensyon ang mga talata sa banal na kasulatan na magagamit mo sa pagtuturo at sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Pag-isipan kung paano mo maipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa iyong masigasig na pag-aaral, nang may panalangin at tapat na layunin, paliliwanagin ng Espiritu Santo ang iyong isipan, tuturuan ka, at tutulungan kang maunawaan ang kahulugan ng mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga buhay na propeta. Magkakaroon ka rin ng kaalaman sa pamamagitan ng pagmamasid at pakikinig sa iba,

Mga Tala

lalo na sa mga lider ng Simbahan. Tulad ni Nephi, masasabi mo: "Ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon. . . . Masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga bagay ng Panginoon; at ang aking puso ay patuloy na nagbubulay sa mga bagay na aking nakita at narinig" (2 Nephi 4:15–16).

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Paano makatutulong ang kaalaman ukol sa paggawa ng gawain ng Panginoon?**

Alma 17:2–3
D at T 88:77–80

**Paano ka magkakaroon ng kaalaman?**

2 Nephi 32:1–5
Moroni 10:5
D at T 42:61
D at T 76:5–10
D at T 88:118
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Kaalaman"

## Tiyaga

Ang tiyaga ay ang kakayahang matiis ang pagkaantala, pagsalungat, o paghihirap nang hindi nagagalit, nanghihina ang loob, o nababalisa. Ito ang kakayahang gawin ang kalooban ng Panginoon at tanggapin ang Kanyang itinakdang panahon. Kapag ikaw ay matiyaga, natitiis mo ang mga pagsubok at nakakayanang harapin ang problema nang payapa at puno ng pag-asa. Ang tiyaga ay kaugnay ng pag-asa at pananampalataya—kailangang hintayin mo ang katuparan ng mga ipinangakong biyaya ng Panginoon.

Kailangan mo ng tiyaga sa mga karanasan at pakikipag-ugnayan mo sa araw-araw, lalo na sa kompanyon mo. Dapat maging matiyaga ka sa lahat ng tao, pati sa sarili mo, habang sinisikap mong daigin ang iyong mga pagkakamali at kahinaan.

> *"Ang buhay ay puno ng suliranin, ang ilan ay magaan lang at ang iba ay mas mabigat. Parang walang katapusan ang pagdating ng mga pagsubok sa lahat. Ang problema sa atin ay madalas tayong umaasa sa kaagad na solusyon sa gayong mga problema, nalilimutan natin na kadalasan ay kailangan ang banal na katangian ng pagtitiyaga."*
>
> — PANGULONG THOMAS S. MONSON
> "PATIENCE— A HEAVENLY VIRTUE," *ENSIGN*, NOB. 1995, 59

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

- Pag-aralan ang Mosias 28:1–9. Ano ang hangad ng mga anak ni Mosias?
- Ano ang ipinayo ng Panginoon sa mga misyonerong iyon? (Tingnan sa Alma 17:10–11 at 26:27.)
- Ano ang ilan sa mga ibinunga ng kanilang tiyaga at sigasig? (Tingnan sa Alma 26.)
- Isulat mo ang sagot sa iyong study journal.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Bakit mahalaga ang pagtitiyaga? Ano ang kaugnayan ng tiyaga at pananampalataya?**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 23:21 | Alma 34:40–41 | II Mga Taga Corinto 6: 1–10 |
| Mosias 24:9–16 | D at T 101:38 | Santiago 5:10–11 |
| Alma 31:31 | Mga Taga Roma 5:3–5 | Mga Awit 46:10 |
| Alma 32:41–43 | Mga Taga Roma 8:24–25 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tiyaga" |

## Pagpapakumbaba



Ang pagpapakumbaba ay kahandaang sumunod sa kagustuhan ng Panginoon at ibigay sa Panginoon ang karangalan sa bagay na naisagawa. Kasama rito ang pasasalamat sa Kanyang mga biyaya at pagtanggap na lagi mong kailangan ang Kanyang tulong. Ang pagpapakumbaba ay hindi tanda ng kahinaan; tanda ito ng espirituwal na lakas. Kapag mapagpakumbaba kang nagtiwala sa Kanya at kinilala ang Kanyang kapangyarihan at awa, makatitiyak ka na ang Kanyang mga kautusan ay para sa iyong kabutihan. Naniniwala ka na magagawa mo anuman ang hingin sa iyo ng Panginoon kung aasa ka sa Kanya. Handa ka ring magtiwala sa Kanyang mga piniling tagapaglingkod at sundin ang kanilang payo. Tutulungan ka ng kapakumbabaan habang sinisikap mong maging masunurin, magtrabahong mabuti, at maglingkod nang lubos.

Ang kabaligtaran ng pagpapakumbaba ay kapalaluan, na tinutuligsa sa mga banal na kasulatan. Ang kapalaluan ay ang pagtitiwala sa sarili nang higit kaysa sa Diyos o sa Kanyang mga tagapaglingkod. Ang ibig sabihin din nito ay unahin ang mga bagay ng daigdig kaysa sa mga bagay ng Diyos. Pinararangalan ng mga palalo ang kanilang sarili sa halip na parangalan ang Diyos. May pagalingan sa kapalaluan; hinahangad ng mga palalo na mag-angkin pa nang mas marami at ipinapalagay na mas magaling sila kaysa sa iba. Karaniwang nagbubunga ng galit at poot ang kapalaluan, at isa itong malaking hadlang.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang ibig sabihin ng maging mapagpakumbaba?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 9:28–29 | Alma 5:26–29 | Mateo 26:39 |
| Mosias 4:11–12 | Alma 26:12 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mapagpakumbaba; Pagpapakumbaba" |

**Anong mga bagay ang natatanggap mo kapag nagpapakumbaba ka?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 32:1–16 | D at T 67:10 | Mateo 23:12 |
| Eter 12:27 | D at T 112:10 | |
| D at T 12:8 | D at T136:32–33 | |

**Paano mo mapapansing palalo ka na?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 15:7–11 | II Kay Timoteo 3:1–4 | Mga Kawikaan 15:10 |
| 1 Nephi 16:1–3 | Mga Kawikaan 13:10 | Mga Kawikaan 28:25 |

Mga Tala

## Kasigasigan

Ang kasigasigan ay ang matatag, hindi nagbabago, tapat, at masiglang pagsisikap sa paggawa ng gawain ng Panginoon. Umaasa ang Panginoon na gagawa ka nang masigasig—tuluy-tuloy at may malaking pagsisikap at malasakit. Ang masigasig na misyonero ay nagtatrabaho nang mabisa at mahusay. Ang kasigasigan sa gawaing misyonero ay pagpapahayag ng iyong pagmamahal para sa Panginoon at sa Kanyang gawain. Kapag masigasig ka, nakadarama ka ng galak at kasiyahan sa ginagawa mo.

Gumawa ng mabubuting bagay sa iyong sariling kalooban (tingnan sa D at T 58:27). Huwag nang hintayin pang sabihin sa iyo ng lider mo ang dapat gawin. Magpatuloy hanggang sa magawa mo ang lahat ng makakaya mo, kahit pagod ka na. Magpokus sa pinakamahahalagang bagay at iwasang magsayang ng oras. Magdasal para sa patnubay at lakas. Magplano nang palagian at epektibo. Iwasan ang anumang makagagambala sa iniisip o ikinikilos mo.

*"Madalas kong sinasabi na isa sa pinakamalalaking sekreto ng gawaing misyonero ay ang pagtatrabaho! Kung nagtatrabaho ang misyonero, mapapasakanya ang Espiritu; kung mapapasakanya ang Espiritu, magtuturo siya sa pamamagitan ng Espiritu; at kung magtuturo siya sa pamamagitan ng Espiritu, maaantig niya ang puso ng mga tao at magagalak siya. Hindi na siya mangungulila sa tahanan, hindi mag-aalala tungkol sa pamilya, dahil ang lahat ng panahon at talino at interes ay nakasentro sa paglilingkod. Trabaho, trabaho, trabaho— walang ibang kapalit na makasisiya, lalo na sa gawaing misyonero."*

— PANGULONG EZRA TAFT BENSON
*THE TEACHINGS OF EZRA TAFT BENSON* (1988), 200

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ibig sabihin ng maging masigasig?**

Moroni 9:6
D at T 10:4
D at T 107:99–100
Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Kasigasigan"

**Bakit inaasahan ng Panginoon na magiging masigasig ka?**

D at T 75:2–5
D at T 123:12–14
D at T 127:4
D at T 130:20–21

**Paano nauugnay ang kasigasigan sa kalayaang mamili?**

Mosias 4:26–27
D at T 58:26–29

Mga Tala

## Pagsunod

Bilang misyonero, inaasahan na kusa mong susundin ang mga kautusan, susunod sa mga patakaran sa misyon, at susundin ang payo ng iyong mga lider. Pagsunod ang unang batas ng langit. Isa itong pagsampalataya. Kung minsan hihingin sa iyong gumawa ng mga bagay na hindi mo ganap na nauunawaan. Sa pagsunod mo, madaragdagan ang iyong pananampalataya, kaalaman, talino, patotoo, proteksyon, at kalayaan. Sikaping maging masunurin sa Panginoon, sa buhay na propeta, at sa iyong mission president.

> *"Ang disiplinang nakapaloob sa araw-araw na pagsunod at malinis na pamumuhay at malugod na buhay ang bumubuo ng baluting mangangalaga at magliligtas sa iyo sa mga nakapalibot na tukso sa iyong buhay sa mundo."*
>
> – ELDER L. TOM PERRY
> "CALLED TO SERVE," *ENSIGN*, MAYO 1991, 39

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ibig sabihin ng maging masunurin?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 2:3 | D at T 82:8–10 | Juan 14:15 |
| Mosias 5:8 | Mateo 7:24–27 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagsunod, Masunurin, Sumunod" |
| Mosias 15:7 | Juan 7:17 | |

**Ano ang matututuhan mo tungkol sa pagsunod mula sa mga banal na kasulatang ito?**

| | | |
|---|---|---|
| 1 Nephi 3:7 | D at T 105:6 | II Mga Hari 5:1–14 |

**Bakit sumusunod nang may kawastuhan ang mga batang mandirigma sa hukbo ni Helaman? Paano sila nabiyayaan?**

| | |
|---|---|
| Alma 56:45–48 | Alma 57:21–27 |

## Pagtataglay ng mga Katangiang Tulad ng Kay Cristo

Sa pag-aaral mo at pagnanais na taglayin ang mga katangiang inilarawan sa kabanatang ito at iba pang mga katangiang matatagpuan sa mga banal na kasulatan, maaaring makatulong ang sumusunod na mga pattern:

- Tukuyin ang katangiang gusto mong taglayin.
- Isulat ang ibig sabihin at ilarawan ang katangian.
- Irekord ang mga tanong na sasagutin habang ikaw ay nag-aaral.
- Isulat at pag-aralang mabuti ang mga talata sa banal na kasulatan na nagtuturo tungkol sa katangiang ito.
- Irekord ang iyong nadarama at impresyon.
- Magtakda ng mga mithiin at magplanong ipamuhay ang mga katangian.
- Ipagdasal sa Panginoon na tulungan kang taglayin ang katangian.
- Palaging suriin ang progreso mo sa pagtataglay ng bawat katangian.

Mga Tala

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral

Tukuyin ang isang katangiang mula sa kabanatang ito o mula sa mga banal na kasulatan. Sundan ang pattern na nasa itaas para lalong maunawaan at magplanong taglayin ang katangian.




Tingnan mo ang itsura ng name tag. Ano ang kaibahan ng tag mo sa tag na suot ng empleyado ng kumpanya? Pansinin na ang dalawang bahaging kitang-kita ay ang pangalan mo at ang pangalan ng Tagapagligtas. Paano mo matitiyak na kinakatawan mo ang Tagapagligtas bilang isa sa Kanyang mga disipulo? Bakit mahalaga para sa mga tao na maiugnay ang pangalan mo sa pangalan ng Tagapagligtas sa magandang paraan? Isulat ang mga iniisip mo sa iyong study journal.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ilan sa mga katangian na nakasulat sa mga banal na kasulatan?**

Mosias 3:19
Alma 7:23
D at T 4
D at T 121:41–45
Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13
Mga Taga Filipos 4:8
II Ni Pedro 1:5–8

### Tandaan Ito

- Kailangan kang *maging* misyonerong tulad ni Cristo, hindi lamang basta *gumawa* ng mga gawaing misyonero.
- Ang matutong maging tulad ni Cristo ay habambuhay na layunin.
- Sundan mo ang halimbawa ni Cristo—taglayin ang Kanyang mga katangian—isang hakbang at desisyon sa bawat pagkakataon.
- Ang pagbabago para maging tulad ni Cristo ay nangangailangan ng pananampalataya, pagsisisi, pagtupad ng mga tipan, pagtanggap ng karagdagang gabay ng Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

Mga Tala

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

## Personal na Pag-aaral

- Maghanda ng limang minutong mensahe tungkol sa isa sa mga katangiang tinalakay sa kabanatang ito.
- Gamit ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, hanapin ang mga pamamaraang inihalimbawa ng Tagapagligtas sa mga katangiang inilarawan sa kabanatang ito. Irekord ang natutuhan mo sa iyong study journal.
- Paulit-ulit na kumpletuhin ang "Aktibiti Patungkol sa Katangian" sa katapusan ng kabanatang ito.
- Tukuyin ang isang katangian sa kabanatang ito. Itanong sa sarili:
  - Paano ko tataglayin ang katangiang ito?
  - Ano ang dapat baguhin sa aking puso, isip, at kilos para taglayin ang katangiang ito?
  - Paano makatutulong ang pagtupad ng mga tipan para taglayin ko ang katangiang ito?
  - Paano makatutulong sa akin ang pagtataglay ng katangiang ito para maging karapat-dapat sa Espiritu Santo at maging mas mahusay na mangangaral ng ebanghelyo ni Jesucristo?
- Humanap ng mga halimbawa ng mga katangiang tulad ng kay Cristo sa buhay ng kalalakihan at kababaihan sa mga banal na kasulatan. Irekord ang mga impresyon mo sa iyong study journal.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Pag-aralan ang mga sanggunian sa mga katangiang tulad ng kay Cristo sa mga aklat na para sa mga misyonero.
- Pag-usapan ang pagkakaugnay-ugnay ng iba't ibang katangian. Halimbawa:
  - Paano nauugnay ang pananampalataya sa kasigasigan?
  - Sa anong mga paraan nauugnay ang pagpapakumbaba sa pagmamahal?
  - Paano pinalalakas ng kaalaman ang tiyaga?

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Ilang araw bago ang district meeting o zone conference, papiliin ang bawat misyonero ng isa sa mga katangian sa kabanatang ito o sa mga banal na kasulatan at maghanda ng limang-minutong mensahe tungkol sa katangiang iyon, pati na ang mga banal na kasulatang tumulong sa kanya.

  Bigyan ng panahon sa miting ang ilang misyonero upang maibahagi nila ang kanilang mga mensahe.
- Hatiin sa tatlong grupo ang mga misyonero, at ibigay sa kanila ang sumusunod na mga asaynment:

  *Unang Grupo:* Basahin ang 1 Nephi 17:7–16 at sagutin ang sumusunod na mga tanong:
  - Paano nanampalataya si Nephi?
  - Ano ang ginawa ni Nephi na tulad ng kay Cristo?

Mga Tala

- Ano ang mga ipinangako ng Panginoon kay Nephi kung magiging tapat at masunurin siya sa mga kautusan?
- Paano naaangkop ang salaysay na ito sa gawaing misyonero?

*Ikalawang grupo:* Basahin ang Jacob 7:1–15 at sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- Bakit sapat ang pananampalataya ni Jacob para mapaglabanan ang panunuligsa ni Serem?
- Paano gumamit ng pananampalataya si Jacob nang kausapin niya si Serem?
- Paano naging tulad ng kay Cristo ang mga ikinilos ni Jacob?
- Ano ang magagawa natin para taglayin ang pananampalatayang tulad ng kay Jacob?

*Ikatlong Grupo:* Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–18, at sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- Sa paanong paraan sumampalataya si Joseph Smith kay Jesucristo?
- Paano sinubok ang kanyang pananampalataya?
- Ano ang ginawa niya na tulad ng kay Cristo?
- Ano ang magagawa natin para masunod ang halimbawa ni Joseph Smith?

Matapos itong magawa ng mga grupo, pagsama-samahin ang mga misyonero at ipabahagi ang pinag-usapan nila.

- Magbahagi ng mga karanasan kung saan nabiyayaan o nabigyang-inspirasyon ka ng pananampalataya ng ibang tao.

- Patingnan sa mga misyonero ang "Aktibiti Patungkol sa Katangian." Bigyan ang bawat misyonero ng papel na pagsusulatan ng kanyang mga sagot.

  Kapag nakumpleto na nila ang worksheet, pagawain sila ng mga personal na mithiin.

  Ipabahagi sa ilang misyonero ang natutuhan at nadama nila matapos makumpleto ang worksheet.

  Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagtataglay ng mga katangiang tulad ng kay Cristo.

### Mission President

- Ipabasa sa mga misyonero ang isa sa apat na Ebanghelyo sa Bagong Tipan o ang 3 Nephi 11–28. Paguhitan sa kanila ang ginawa ng Tagapagligtas na kaya rin nilang gawin.

- Gamitin ang pagtatakda ng mithiin at pagpaplano sa pagtuturo ng kasigasigan sa mga misyonero. Ipakita kung paanong pagpapadama ng pagmamahal ang masigasig na pagtutuon ng pansin sa mga tao.

- Sa mga interbyu, pagsalitain ang mga misyonero tungkol sa mga katangiang tulad ng kay Cristo na pinagsisikapan nilang taglayin.

- Sa zone conference, imbitahan ang mga misyonero na magsalita tungkol sa mga katangiang tulad ng kay Cristo na hinahangaan nila sa kanilang mga kompanyon.

# AKTIBITI PATUNGKOL SA KATANGIAN

Basahing mabuti ang bawat aytem sa ibaba. Isipin kung gaano katotoo ang pahayag na iyon sa iyo, at piliin ang pinakaangkop na sagot mula sa reponse key. Isulat ang sagot sa iyong study journal. Ang espirituwal na pag-unlad ay dahan-dahang proseso, at walang sinumang perpekto, kaya dapat lang asahan na i-rate mo ang sarili na mas mabuti sa ilang aytem kaysa sa iba.

Mga Sagot (Response Key) 1 = hindi kailanman 2 = paminsan-minsan 3 = madalas 4 = halos palagi 5 = palagi

## Pananampalataya

____ 1. Naniniwala ako kay Cristo at tinatanggap Siya bilang aking Tagapagligtas. (2 Nephi 25:29)
____ 2. Naniniwala akong mahal ako ng Diyos. (1 Nephi 11:17)
____ 3. Sapat ang tiwala ko sa Tagapagligtas para tanggapin ang Kanyang kagustuhan at gawin ang anumang ipinagagawa Niya. (1 Nephi 3:7)
____ 4. Matibay ang pananalig ko na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay mapapatawad ako sa lahat ng aking mga kasalanan. (Enos 1:5–8)
____ 5. Sapat ang pananampalataya ko kay Cristo para makatanggap ng mga sagot sa aking mga dasal. (Mosias 27:14)
____ 6. Iniisip ko ang Tagapagligtas sa maghapon at inaalala ko ang ginawa Niya para sa akin. (D at T 20:77, 79)
____ 7. Nasa akin ang pananampalatayang kailangan para matulungang gawing mabuti ang mga bagay-bagay sa buhay ko o sa buhay ng iba. (Eter 12:12)
____ 8. Alam ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo. (Moroni 10:3–5)
____ 9. Sapat ang pananampalataya ko kay Cristo para maisagawa ko ang anumang nais Niyang ipagawa sa akin—maging ang mga himala kung kinakailangan. (Moroni 7:33)

## Pag-asa

____ 10. Isa sa mga pinakahahangad ko ay ang magmana ng buhay na walang hanggan sa kahariang selestiyal ng Diyos. (Moroni 7:41)
____ 11. Nagtitiwala ako na magkakaroon ako ng masaya at matagumpay na misyon. (D at T 31:3–5)
____ 12. Nakadarama ako ng kapanatagan at magandang saloobin sa hinaharap. (D at T 59:23)
____ 13. Matibay ang paniniwala ko na balang-araw ay makakapiling ko ang Diyos at magiging tulad Niya. (Eter 12:4)

## Pag-ibig sa Kapwa at Pagmamahal

____ 14. Nakadarama ako ng tapat na hangarin para sa walang hanggang kapakanan at kaligayahan ng ibang tao. (Mosias 28:3)
____ 15. Kapag nagdarasal ako, humihiling ako ng pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. (Moroni 7:47–48)
____ 16. Sinisikap kong unawain ang damdamin ng iba at tinitingnan ang kanilang pananaw. (Judas 1:22)
____ 17. Pinatatawad ko ang ibang nakasakit o nagkasala sa akin. (Mga Taga Efeso 4:32)
____ 18. Sinisikap kong tulungan ang iba kapag nahihirapan o pinanghihinaan sila ng loob. (Mosias 18:9)
____ 19. Kapag naaangkop, sinasabi ko sa iba na mahal ko sila at nagmamalasakit ako sa kanila. (Lucas 7:12–15)
____ 20. Humahanap ako ng mga pagkakataon para mapaglingkuran ang ibang tao. (Mosias 2:17)
____ 21. Nagsasabi ako ng magagandang bagay tungkol sa iba. (D at T 42:27)
____ 22. Mabait at matiyaga ako sa iba, kahit mahirap silang pakisamahan. (Moroni 7:45)
____ 23. Nagagalak ako sa tagumpay ng iba. (Alma 17:2–4)

## Kabaitan

____ 24. Malinis at dalisay ang puso ko. (Mga Awit 24:3–4)
____ 25. Wala akong hangaring gumawa ng masama kundi gumawa ng mabuti. (Mosias 5:2)
____ 26. Maaasahan ako—ginagawa ko ang sinasabi kong gagawin ko. (Alma 53:20)
____ 27. Nagpopokus ako sa mabubuti at nagbibigay-inspirasyong mga kaisipan at inaalis ko ang maruruming kaisipan. (D at T 121:45)
____ 28. Pinagsisisihan ko ang aking mga kasalanan at sinisikap labanan ang aking mga kahinaan. (D at T 49:26–28)
____ 29. Nadarama ko ang impluwensya ng Espiritu Santo sa buhay ko. (D at T 11:12–13)

## Kaalaman

____ 30. Tiwala ako na nauunawaan ko ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. (Eter 3:19–20)
____ 31. Pinag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan araw-araw. (Juan 5:39)
____ 32. Taimtim kong ninanais na maunawaan ang katotohanan at makahanap ng mga sagot sa aking mga tanong. (D at T 6:7)
____ 33. Nakatatanggap ako ng kaalaman at gabay sa pamamagitan ng Espiritu. (1 Nephi 4:6)
____ 34. Minamahal at pinahahalagahan ko ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. (2 Nephi 4:15)

## Tiyaga

____ 35. Matiyaga kong hinihintay na matupad ang mga biyaya at pangako ng Panginoon. (2 Nephi 10:17)
____ 36. Kaya kong maghintay sa mga bagay nang hindi naiinis o nasisiphayo. (Mga Taga Roma 8:25)
____ 37. Matiyaga at mahaba ang aking pagtitiis sa mga hamon ng pagiging misyonero. (Alma 17:11)
____ 38. Pinagpapasensyahan ko ang mga pagkakamali at kahinaan ng iba. (Mga Taga Roma 15:1)
____ 39. Matiyaga ako sa aking sarili at umaasa sa Panginoon habang sinisikap kong daigin ang aking mga kahinaan. (Eter 12:27)
____ 40. Hinaharap ko ang aking kahirapan at dalamhati nang panatag at puno ng pag-asa. (Alma 34:40–41)

## Pagpapakumbaba

____ 41. Maamo ako at may mapagpakumbabang puso. (Mateo 11:29)
____ 42. Umaasa ako sa tulong ng Panginoon. (Alma 26:12)
____ 43. Nagpapasalamat ako nang tapat sa mga biyayang natanggap ko mula sa Panginoon. (Alma 7:23)
____ 44. Taimtim at tapat ang aking mga dasal. (Enos 1:4)
____ 45. Pinahahalagahan ko ang tagubilin ng aking mga lider o guro. (2 Nephi 9:28)
____ 46. Sinisikap kong sundin ang kagustuhan ng Panginoon, anuman ang mangyari. (Mosias 24:15)

## Kasigasigan

____ 47. Gumagawa ako nang mahusay, nang hindi ako pinipilit o mahigpit na binabantayan. (D at T 58:26–27)
____ 48. Itinutuon ko ang aking mga pagsisikap sa pinakamahahalagang bagay. (Mateo 23:23)
____ 49. Nagdarasal ako nang sarilinan nang di bababa sa dalawang beses isang araw. (Alma 34:18–27)
____ 50. Itinutuon ko ang aking isip sa tungkulin ko bilang misyonero. (D at T 4:2,5)
____ 51. Nagtatakda ako ng mithiin at regular na nagpaplano. (D at T 88:119)
____ 52. Nagtatrabaho akong mabuti hanggang sa matagumpay na matapos ang trabaho. (D at T 10:4)
____ 53. Nagagalak at natutuwa ako sa aking gawain. (Alma 36:24–25)

## Pagsunod

____ 54. Kapag nagdarasal ako, humihiling ako ng lakas na mapaglabanan ang tukso at gawin ang tama. (3 Nephi 18:15)
____ 55. Sinusunod ko ang mga kautusan na kailangan para maging karapat-dapat ako sa rekomend sa templo. (D at T 97:8)
____ 56. Handa akong sumunod sa mga patakaran ng misyon at sa payo ng aking mga lider. (Sa Mga Hebreo 13:17)
____ 57. Sinisikap kong mamuhay ayon sa mga batas at alituntunin ng ebanghelyo. (D at T 41:5)



# Paano Ko Mas Mabuting Matututuhan ang Wikang Gamit sa Aking Misyon?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Bakit kailangan kong patuloy na paghusayin ang aking kakayahan sa wika?
- Paano ko mapagbubuti ang aking kakayahang magsalita at magturo sa wikang gamit sa aking misyon?
- Paano ko makakamit ang kaloob na mga wika?

## Espirituwal na Ihanda ang Iyong Sarili

Sabi ng Panginoon, "Bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita, sa pamamagitan nila na inordenan sa kapangyarihang ito" (D at T 90:11). Patatagin ang iyong patotoo para magkaroon ng kapangyarihan na mapagbago ang iyong mga salita. Pag-aralan muna ang mga doktrina at lesson sa iyong katutubong wika. Ang pang-unawang iyan ay magpapatatag sa iyong patotoo at sa iyong kakayahan na magturo at magpatotoo sa nakakukumbinsing paraan. Sa gayon ay matututuhan mong ihayag ang mensahe ng Panunumbalik sa wikang gamit sa iyong misyon sa ilalim ng patnubay ng Espiritu.

Nakalista sa ibaba ang mga paraan kung paano mo mapatatatag ang iyong pananampalataya na tutulungan ka ng Panginoon na magturo at magpatotoo sa wikang gamit sa iyong misyon:

Photo: GettyImages.com. Bawal kopyahin.

Mga Tala

- Kilalanin na tinawag ka ng Diyos sa pamamagitan ng isang propeta.
- Mamuhay nang karapat-dapat sa pagsama ng Espiritu Santo.
- Maging masunurin sa mga kautusan at mga pamantayan ng misyonero.
- Taimtim na manalangin para sa tulong mula sa langit.
- Pag-aralan, praktisin, at gamitin ang wikang gamit sa misyon bawat araw.

## Maging Dedikado at Masigasig

Ang pagkatutong magturo nang epektibo sa wikang gamit sa iyong misyon ay nangangailangan ng sigasig. Huwag magulat kung parang mahirap itong gawin sa una. Kailangan ng panahon para matutuhan ang isang wika. Maging matiyaga. Hingin ang tulong ng iyong kompanyon, mga miyembro, investigator, at iba pang mga misyonero.

Huwag itigil ang pagpapahusay ng iyong kasanayan sa wika kahit nauunawaan ka na ng mga tao. Habang humuhusay ka sa pagsasalita sa wikang ito, lalong pakikinggan ng mga tao ang sinasabi mo kaysa sa paraan ng pagbigkas mo. Hindi ka na masyadong mag-aalala kung paano mo sasabihin ang nadarama ng iyong puso. Mas mahusay mong matutugunan ang pangangailangan ng mga investigator at ang mga paramdam ng Espiritu.

Sikaping maging napakahusay sa wika sa buong misyon mo at kahit nakauwi ka na. Marami nang biyayang ibinigay sa iyo ang Panginoon, at maaaring gamitin Niya ang kakayahan mo sa wika balang-araw. Ipinaliwanag ni Elder Jeffrey R. Holland: "Umaasa kami . . . na bawat misyonerong nag-aaral ng bagong wika sa pagtuturo ay magpakahusay rito hangga't maaari. . . . At kapag ginawa ninyo ito, ang kakayahan ninyong magturo at magpatotoo ay lalong iinam. Lalo kayong tatanggapin at espirituwal na hahangaan ng inyong mga investigator. . . . Huwag makuntento sa iilang mahahalagang salitang alam ng misyonero. Sikaping pag-aralan ang lahat ng mapag-aaralan ninyo sa isang wika, at lalo ninyong maaantig ang puso ng mga tao" (satellite broadcast para sa mga misyonero, Ago. 1998).

Hindi ka nag-iisa sa pag-aaral ng wikang gamit sa misyon. Sa tuwing magbibigay ng kautusan ang Panginoon, nagbibigay Siya ng daan para maisagawa ito (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Hingin ang Kanyang tulong. Maging dedikado sa iyong pag-aaral. Darating ang oras na magkakaroon ka ng kasanayan sa wika na kailangan para magampanan ang iyong layunin bilang misyonero.

## Pag-aralan ang Ingles

Kung hindi ka marunong mag-Ingles, dapat mo itong pag-aralan bilang isang misyonero. Pagpapalain ka nito sa iyong misyon at sa habambuhay. Ang pagkatuto ng Ingles ang daan para makatulong ka sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon sa iba pang paraan at magiging pagpapala ito sa iyo at sa iyong pamilya. Makakatulong sa iyo ang karamihan sa mga mungkahi sa kabanatang ito. Magpokus sa sumusunod:

- Mithiin na makapagsalita ng Ingles kasama ang iyong kompanyon. Kung marunong na ng Ingles ang kompanyon mo at sinisikap na pag-aralan ang iyong wika, maaari ninyong piliing magsalita ng Ingles sa loob ng apartment at gamitin ang wika sa misyon kapag nasa labas kayo.
- Kasama ang iyong kompanyon, basahin ang Aklat ni Mormon sa Ingles. Maaari din kayong maghalinhinan: Magbasa ka ng talata sa Ingles, at pagkatapos ay babasahin ng iyong kompanyon ang isang talata sa wikang gamit sa misyon. Itama ang pagbigkas at tono ng boses ng bawat isa.

Mga Tala

- Humingi ng payo sa iyong mission president tungkol sa simpleng gramatika sa Ingles kung wala ka pa nito.

## Mga Alituntunin sa Pagkatuto ng Wika

Inilalarawan ng bahaging ito ang mga alituntunin na tutulong sa iyo sa pag-aaral at pagkatuto ng wika nang mas epektibo.

- **Maging responsable.** Palagiang lumikha o ibagay ang iyong mithiin sa pagkatuto ng wika at plano sa pag-aaral. Sikaping gamitin ang wika tuwing may pagkakataon.
- **Gawing makabuluhan ang iyong pag-aaral.** Itanong sa iyong sarili: Bakit ko ito pinag-aaralan? Paano ito makatutulong sa akin para mas maging mahusay ako sa pakikipag-usap? Iugnay ang pinag-aaralan mo sa mga tunay na sitwasyon sa buhay at gawain sa araw-araw. Pag-aralan ang mga bahagi ng wika na makatutulong sa iyo na sabihin ang gusto mong sabihin. Halimbawa, kung may kuwento sa banal na kasulatan na gusto mong isama sa pagtuturo mo, pag-aralan ang bokabularyo at gramatikang kailangan para maikuwento ito.
- **Makipag-ugnayan.** Sikaping magkaroon ng balanse ang iyong pag-aaral ng gramatika at istruktura ng wika at pagkatuto sa iyong araw-araw na mga gawain. Wala nang iinam pa sa pakikipag-usap sa mga tao na nagsasalita ng katutubong wika.
- **Pag-aralang mabuti ang mga bagong konsepto.** Matatandaan mo at magagamit nang epektibo ang mga alituntunin ng wika kung regular mong rerebyuhin ang napag-aralan mo at kung papraktisin itong muli sa mga bagong sitwasyon.

## Bumuo ng Plano sa Pag-aaral ng Wika

Ang plano sa pag-aaral ng wika ay nakatutulong kapwa sa bago at datihan nang mga misyonero na magpokus sa kanilang ginagawa sa bawat araw para paghusayin ang kanilang kakayahan na masalita ang wikang gamit sa misyon. Kasama sa plano mo ang gagawin mo sa oras ng pag-aaral ng wika at mga gagawin mo sa buong maghapon.

Kung kinakailangan, gamitin ang ilang oras mo sa pag-aaral ng wika para bumuo o iakma ang iyong plano sa pag-aaral. Pagkatapos tuwing umaga sa oras ng pag-aaral mo ng wika, pag-aralan ang salitang kailangan para sa mga gawain sa araw na iyon. Ang sumusunod na gabay ay makatutulong sa iyo na bumuo ng sarili mong plano sa pag-aaral ng wika:

1. **Magtakda ng mga mithiin.** Ang lingguhan at pang-araw-araw na mga mithiin ay makatutulong sa iyo para matutuhan ang wikang gamit sa misyon. Magpokus sa iyong mga mithiing ukol sa pagpapahusay ng iyong kakayahang makipag-usap at magturo sa oras ng nakaiskedyul na mga aktibiti, tulad ng mga appointment sa pagtuturo, sa paghahanap ng mga bagong investigator, at mga miting ng ward council. Rebyuhin ang iyong progreso sa katuparan ng iyong mga mithiin ukol sa wika. Itanong sa iyong sarili kung ano ang magagawa mo para maging mas malinaw at may kapangyarihan ang pakikipagkomunikasyon mo sa mga nakaiskedyul mong gawain.

2. **Piliin kung aling mga kagamitan ang gagamitin.** Rebyuhin ang sumusunod na mga kagamitang pangwika at alamin kung alin ang gagamitin mo para makamit ang iyong mga mithiin:

Mga Tala




- Ang mga pamantayang aklat sa wikang gamit sa inyong misyon.
- Ang mga lesson sa wikang gamit sa inyong misyon.
- Maliit na diksyunaryo na kasya sa bulsa.
- Maliit na aklat ng gramatika.
- Mga materyal ukol sa wika na gamit sa MTC.
- Mga kard na mapagsusulatan.
- Maliit na notebook na kasya sa bulsa.
- Iba pang mga materyal ng Simbahan sa wikang gamit sa inyong misyon.

**3. Isaulo ang mga bokabularyo at kataga.** Alamin kung ano ang bokabularyo at mga kata-gang makatutulong sa iyo para makamit ang iyong mga mithiin. Maaaring kabilang sa plano mo sa wika ang sumusunod na mga ideya:

- Alamin kung ano ang bokabularyo at mga kataga sa mga lesson, brochure, banal na kasulatan, at iba pang lathalain ng Simbahan na magagamit mo sa pagtuturo.
- Isulat sa isang notebook ang mga salita o kataga na hindi mo alam. Magdala ng maliit na diksyunaryo at hanapin ang mga salitang ito.
- Magdala ng mga kard na masusulatan sa buong maghapon. Isulat ang salita o kataga sa isang panig at ang kahulugan sa kabila. Itabi ang mga salitang alam mo na. Pag-aralan ang natitirang mga salita hanggang sa malaman mo na ang lahat ng salita.
- Gamitin ang mga salita at kataga sa mga pangungusap sa personal na pag-aaral, pagtuturo, at sa buong maghapon.
- Magpraktis sa pagbigkas sa pamamagitan ng pagbanggit nang malakas sa mga bagong salita at kataga.
- Isaulo ang mahahalagang banal na kasulatan sa wikang gamit sa misyon.
- Isaulo ang mga simpleng pangungusap mula sa mga lesson o brochure na nagsasaad ng mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Humanap ng iba pang paraan para maipahayag ang mga ideyang ito.

**4. Pag-aralan ang gramatika.** Gamitin ang iyong mga kagamitang pangwika para malaman ang mga alituntuning panggramatika na tutulong sa iyo para makamit ang iyong mga mithiin. Kung kinakailangan, humingi ng tulong sa iyong kompanyon, sa datihang misyonero, o sa miyembro. Isiping isama ang ilan sa sumusunod na mga ideya:

- Gamitin ang teksto ng gramatika na natanggap mo sa MTC o ang tekstong inaprubahan ng iyong mission president para tulungan kang maunawaan ang gramatika at kaayusan ng pangungusap na nasa mga lesson, brochure, at banal na kasulatan.
- Maghanda ng mga pangungusap na gagamitin mo sa nakaiskedyul ninyong aktibiti na angkop sa mga alituntunin ng gramatika. Magpraktis sa pagbigkas at pagsusulat ng mga pangungusap.
- Bigyang pansin ang kaayusan ng mga salita sa wika at ang mga salita at mga bahagi ng pananalita.
- Maghanap ng mga pagkakataon para mapraktis at magamit ang gramatikang pinag-aaralan mo sa bawat araw.

Mga Tala

**5. Makinig na mabuti.** Isiping isama ang sumusunod:

- Pakinggang mabuti ang mga taong nagsasalita ng wika. Gayahin ang naririnig mo.
- Kapag may narinig ka na hindi mo naiintindihan, isulat ito at alamin ang kahulugan nito. Praktising gamitin ang bokabularyo o kaayusan ng pangungusap.
- Kapag nakikinig, tukuyin ang bokabularyo at kaayusan ng karirinig mo lang na mga salita.
- Kapag may narinig kang kataga na iba ang paraan ng pagkabigkas, isulat at praktisin ito. Gayunman, bilang tagapaglingkod ng Panginoon, palaging gumamit ng angkop na pananalita, huwag gumamit ng slang o salitang-kanto.
- Ilista ang mga bagay na maaaring sabihin ng mga tao sa iyo sa oras ng mga nakaplano ninyong aktibiti. Hanapin ang mga salita at kataga na nauugnay sa mga sagot na ito. Planuhin at praktisin ang mga paraan ng pagsagot mo.

**6. Pagbutihin ang iyong pagbabasa at pagsusulat.** Basahin ang Aklat ni Mormon sa wikang gamit sa inyong misyon para mapag-aralan ang bokabularyo at mga kataga at mapraktis ang gramatika, pagbigkas, at tatas sa pagsasalita. May kapangyarihan sa paggamit ng mga banal na kasulatan sa iyong pag-aaral ng wika. Isaisip din ang sumusunod na mga ideya:

- Pag-aralang basahin at isulat ang alpabeto, iskrip, o mga letra (titik) ng inyong wika. Sa mga wikang letra ang gamit sa pagsulat, magpokus sa pagbabasa, tulad ng pagbabasa ng banal na kasulatan, na makatutulong sa iyo kapag ikaw ay nagtuturo.
- Basahin nang malakas ang Aklat ni Mormon, ang iba pang mga banal na kasulatan, o mga magasin ng Simbahan sa wikang gamit sa iyong misyon. Bigyang pansin ang di-pamilyar na bokabularyo, mga kataga, at gramatika. Kung hindi mo nauunawaan ang isang salita, sikaping unawain ang kahulugan nito sa konteksto ng talata bago ito tingnan sa diksyunaryo. Idagdag ang salita sa iyong mga kard na sinusulatan. Basahin kapwa sa iyong katutubong wika at sa wikang gamit sa misyon ang mga banal na kasulatan kung kinakailangan.
- Magpatulong at magpaturo sa iba sa iyong pagbigkas, tono ng pananalita, at tamang paghinto sa iyong pagbabasa.
- Magpraktis na magsulat sa wikang gamit sa iyong misyon—halimbawa, mga personal na tala at paalala, liham, pasasalamat, at panghihikayat. Isulat ang iyong patotoo sa mga kopya ng Aklat ni Mormon na inyong ipinamimigay.

**7. Hingin ang tulong ng iba.** Isiping isama ang sumusunod na mga ideya:

- Kung ito ang katutubong wika ng kompanyon mo, samantalahin ang malaking pagkakataon na ito sa pamamagitan ng madalas na pagtatanong at paghingi ng feedback.
- Hilingin sa kompanyon mo at sa mga nagsasalita ng wikang ito na itama ka o magmungkahi ng mga paraan para mapagbuti mo pa ito. Kung may ginamit silang salita na hindi mo nauunawaan, hilingin na ipaliwanag nila ito sa iyo. Ang mga bata at mga lolo't lola ay karaniwang handang tumulong.



Mga Tala

- Imbitahin ang mga tinuturuan mo na tulungan ka. Ipaliwanag na, "Pinag-aaralan ko ang inyong wika. Pakitulungan ninyo ako. Kapag nahihirapan akong mangapa ng salita, pakitulungan naman ninyo ako."
- Huwag mag-atubiling humingi ng partikular na tulong: "Paano bang sabihin ang ________?" "Paano ba bigkasin ang ________?" "Ano ang ibig sabihin ng _________?" "Pakiulit mo nga?" Isulat ang mga sagot at pag-aralan ang mga ito.
- Hilingin sa mga miyembro na bigyan ka ng quiz hango sa iyong mga kard na pinagsusulatan o listahan ng bokabularyo at tulungan ka sa pagbabasa nang malakas sa mga banal na kasulatan.

8. **I-evaluate at baguhin ang iyong plano sa pag-aaral.** Rebyuhin ang iyong plano sa pag-aaral bawat linggo para malaman kung nakakatulong ito sa pagkatuto mo ng wika. Imbitahan ang iyong kompanyon at mga lider sa misyon na magpayo kung paano mo itong mapagbubuti.

Gamitin ang wikang gamit sa inyong misyon sa lahat ng pagkakataon. Salitain ninyong magkompanyon ang wika hangga't maaari sa buong maghapon. Gamitin ang wika sa personal na pananalangin at sa pagdarasal sa publiko para matutuhan ang angkop na wika sa panalangin at matutuhang sabihin kung ano ang nasa puso mo.

Huwag matakot na magkamali. Lahat ng nag-aaral ng bagong wika ay nagkakamali. Mauunawaan ng mga tao, at masisiyahan sila sa pagsisikap mong matutuhan ang kanilang wika. Ang pagsasaulo ng mga kataga at banal na kasulatan ay makatutulong sa iyo para maiwasan ang magkamali, ngunit hindi ka dapat gumamit ng kinabisa o inihandang iskrip para lamang maiwasan ang magkamali.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Gamit ang gabay na nasa itaas, bumuo ng plano ng pag-aaral. Rebyuhin mo ang iyong plano kasama ang kompanyon mo o isang lider ng misyon.

## Matuto na Kasama ang Iyong mga Kompanyon

Tulungan ang iyong mga kompanyon na magtagumpay at magkaroon ng tiwala sa sarili sa mabilis na pagkatuto sa wika hangga't maaari. Taos-puso at madalas na purihin ang iyong mga kompanyon at ang iba pang mga misyonero sa kanilang progreso. Ingatan na may masabi o magawa ka na magpapahina sa kanilang tiwala sa sarili, ngunit huwag silang masyadong protektahan at baka hindi sila matuto. Huwag ipagkait ang tulong kapag kailangan ito. Bigyan sila ng maraming pagkakataon na magturo at magpatotoo nang matagumpay. Isipin ang sumusunod na mga ideya sa pagkatuto kasama ang iyong mga kompanyon:

- Ituro sa bawat isa ang napag-aralan mong gramatika at bokabularyo.
- Magpraktis na magturo sa wikang gamit sa misyon. Sa una, ang mga bagong misyonero ay maaaring simple lang magturo, magbahagi ng simpleng patotoo, at bumigkas ng isinaulong mga banal na kasulatan. Habang nadaragdagan ang kanilang tiwala sa sarili at kakayahan, lalo silang makikilahok sa pagtuturo sa mga investigator.

Mga Tala

- Praktisin na gamitin ang wika para makipag-usap sa karaniwang sitwasyon ng misyonero.
- Bigyan ang iba ng simple at praktikal na feedback nang buong kabaitan. Mahalaga rin na tanggapin mo ang feedback nang maluwag sa iyong kalooban.

Pansinin kung paano tinulungan ng datihang misyonero ang kanyang kompanyon sa kasunod na tunay na pangyayari.

> *Kadarating ko lang sa pangalawang area ko nang sabihin sa akin ng kompanyon ko na ako ang magbibigay ng spiritual thought sa isang appointment sa hapunan. Talagang kinabahan ako. Ang una kong kompanyon ay laging nasisiyahan na magturo, at nasanay ako na maliliit lang na bahagi ng lesson ang itinuturo ko at pagkatapos ay nakikinig habang ipinaliliwanag niyang mabuti at sinasagot ang anumang katanungan.*
>
> *Sinubukan kong kumbinsihin ang kompanyon ko na dapat siya ang magbigay ng spiritual thought, pero hinikayat niya ako na ako na ang gumawa nito. Sa tulong niya'y nagpraktis ako.*
>
> *Nang dumating ang sandali, binuksan ko ang aking mga banal na kasulatan at nagbasa mula sa 3 Nephi 5 at 7. Nahirapan ako pero nagawa kong ipaliwanag kung bakit mahalaga para sa akin ang napili kong mga talata, at nakahinga ako nang maluwag pagkatapos. Nang may magtanong, tumingin ako sa kompanyon ko para sa sagot, pero hindi niya ibinukas ang kanyang bibig. Noon ako nagulat sa sarili ko nang maibigay ko ang sagot sa French at naintindihan ito. Lalo akong namangha dahil parang hindi naramdaman ng miyembro na hindi ako komportable sa pakikipag-usap. Nagkaroon ako ng tiwala sa sarili ko at nalaman ko na marunong na rin pala akong magsalita ng French.*
>
> *Nagdaan ang mga linggo, at patuloy akong pinagturo ng kompanyon ko—kahit na sa tingin ko'y hindi ko kayang gawin, kahit na siguro naiisip niyang baka hindi ko kayang gawin. At dahil hinikayat niya akong magsalita, makinig, at magturo, bumilis ang pagprogreso ko sa pagkatuto ng wika, at nadama kong naging kasangkapan ako ng ating Ama sa Langit sa halip na maging tahimik na kompanyon ng isa pang elder.*

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Kung ang kasama mo ay bagong misyonero, paano mo mas matutulungan ang iyong kompanyon na matutuhan ang wika?
- Kung ikaw ay bagong misyonero, anong uri ng tulong ang maaari mong hingin sa iyong senior companion?

## Pagkatuto sa Kultura at Wika

Malapit ang kaugnayan ng kultura at wika. Maipapaliwanag ng pagkaunawa sa kultura kung bakit gayon ang paggamit sa wika. Sikaping unawain ang kultura ng mga tao upang maihatid mo ang kakaibang aspeto ng mensahe ng Panunumbalik sa paraan na magiging malinaw para sa kanila.

Isa sa mga dakilang bagay na magagawa mo para makuha ang tiwala at pagmamahal ng mga tao ay yakapin ang kanilang kultura sa angkop na paraan. Ginawa ito ng maraming magigiting na misyonero (tingnan sa I Mga Taga Corinto 9:20–23). Sikaping maging komportable ang mga tao sa iyo at sa iyong pananalita.

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Kunwari ay nagmimisyon ka sa Asia. Naghahanda ka para turuan ang isang tao tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, at alam mong ang mga Buddhist ay naniniwala sa reincarnation. Paano mo ituturo ang pagkabuhay na mag-uli sa paraan na mauunawaan ng investigator na ang doktrinang ito ay talagang kakaiba sa reincarnation? Anong mga salita at kataga ang maaaring kailanganin mo para matutuhan kung paano gawin ito?
- Isipin ang kultura at relihiyon na kinalakihan ng mga taong tinuturuan mo. Alamin ang isang aspeto na kanilang nakagisnan na maaaring maging dahilan ng maling pagkaunawa nila sa mga doktrina ng ebanghelyo. Planuhin ang mga paraan para malinaw na maituro ang mga doktrinang ito.

## Ang Kaloob na mga Wika

Hangarin ang mga kaloob ng Espiritu, kabilang na ang kaloob na mga wika at pagbibigay-kahulugan sa mga wika. Higit sa ano pa man, makatutulong ito sa iyo upang masalita at maunawaan ang wika ng mga tao sa inyong misyon. Hindi mo makakamtan ang kaloob na ito kung hindi ka magsisikap; kailangan mo itong hangarin. Bahagi ng paghahangad sa kaloob na mga wika ang paggawa at pagsisikap at gawin ang lahat ng magagawa mo para matutuhan ang wika. Magtiwala na tutulungan ka ng Espiritu basta't namumuhay ka nang marapat at ginagawa mo ang lahat. Manalig na mapapasaiyo ang kaloob na mga wika sa tunay at totoong kahulugan nito.

Kapag nadarama mo na parang nahihirapan kang ipaliwanag nang malinaw ang iyong sarili tulad ng nais mo, tandaan na kaya ng Espiritu na mangusap sa puso ng lahat ng anak ng Diyos. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "May isang wika . . . na karaniwan sa bawat misyonero—ang wika ng Espiritu. Hindi ito natututuhan sa mga teksbuk na isinulat ng mga iskolar, ni hindi ito nakukuha sa pagbabasa at pagsasaulo. Ang wika ng Espiritu ay dumarating sa tao na buong pusong naghahangad na makilala ang Diyos at sumusunod sa Kanyang mga banal na kautusan. Ang kahusayan sa wikang ito ay nagpapahintulot sa isang tao na alisin ang mga hadlang, paglabanan ang mga sagabal, at antigin ang puso ng tao" ("The Spirit Giveth Life," *Ensign*, Hunyo 1997, 2).

**Tandaan Ito**

- Pag-aralan muna ang mga doktrina at mga lesson na itinuturo mo gamit ang iyong katutubong wika.
- Pag-aralang ipahayag ang mga doktrinang ito at ang iyong damdamin sa mga ito sa wikang gamit sa inyong misyon.
- Bumuo ng plano sa pag-aaral ng wika at palaging sumubok ng mga bagong ideya habang sinisikap mong paghusayin ang paggamit sa wikang gamit sa inyong misyon.
- Hangarin ang patnubay ng Espiritu para tulungan kang maunawaan at makipag-ugnayan sa mga tao sa inyong misyon.

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Rebyuhin ang mga mungkahi sa kabanatang ito. Tukuyin ang mga mungkahing hindi mo pa nasubukan, at magtakda ng mithiin na subukan ito sa loob ng mga susunod na araw.
- Sa susunod na district meeting ninyo, tanungin ang isang datihang misyonero na mahusay nang magsalita sa wikang gamit sa inyong misyon kung ano ang ginawa niya para matutuhan ang wika.
- Basahin at talakayin ang pahayag na ito ni Elder Richard G. Scott: "Kapag . . . ang mga tradisyon o kaugalian ng bansa ay salungat sa mga turo ng Diyos, huwag ninyong sundin ang mga ito. Kapag ang mga tradisyon at kaugalian ay naaayon sa Kanyang mga turo, dapat pahalagahan ang mga ito" ("Removing Barriers to Happiness," *Ensign*, Mayo 1998, 87). Isipin ang mga kaibahan ng kultura sa area na pinaglilingkuran mo at ng kultura na kinalakihan mo. Ilista ang mga pagkakaiba. Pagkatapos ay ekisan ang alinmang salungat sa mga turo ng ebanghelyo. Tingnan muli ang mga natira, at isipin kung paano mo tataglayin ang mga kaugaliang ito.
- Gumawa ng plano sa pag-aaral para maihanda ka sa paggawa ng isa sa mga sumusunod sa wikang gamit sa inyong misyon:
  - Isalaysay ang kuwento tungkol kay Joseph Smith.
  - Ibuod ang 3 Nephi 11.
  - Ibuod ang Alma 32.
  - Isalaysay ang kuwento ni Nephi at ang mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3–5).
  - Ipaliwanag ang mga dispensasyon.
  - Magbahagi ng sariling karanasan.
- Gumawa ng mga kard na pagsusulatan ng mga salitang hindi mo alam sa isa sa mga lesson. Dalhin ang mga ito palagi hanggang sa matutuhan mo ang lahat ng ito.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Magpraktis na ituro sa isa't isa ang mga lesson ng misyonero sa wikang gamit sa inyong misyon.
- Hilingin sa kompanyon mo na pakinggan ang iyong pagbigkas at tulungan kang pagbutihin pa ito.
- Pumili ng mga kuwento o talata sa banal na kasulatan na gusto mong gamitin sa pagtuturo. Praktisin na ibuod ang mga ito sa sarili mong mga salita.
- Rebyuhin ang mga ideya sa kabanatang ito. Talakayin kung aling mga mungkahi ang magagamit ninyo sa pag-aaral ninyong magkompanyon sa susunod na linggo.
- Kung nagte-*train* ka ng bagong misyonero, pansinin ang mga sitwasyon kung saan hindi nauunawaan ang kompanyon mo. Ilista ang angkop na mga salita, kataga, o gramatika na makatutulong sa kompanyon mo. Ipaliwanag at praktisin kung paano gamitin ang nasa listahan sa darating na mga nakaplanong aktibiti.

Mga Tala

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Imbitahan sa miting ang mga native speaker. Makipag-ayos sa mga misyonero na turuan sila sa maliliit na grupo. Sabihan ang mga native speaker na magsulat ng mga puna at magbigay ng feedback ukol sa pananalita ng mga misyonero.
- Sabihan agad ang isa o dalawang misyonero na magkuwento tungkol sa kanilang mga tagumpay sa pag-aaral ng wika. Ipabahagi ang kanilang mga ideya.
- Sabihan ang isang datihang misyonero na maikling ilahad ang ilang bahagi ng wika na karaniwang mahirap para sa mga misyonero. Magbigay ng mga halimbawa ng tamang paggamit, at ipapraktis ito sa mga misyonero.
- Sabihan ang mga misyonerong tagarito na magbahagi ng kapaki-pakinabang na mga ideya ukol sa kultura nila.

## Mission President

- Paminsan-minsan ay interbyuhin ang mga misyonero gamit ang wikang pinag-aaralan nila.
- Humingi sa mga lider ng priesthood sa lugar na ito ng mga ideya kung paano mapaghuhusay ng mga misyonero ang kanilang paggamit sa wika.
- Alamin ang mga karaniwang pagkakamaling nagagawa ng mga misyonerong nag-aaral ng wikang gamit sa misyon. Ituro sa zone conference kung paano iwawasto ang mga pagkakamaling ito.
- Ituro sa mga misyonero ang doktrina ng mga espirituwal na kaloob.
- Obserbahan ang mga misyonero kapag nagtuturo sila sa wikang gamit sa misyon.
- Humanap ng mga pagkakataon na magamit ang wika sa iyong mga misyonero.



# Paano Ko Magagamit nang Matalino ang Oras?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Paano makatutulong ang mga mithiin para maging mas epektibong misyonero ako?
- Ano ang dapat maging pokus ng aking mga mithiin?
- Anu-ano ang magagamit at mapagkukunan ko sa pagplano, at paano ko gagamitin ang mga ito?
- Bakit mahalaga ang area book?
- Paano ako magsasagawa ng lingguhan at arawang pagpaplano?
- Paano ko malalaman kung nakatutulong ang aking mga mithiin at plano sa pagpapaunlad ng gawain ng Panginoon?

Naitalaga ka na gawin ang gawain ng Panginoon sa isang partikular na area. Gusto Niyang pangalagaan mo ang iyong area nang may pagmamahal at malasakit. Ang layunin mo ay tulungan ang iba na lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon.

Gawin ang lahat ng iyong makakaya upang sa pag-alis mo ay maiwang mas matatag ang iyong area kaysa noong datnan mo ito. Ang mga makabuluhang mithiin at maingat na pagpaplano ang tutulong sa iyo para maisagawa ang iniuutos ng Panginoon sa iyo. Sa pagmamalasakit mo sa mga tao na nasa iyong area, mananagot ka sa Kanya at sa iyong mga lider sa misyon.

Sinasabi sa sulat nang tawagin kang misyonero: “Inaasahan din na itutuon mo ang lahat ng iyong oras at pansin sa paglilingkod sa Panginoon, at iiwan ang lahat ng iba pang personal na gawain. Kapag ginawa mo ang mga bagay na ito pagpapalain ka ng Panginoon at ikaw ay magiging epektibong tagapamagitan at mensahero ng katotohanan. May tiwala

Mga Tala

May tiwala kami sa iyo at dalangin namin na tulungan ka ng Panginoon na magampanan ang iyong mga responsibilidad sa pagtupad ng banal na gawaing ito." Tutulungan ka ng kabanatang ito na malaman kung paano makatutulong ang pagtatakda ng mithiin, pagplano at pagiging responsable, sa pagtanggap ng maraming tao sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Basahin ang Jacob 5:11–13, 61–64, 74–75, at sagutin ang mga tanong na ito:

- Ano ang nadarama ng Panginoon sa Kanyang mga anak?
- Anong uri ng pagsisikap ang hinihingi ng Panginoon sa Kanyang mga tagapaglingkod?

## Key Indicators para sa Conversion o Pagbabalik-loob

Siguro iniisip mo kung alin sa marami mong tungkulin ang pinakamahalaga. Para masagot ang tanong na ito, dapat maunawaan mo ang iyong layunin at alamin kung paano makatutulong sa iyo ang epektibong paggamit ng oras sa pagtupad ng layuning ito.

Ang layunin mo ay anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na matanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Kailangang gawin ito nang may pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Tinukoy na ng mga lider ng Simbahan ang key indicators para tulungan kang magpokus sa layuning ito. Kapag nakapokus ka sa mga indicator na ito, matutulungan mo ang tao na magprogreso tungo sa binyag, kumpirmasyon, patuloy na maging aktibo sa Simbahan, at sa walang hanggang conversion o pagbabalik-loob.

**Key Indicators na Irerekord at Irereport**

- Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma
- Mga investigator na nakatakdang binyagan
- Mga investigator na dumalo sa sakrament miting
- Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro
- Iba pang mga lesson na itinuro
- Mga investigator na may progreso
- Mga referral na natanggap at nakausap
- Mga bagong investigator
- Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong aktibong miyembro

Tinutukoy ng mga indicator na ito ang mga pangyayari at kundisyon na nagpapakita ng progreso ng isang tao tungo sa tunay na conversion o pagbabalik-loob. Isang maikling paglalarawan ng bawat key indicator ang ibinigay sa ibaba:

**Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma:** Bawat convert na tumanggap ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon.

**Mga investigator na nakatakdang binyagan:** Bawat investigator na sumang-ayon na mabinyagan at makumpirma sa mga itinakdang petsa.

Mga Tala

**Mga investigator na dumadalo sa sakrament miting:** Bawat investigator na nakadalo na sa sakrament miting.

**Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro:** Ang kabuuang bilang ng mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro. Karaniwang kasama sa isang lesson ang pagtuturo ng isa o higit pang alituntunin ng ebanghelyo mula sa mga lesson, pambungad at pangwakas na panalangin, at imbitasyon na mangako. Hindi kailangang ituro ang lahat ng alituntunin ng isang lesson para maituring ito na kumpletong lesson. Masusukat ang pagiging epektibo ng iyong pagtuturo sa paglakas ng pananampalataya ng mga investigator sa Tagapagligtas, pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, at masigasig na paghahanda na tanggapin ang mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon.

**Iba pang mga lesson na itinuro:** Ang kabuuang bilang ng mga lesson na itinuro sa mga investigator nang walang kasamang miyembro.

**Mga investigator na may progreso:** Ang kabuuang bilang ng mga investigator na naturuan ng dalawa o higit pang lesson at tumutupad sa mga pangakong gaya ng pananalangin, pagbabasa sa Aklat ni Mormon, pagsisimba, at paghahanda para sa binyag at kumpirmasyon. Ang mga investigator na handang magpatuloy sa pag-aaral ng ebanghelyo pero hirap sa paggawa ng mga ipinangako ay hindi mga investigator na may progreso gaya ng tinutukoy rito. Sila ay kasama sa mga bagong investigator o iba pang investigator.

**Mga referral na natanggap at nakausap:** Ang kabuuang bilang ng mga referral na nakontak o kaya'y naturuan ninyo o naiskedyul na babalikan. Kapag nakontak na ninyo ang isang referral, aalisin na siya sa grupo ng mga referral at magiging bagong investigator na itatakdang i-follow up, o kaya'y tatanggalin. Ang referral ay itinuturing din na nakausap kung matapos ang maraming pagsisikap ay hindi ninyo makita ang tao o mali ang address nito. Ibinabalik ang mga referral na ito sa mission office at isusulat kung bakit hindi sila makontak.

Ang kabuuang referral na natanggap ay tumutukoy sa lahat ng referral na natanggap ninyo na hindi pa nakokontak (mga referral mula sa mga miyembro, investigator, headquarters ng Simbahan, at iba pa).

**Mga bagong investigator:** Ang kabuuang bilang ng mga taong tumanggap ng lesson at partikular na appointment na babalik.

**Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong aktibong miyembro:** Ang kabuuang bilang ng mga lesson na itinuro sa mga nabinyagan na wala pang isang taon na miyembro at sa di-gaanong aktibong miyembro.

Sa pagtatakda mo ng mithiin at pagpaplano, suriin ang ginagawa mo at tingnan kung paanong makadaragdag ang pagsisikap mo sa bilang ng mga tao na kinakatawan ng bawat key indicator na ito. Dapat mong mithiin na madagdagan ang bilang sa bawat key indicator.

Maraming bagay kang gagawin na hindi nalalarawan sa key indicators, gaya ng street contacting o personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon. Ang mahahalagang gawaing ito ay nakatutulong sa isa o higit pang key indicators. Halimbawa, kapag tinuturuan ninyo ang mga investigator na nahanap ninyo dahil sa sarili ninyong pagsisikap, nagdaragdag kayo ng mga bagong investigator sa grupo ng tinuturuan ninyo. At isa pa, ang kalidad ng personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon ay magpapahusay sa

Mga Tala

inyong kakayahan na magturo sa pamamagitan ng Espiritu. Dahil dito ay pagpapalain ang inyong bago at may progresong mga investigator. Ang bisa ng paghahanap at pagtuturo mo ay makaaapekto sa bawat key indicator. Suriin ang lahat ng iyong ginagawa batay sa kung nakadaragdag ito sa bilang ng mga tao sa mga kategoryang ito. Kung hindi ninyo makita ng kompanyon mo kung paano makatutulong ang pag-proselyte sa pagdami ng bilang ng mga tao sa isa o higit pang key indicators, kailangan ninyong pakaisipin kung sulit ba ang oras na inuukol ninyo sa aktibiting ito.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Sa iyong study journal, ilista ang lahat ng proselyting activity na nagawa mo sa nagdaang tatlong araw. Sa bawat aktibiti, alamin kung nakaapekto ito sa isa sa mga key indicator. Kung may epekto nga, isulat ang *oo* sa tabi nito. Kung hindi, isulat ang *hindi.* Sa bawat aktibiti na may *oo*, ilarawan kung paano ito nakaapekto. Sa bawat aktibiti na may *hindi,* magdesisyon kung bakit mo ito ginawa at kung itutuloy mo pa ang aktibiti sa hinaharap. Pag-usapan ninyo ng kompanyon mo ang iyong listahan at ipaliwanag kung bakit mo minarkahan ang ilang aktibiti ng *oo*, at ang ilan ay *hindi*. Pag-usapan kung aling aktibiti ang kailangang itigil.

## Ang Area Book at Pagplano at Kagamitan sa Pagrereport

Tungkol sa mga naging miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon sa kanyang panahon, itinuro ni Moroni na, "Ang kanilang mga pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan" (Moroni 6:4).

Binigyan ka ng mga kagamitan na tutulong sa iyo na irekord ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga taong tinuturuan mo. Ang mga kagamitan ding ito ay makapagbibigay ng sapat na impormasyon sa mga nangangailangan nito, gaya ng nakasaad sa sumusunod.

| Piramide ng Impormasyon | | Mga Kagamitan: |
|---|---|---|
| Mission President | | Lingguhang Report ng Misyonero |
| Mga Mission Leader | Dami ng Impormasyon | Buod ng Report sa Pagbisita |
| Ward Council | | Rekord sa Progreso |
| Mga Misyonero | | Daily Planner ng Misyonero; Area Book |

Ang mga kagamitang ito at lahat ng impormasyon na kailangan sa iyong gawain ay nakasulat sa area book at sa Daily Planner ng Misyonero. Ganito ang pagkabuo ng area book:

- **Mapa ng Area**
  - Mapa ng area na may outline ng mga hangganan
- **Mga Rekord sa Progreso**
  - Mga form ng Rekord sa Progreso
- **Mga Investigator na Nakatakdang Binyagan at Kumpirmahin**
  - Mga form ng Rekord ng Pagtuturo
- **Mga Investigator na may Progreso**
  - Mga form ng Rekord ng Pagtuturo
- **Mga Bago at Iba pang Investigator**
  - Mga form ng Rekord ng Pagtuturo
- **Mga Potensyal na Investigator**
  - Mga form ng mga Potensyal na Investigator
  - Mga referral ng media at iba pang mga rekord ng referral
- **Mga Dating Investigator**
  - Mga form ng Rekord ng Pagtuturo
- **Mga Bagong Binyag at Di-gaanong Aktibong Miyembro**
  - mga form ng Rekord ng Pagtuturo
  - mga form ng Convert Action List
- **Impormasyon ng Ward at Misyon**
  - Direktoryo ng ward
  - Listahan ng mga tungkulin ng miyembro ng ward
  - Iskedyul ng mga miting ng ward at misyonero
  - Listahan ng may kapamilyang di pa miyembro
  - Direktoryo ng mga misyonero sa inyong district o zone
- **Pamumuno**
  - Buod ng Report sa Pagbisita
- **Impormasyon tungkol sa Area**
  - Impormasyon tungkol sa apartment
  - Pampublikong transportasyon
  - Barbero
  - Labahan
  - Mga pamilihan
  - Mga lugar na dapat iwasan
  - Mga kontak

**Ang Area Book**

Ang bawat proselyting area ay may area book. Ito ay pangmatagalang rekord na gagamitin sa inyong gawain sa araw-araw. I-update ang mahahalagang impormasyon araw-araw, at lingguhang sumangguni rito sa inyong lingguhang pagpaplano. Panatilihin itong malinis, tama at laging sulatan para mapatatag ang sinumang misyonero sa hinaharap sa pamamagitan ng iyong inspiradong serbisyo. Kapag naimbitahan, dalhin ang inyong area book sa mga interbyu o zone conference kung saan marerebyu ito ng mga mission leader upang matulungan kayo na malaman kung paano ito mas epektibong gamitin.


Dapat kang sumangguni sa ilang bahagi ng area book araw-araw habang ina-update at isinasaayos ang iyong mga plano. Dalhin ang inyong area book sa mga zone conference at interbyu para marebyu ito ng mga mission leader. Dapat maiwan ang aklat na ito sa inyong apartment kapag malilipat kayo para magamit ng mga misyonero sa hinaharap ang impormasyong narito.

Sa inyong area book, panatilihing tama, kumpleto, at naka-update ang mga rekord ng lahat ng taong naturuan ninyo. Kasunod nito ang ibinigay na paliwanag tungkol sa mga kagamitang ito.

Mga Tala

**Rekord ng Pagtuturo:** Ang form na ito ay tutulong sa iyo na mairekord ang detalyadong impormasyon tungkol sa progreso ng mga investigator, bagong miyembro, at di-gaanong aktibong miyembro na tinuturuan ninyo.

- Personal na impormasyon.
- Petsa ng binyag at kumpirmasyon.



ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**Rekord ng Pagtuturo**

| Proselyting area | Ward o branch | Stake o district |
|---|---|---|
| | | |

**Personal na Impormasyon** (Tingnan sa kabila para sa karagdagang personal na impormasyon.)

| (Mga) Pangalan ng tao o ng mag-asawa | *Klase | Edad | Petsa ng unang pagkikita | Nakatakdang petsa ng binyag | Aktuwal na petsa ng binyag | Petsa ng kumpirmasyon | Mga pangalan ng mga anak (Maaaring isulat ang karagdagang mga pangalan sa bahagi ng Background Information sa kabila.) | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | Edad | Edad |
| | | | | | | | Edad | Edad |

| Address | Numero ng telepono | Mga misyonero na nagsimulang magturo |
|---|---|---|
| | | |

| Pangalan ng mga fellowshipper at home o visiting teacher | Numero ng telepono | Address |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

*Klase: I = Investigator; RC = Bagong Binyag (Recent convert); LA = Di-gaanong aktibong miyembro (Less-active member); M = Miyembro (Member); PM= May kapamilyang di pa miyembro (Part-member family)

**Petsa nang Ituro ang mga Lesson at Alituntunin** (Bilugan kung may kasamang miyembro nang ituro ito.) | **Status ng mga Pangako o Aktibiti para sa Investigator o Ulo ng Sambahayan**

| **Mensahe ng Panunumbalik** | Bago Binyag | Pagkatapos ng Binyag | **Mga Kautusan** | Bago Binyag | Pagkatapos ng Binyag | Inimbita | Tumutupad | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ang Diyos ang ating mapagmahal na Ama sa Langit | | | Pagsunod | | | | | Magbasa sa Aklat ni Mormon |
| Pinagpapala ng ebanghelyo ang mga pamilya | | | Manalangin nang madalas | | | | | Ipanalangin ang tungkol kay Joseph Smith at sa Book of Mormon |
| Mga dispensasyon ng ebanghelyo | | | Pag-aralan ang mga banal na kasulatan | | | | | Dumalo sa sakrament at sa iba pang mga miting |
| Ang ministeryo sa lupa ng Tagapagligtas | | | Panatilihing banal ang araw ng Sabbath | | | | | Dumalo ang mga anak sa Primary, Young Men, o Young Women |
| Ang Malawakang Apostasiya | | | Binyag at kumpirmasyon | | | | | Ipakilala ang pamilya at mga kaibigan sa mga misyonero |
| Ang Panunumbalik: Joseph Smith | | | Sundin ang propeta | | | | | Dumalo sa binyag |
| Ang Aklat ni Mormon | | | Sundin ang Sampung Utos | | | | | Makipagkita sa bishop at sa mga miyembro ng ward council |
| Panalangin, Espiritu Santo | | | Ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri | | | | | Makipagkaibigan sa mga miyembro ng ward |
| **Plano ng Kaligtasan** | | | Sundin ang Word of Wisdom | | | | | Sundin ang Sampung Utos |
| Buhay bago ang buhay sa mundo | | | Sundin ang batas ng ikapu | | | | | Ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri |
| Ang Paglikha | | | Sundin ang batas ng ayuno | | | | | Ipamuhay ang Word of Wisdom |
| Karapatang Pumili at ang Pagkahulog | | | Paano magbigay ng ikapu at mga handog | | | | | Ipamuhay ang batas ng ikapu |
| Ang ating buhay sa lupa | | | Sundin at igalang ang batas | | | | | Ipamuhay ang batas ng ayuno |
| Ang Pagbabayad-sala | | | **Mga Batas at Ordenansa** | | | | | Sundin ang batas ng lupain |
| Ang daigdig ng mga espiritu | | | Priesthood at mga auxiliary | | | | | Mainterbyu para sa binyag at kumpirmasyon |
| Pagkabuhay na mag-uli, paghuhukom, at imortalidad | | | Gawaing misyonero | | | | | Imbitahan ang mga kaibigan at pamilya na dumalo sa kanilang binyag at kumpirmasyon |
| Mga kaharian ng kaluwalhatian | | | Walang hanggang kasal | | | | | Mabinyagan at makumpirma |
| **Ebanghelyo ni Jesucristo** | | | Mga templo at family history | | | | | Araw-araw na manalangin at mag-aral ng banal na kasulatan nang mag-isa |
| Nalinis mula sa kasalanan | | | Paglilingkod | | | | | Araw-araw na manalangin at mag-aral ng banal na kasulatan kasama ang pamilya |
| Pananampalataya kay Jesucristo | | | Pagtuturo at pag-aaral | | | | | Magdaos ng lingguhang family home evening |
| Pagsisisi | | | Magtiis hanggang wakas | | | | | Tumanggap ng priesthood |
| Binyag, ang ating unang tipan | | | **Rebyuhin ang mga Tanong sa Binyag** | | | | | Tumanggap ng katungkulan sa Simbahan |
| Ang kaloob na Espiritu Santo | | | | | | | | Makilahok sa mga binyag para sa mga patay |
| Magtiis hanggang wakas | | | | | | | | |

(Tingnan sa kabila para sa karagdagang personal na impormasyon)

© 2004 IRI. 7/04. 7/04. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. 36987 893

*(Harap)*

- Isang rekord kung kailan ninyo itinuro ang mga alituntunin mula sa isa sa limang lesson at kung may kasamang miyembro. Sa bahaging ito ay masusubaybayan mo ang mga itinuro ninyo, anuman ang pagkasunud-sunod ng mga itinurong alituntunin.
- Masusundan mo ang mga lesson na itinuro bago ang binyag at mga lesson na itinuro pagkatapos ng binyag.
- Isang rekord ng status ng mga pangakong gagawin ng mga investigator. Sa bahaging ito ay irerekord mo ang petsa kung kailan ninyo sila inimbitahang mangako at markahan kung palagi nilang tinutupad ang pangako.

Mga Tala

- Isang bahagi kung saan inilalarawan mo ang background ng tao o pamilya. Huwag isama ang masyadong personal o negatibong puna.
- Isang bahagi kung saan inilalarawan mo ang mahalagang impormasyon mula sa mga pagbisita at pagtuturo ninyo. Maaari mong isama ang binabanggit na mga problema ng tao, mga pangakong hirap nilang tuparin, at tagumpay nila sa pagbabasa o sa pananalangin. Maaari mo ring isulat kung dumalo sila sa simbahan at ano ang nabasa na nila sa Aklat ni Mormon.
- Isang bahagi kung saan masusundan mo ang follow up na pagbisita kung tumigil na ang tao o pamilya sa pagsisiyasat o pag-investigate sa Simbahan.

**Rekord ng Pagtuturo** (karugtong)

**Background Information** (Sabihin kung paano nagkaroon ng kontak sa Simbahan ang tao o ang pamilya, ano ang trabaho, relihiyon, interes, at marami pang iba.)

**Mga Puna Tungkol sa Pagtuturo**

| Petsa | Sabihin kung paano nila naunawaan o tinanggap ang itinuro, ang mga pangako, at marami pang iba. | Nagsimba nitong linggong ito? Oo/Hindi | Rekord ng pagbabasa nila sa Aklat ni Mormon |
|---|---|---|---|

**Status ng Dating Investigator** (Sabihin kung bakit sila tumigil sa pag-investigate sa Simbahan. Sabihin ang mga resulta ng bawat kasunod na pagbisita.)

| Petsa | Resulta ng pagbisita | Mga misyonero |
|---|---|---|

*(Likuran)*

Kapag nagawa na ang Rekord ng Pagtuturo, dapat itong manatili sa area book hanggang sa ang tao o pamilya ay lubos na maging aktibo sa Simbahan, lumipat, o mamatay.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**Rekord sa Progreso**

Gagamitin sa pagbibigay sa mga lider ng ward o stake ng impormasyon tungkol sa mga investigator, bagong binyag, at di-gaanong aktibong miyembro.

Pangalan ng mga misyonero

Ward o Branch | Petsa

| Klase* | Pangalan | Edad | L o B | Address | Numero ng Telepono | Mga lesson na itinuro (bilugan kung may kasamang miyembro nang magturo) | Fellowshipper o home teacher | Ilang beses nagsimba | Petsa ng binyag at kumpirmasyon | | Petsa ng ordenasyon sa priesthood | Tulong na kailangan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | Nabinyagan | Nakumpirma | | |

*Klase: I = Investigator; RC = Recent convert (Bagong binyag); LA = Less-active member (Di-gaanong aktibong miyembro); PM = Part-member family (May kapamilyang di pa miyembro)

**Key Indicators: Katapusan ng Linggo** ______________________

| | Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma | | Mga investigator na nakatakdang binyagan | Mga investigator na dumalo sa sakrament miting | Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro | Iba pang mga lesson na itinuro | *Mga investigator na may progreso | Mga referral | | Mga bagong investigator | Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong aktibong miyembro | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nabinyagan | Nakumpirma | | | | | | Natanggap | Nakausap | | | |
| Aktuwal | | | | | | | | | | | | |
| Mithiin | | | | | | | | | | | | |

*Mga investigator na may progreso: Mga investigator na naturuan nang dalawang beses o mahigit pa at tumutupad sa pangako nilang babasahin ang Aklat ni Mormon at ipagdarasal ang tungkol dito at kay Propetang Joseph Smith, magsisimba, at kung anu-ano pa.

© 2004 IRI. 7/04. 7/04. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. 36985 893


**Rekord sa Progreso:** Sa rekord na ito makikita ang buod ng progreso ng mga investigator, bagong miyembro, at di-gaanong aktibong miyembro na tinuturuan ninyo. Mairereport

Mga Tala

mo rin ang tungkol sa key indicators. Gamitin ito para mai-correlate sa lider ng ward at stake sa missionary coordination at ward council meeting ang inyong ginagawa. Ia-update mo ang rekord na ito sa iyong lingguhang pagpaplano o bago ang ward council meeting. Kung maaari, magbigay ng mga kopya ng rekord na ito sa bishop, ward mission leader, at iba pang miyembro ng ward council kada linggo o mas madalas pa kung kinakailangan. Tiyakin na ang impormasyong inilagay mo sa mga form na Rekord sa Progreso ay kumpleto, wasto at nababasa. Ito ay magdudulot ng pagtitiwala ng ward council sa iyo.

**Mga Potensyal na Investigator:** Mairerekord mo sa form na ito ang mga taong potensyal na maging investigator.

- Ang status ng potensyal na investigator. (Siya ba ay inalis sa listahan, tinuturuan sa kasalukuyan, o kailangan pang i-follow up?)
- Kung ang tao ay referral o nakilala ng mga misyonero.
- Petsa na nakausap ang tao.
- Mahahalagang puna.


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**Mga Potensyal na Investigator**

Isulat ang impormasyon tungkol sa mga referral na natanggap mo o mga taong nakausap mo na maaaring tumanggap sa imbitasyong alamin ang tungkol sa ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-usap sa mga misyonero.

Proselyting area

Ward o branch

Stake o district

| *Status | Pangalan | Address | Numero ng telepono | **Klase ng kontak | Petsa ng pagkausap | Komentaryo (gaano kainteresado, ginawang pag-iimbita, resulta ng sumunod na mga pagbisita) |
|---|---|---|---|---|---|---|

* D = Dropped (Inalis sa listahan); T = Teaching (Tinuturuan); F = Follow-up (Balikan)
** M = Member referral (Referral ng miyembro); I = Investigator referral (Referral ng investigator); N = Nonmember referral (Referral ng di-miyembro); HQ = referral ng headquarters ng Simbahan; C = Missionary contact (Kontak ng misyonero)

© 2004 IRI. 7/04. 7/04. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. 36988 893

Kopyahin sa form ng Mga Potensyal na Investigator ang mahalagang impormasyon mula sa bahaging "Mga Potensyal na Investigator" ng Daily Planner ng Misyonero. Gamitin ang impormasyong ito sa planong pag-follow up, pagrerebyu ng ward mission leader sa gawaing misyonero ng mga miyembro, at pagpaplano ng iba pang aktibiti na makatutulong sa mga taong ito para magsimulang magsiyasat o mag-investigate tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang form na ito ay nagsisilbing rekord ng kasaysayan para sa mga misyonerong madedestino sa area sa hinaharap. Kapag nalipat ka sa ibang area, siguraduhing nakopya mo ang lahat ng impormasyon mula sa iyong Daily Planner ng Misyonero.

Mga Tala

**Buod ng Report sa Pagbisita:** Lingguhang gamitin ang report na ito para makakuha ng impormasyon sa bawat key indicator. Ginagamit ng bawat magkompanyon ang Buod ng Report sa Pagbisita na nasa likuran ng kanilang Daily Planner ng Misyonero para ibigay ang impormasyong ito sa district leader. Isinusulat ng district leader ang pangalan ng bawat magkompanyon sa kanyang district sa Buod ng Report sa Pagbisita, kasama ang lingguhang kabuuang bilang para sa bawat key indicator. Pagkatapos ay kukunin niya ang kabuuang bilang ng resulta para sa district sa ibaba. Irereport ang impormasyon sa mas nakatataas na lider. Ibibigay ng district leader ang kabuuang bilang sa kanilang zone leader. Ibibigay naman ito ng zone leader sa mga assistant sa president at tapos ibibigay naman nila ito sa mission president.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**Buod ng Report sa Pagbisita**

**Katapusan ng Linggo**

| Pangalan ng yunit na nagreport (mga misyonero, district, zone) | Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma | | Mga investigator na nakatakdang binyagan | Mga investigator na dumalo sa sakra-ment miting | Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro | Iba pang mga lesson na itinuro | *Mga investi-gator na may progreso | Mga referral | | Mga bagong investigator | Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong akti-bong miyembro | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nabinyagan | Nakumpirma | | | | | | Natanggap | Nakausap | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| **Mga kabuuan** | | | | | | | | | | | | |

**Katapusan ng Linggo**

| Pangalan ng yunit na nagreport (mga misyonero, district, zone) | Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma | | Mga investigator na nakatakdang binyagan | Mga investigator na dumalo sa sakra-ment miting | Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro | Iba pang mga lesson na itinuro | *Mga investi-gator na may progreso | Mga referral | | Mga bagong investigator | Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong akti-bong miyembro | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nabinyagan | Nakumpirma | | | | | | Natanggap | Nakausap | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| **Mga kabuuan** | | | | | | | | | | | | |

**Katapusan ng Linggo**

| Pangalan ng yunit na nagreport (mga misyonero, district, zone) | Mga investigator na nabinyagan at nakumpirma | | Mga investigator na nakatakdang binyagan | Mga investigator na dumalo sa sakra-ment miting | Mga lesson na itinuro sa mga investigator na may kasamang miyembro | Iba pang mga lesson na itinuro | *Mga investi-gator na may progreso | Mga referral | | Mga bagong investigator | Mga lesson na itinuro sa mga bagong binyag at di-gaanong akti-bong miyembro | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nabinyagan | Nakumpirma | | | | | | Natanggap | Nakausap | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| **Mga kabuuan** | | | | | | | | | | | | |

* Mga investigator na may progreso: Mga investigator na naturuan nang dalawang beses o mahigit pa at tumutupad sa pangako nilang babasahin ang Aklat ni Mormon at ipagdarasal ang tungkol dito at kay Propetang Joseph Smith, magsisimba, at kung anu-ano pa.

© 2004 IRI. 7/04. 07.04. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. 36984 893


**Ang Daily Planner ng Misyonero:** Ang kagamitang ito ay kinabibilangan ng sumusunod na mga katangian:

- Iskedyul sa araw-araw sa loob ng anim na linggo, na kaagad makikita ang pahina ng ikapitong linggo.
- Mga pahina para sa mga lingguhang mithiin.
- Isang buod ng mga gabay sa pagpaplano; isang listahan ng mga pangyayari na nauuwi sa binyag, kumpirmasyon, at aktibiti sa Simbahan; mga lesson plan ng mga lesson ng misyonero; mga ideya sa paghahanap ng mga taong tuturuan, at mga tanong para sa interbyu sa binyag.
- Isang bahagi para sa impormasyon tungkol sa mga kontak at address at telepono ng mga investigator at miyembro.
- Isang Buod ng Report sa Pagbisita para sa pagsubaybay sa mga lingguhang pangyayari.

Mga Tala

Sa iyong lingguhang pagpaplano, isusulat mo ang iyong lingguhang mithiin sa pahina ng Mga Lingguhang Mithiin ng Daily Planner ng Misyonero gaya ng nasa ibaba.

- Lingguhang mithiin sa bawat key indicator.
- Aktuwal na mga resulta sa linggong ito. Ang mga resulta sa bawat araw ay makikita sa iskedyul sa araw-araw. Ang kabuuan o total sa bawat linggo ay ililipat dito.





- Pangalan ng mga tao na makatutulong sa iyo na makamit ang iyong mga mithiin (mga investigator na may progreso, bagong investigator). Magtakda ng mga mithiin na inaasahan mong mangyayari sa mga taong ito (magsimba, magbasa ng Aklat ni Mormon, magtakda ng petsa ng binyag, at iba pa).
- Blankong bahagi para masulatan ng iba pang personal na mithiin o mga mithiin ng mag-kompanyon.

Mga Tala


Sa bawat araw na nagpaplano at nagpo-proselyte, gagamitin mo ang arawang iskedyul gaya ng nakalarawan sa ibaba:

- Isang arawang iskedyul kung saan mairerekord mo ang mga appointment sa pagtuturo, miting at aktibiti ng paghahanap. Magplano para magkaroon ng mga makabuluhang aktibiti sa bawat oras ng maghapon. Ang blankong bahagi ay narito rin para sa alternatibong mga plano.
- Blankong bahagi para ilista ang mga kailangang gawin (pagtawag sa telepono, mga taong kokontakin, paghahanda ng mga lesson, follow up sa mga pangakong ginawa, at iba pa).




- Blankong bahagi para irekord ang pag-aaralan mo habang naghahanda ka para sa appointment sa pagtuturo.
- Mga mithiin sa araw-araw at aktuwal na resulta sa mga piling key indicator.

**Lingguhang Report ng Misyonero:** Ang report na ito ay nagbibigay sa iyo ng oportunidad na diretsong mag-report sa iyong mission president tungkol sa inyong pag-proselyte at iba pang personal na bagay na nais mong ibahagi. Kapag isinusulat mo ang liham na ito, maging partikular at tapat, pero hindi kailangang sulatan ang buong papel. Siya lamang ang magbabasa sa sulat na ito, kaya maging tapat sa iyong mga puna.



Mga Tala

## Paano Magtatakda ng mga Mithiin

Nakikita sa mga mithiin ang mga hangarin ng ating puso at pagkaunawa sa maaari nating magawa. Sa pamamagitan ng mga mithiin at plano, ang mga inaasam natin ay naisasagawa. Ang pagtatakda ng mithiin at pagpaplano ay mga gawa ng pananampalataya. Mapanalanging magtakda ng mga mithiin na akma sa iniutos ng Tagapagligtas na "gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo" (Mateo 28:19).

Magtakda ng mga mithiin para sa bawat key indicator. Maaari ka ring magtakda ng mga mithiin para sa iyong sariling pag-unlad. Gawin ang lahat ng iyong makakaya para makamit ang iyong mga mithiin habang nirerespeto rin naman ang kalayaan ng iba. Ang huling sukatan ng tagumpay ay hindi lamang sa pagkakamit ng mga mithiin kundi sa serbisyong ibinigay mo at sa progreso ng mga taong tinuturuan mo. Ang mga mithiin ay paraan para matulungan ka na magdulot ng maraming kabutihan sa mga anak ng Ama sa Langit. Hindi dapat gamitin ito para tumanggap ng papuri.

> *"Lubos akong naniniwala na kung hindi tayo magtatakda ng mga mithiin sa ating buhay at matutong maging bihasa sa mga pamamaraan ng pamumuhay upang makamit ang ating mga mithiin, tayo ay tatanda at maaalala ang ating buhay at makikita na maliit na bahagi lamang pala ng ating malaking potensyal ang ating naabot. Kapag natuto ang tao na maging mahusay sa mga alituntunin ng pagtatakda ng mithiin, malaki ang kaibahan ng magiging resulta ng nakamit niya sa buhay na ito."*
>
> – ELDER M. RUSSELL BALLARD
> MENSAHENG IBINIGAY SA MGA YOUNG ADULT SA SALT LAKE AREA, OKT. 18, 1981

Ang mga mithiin na pinag-isipang mabuti ay magbibigay sa iyo ng malinaw na direksyon. Makatutulong ito upang mapuno ang iyong mga araw ng mga aktibiti sa pagtulong sa mga tao na lumakas sa kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at matuloy sa binyag, kumpirmasyon, at lubusang pagiging aktibo sa Simbahan. Ang mga mithiing puno ng hamon ay makatutulong para maging epektibo ka sa paggawa at aakay sa iyo na magsikap at humusay. Sundin ang mga gabay sa ibaba sa pagtatakda mo ng mga mithiin:

- Sundin ang Espiritu.
- Magpokus sa key indicators.
- Magpokus sa mga tao. Bagama't gagamit ka ng statistic, suportahan ang iyong statistic ng mga pangalan ng tao hangga't maaari.
- Isa-isahin ito at maging makatotohanan, pero magtakda ng mga mithiin na magbibigay-sigasig sa iyo.
- Magtakda ng lingguhan at arawang mga mithiin.
- Magtakda ng mga mithiin para sa personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon, kabilang na dito ang ibang wikang pinag-aaralan.
- Sukatin ang progreso mo bawat araw, linggo, at pagkatapos nang kada anim na linggo. Kung hindi mo nakumpleto ang isang mithiin, suriin ang iyong ginagawa at humanap ng mga paraan para makamit ang mithiin. Kung kinakailangan, ibagay ang mga inaasahan mo.

Darating ang panahon na maaaring bumuo ang iyong mga lider ng mga pamantayan ng kahusayan para mapataas pa ang iyong mithiin at palakasin ang iyong pananampalataya. Ang mga pamantayan sa district, zone at misyon ay tutulong sa iyo na humusay, epektibong gumawa at lalo pang pagbutihin ang paggawa. Hindi dapat gamitin ang mga ito bilang quota na naggigiit ng mga partikular na mithiin sa iyo at sa iyong kompanyon.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Magtakda ng lingguhang mithiin sa bawat indicator. Sa bawat mithiin, tanungin ang sarili:

- Mga pangalan ba ng aktuwal na mga tao ang kinakatawan ng mga numerong nasa report?
- Tukoy ba ang mithiin?
- Makatotohanan ba ang mithiin?
- Mapahuhusay ba tayo ng mithiin?
- Gagawin nga ba natin ang mithiing ito?

Pag-usapan ang bawat mithiin. Kung kinakailangan, magdesisyon kung paano ninyo ito babaguhin at bakit.

## Ang Lingguhang Pagpaplano

Kapag nakapagtakda na kayo ng mga mithiin, magdesisyon kung paano makakamit ang mga ito. Kayong magkompanyon ay dapat magdaos ng lingguhang pagpaplano sa umaga at sa oras na di-gaanong produktibo sa pag-proselyte, gaya ng Huwebes o Biyernes ng umaga. Ang inyong mission president ang magtatakda ng araw at oras para sa lingguhang pagpaplano. Ang lingguhang pagpaplanong ito ay maaaring makumpleto sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras.

Dapat nakapokus ang pag-uusap ninyo sa pangangailangan ng mga tao at kung paano sila tutulungang umunlad. Sa lingguhang pagpaplanong ito, rebyuhin ang nakaraang mga mithiin at magtakda ng mga bagong mithiin para sa susunod na linggo. Isipin ang bawat aspeto ng inyong proselyting.

Ang Linggo ng gabi ang inirekomendang oras para sa lingguhang report sa pagbisita. Ang report sa Linggo ng gabi ang pinakawasto at tugma sa status ng misyon dahil nagaganap ang maraming binyag at kumpirmasyon sa Sabado o Linggo.

Sakaling ang araw ng inyong lingguhang pagpaplano ay kaiba sa araw ng pagrereport ninyo, gawin ang inyong lingguhang pagpaplano na ang nasa isipan ay 10 araw. Halimbawa, kung ang inyong lingguhang pagpaplano ay Huwebes, rebyuhin ang progreso ng inyong mga mithiin na napakatagal sa linggong iyon, at planuhin ang kailangan ninyong gawin para makamit ang mga mithiing ito hanggang Linggo. Tapos, magtakda ng mga mithiin at magplano para sa susunod na linggo mula Lunes hanggang Linggo. Sa Linggo ng gabi kukunin ang kabuuan o total ninyo at irereport ang mga resulta mula noong nakalipas na linggo, at ihahanda ang inyong plano sa susunod na linggo. Nakalarawan sa ibaba kung paano isasagawa ang mga gabay sa lingguhang pagpaplano.


1. **Manalangin at humingi ng inspirasyon.** Bago kayo magsimula, kunin ang inyong Daily Planner ng Misyonero at area book. Simulan ang inyong pagpaplano sa panalangin. Hingin ang inspirasyon habang pinag-uusapan ninyo ang pangangailangan ng mga tao at planuhin kung paano sila paglilingkuran at tutulungang umunlad sa ebanghelyo. Partikular na ipanalangin ang inyong mga investigator. Manampalataya sa paghiling sa Ama sa Langit na pagpapalain sila sa pagsagot sa kanilang mga panalangin, na may hangaring magsimba, at iba pa.

Mga Tala

Mga Tala

**2. Magtakda ng mga mithiin at magplano para mabinyagan at makumpirma ang mga investigator sa susunod na linggo.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat tao na nangakong magpabinyag o makumpirma sa susunod na linggo. Pag-usapan kung ano ang kailangan ninyong gawin para sa interbyu sa binyag, seremonya nito, at kumpirmasyon. Gamit ang Rekord ng Pagtuturo, pag-usapan ang anumang pangako na nahihirapang gawin ng mga taong ito at paano ninyo sila matutulungan. Magplano na kontakin sila araw-araw. Pag-usapan kung paano ninyo tutulungan ang ward mission leader na makipag-ugnayan sa bishop para sa kanilang kumpirmasyon sa sakrament miting.

**3. Magtakda ng mga mithiin at magplano para sa mga investigator na nakatakdang binyagan.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat tao na bibinyagan sa susunod na mga linggo. Pag-usapan ang mga lesson na kailangang ituro sa kanila. Isipin kung paano ninyo sila ihahanda para sa binyag at kumpirmasyon. Pag-usapan ang mga investigator na hindi nabinyagan sa takdang petsa. Isaalang-alang na mabuti at pag-usapan ang kanilang mga pangangailangan. Magtakda ng mga bagong mithiin at magplano upang tulungan sila na matuloy sa takdang araw at oras kung saan makapapasok sila sa tipan ng binyag at tatanggap ng ordenansa ng kumpirmasyon. Sa inyong Rekord ng Pagtuturo, markahan ng lapis ang mga alituntuning plano ninyong ituro at ang mga pangakong gagawin upang matulungan ninyo silang tuparin ito. Magdesisyon kung ano ang gagawin ninyo para tulungan sila na matanggap ang mga lesson na ito at matupad nila ang mga pangakong ito.



**4. Magtakda ng mga mithiin at magplano na tulungan ang mga investigator na dumalo sa sakrament miting.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat investigator, at pag-usapan ang pagdalo niya sa sakrament miting. Sa mga investigator na palaging dumadalo sa sakrament miting, pag-usapan ang kailangan ninyong gawin para tulungan silang patuloy na magkaroon ng karanasang nagpapasigla sa espiritu. Sa mga hindi kailanman dumalo sa sakrament miting, sa mga dumalo ng isang beses, o paminsan-minsan, pag-usapan ang maaaring dahilan ng hindi nila pagpunta. Halimbawa, baka kailangan nila ng tulong sa pamasahe, maaaring takot sila o di-pamilyar sa mga miting ng mga Banal sa mga Huling Araw, o may negatibong karanasan sila noon. Pag-usapan ang magagawa ninyo para tulungan sila na malabanan ang mga hadlang na ito. Magtakda ng mga mithiin para sa bilang ng mga investigator na plano ninyong dumalo sa susunod na sakrament miting. Planuhin kung sino ang magsasama sa mga taong ito sa simbahan, ang babati sa kanila, at tatabi sa kanila sa mga miting. Planuhing kausapin ang mga lider sa korum at auxiliary at sinumang titser na may hawak sa mga klaseng dadaluhan ng mga investigator. Planuhin na ipaalam sa bishop. Sa Rekord sa Progreso, maglista ng mga paraan na makatutulong ang ward council. Magplano ng kailangan ninyong gawin tuwing araw ng Linggo para ihanda ang mga taong ito na dumalo.

**5. Magtakda ng mga mithiin at magplano para sa mga lesson na ituturo sa mga investigator na may progreso.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat investigator na may progreso na tinuruan nang may kasamang miyembro. Pag-usapan ang nadarama ninyo sa pagtanggap

Mga Tala

nila ng mensahe. Rebyuhin ang mga pangakong gagawin at mga pangyayari sa Rekord ng Pagtuturo na nahihirapan nilang tuparin o kumpletuhin. Talakayin kung paano tutulungan ang mga miyembro ng ward at ward council na manatiling nakaalalay sa kanilang progreso. Magtakda ng mga mithiin para sa mga lesson na ituturo ninyo. Tulungan sila sa pagtupad ng mga pangako, lalo na ang pagsisimba. At tulungan sila sa mahahalagang karanasan na mapapasakanila sa susunod na ilang linggo.

Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat investigator na may progreso na tinuruan nang walang kasamang miyembro. Ang mga investigator na ito ay maaaring mga taong nakilala ninyo sa sariling pagsisikap. Pag-usapan kung sinong lider ng priesthood at auxiliary ang maaaring imbitahan para kaibiganin sila. Rebyuhin ang mga lesson na ituturo ninyo at ang mga pangako at tulungan silang matupad ito. Magtakda ng mga mithiin para sa mga lesson na ituturo ninyo, paano ninyo isasali ang mga miyembro, at paano ninyo tutulungan ang mga investigator na ito na dumalo sa sakrament miting. Irekord ang mga mithiing ito sa Rekord ng Pagtuturo, at gumawa ng mahahalagang plano.

6. **Magtakda ng mga mithiin at magplano para sa mga lesson na ituturo sa lahat ng iba pang mga investigator.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat investigator na walang progreso. Pag-usapan kung bakit hindi tumutupad sa kanilang pangako ang bawat investigator. Pag-usapan kung paano isasali ang mga lider sa priesthood at auxiliary sa pakikipagkaibigan sa mga investigator na ito. Pag-usapan ang marami sa gayunding aytem na iminungkahi sa step 5. Magtakda ng mga mithiin at magplano para matulungan ang mga taong ito sa pagprogreso. Isulat ang mga mithiing ito sa Rekord ng Pagtuturo.

7. **Magtakda ng mga mithiin at planuhing kontakin at turuan ang mga referral na natanggap mula sa mga miyembro, investigator, hindi miyembro, at headquarters ng Simbahan.** Rebyuhin ang form ng Mga Potensyal na Investigator. Tingnan ang lahat ng referral na natanggap ninyo. Tingnan kung sino ang mga referral na hindi pa ninyo nakontak. Magtakda ng mga mithiin at planuhing kontakin ang lahat ng referral na maaari ninyong kontakin sa loob ng isang linggo—lalo na ang lahat ng referral. Ang mga referral mula sa headquarters ng Simbahan ay dapat kontakin sa loob ng 24 na oras, kung maaari. Pag-usapan kung paano ninyo mapupuntahan ang bawat tao o pamilya at anong mensahe ang ituturo ninyo. Kung galing ang referral sa headquarters ng Simbahan, pag-usapan kung paano ninyo ituturo ang isang mensahe ng ebanghelyo gamit ang video, aklat, o iba pang material na hiniling nila. Tiyakin na nasa inyo ang aytem na hiniling nila. Kung maaari, tawagan ang referral sa telepono at mag-iskedyul ng appointment. Pag-usapan ang gagawing pag-follow up.

8. **Magtakda ng mga mithiin at planuhing makahanap ng marami pang referral mula sa mga miyembro, investigator, at di-miyembro.** Mapanalanging tukuyin ang ibang miyembro at investigator na mabibisita ninyo. Planuhin kung paano ninyo sila tuturuan na imbitahin ang kanilang mga kaibigan at kapamilya para malaman nila ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Pag-usapan kung paano ninyo sila iimbitahan na sumama sa gawaing misyonero. Mag-iskedyul ng appointment at gumawa ng mahahalagang plano.

9. **Magtakda ng mga mithiin at planuhin ang mga lesson na ituturo ninyo sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibo.** Rebyuhin ang Rekord ng Pagtuturo ng bawat bagong miyembro at di-gaanong aktibo na tinuturuan ninyo. Magtakda ng mga mithiin at magplano para sa mga lesson na ituturo ninyo. Pag-isipan kung paano ninyo tutulungan ang mga taong ito na dumalo sa sakrament miting at tuparin ang iba pang mga pangakong gagawin.

10. **Magtakda ng mga mithiin at planuhing makahanap ng mga bagong investigator.** Rebyuhin ang mga ginawa ninyo noong nakaraang linggo sa paghanap ng mga bagong investigator mula

Mga Tala

sa mga referral, sa mga ginawang paglilingkod at mga aktibiti ng sariling paghahanap. Sumangguni sa impormasyon na nasa bahaging "Mga Potensyal na Investigator" ng inyong area book. Pag-usapan kung bakit nagiging bagong investigator ang ilan at ang iba ay hindi. Magtakda ng mga mithiin kung ilang bagong investigator ang hahanapin ninyo ngayong linggo. Tukuyin ang mga tao na malamang na maging investigator. Tukuyin din ang mga miyembro at may kapamilyang di pa miyembro na gusto ninyong bisitahin, mga referral na bibisitahin at mga gagawing paglilingkod para makahanap. Planuhin kung aling kagamitan sa paghahanap ng tuturuan ang gagamitin ninyo, gaya ng pagbibigay ng mga kard, videocassette, DVD, banal na kasulatan, o brochure. Pag-usapan din kung saan kayo pupunta para makakontak ng mga tao, ilang tao ang kokontakin ninyo bawat araw, investigator na hihingan ninyo ng mga referral, dating investigator na bibisitahin ninyo, mga paraan na makatutulong ang ward council, at iba pa. Gumawa ng mga partikular na plano para sa susunod na araw. Gamitin ang lahat ng natitirang oras sa paghahanap ng matuturuan na tutulong sa inyo upang makamit ang inyong mga mithiin. Magtakda ng mga mithiin at planuhing kausapin ang lahat ng taong masasalubong ninyo na bigay ng Panginoon sa inyo. Sikapin palagi na makahanap ng mga taong tuturuan.

11. **Planuhin kung paano makikipagtulungan sa ward council.** Ang bishop ang namumunong awtoridad. Igalang at sundin ang kanyang awtoridad. Sa ilalim ng kanyang pamamahala, rebyuhin ang Rekord sa Progreso na ginamit noong nakaraang missionary coordination meeting o ward council. Pag-usapan ang mga asaynment na natanggap ninyo sa bishop o ward mission leader at ireport kung nakumpleto ninyo ang mga ito. Pag-usapan kung paano isasama ang iba na makakatulong, gaya ng ward mission leader, lider ng priesthood at auxiliary, at iba pang miyembro. Ihandang mabuti ang Rekord sa Progreso para sa darating na ward council, priesthood executive committee, o missionary coordination meeting. Tiyaking malinis at madaling basahin ito. Magtakda ng mga mithiin at planuhing makipagtulungan sa mga lider ng ward. Kung maaari, gawan ng kopya ng Rekord sa Progreso ang mga lider ng ward na dadalo.

12. **Iiskedyul ang regular na mga miting.** Sa inyong Daily Planner ng Misyonero, iiskedyul ang regular na mga miting, gaya ng mga district meeting at zone conference, interbyu at miting sa Simbahan. Pag-usapan ang mga asaynment na kailangan ninyong kumpletuhin bago ang alinman sa mga miting na ito, at idagdag ang mga ito sa inyong Mga Tala/Listahan ng Gagawin.

13. **Magsagawa ng imbentaryo ng samahan ninyong magkompanyon.** Sa pagtatapos ng inyong lingguhang pagpaplano, ibahagi sa iyong kompanyon ang angkop na mga mithiin at hingin ang kanyang tulong para makamit ang mga ito. Pag-usapan ang tibay ng samahan ninyong magkompanyon. Pag-usapan ang anumang pagsubok na humahadlang sa inyong magkompanyon para magkaisa sa paggawa o maging masunurin. Lutasin ang mga di-pagkakaunawaan. Sabihin sa iyong kompanyon ang inakala mong mga kalakasan niya. Humingi ng mga mungkahi kung paano ka huhusay. Kung kailangan, magtakda ng mga mithiin na magpapabuti sa inyong samahan. Magtapos sa panalangin.

## Pagpaplano sa Araw-araw

Magsagawa ng pagpaplano sa pagtatapos ng bawat araw. Kung may itinuturo kayong lesson, maaaring nasa labas pa kayo hanggang 9:30 n.g. Pero kung hindi, bumalik sa inyong apartment ng 9:00 n.g. at gawin ang araw-araw na pagpaplano mula alas 9:00 hanggang alas 9:30 n.g. (May karapatan ang mga mission president na baguhin ang iskedyul ayon sa

Mga Tala

kalagayan ng lugar.) Gamitin ang gayunding mga alituntunin at gabay sa araw-araw na pagpaplano na sinusunod ninyo sa lingguhang pagpaplano ngunit sa mas simpleng paraan. Manalangin kayo habang nag-uusap kayo tungkol sa lesson o paksa na pag-aaralan ninyo sa oras ng personal na pag-aaral at pag-aaral ng magkompanyon na tutulong sa inyong plano. Isulat ang mga paksang ito sa puwang na inilaan sa iskedyul sa araw-araw. Rebyuhin ang inyong iskedyul sa araw-araw. Magkaroon ng makabuluhang aktibiti na nakaplano para sa bawat oras ng araw. Sa pagpaplano sa Linggo ng gabi, kunin ang kabuuan o total at isumite ang inyong lingguhang Buod ng Report sa Pagbisita. Sumulat din ng lingguhang liham sa inyong mission president, at tapusin ang inyong mga mithiin para sa susunod na linggo.

Bago lumabas ng apartment kinabukasan, rebyuhin ang inyong mga mithiin, plano, at iskedyul. Gumawa ng pagbabago kung kailangan. Palaging manalangin bago kayo lumabas ng apartment. Makikita ninyo kung gaano kaepektibo ang mga plano ninyo sa araw-araw kapag hindi na kayo kailangang magtanong pa sa iba ng, "Ano ang gagawin ko ngayon?"

## Pananagutan

Ang alituntunin ng pananagutan ay napakahalaga sa walang hanggang plano ng Diyos. Lahat tayo ay tatayo sa harapan ng Panginoon sa huling paghuhukom at magbibigay-sulit sa mga ginawa natin sa ibinigay Niyang mga oportunidad (tingnan sa Alma 5:15–19; D at T 137:9). Marami kang matututuhan tungkol sa pananagutan sa iyong misyon na kapakipakinabang sa buong buhay mo. Pagpapalain ka ng alituntunin ng pananagutan kung:

> *Kapag sinusukat ang paggawa, ang paggawa ay humuhusay. Kapag ang paggawa ay sinukat at inereport, ang antas ng paghusay ay tumataas."*
>
> – ELDER THOMAS S. MONSON
>
> "THOU ART A TEACHER COME FROM GOD," *IMPROVEMENT ERA*, DIS. 1970, 101

- Gagawin mo ang pagtatakda ng iyong mithiin at pagpaplano na may ideya na irereport mo ang iyong ginagawa sa iyong mga mission leader at sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin.
- Madarama mo ang personal na pananagutan sa sagradong tiwala na ibinigay sa iyo ng Panginoon.
- Magtatakda ka ng mga makabuluhang mithiin.
- Pipiliin mong magkusa sa pagrereport ng iyong gawain sa Panginoon at sa iyong mga mission leader. Huwag nang hintaying tanungin ka. Huwag utusan ang iba na kontakin ka palagi para makakuha ng impormasyon. Kusang hangaring ireport ang iyong gawain.
- Aakuin ang buong pananagutan sa iyong gawain. Huwag sisihin ang iba sa mahihirap na kalagayan o kawalan ng progreso.
- Hahangaring matuto sa iyong mga lider, at anyayahan sila na magmungkahi ng mga paraan na magpapahusay sa iyo.
- Mahihikayat na gawin ang pinakamahusay na magagawa.

Ang pananagutan ay hindi lamang dumarating sa pagtatapos ng iyong misyon. Ito ay isang alituntunin na nakaaapekto sa kung paano ka magsisimula, kung ano ang naiisip at nadarama mo sa ibinigay na responsibilidad ng Panginoon sa iyo, paano mo ito gagawin, at gaano ka tatagal dito. Ang saloobin mo sa karanasan mo sa misyon ay nagpapakita ng

Mga Tala

iyong pagmamahal sa iyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak at sa respeto mo sa priesthood.

Sa personal na pagdarasal mo at sa pagdarasal ninyong magkompanyon, hingin ang inspirasyon tungkol sa dapat ninyong gawin sa araw-araw. Sa pagsunod sa inyong mga plano, manalangin at humingi ng patnubay sa Panginoon. Buong araw na manalangin sa iyong puso na tulungan kayo ng Espiritu na malaman kung saan kayo pupunta, ano ang gagawin at sasabihin ninyo. Tanungin ang sarili, "Ano pa ba ang magagawa ko?" Sa iyong panalangin pagkatapos nang maghapon, ireport ang ginawa mo.

Magrereport ka kada linggo sa iyong mission leader gamit ang Buod ng Report sa Pagbisita. Kung mission leader ka, tatanggapin mo ang impormasyong ito mula sa ibang misyonero. Magpakita ng interes sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang tinuturuan sa halip na puro statistic lamang ang pagtuunan. Huwag gamitin ang mga kagamitang ito o ang natanggap mong impormasyon para kontrolin at manipulahin sila. Ang natanggap mong impormasyon sa pamamagitan ng kagamitang ito ay magbibigay sa iyo ng oportunidad na purihin ang mga misyonero dahil sa kanilang dedikasyon at makakita ng mga oportunidad para sa pagsasanay sa hinaharap.

## Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ibig sabihin ng managot?**

D at T 58:26–33 | D at T 101:78 | Ezekiel 33:1–6

**Bakit mahalaga sa pananagutan ang kalayaang pumili?**

2 Nephi 2:26–29 | Helaman 14:30–31

**Paano magtutulungan ang misyonero at ang mission leader?**

D at T 38:23–25 | Sa Mga Hebreo 13:17–18

## Isaisip Ito

- Ipokus ang iyong gawain sa iyong layunin.
- Magtakda ng mga mithiin ayon sa key indicators.
- Taimtim na ipanalangin ang iyong mga mithiin at plano.
- Gamitin ang area book at Daily Planner ng Misyonero para tulungan ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya, magsisi, mabinyagan, matanggap ang kaloob na Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas.
- Para sa bawat key indicator, magtakda ng mga mithiin na tutulong sa iyo na humusay, manampalataya, at epektibong gumawa.
- Magsagawa ng lingguhan at araw-araw na pagpaplano na nakapokus sa pagtulong sa pagprogreso ng iba sa ebanghelyo.
- Ireport ang inyong mga ginawa sa Panginoon at sa mga mission leader.

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Sa iyong study journal, sumulat ng isang pangungusap bilang sagot sa bawat tanong sa "Isaisip Ito."

- Isipin sandali ang iyong huling araw sa misyon. Kapag dumating ang araw na iyon:
  - Ano ang gusto mong sabihin na nagawa mo bilang misyonero?
  - Ano ang gusto mong maging?
  - Anong mga pagbabago ang gusto mong mapansin ng iba sa iyo?

  Sa iyong study journal, isulat ang sagot sa bawat tanong na ito. Magdesisyon kung ano ang kailangan mong gawin ngayon para makamit ang mga mithiing ito. Isulat ang mga planong maiisip mo.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Gamit ang inyong area book, sagutin ang mga tanong sa ibaba:
  - Lahat ba ng rekord ay naka-update, wasto, at madaling mabasa?
  - Marerebyu ba ng isang misyonero na bago sa lugar ang area book at malalaman kung ano na ang espirituwal na progreso ng mga tao at ano pa ang dapat gawin para matulungan sila?
  - Makikinabang ba ang misyonero na bago sa lugar mula sa pagsisikap mong humanap ng mga bagong investigator?
  - Kunwari'y ipinakikita ninyo ang inyong area book sa Panginoon habang nagre-report kayo kung gaano ninyo pinangangalagaan ang mga tao sa inyong lugar. Masisiyahan ba ang Panginoon sa inyong mga ginawa?

- Pag-usapan ang isa sa mga bago ninyong investigator. Sa inyong Daily Planner ng Misyonero, hanapin ang pahinang may pamagat na "Mga Pangyayari na Humahantong sa Binyag, Kumpirmasyon, at Pagiging Aktibo sa Simbahan." Pumili ng isang pangyayari, at gumawa ng listahan ng lahat ng kailangan ninyong gawin para mangyari ito. Pag-usapan kung paano paplanuhin ang mga gawaing ito para mangyari ito nang mas maaga.

- Talakayin ang sumusunod na analohiya sa iyong kompanyon. Suriin kung gaano katagal ang inyong "pamimingwit" sa tubig kada araw.

  "Di tayo dapat matulad sa isang mangingisda na nag-aakalang nangingisda siya nang buong araw samantalang ang totoo ay halos naubos lang ang kanyang panahon sa paglusong at pag-ahon sa tubig, sa pagkain ng tanghalian, at kaaayos ng kanyang kagamitan. Ang tagumpay sa pangingisda ay nakadepende sa tagal ng inyong bingwit sa tubig, hindi sa tagal ng wala kayo sa inyong apartment. Ang ilang mangingisda ay labindalawang oras na wala sa tahanan at sampung oras lamang namimingwit. May ilang mangingisda naman na labindalawang oras na wala sa tahanan at dalawang oras lamang namimingwit. Ang huling mangingisda ay nagtataka pa kung bakit hindi sila nagtagumpay gaya ng iba.

  "Ang gayunding alituntunin ay magagamit sa mga misyonero, na tinawag ng Guro na 'mga mamamalakaya ng mga tao.' Ang bingwit ng misyonero ay dapat nakalubog sa tubig sa oras na lumabas siya ng apartment" (Dallin H. Oaks, seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 20, 2000).

Mga Tala

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Basahin ang isa sa sumusunod na mga sitwasyon sa mga misyonero. Sa maliit na grupo, ipatalakay sa mga misyonero ang mga mithiin at plano na tutulong sa mga tao sa mga halimbawang ito na magpabinyag at makumpirma. Ipabahagi sa bawat grupo ang kanilang mga ideya.

  *Unang Sitwasyon:* Nakilala ninyo sina Larry at Beth na namimigay ng pagkain sa mahihirap. Naturuan ninyo sila ng isang lesson, at ngayon gusto nilang matuto pa. Wala silang kakilalang miyembro ng Simbahan. Kristiyano si Beth, at si Larry naman ay walang partikular na relihiyon. Hindi sila kasal pero nagsasama sila. Nagtatrabaho si Larry mula 4:00 n.h. hanggang 12:00 ng hatinggabi. Si Beth ay nagtatrabaho sa umaga.

  *Ikalawang Sitwasyon:* Naituro na kay Steve ang lahat ng lesson at nagsisimba ng mga dalawang beses kada buwan. Naniniwala siya na si Joseph Smith ay isang propeta at ang Aklat ni Mormon ay totoo. Debotong Katoliko ang kanyang kapamilya at tutol sila sa pakikipag-usap niya sa mga misyonero.

  *Ikatlong Sitwasyon:* Si Jill ay isang estudyante sa kolehiyo. May kaibigan siyang miyembro ng Simbahan. Inimbitahan siya ng kanyang miyembrong kaibigan na makipag-usap sa inyo. Naturuan ninyo siya ng dalawang lesson at naroon ang kaibigan niyang miyembro. Hindi pa siya nakakasimba at abalang-abala sa kanyang asaynment sa eskuwelahan kaya mahirap para sa kanya ang makapagbasa sa Aklat ni Mormon.

- Imbitahan ang mga misyonero na magbahagi ng mga karanasan kung saan, sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga mithiin at pagpaplano, ay natulungan nila ang mga tao na:

  – Magkaroon ng mas malakas na pananampalataya sa Tagapagligtas.

  – Magsisi at magbago at dahil dito ay malalapit sila sa Diyos.

  – Matanggap ang mga tipan ng binyag at kumpirmasyon.

  – Bumalik sa Simbahan at panibaguhin ang mga tipan sa binyag.

- Igrupo sa tatlo ang mga misyonero. Ipaliwanag na tatanggap ang bawat grupo ng mahalagang asaynment. Tapos ay bigyan ang bawat grupo ng sumusunod na mga gawain:

  – Magbukas ng bagong proselyting area.

  – Maghanda ng pagsasanay sa zone conference tungkol sa pagpapakilala ng Aklat ni Mormon sa mga investigator.

  – Isama ang isang pamilyang investigator sa ward. Ang pamilya ay may tatlong anak: isang 8 taong gulang na batang babae, 12 taong gulang na batang babae, at 16 na taong gulang na batang lalaki.

  Sabihin sa mga misyonero na may walong minuto sila para bumuo ng plano. Isa sa mga misyonero ang magsusulat ng plano, kasama na ang mga aktibiti sa araw-araw.

  Ipalahad sa bawat grupo ang plano nito. Pagkalahad ng presentasyon ng bawat grupo, itanong:

  – Ano ang dapat malaman ng mga misyonero sa bawat sitwasyon?

  – Ano ang maaaring maging resulta kung hindi kayo nagplano ng mga makabuluhang aktibiti o kaya'y talagang hindi nakapagplano?

  Pagkatapos ng lahat ng presentasyon, itanong:

  – Paanong pagpapakita ng pagmamahal ang pagpaplano at pagtatakda ng mithiin? pagpapakita ng pananampalataya?

Mga Tala

### Mission President

- Hilingin sa mga misyonero na dalhin ang kanilang area book sa zone conference o sa interbyu. Dagdag pa sa pagrerebyu mismo ng mga area book, isiping iparebyu sa mga mission leader o sa iyong asawa ang mga area book.
- Paminsan-minsang obserbahan ang lingguhan o araw-araw na pagpaplano ng mga misyonero.
- Paminsan-minsan ay magsagawa ng interbyu sa mga apartment ng misyonero. Habang ginagawa mo ito, iparebyu sa iyong asawa o mga assistant sa president ang mga area book at daily planner ng mga misyonero.
- Madalas na rebyuhin ang mga daily planner ng mga misyonero.
- Paminsan-minsang dumalo sa ward council meeting.

Mga Tala



# Paano Ako Makahahanap ng mga Taong Tuturuan?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Ano ang ibig sabihin ng "matatagpuan sila na mga tatanggap sa inyo" (D at T 42:8)?
- Paano ko daragdagan ang aking pananampalataya sa paghahanap ng mga taong tuturuan?
- Bakit dapat kong isama ang mga miyembro sa aking ginagawang paghahanap ng tuturuan?
- Ano ang gagawin sa mga referral na galing sa media at headquarters ng Simbahan?
- Ano ang kaugnayan ng paghahanap at pagtuturo?
- Ano ang ginagampanan ng paglilingkod sa paghahanap ng mga taong tuturuan?
- Anu-ano ang ilang ideya sa paghahanap ng mga taong tuturuan na hindi ko pa nasusubukan?

## Pagkakaroon ng Pananampalataya sa Paghahanap ng Tuturuan

Ang mga doktrina at alituntunin sa kabanatang ito ay magpapalakas ng iyong pananampalataya na inihahanda ng Panginoon ang mga tao para tanggapin ka at ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Aakayin Niya kayo sa kanila o aakayin Niya sila sa inyo. Ang paghahanap ay magkakaiba sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kailangang makibagay sa mga kalagayan ang mga misyonero at mission president. Kahit may pagkakaiba, ang mga alituntunin sa paghahanap ay pareho sa lahat ng dako.

**Ang Pamilya ng Diyos.** Ang lahat ng tao sa mundo ay miyembro ng pamilya ng Diyos sa premortal na buhay (tingnan sa Mga Gawa 17:26–29; Sa Mga Hebreo 12:9). Bahagi tayo ng pamilya ng Diyos sa buhay na ito. Mas marami pa tayong matatanggap na mga biyaya bilang miyembro ng Kanyang pamilya sa buhay na darating. Tayo ay magkakapatid sa pamilya ng Diyos. Ang kaalamang ito ay nagsasabi sa atin kung sino tayo at kung saan

© 1990 Del Parson. Bawal kopyahin.

Mga Tala

tayo nabibilang. Nagbibigay ito sa atin ng dahilan para asamin ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos. Nauunawaan natin ang mahahalagang katotohanang ito dahil sa Panunumbalik. Ang pagtuturo ng mga ipinanumbalik na katotohanan sa inyong mga kapatid ay responsibilidad at pagpapala ninyo. Gaya ni Alma na naghangad tulungan ang mga Zoramitang tumalikod sa katotohanan, makapagdarasal kayo ng: "O Panginoon, nawa'y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa muling pagdadala sa kanila sa inyo sa pamamagitan ni Cristo. Masdan, O Panginoon, ang kanilang mga kaluluwa ay mahahalaga . . . ; kaya nga, ipagkaloob ninyo sa amin, O Panginoon, ang kapangyarihan at karunungan, upang madala naming muli sila, na aming mga kapatid, sa inyo" (Alma 31:34–35).

**"Matatagpuan Sila na mga Tatanggap sa Inyo."** Obligasyon ninyong tumulong sa paglaki ng Simbahan sa pamamagitan ng paghahanap "[sa kanila] na mga tatanggap sa inyo" (D at T 42:8). Makikilala ng mga taong ito na kayo ay mga tagapaglingkod ng Panginoon. Handa silang tumanggap sa inyong mensahe. Marami sa mga taong ito ay "[napagkaitan] lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan" (D at T 123:12).

Karaniwang hindi ninyo kilala kung sino ang mga taong ito. Maaaring hindi nila agad makilala na mga tagapaglingkod kayo ng Panginoon. Maaaring hindi nila maunawaan na ang malaking kapayapaan, patnubay, at layunin ng buhay ay darating sa pamamagitan ng ipinanumbalik na ebanghelyo at hindi sa ibang bagay. Madalas na hindi nila alam na hinahanap nila ang ipinanumbalik na ebanghelyo hanggang sa matagpuan nila ito. Halimbawa, sabi ng isang convert, "Nang marinig ko ang ebanghelyo, nasagot nito ang pananabik na di ko alam na narito sa aking puso." Sabi ng isa pa, "Nakapagsaliksik na ako nang di ko namamalayan."

Saan ka man italagang maglingkod, alalahanin na ang Panginoon ay "pinayagan kayong magtungo sa lugar na ito; sapagkat sa gayon ito kapakipakinabang sa [Kanya] para sa kaligtasan ng mga kaluluwa." Maging epektibo at "itaas ang inyong mga tinig sa mga taong ito; sabihin ninyo ang mga bagay na ilalagay [ng Panginoon] sa inyong mga puso." Kung gagawin mo ito, tatanggapin mo ang pangakong "hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao," at "ibibigay sa inyo . . . sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D at T 100:4–6). Ang paghahanap sa pamamagitan ng Espiritu ay kasinghalaga ng pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu. Gaya ng pagtuturo, ang pagsisikap ninyo na maghanap ng matuturuan ay magiging epektibo kung gagabayan kayo ng Espiritu. Manampalataya na malalaman ninyo ang inyong ituturo at gagawin upang mahanap ang mga taong tatanggap sa inyo.

### Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon

Marami sa mga miyembrong nabisita ninyo ay maaaring convert sa Simbahan. Planuhin kung kailan ninyo itatanong kung paano sila nakontak ng Simbahan. Itanong din kung paano nila nalaman na itinuturo sa kanila ng mga misyonero ang katotohanan. Ibuod ang mga karanasan nila sa iyong study journal.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Paano inihahanda ang mga anak ng Diyos at inaakay sa ipinanumbalik na ebanghelyo?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 13:24 | D at T 29:7 | D at T 84:45–47, 88 |
| Alma 16:16–17 | D at T 33:6 | D at T 136:32–33 |

Mga Tala

## Makipag-usap sa Lahat



Habang naglalakbay si Propetang Joseph Smith kasama ang isang grupo ng mga misyonero sa Missouri River, inihayag ng Panginoon, "Hindi na ito kinakailangan para sa . . . aking mga elder na mabilis na maglakbay . . . samantalang ang mga naninirahan sa bawat panig ay nasasawi sa kawalan ng paniniwala" (D at T 61:3). Sa mabilis na pagkilos ninyo sa nakaplanong mga aktibiti, manalangin para sa kakayahang makita ang di-nakaplanong mga oportunidad sa paglilingkod at turuan ang mga tao na maaaring "nasasawi sa kawalan ng paniniwala." Manalangin na maging sensitibo para malaman ang mga oportunidad. Makikita ninyong ipakikilala ng Diyos sa inyo ang Kanyang mga anak na handang tumanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Walang mangyayari sa gawaing misyonero kung hindi kayo makahahanap ng tuturuan. Kausapin ang lahat ng taong maaari ninyong kausapin sa bawat araw. Natural lang na parang takot kang makipag-usap sa mga tao. Gayunman, makapagdarasal kayo na magkaroon ng pananampalataya at lakas ng loob na makapagsalita para ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Subukang gawin ang mga ideyang ito sa hangaring kausapin ang lahat ng makikilala ninyo:

- Kausapin ang mga tao tungkol sa kanilang pamilya. Tulungan silang makita kung paano magiging biyaya ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa kanilang pamilya.
- Humanap ng clue—gaya ng mga aytem sa tahanan o bakuran, tatak sa damit, o palatandaan na may mga anak o bata—para matulungan ka na masimulan ang pakikipag-usap mo sa mga tao.
- Pakinggang mabuti ang sinasabi sa iyo ng mga tao.
- Maging magiliw, palakaibigan, at masayahin. Mag-alok ng tulong.
- Magtiwala na ilalagay ng Espiritu sa iyong puso at isipan ang ituturo mo.
- Anyayahan ang lahat na pag-aralan ang ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Magbigay ng mga kard na may impormasyon tungkol sa Simbahan.
- Hingin ang pangalan ng mga kakilala ng mga tao na maaaring interesado sa inyong mensahe.

Habang binabasa mo ang sumusunod na tunay na kuwento, tingnan kung paano inihanda ang isang lalaki na tanggapin ang mga misyonero at kung paano gumamit ng di-nakaplanong oportunidad ang mga misyonero para turuan siya ng ebanghelyo.

> *Noong bata pa ako, hindi ako kailanman tinuruang magbasa ng Biblia. Nagsisimba ako tuwing Linggo, pero wala akong naibahagi at wala akong nadama. Hindi ko makita sa relihiyon ko ang inaasahan ko. . . . Hinanap ko ang . . . Diyos—gusto kong malaman kung nariyan nga ba Siya. Uhaw ako na makilala Siya at ang Kanyang mga salita. Pero parang hindi ko matagpuan ang hinahanap ko.*
>
> *May mga sandaling parang malapit ng mapawi ang uhaw ko. Nang kargahin ko ang panganay na anak kong babae, sa kauna-unahang pagkakataon, nadama kong talagang may Diyos. Paglipas ng maraming taon, nang isilang ang kanyang kapatid na babae, gayundin ang nadama ko. . . . Kadalasan, isang di maipaliwanag na kapaguran ang pasan ng aking kaluluwa. Uhaw ang aking espiritu at walang mahanap na lugar na iinuman.*

Mga Tala

*Noong Abril 1994 ako'y nakatira sa lungsod ng Monterrey, Mexico, at nagtatrabaho bilang tsuper ng taxi. Isang araw ay matagal na umulan kung kaya umagos ang tubig mula sa mga gilid ng bundok. Matapos ang matagal na pagmamaneho sa gitna ng pag-ulan, napunta ako sa maliit na bayan na mga walong kilometro (limang milya) ang layo sa Monterrey. Halos oras na . . . para umuwi. Walang anu-ano'y nakakita ako ng dalawang binatang naglalakad. Nakapantalon na itim at puting polo, at basang-basa sila mula ulo hanggang paa.*

*Nang malapit na ako sa kanila, binuksan ko ang pinto ng taxi at sinabing, "Sakay na kayo! Papunta ako sa Monterrey."*

*Ang mas matangkad, na napakaputi, ay nagsabing, "Wala kaming pera."*

*"Walang bayad," ang sagot ko.*

*Kaagad silang sumakay sa taxi.*

*Habang nagmamaneho ay nag-usap kami. Tinanong nila kung maaari silang magbahagi sa akin ng mensahe tungkol kay Jesucristo. Pumayag ako at ibinigay sa kanila ang address ko.*

*Nang makauwi na ako, ginising ko ang aking asawa at ikinuwento sa kanya ang tungkol sa dalawang binata. "Pagkakataon nga naman," ang sabi ko. "Ang isa ay Mexicano at ang isa ay Amerikano, at parehong Elder ang pangalan nila."*

*"Ang ibig sabihin ng Elder ay misyonero," sagot ng aking asawa, na may kaunting alam tungkol sa Simbahan.*

*Sa puso ko'y nakadama ako ng sigla. Ang mga binatang ito ay nag-iwan ng magandang damdamin sa aking puso. Nadama ko na malapit ko nang matagpuan ang tubig na papawi sa aking uhaw, na malapit ko na itong maabot.*

*Dumating ang mga misyonero sa aming tahanan noong ika-5 ng Hunyo, at masaya akong nakinig sa kanila. Makalipas ang dalawang linggo, noong ika-19 ng Hunyo, nabinyagan ako. Ang asawa ko ay nabinyagan makalipas ang apat na buwan, noong Oktubre. Ang aming panganay na anak na babae ay nag-aaral ng relihiyon sa paaralan. Nang magpunta siya sa Simbahan sa unang pagkakataon, sabi niya, "Papa, mas maganda ito kaysa natutuhan ko sa paaralan!" Nabinyagan din siya noong Oktubre.*


© 2001 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

*Noong Disyembre 1995 nabuklod kaming pamilya sa Mexico City Temple para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. May pagkakaisa, kapayapaan, at kaligayahan na kami ngayon sa aming pamilya. Kilala namin ang aming sinasamba. Alam namin kung saan kami galing at saan pupunta. Mahal namin ang salita ng Diyos, lalo na ang Aklat ni Mormon, at mahal namin ang Kanyang Simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa pamamagitan ng mga kaloob na ito ay natagpuan namin ang balon ng tubig na buhay na binanggit ng Tagapagligtas sa babaeng Samaritano: "Ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailanman; nguni't ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14) [Victor Manuel Cabrera, "Nauuhaw sa Buhay na Tubig," Liahona, Ago. 2001, 60–61]*

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Paano inihanda ang lalaki para sa ipinanumbalik na ebanghelyo?
- Ano kaya ang nangyari kung hindi nagsalita ang mga elder para ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo?
- Rebyuhin ang ginawa ninyo kahapon. Kinausap ba ninyo ang lahat ng maaari ninyong kausapin? Kung hindi, planuhin at magtakda ng mga mithiin na gawin ito ngayon.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang sabi ng Panginoon tungkol sa pagbukas ng inyong bibig? Ano ang dapat ninyong ituro? Ano ang ipinangako sa inyo?**

D at T 24:12
D at T 28:16
D at T 33:7–15
D at T 60:2–3, 7–8

## Magturo Kapag Nakahanap Kayo, Maghanap Kapag Nagtuturo Kayo

Ang paghahanap at pagtuturo ay magkaugnay at magkarugtong na gawain. Kapag nakakilala kayo ng mga tao, maging handa na ituro ang maikling buod ng ipinanumbalik na katotohanan para magbigay ng patotoo ang Espiritu Santo na kayo ay mga tagapaglingkod ng Panginoon. Sa maraming sitwasyon, kailangang ilahad ninyo ang mensahe sa loob ng isang minuto o wala pang isang minuto. Nakagawian na ng mga tao ang maiiksi at mabibisang pahayag. Halimbawa, maaari ninyong patotohanan ang mensahe ng Panunumbalik sa dalawa o tatlong pangungusap lamang:

> *Pagkalipas ng maraming siglo ng pagkawala, ang mga original na katotohanan tungkol sa Diyos (ang ebanghelyo ni Jesucristo) ay ipinanumbalik ng mapagmahal na Diyos sa pamamagitan ng isang buhay na propeta. May katibayan kami nito na mahahawakan ng iyong mga kamay, mababasa, mapag-iisipang mabuti, at maipananalangin para malaman ninyo mismo ang katotohanan nito. Papayagan ba ninyo kami na . . .*

Kung may kaunting oras pa, maaari ninyong sabihing:

> *Simple ang mensahe namin. Ang Diyos ang ating Ama. Mga anak Niya tayo. Kabilang tayo sa Kanyang pamilya. Mahal Niya tayo. Mula sa simula ng daigdig, sinunod Niya ang isang huwaran ng pagmamahal at pagmamalasakit. Maraming beses Niyang ipinahayag nang may pagmamahal ang ebanghelyo ni Jesucristo para malaman ng kanyang mga anak kung paano bumalik sa Kanya. Ipinahayag Niya ito sa mga propeta gaya nina Adan, Noe, Abraham, at Moises. Gayunman paulit-ulit na pinili ng mga tao na tanggihan ang ebanghelyo. Dalawang libong taon na ang nakararaan, itinuro mismo ni Jesucristo ang Kanyang ebanghelyo. Hindi kapani-paniwalang kahit si Jesucristo ay tinanggihan din ng mga tao. Kapag binabalewala o binabaligtad ng mga tao ang tunay na mga doktrina at ordenansa, inaalis ng Diyos ang Kanyang awtoridad na pangasiwaan ang Simbahan.*
>
> *Ang imbitasyon namin sa inyo ay dagdagan ang mga katotohanang pinahahalagahan na ninyo. Isaisip ang mga katibayan na muling kinalinga ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak nang may pagmamahal at inihayag ang mga totoong doktrina at ordenansa sa isang propeta. Ang pangalan ng propetang ito ay Joseph Smith. Ang katibayan ng maluwalhating katotohanang ito ay makikita sa isang aklat—ang Aklat ni Mormon. Mahahawakan ninyo ito, mababasa, at mapag-iisipang mabuti ang katotohanan nito sa ating puso.*

Iwasang sabihin ang ganito, "May ilang minuto ka ba para maituro namin sa iyo ang mensahe tungkol sa. . . ." Sa halip, ugaliin ang magturo kaagad at magpatotoo kapag may nakakilalang mga tao. Mas marami kayong mahahanap na tuturuan sa pagpapatotoo ninyo at hayaang madama nila ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Anuman ang unahin ninyong paraan, banggitin kaagad sa simpleng paraan ang Panunumbalik ng ebanghelyo, dahil ito ang ating kakaibang mensahe sa mundo. Ang mga tinuturuan ninyo ay kadalasang may mga kaibigan o kamag-anak na handang tumanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa lahat ng sitwasyon sa pagtuturo—gaya ng paghahanap, pagtuturo ng mga investigator, pakikipagtulungan sa mga miyembro—itanong, "Sino sa kakilala ninyo ang maaaring interesado at makikinabang sa mensaheng ito?" Pagkatanggap ng referral ay itanong, "Sino pa ang maaaring makinabang sa ating

Mga Tala

mensahe?" Huwag mahiyang ulit-ulitin ito sa mga miting. Kapag nadama ng tinuturuan ninyo ang mga biyaya ng ebanghelyo, titindi ang hangarin nilang ibahagi ito (tingnan sa 1 Nephi 8:12). Madalas silang magkakaroon ng mga bagong kaibigan habang pinag-aaralan ang ebanghelyo. Ang mga misyonerong gumagawa sa alituntuning ito ay karaniwang maraming taong natuturuan.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Maghanda ng isang minutong mensahe batay sa isa sa mga lesson. Mag-isip ng mga paraan sa pagtuturo ng lesson na ito batay sa paghahanap ng matuturuan.
- Magdesisyon kung paano mo agad maiuugnay ang mensaheng ito sa Panunumbalik.
- Ibahagi ang mensahe sa iyong kompanyon.
- Mithiing ituro ang mensaheng ito sa angkop na oras sa araw na ito para madagdagan ang mga tinuturuan ninyo.

---

- Rebyuhin ang listahan ng mga tao na kasalukuyan ninyong tinuturuan. Ilista ang mga taong hiningan ninyo ng mga referral at yaong hindi hiningan. Magsanay kung paano iimbitahan ang mga nasa grupong iyon na bigyan kayo ng referral. Sa inyong planner, itala na mag-iimbita kayo sa susunod ninyong pagbisita.

## Pag-usapan ang Kahalagahan ng Pamilya



Pinagpapala ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga pamilya. Sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo, napalalakas ang mga pamilya at nakadarama ng kapayapaan, kagalakan, at ng diwa ng pagiging kabilang at identidad.

Ang pagbanggit sa kahalagahan ng pamilya sa mga nakikilala ninyo araw-araw ay makatutulong sa paghahanap ninyo ng mga taong tuturuan. Karamihan sa mga tao ay may likas na interes sa pamilya. Sa paghahanap ng tuturuan, madali mong maiuugnay sa mensahe ng Panunumbalik ang nalalaman ng karamihan sa mga tao tungkol sa pamilya. Sa paghahanap ng tuturuan, maaaring masabi mo ang ganito:

> *Wala ng mas mahalaga pa sa atin kaysa sa ating pamilya. Ang ugnayan natin sa pamilya ang nagbubuklod sa atin sa isa't isa. Ito ang nagbibigay sa atin ng pangalan, at tumutulong para madama na tayo ay kailangan at minamahal. Namana natin sa ating pamilya ang ating personalidad, ugali, at pisikal na kaanyuan, na nagbibigay sa atin ng natatanging identidad o pagkakakilanlan.*
>
> *Ang pagkakaroon ng matibay, masayang pamilya ang unang priyoridad ng maraming tao sa buong mundo. Kadalasan mahirap makamit ang mithiing ito. Ang pagpapalaki ng mga anak at pagkakaroon ng matibay na pagsasama sa mundong ito sa kasalukuyan ay parang halos imposible sa panahong napalilibutan tayo ng kasamaan.*

Mga Tala

Pagkatapos ay maaari na ninyong sabihin ang mensahe ng Panunumbalik:

> *Ang nadarama nating pagmamahal at malasakit ng ating pamilya ay walang hanggan at nasa kaibuturan ng ating kaluluwa. Nakasentro ang mga ito sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos. Bahagi na kayo ng pamilya ng Diyos bago pa man kayo isilang. Siya ang ating Ama. Dahil Siya ang ating Ama, magkakapatid tayo. Gusto ng ating Ama sa Langit na makabalik tayo sa piling Niya bilang bahagi ng Kanyang pamilya. Ang mga pamilya dito sa lupa ay nakabigkis sa pamilya ng Diyos. Ang mga pamilya ay maaaring mabuhay magpakailanman pagkatapos ng buhay na ito. Alam natin ito dahil pagkaraan ng maraming siglo ng pagkaligaw, ang mga totoong doktrina at ordenansa gaya ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ay ipinanumbalik sa mundo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit sa pamamagitan ng buhay na propeta. Hindi lamang nakatulong sa atin ang mga ipinanumbalik na katotohanang ito para maunawaan ang ating katayuan sa pamilya ng Diyos. Ito rin ang pinakaaasam natin para sa isang matibay at masayang pamilya sa buhay na ito. Maaari bang ituro pa namin sa inyo ang tungkol sa. . .*

Maaari din ninyo itong gawin sa iba pang paksa, gaya ng kaligayahan, pagsubok, layunin ng buhay, o kamatayan. Anuman ang paraan ninyo sa paghahanap, tandaang ikonekta ito agad sa ating natatanging mensahe sa mundo.

## Ang Kahalagahan ng mga Miyembro

Makipagtulungan sa mga miyembro ng Simbahan sa paghahanap ng mga taong tuturuan. Ang magandang sitwasyon ay kapag nag-imbita ang mga miyembro ng taong tuturuan at naroon sila kapag nagtuturo na. Kapag ginagawa ito ng mga miyembro, mas maraming tao ang nabibinyagan at nananatiling aktibo sa Simbahan. Ang pakikihalubilo sa mga miyembro ay mahalaga dahil pinalalambot nito ang puso ng tao at kadalasan nag-iinvestigate na sila tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Madalas na nangangahulugan ito na nasa gitna sila ng mga kaibigang miyembro ng Simbahan, kabilang ang aktibo at di gaanong aktibo, bagong miyembro, at may kapamilyang di pa miyembro.

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Ang tingin ng marami sa atin sa gawaing misyonero ay simpleng tracting o pagbabahay-bahay lang ito. Alam ng lahat na pamilyar sa gawaing ito na may mas mainam na paraan. Ang paraang iyon ay sa pamamagitan ng mga miyembro ng Simbahan. Kapag may mga miyembrong nagpakilala ng investigator, mayroon kaagad sistema ng pagsuporta. Magpapatotoo ang miyembro sa katotohanan ng gawain. Hangad niya ang kaligayahan ng kanyang kaibigan na investigator. Natutuwa siya kapag may progreso ang kanyang kaibigan sa pag-aaral ng ebanghelyo.

> *“Pagkatapos na masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo.”*
>
> – SI PROPETANG JOSEPH SMITH
> *TEACHINGS OF THE PROPHET JOSEPH SMITH*, 113

“Maaaring ang full-time na mga misyonero ang aktuwal na magturo, ngunit hangga’t maaari ang miyembro ang susuporta sa pagtuturong iyon sa pag-alok na ganapin sa kanyang tahanan ang pagtuturong ito ng misyonero. Tapat siyang magpapatotoo sa kabanalan ng gawain. Naroroon siya para sagutin ang mga tanong kung wala ang mga misyonero. Magiging kaibigan siya ng convert na kadalasang gumagawa ng malaki at mahirap na pagbabago. . . . Ang proseso ng pagdadala ng mga tao sa Simbahan ay hindi lamang responsibilidad ng mga misyonero. Mas nagtatagumpay sila kapag ang mga miyembro ang pinagmumulan ng mga bagong investigator” (*Ensign*, Mayo 1999, 105–6).

Mga Tala

Sa bishop nag-uumpisa ang pagkakaroon ng matibay na samahan sa mga miyembro. Mag-alok ng tulong at maglingkod sa kahit anong mabuting paraan kapag hiniling niya. Palaging tanungin ang iyong sarili, "Ako ba ay biyaya o pabigat sa aking bishop?" Ugaliing isaisip ang "Paano ako makatutulong?" Kung naghahanap kayo ng pagkakataon para magpakita ng pagmamahal, paglilingkod, at pagtuturo, mas malamang na ipagkatiwala sa iyo ng bishop at ng mga miyembro ng ward ang kanilang kapamilya at mga kaibigan.

Isaisip ang bahaging ito ng liham na isinulat ng isang misyonero sa kanyang mission president:

> *Mahal kong President,*
>
> *Tinawagan po ako ng mga assistant ngayon at sinabing malilipat ako. Nadama kong dapat akong sumulat at magpasalamat sa inyo sa pagdedestino sa akin sa area na ito. Parang kahapon lang nang sabihin ninyo sa akin ang mga pagsubok na darating.*
>
> *Napatunayan ko ang sinabi ninyo sa akin noong unang Linggo namin. Malamig ang pakitungo sa amin ng ward. Ang magandang nangyari lang sa unang Linggong iyon ay si Scott, ang bagong ward mission leader. Siya ay nalipat sa Air Force base isang buwan na ang nakalipas at naging ward mission leader sa loob ng dalawang linggo. Inimbitahan kami ni Scott na maghapunan sa kanyang bahay at pag-usapan ang gagawin para sumulong ang gawain. Pagkatapos ng hapunan, lumuhod kami para manalangin at humingi ng gabay sa Ama sa Langit. Sa pagdarasal namin, nakadama kami ng kapayapaan at determinasyon. Nagpasiya kami na ang pinakamagandang paraan para sumulong ang gawain ay kunin ang tiwala ng mga miyembro. Nagpasiya kaming sundin ang halimbawa ni Ammon at paglingkuran sila.*
>
> *Nag-umpisa kami kay Bishop. Dahil sa kakulangan ng binyag sa area at kulang sa sipag ang mga dating misyonero, naunawaan naming hindi siya gaanong sabik sa kahilingan naming makausap siya. Kaagad niya kaming inimbitang maghapunan sa kanyang tahanan. Nalaman namin na gusto ng bishop na alisin ang karpet sa kanyang sala at ibalik ang sahig nito. Kusa kaming tumulong at tinanggap niya ito. Pagkatapos ng kanyang proyekto, hiniling ng bishop na magsalita kami sa sakrament miting. Naisip naming patunay ito na nag-uumpisa na siyang magtiwala sa amin.*
>
> *Ganito rin ang ginawa naming paglilingkod sa iba pang mga miyembro. Natulungan namin sila sa iba't ibang simpleng paraan. Kapag wala kaming kasamang miyembro, nagbabahay-bahay kami at kinakausap ang lahat ng maaari naming makausap tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Nabiyayaan kami ng mga taong tuturuan, at nakita ng mga miyembro ang pagdadala namin ng mga tao sa Simbahan mula sa sarili naming paghahanap. Ang ugali ng buong ward ay nag-umpisang magbago. Nagkaroon ng malaking pananabik sa gawaing misyonero. Nang magtiwala ang mga miyembro sa amin, napabilis ang gawain. Maraming pagbibinyag ang sumunod.*



Maraming miyembro ng Simbahan ang takot gumawa ng gawaing misyonero. Marami ang di sigurado kung saan magsisimula o ano ang sasabihin. Marami ang takot na baka mawalan sila ng matatalik na kaibigan kung susubukan nilang ibahagi ang ebanghelyo sa kanila. Maraming paraan para matulungan ang mga miyembro. Halimbawa, tulungan silang magkaroon ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mensahe ng Panunumbalik at iba pang doktrina ng mga aralin. Tulungan sila para madama nila ang Espiritu at ang kapangyarihan ng ating mensahe. Ang pagpapalakas ng kanilang pag-unawa sa doktrina ni Cristo ay magdaragdag ng tiwala nila sa inyo at pananabik sa gawaing misyonero kaysa sa iba pang ginagawa ninyo. Tulungan silang maunawaan na ang pagtuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay dadaloy nang natural dahil sa hangarin nilang mahalin at paglingkuran ang kanilang kapamilya at kaibigan. Turuan sila ng mga alituntunin mula sa bahagi na "Naglilibot na

Mga Tala

Gumagawa ng Mabuti" ng kabanatang ito. Hikayatin ang mga miyembro na "magkaisa sa pag-aayuno at mataimtim na panalangin alang-alang sa kapakanan ng mga yaong kaluluwa na hindi nakakikilala sa Diyos" (Alma 6:6). Sa lahat ng ginagawa ninyo sa mga miyembro, hangaring pasiglahin at patatagin ang kanilang pananampalataya para tulungan sila na magawa ang gawaing misyonero.

Bukod pa sa pakikipagtulungan sa mga aktibong miyembro, maghanap ng mga taong tuturuan sa pamamagitan ng mga prospective elder, di-gaanong aktibong miyembro, at bagong miyembro. Malamang na maraming kaibigan ang mga miyembrong ito sa ibang relihiyon at pagpapalain sa pagbabahagi nila ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa kanilang kapamilya at mga kaibigan.

Sa bawat pagbisita sa mga miyembro, gawin ang lahat para mahikayat sila na:

- Manalangin at sundin ang Espiritu.
- Maglingkod.
- Makipagkaibigan.
- Magsalita at ibahagi ang ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Imbitahan ang iba na gawin ang mga bagay na magpapalakas ng kanilang pananampalataya kay Cristo.

Ang bawat referral na matanggap ninyo sa miyembro ay dapat ituring na mahalaga. Kapag nagbigay ang miyembro ng pangalan ng kaibigan para tawagan o bisitahin, kumilos agad at ireport ang resulta sa miyembro.

### Mga Ideya sa Pagtulong sa mga Miyembro

Maraming paraan para mahikayat ang mga miyembro na sumali sa gawaing misyonero. Isaisip ang sumusunod na mga ideya:

- Hangarin ang gabay ng bishop at ng iba pang lider ng ward. Tingnan ang kabanata 13 para sa karagdagang tulong sa bahaging ito.
- Ituro sa mga lider at miyembro ng Simbahan ang mensahe ng Panunumbalik at iba pang mga lesson.
- Turuan silang mahalin at paglingkuran ang kanilang mga kapitbahay at kaibigan.
- Hikayatin silang mag-ayuno at manalangin para sa mga oportunidad na magturo.
- Hikayatin sila na bisitahin ang mga kakilala na kailan lang ay dumanas ng pagbabago sa buhay (panganganak, kamatayan sa pamilya, pag-aasawa, kalilipat pa lamang).
- Imbitahan sila na tulungan kayong magturo. Magandang magsama kayo ng miyembro na dating kabilang sa simbahan ng investigator.
- Tulungan silang magtakda ng petsa kung kailan nila iimbitahan ang mga kaibigan nila para malaman ang tungkol sa mensahe ng Panunumbalik.
- Ipakita ang mga aytem na maaari nilang ipamigay sa iba, gaya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon, video, at kard.
- Hikayatin sila na imbitahin ang kanilang mga kaibigan na dumalo sa simbahan o family home evening, panoorin ang video na ginawa ng Simbahan, o makilahok sa talakayan sa ebanghelyo.
- Tulungan silang magsanay ng sasabihin sa kanilang mga kaibigan.
- Ituro sa kanila ang kahalagahan ng pagbabahagi ng ebanghelyo anuman ang maging resulta nito.

Marami pang paraan para mas sumali ang mga miyembro. Sikaping dagdagan ang listahang ito sa buong misyon mo. Ibahagi ang iyong mga ideya sa iba pang mga misyonero.

Mga Tala

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Kasama ang iyong kompanyon, rebyuhin ang ginawa ninyong paglilingkod at pagtulong sa bishop at sa iba pang mga lider at miyembro sa nakalipas na buwan. Pag-usapan at planuhin ang magagawa ninyo sa susunod na buwan para magkaroon ng matibay na ugnayan sa kanila.

Rebyuhin ang mga ideyang nakalista sa kahon na "Mga Ideya sa Pagtulong sa mga Miyembro." Alamin ang mga ideyang hindi pa ninyo nasusubukan. Gamit ang iyong planner, magplano at subukan ang ilan sa mga ideya sa susunod na linggo.

## Mga Referral ng Media at ng Headquarters ng Simbahan

Ang mga referral ay isa pang mapagkukunan sa paghahanap ng mga handa na para sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Bukod pa sa mga referral ng miyembro, ang Simbahan ay aktibong gumagawa sa maraming paraan para maabot ang mga anak ng Diyos. Napapansin ang Simbahan sa pamamagitan ng media advertising, visitors' center, makasaysayang pook, tulong pangkapakanan at pantao, at sa Internet (www.mormon.org, www.lds.org, www.familysearch.org). Ang mga referral na natanggap mula sa media at headquarters ng Simbahan ay ang mga taong pumayag na bisitahin sila ng mga kinatawan ng Simbahan para ihatid ang isang aytem (gaya ng Banal na Biblia o Aklat ni Mormon) at maturuan pa ng tungkol sa Simbahan. Ang mga pagkakataong ito na magturo ay dapat isipin ng mga misyonero bilang sagradong tungkulin.

Bago ninyo bisitahin ang referral, siguruhing pamilyar kayo sa aytem na hiniling nila. Magplano ng maikling lesson kung saan malilipat [ang pansin] mula sa aytem tungo sa pagtuturo ng mensahe ng Panunumbalik. May mga pagkakataon na inaakay kayo ng mga referral sa iba na inihanda ng Diyos. Kung hindi interesado ang mga taong nakontak ninyo, tanungin sila kung may kakilala sila na maaaring maging interesado sa ebanghelyo. Kausapin din ang ibang kasambahay at kanilang mga kapitbahay. Tanungin ang bawat isa kung sino pa ang maaaring interesado sa inyong mensahe. Marahil naakay kayo sa taong ito dahil may isang tao sa tahanan o kapitbahay na handa sa ebanghelyo.

Kapag tinuturuan ang mga referral, tandaan na:

- Kontakin sila sa loob ng 24 na oras.
- Kung maaari, tumawag para magtakda ng oras ng pagbisita. Kung wala sila sa bahay subukan mo sa iba't ibang oras sa buong maghapon.
- Ihatid ang hininging aytem at ipaalala sa kanila na hiniling nila ang inyong pagbisita. Tipunin ang lahat ng kasambahay para makinig.
- Ituro ang mensahe ng Panunumbalik.
- Imbitahin silang gawin ang bagay na magpapalakas ng kanilang pananampalataya kay Cristo.
- Humingi ng mga referral.
- Mag-iskedyul ng muling pagbisita.
- Magplanong magbahay-bahay sa lugar na iyon matapos ang inyong appointment.
- Kung wala sa bahay ang tao, kausapin ang mga kapitbahay.

Mga Tala

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Puntahan ang lahat ng referral na natanggap ninyo sa inyong area sa nakalipas na buwan. Tukuyin ang sinumang tao na hindi nakontak, at bisitahin sila. Magdesisyon kung sino sa nakontak noong nakaraan ang dapat bisitahing muli.

## Family History

Ang family history o genealogy ay isa pang paraan para makahanap ng taong tuturuan. Ang family history ay isa sa mga kinagigiliwan ngayon sa mundo. Naimpluwensyahan ng Espiritu ni Elijah ang milyun-milyong tao sa buong mundo na saliksikin ang kanilang mga ninuno. Marami ang naghangad ng mas matibay na koneksyon sa kanilang kamag-anak. Ito ang magiging daan para hangarin nilang tuklasin ang koneksyon at pagkakakilanlan sa pamilya ng Diyos.

Alamin kung anong uri ng mga sanggunian ng family history ang nasa inyong lugar. Halimbawa, maaari mong imbitahan ang mga tao sa lokal na family history center o ipakilala sila sa mga miyembro na tutulong sa kanila para umpisahang saliksikin ang kanilang angkan. Hindi kailangang marami kang alam sa family history para ialok ang serbisyong ito kung tinutulungan ka ng mga miyembro ng Simbahan. Sa maraming lugar sa mundo, may mga miyembro na nakatutulong sa iba sa pagsasaliksik ng pinagmulan ng kanilang pamilya. Isali ang mga miyembro para makakilala ng mga potensyal na investigator ang mga taong kakaibigan sa kanila. Ipaliwanag na libre ang paggamit ng mga family history center.

> *"Umaasa akong maaalis na ang artipisyal na linya ng hangganan na madalas nating inilalagay sa pagitan ng gawaing misyonero at ng gawain sa templo at genealogy. Ito ay dahil sa pare-parehong mga dakilang gawain na nagliligtas ang mga ito!"*
>
> – PANGULONG SPENCER W. KIMBALL
> "THE THINGS OF ETERNITY—STAND WE IN JEOPARDY?" *ENSIGN*, ENE. 1977, 3.

Kapag nagta-tracting kayo, maaari kayong mamigay sa mga tao ng kard ng family history. Dapat nakasulat dito ang telepono ng lokal na family history center na nag-aalok ng libreng panimulang pagsasaliksik tungkol sa pinagmulan ng pamilya. Mag-follow up sa susunod na isa o dalawang araw sa tahanan na iniwanan ninyo ng kard. Ibahagi ang mga kard na ito sa mga investigator na maaaring mamimigay nito sa kanilang mga kaibigan at kamag-anak. Maganda ring ideya na dalhin ninyo ang sarili ninyong apat na henerasyong tsart bilang halimbawa at ipakita sa mga kaapelyido ninyo.

Para simulan, isiping gawin ang sumusunod:

- Bisitahin ang family history center kung mayroon nito sa inyong lugar.
- Sabihin sa bishop at ward council ang hangarin ninyong tulungan sa family history ang mga nakikilala ninyo sa araw-araw.
- Pag-usapan ninyo ng mga lider ng ward kung paano pinakamahusay na mapag-uugnay-ugnay ang gawaing ito:

Mga Tala

- Komportable ba ang bishop na ialok mo ang tulong ng mga miyembro ng ward?
- Sino sa miyembro ng ward ang naglilingkod sa family history center o may karanasan sa gawain sa family history?
- Paano kayo makahihinging mabuti ng tulong sa mga miyembrong ito.
- Sino ang maaaring sumama sa inyo kapag ipinasa ninyo ang mga pedigree chart o family group record?

Basahin ang sumusunod na kuwento ng isang senior na misyonero. Tingnan ang papel na ginampanan ng family history sa conversion ng mag-asawa.

*Si Mildred Schultz ay tapat na miyembro ng kanyang simbahan. Kaya't hindi kataka-taka nang kumatok ang mga misyonero sa kanyang pintuan. Hindi siya nag-aksaya ng panahon at pinapasok sila para ituro sa kanila ang "katotohanan." Sa pagtuturo ng mga misyonero, naantig siya ng mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo at nabinyagan. Sa buong proseso ng pagtuturo, ang kanyang asawang si Frank, ay hindi nakinig.*

*Dito ako napasali. Ipinakilala kami ng mga elder kay Sister Schultz. Tinulungan namin siya na simulan ang kanyang family pedigree at inimbitahan siyang makipagkita sa amin sa family history center. Dumating ang araw ng aming pagkikita at tinanong ni Frank kung maaari siyang sumama para masaliksik rin niya ang kanyang mga ninuno. Siyempre, natuwa siya sa pagkakataong iyon, at nagpunta na sila sa center.*

*Plano ng mga elder na makipagkita sa amin nang medyo tanghali na sa araw na iyon. Bago sila dumating, ipinakita namin kina Frank at Mildred ang aklatan at ipinakilala sila kay Sister Wright. Si Sister Wright ang family history specialist, at nag-alok siyang tumulong na maghanap ng impormasyon tungkol sa tatay ni Frank. Nakita niya ang pangalan nito sa isang aklat at nabigyan niya si Frank ng isang mapa ng Germany. Makikita doon ang lugar ng kapanganakan ng kanyang ama. Natuwa siya sa mga natuklasang ito kaya't nang dumating ang mga elder, inimbitahan niya ang mga ito na maghapunan para ipakita sa kanila ang mga larawan at ibahagi ang kanyang family history. Naantig at napalambot ng Espiritu ni Elijah ang kanyang puso at naging daan ito para mapunan ng ebanghelyo ang kanyang buhay.*

*Nang gabing iyon, iniisip ni Mildred ang maaari niyang sabihin na makatutulong kay Frank na mas maging interesado sa ebanghelyo. Isang tanong ang naisip niya. "Frank," ang umpisa niya, "gusto mo bang makapiling ako magpakailanman, kahit matapos na ang buhay na ito? Gusto mo bang magkaroon ng walang hanggang pamilya?" Agad niyang sinabing, "Oh, Mildred, siyempre. Paano ko iyon gagawin?" Ang tanong na ito ang ipinagdarasal niya. "Makinig ka sa sasabihin ng mga misyonero," sagot niya. Pumayag siya. Sa pagtuturo ng mga elder, natunaw ng mapagmahal na mensahe ng Panunumbalik ang kanyang mga alinlangan at takot. Tinanggap niya ang mga katotohanang ibinahagi ng mga misyonero. Tinanggap niya ang imbitasyong mabinyagan. Naging matatag at aktibo sina Frank at Mildred sa Simbahan mula noon.*

*Masigasig na kinumpleto nina Frank at Mildred ang gawain nang sa gayon ang mga nakapagliligtas na ordenansa ay maisagawa sa kanilang pamilya. Napakasayang araw nang binyagan sila para sa kanilang mga kapamilya. Sa proseso ng pagsasagawa sa templo, napanaginipan ni Brother Schultz ang kanyang tatay. Nakita niya ang kanyang tatay sa rantsong tinirahan nito noong bata pa. Nakatayo ang kanyang tatay sa tabi ng kanyang tumba-tumba, nakaputing damit at iniaabot ang kanyang kamay sa kanyang anak. Nagising si Frank na umiiyak. Alam niya na tinanggap ng kanyang tatay ang isinagawa nilang gawain sa templo.*

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Ano ang nakaimpluwensya kay Frank para magdesisyong magpaturo sa mga misyonero?
- Paano ninyo mas mabuting maiuugnay ang gawaing family history sa plano ng Diyos sa mga pamilya?
- Paano ninyo ginamit na kasangkapan ang family history sa paghahanap ng tuturuan? Sa paanong paraan ninyo maibibigay ang impormasyon sa family history sa mga taong makikilala ninyo araw-araw? Planuhing simulan na gamitin ang family history bilang mas kilalang kasangkapan sa inyong paghahanap ng tuturuan.

Mga Tala

Ang family history ay mabisang kasangkapan na magagamit sa paghahanap ng mga taong inihanda ng Panginoon na tumanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Manalangin na laging maisip na gamitin ang family history sa paghahanap ninyo ng tuturuan. Pangkaraniwan sa mga tao ang maantig ng Espiritu kapag pinag-uusapan ang kanilang pamilya. Nadarama rin ng mga tao ang Espiritu kapag tinuruan sila ng doktrina tungkol sa dahilan ng paggawa natin ng family history. Bukod dito, ang pagpapanatiling aktibo sa convert ay napagbubuti kapag nasaliksik ng mga bagong miyembro ang kanilang angkan at nagsagawa ng mga sagradong ordenansa para sa kanilang mga ninuno.

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang ipinanumbalik ng Panginoon sa mundo sa pamamagitan ni Elijah?**

D at T 110:14–16
D at T 128:16–18
D at T 138:32–34
Malakias 4:5–6

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral at Pag-aaral ng Magkompanyon

Pag-usapang bisitahin ang isang lokal na family history center kasama ang miyembro na may alam sa family history. Sa paglibot ninyo sa family history center, tingnan mo ang uri ng serbisyo na makukuha rito. Alamin ang iba pang impormasyon, gaya ng kailan bukas ang center, sino ang naglilingkod sa center, at ano ang maaaring ibigay sa mga makokontak mo bawat araw.

Magsanay kung paano mo iaalok ang tulong ng family history sa mga makikilala ninyo. Planuhing sabihin ang tungkol sa family history sa paghahanap ninyo ng tuturuan.

Basahin at pag-usapan ang “Family History Work and Genealogy” sa *True to the Faith* para maintindihan nang mas mabuti ang gawain sa family history. Isulat ang natutuhan mo sa iyong study journal.

## Mga Dating Investigator

Ang mga dating investigator ay mahalagang mapagkukunan sa paghahanap ng mga taong tuturuan. Maraming dahilan kung bakit tumitigil sa pag-investigate ang mga tao sa Simbahan. Kinabibilangan ito ng mga misyonero na nalipat, nagbakasyon ang mga investigator, tumigil ang mga misyonero sa pagbisita kahit na umaasa pa rin ang mga investigator sa pagbisita nila, at naniniwala ang mga investigator na walang bagong maituturo ang mga misyonero sa kanila. Maraming dating investigator ang nagsasabing makikipagkita silang muli sa mga misyonero.



© 1990 Del Parson. Bawal kopyahin.

Rebyuhin ang iyong area book nang madalas para malaman kung sino ang mga dating investigator. Isipin nang may panalangin ang impormasyon sa area book tungkol sa unang kontak ng mga investigator sa Simbahan. Ano ba ang naituro na sa kanila, ano ang reaksiyon nila dito, at bakit sila huminto sa pag-investigate sa ebanghelyo. Kung may kasamang miyembro sa pagtuturo at pakikipagkapatiran sa mga dating investigator, tanungin kung ano ang naaalala ng mga miyembro sa karanasang iyon. Batay sa impormasyong ito, planuhing kontakin muli ang mga investigator.

Mga Tala

Kung pinili ng tinuturuan ninyo na huwag ituloy ang pag-investigate nila sa ebanghelyo, irekord sa area book ang impormasyon na makakatulong sa mga misyonero na kokontak sa kanila sa hinaharap.

Habang binabasa ninyo ang sumusunod na karanasan, isaisip ang bisa ng pagkontak ng mga dating investigator.

*Nagulat ako, natawag akong magmisyon sa pinaglingkuran din ng ate ko noong nakaraang taon. Pagkalipas ng ilang buwan sa misyon, nalipat ako sa isa sa mga lugar na pinaglingkuran ni ate. Nang malaman ni ate ang paglipat ko, sinulatan niya ako at hiniling na bisitahin ko ang pamilya na tinuruan nilang magkompanyon. Sinabi niya kung gaano niya kamahal at gaano siya kalapit sa pamilyang Norman at masyadong nalungkot nang di nila ipinagpatuloy ang pag-investigate sa Simbahan.*

*Nahanap namin ng kompanyon ko ang mga Norman at magiliw nila kaming tinanggap. Tinanggap nila ang imbitasyon namin na muling pakinggan ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Hindi ako sigurado sa kaibhan nito ngayon, pero talagang handa na silang tanggapin ang aming mensahe. Ang buong pamilya ay nabinyagan at nakumpirma.*

*Pagkatapos ng karanasang ito, naisip ko ang mga dating investigator na naturuan ni ate. Naisip ko, "Kung may epekto sa mga Norman, siguro may epekto rin sa ibang tao na naturuan na niya." Nagdesisyon akong sulatan si ate tungkol sa ideya na kontakin ang iba pang mga naturuan niya. Binasa niya ang kanyang journal at ipinadala sa akin ang mga pangalan ng iba pang mga dating investigator sa lugar.*

*Nang sumunod na linggo ay kinontak namin ng kompanyon ko ang mga taong ito. Sa aming tuwa, halos kalahati sa kanila ang tumanggap sa aming imbitasyon na pakinggan muli ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang ilan sa grupong ito ay nabinyagan at nakumpirma. Habang kausap ang mga dating investigator, humingi din kami sa kanila ng mga referral na mga kaibigan at kakilala nila na magiging interesado sa aming mensahe. Bunga nito, nakahanap kami ng karagdagang mga taong tuturuan. Ito ang pinakaabalang panahon sa aking misyon.*

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Tukuyin ang lahat ng dating investigator sa inyong area book.
- Planuhing kontakin ang lahat ng maaaring makontak sa loob ng 24 na oras.

## Paghahanap ng Tuturuan sa Pamamagitan ng Sarili Ninyong Pagsisikap

Sikaping palakasin ang inyong pananampalataya na inihahanda ng Diyos ang Kanyang mga anak para tanggapin ang mensahe ng Panunumbalik. Kapag ginawa ninyo ang lahat ng makakaya ninyo ayon sa gabay ng Espiritu Santo sa paghahanap ng mga taong tuturuan, ituturo sa inyo ng Panginoon ang mga taong ito.

Napakaraming magagandang paraan upang mahanap ang mga taong handa para sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Kailangang gawin ninyo ang lahat para magkatagpo ang landas ninyo at ng mga taong inihanda. Natuklasan ng mga misyonero na ang sumusunod na mga ideya ay nakatulong sa kanila sa paghahanap ng mga taong tuturuan sa pamamagitan ng sarili nilang pagsisikap. Habang nirerebyu ang listahan, planuhing subukan ang ilang ideya na bago sa inyo. Ang listahang ito ay magsisilbing panimula ninyo sa pag-iisip ng iba pang magagandang paraan sa paghahanap ng mga taong tuturuan.

Mga Tala



- Makipagtulungan sa bishop at ward council sa pagtukoy at pagkontak sa mga tao na may bagong sanggol sa tahanan, kalilipat sa area, o namatayan sa pamilya.
- Humanap ng mga oportunidad para makapag-alok ng simpleng serbisyo.
- Turuan ang mga miyembro—kabilang ang mga aktibo at di-gaanong aktibong miyembro, bagong miyembro, at may kapamilyang di pa miyembro—tungkol sa mensahe ng Panunumbalik. Hilinging ipakilala nila kayo sa mga taong maaari ninyong turuan.
- Makipag-ayos at magdaos ng fireside para sa miyembro. Maaari nilang isama sa fireside ang mga kaibigan nila o kaya'y maituturo ninyo ang ebanghelyo at makahihingi ng mga referral.
- Mag-alok na turuan ang mga tao kung paano mag-family home evening.
- Aluking ilibot ang mga nakakakilala ninyo sa lokal na meetinghouse.
- Mag-alok na makipagmiting sa bishop.
- Imbitahan ang mga tao na bisitahin ang www.mormon.org.
- Bumuo ng klase sa pag-aaral ng banal na kasulatan.
- Ituro ang Ingles bilang pangalawang wika.
- Imbitahin ang mga tao na may sapat na gulang na dumalo sa seminary o institute.
- Magbahay-bahay o makipag-usap sa mga tao sa daan.
- Gamitin ang ipinamimigay na mga kard, DVD, video, at brochures.
- Humingi ng mga referral sa kasalukuyang mga investigator, dating investigator, di-gaanong aktibong miyembro, magiging elder, at lahat ng nakakakilala ninyo.
- Makipag-ugnayan sa mga lokal na kinatawan ng public affairs ng Simbahan para magkaroon ng pagkakataon na makapagpalathala ng artikulo sa lokal na peryodiko tungkol sa inyong paglilingkod bilang misyonero.
- Imbitahan ang mga tao sa mga miting ng Simbahan, aktibiti at open house.
- Imbitahan ang mga tao na dumalo sa seremonya ng binyag. Mainam na paraan ito para maipakilala ang Simbahan at magandang oportunidad para madama ng mga investigator ang impluwensya ng Espiritu.

## Naglilibot na Gumagawa ng Mabuti

Ang inyong pananampalataya na maghanap ng mga taong tuturuan ay naipakikita sa inyong gawain. Sa Kanyang mortal na ministeryo, ang Tagapagligtas ay "nag-anyong alipin" (Mga Taga Filipos 2:7). Siya ay naglibot "na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38) at "ipinangangaral ang evangelio" (Mateo 4:23). Sa pagsunod ninyo sa halimbawang ito, mahahanap ninyo ang mga tatanggap sa inyo.

Sa pamamagitan ng paglilingkod, kayo at ang mga handa para sa ipinanumbalik na ebanghelyo ay magkikita sa kagila-gilalas at inspiradong paraan. Ang mabubuti ninyong gawa ay makatutulong para makilala kayo ng mga tao bilang tagapaglingkod ng Diyos. Ito ang magiging daan para maituro ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

Mga Tala



Ang karanasan ng maraming misyonero sa paglilingkod bago sila magmisyon ay mga nakaplanong "proyektong paglilingkod." Halimbawa ay ang pagtulong sa paglipat ng tirahan ng isang tao, pagtatrabaho sa bukirin ng Simbahan, o paglilinis ng bakuran. Bilang misyonero, mag-aalok kayo ng nakaplanong serbisyo bawat linggo (tingnan sa *Missionary Handbook* para sa dagdag na impormasyon).

Ang uri ng paglilingkod na nakalarawan sa bahaging ito ay nakapokus sa mga pagkakataong hindi nakaplano. Kasama sa ganitong uri ng serbisyo ang pakikinig sa Espiritu para makita kung paano magpapakita, sa maliliit at simpleng paraan, ng kabutihan sa mga anak ng Diyos. Manalangin at pansinin ang mga oportunidad sa paggawa ng mabuti sa buong maghapon. Sa pagsisikap mong gumawa ng kabutihan, ikaw ay aakayin sa mga tao na inihahanda para sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Sa pagbabasa mo ng kuwentong ito, pansinin kung paano "gumawa nang mabuti" ang mga misyonero at ipinangaral ang ebanghelyo.

*Regular na dumadalo si Pablo sa klase namin sa Ingles linggu-linggo. Isa siyang retiradong maginoo na nag-aaral ng Ingles para mawaglit sa isip ang pag-aalala sa asawang maysakit. Minsan ay isang linggo siyang hindi pumasok. Walang nakaalam kung bakit. Mga isang buwan mula noon, pumasok siyang muli. Iba na ang itsura niya. Namayat siya, at napakalungkot. Hindi siya nakibahagi sa klase di tulad ng dati, at umalis siya sa klase bago pa man namin nakausap.*

*Nang sumunod na linggo, ipinagdasal namin ng kompanyon ko na pumasok si Pablo para makausap namin siya. Sinagot ang mga dasal namin nang dumating siya sa klase. Nang makausap namin siya pagkatapos ng klase, sinabi niyang namatay ang asawa niya. Bahagya siyang nagkuwento tungkol sa nangyari, at nakiramay kami sa kanya. Sinabi naming gusto namin siyang tulungan na maunawaan na maaari niyang makasama muli ang kanyang asawa. Tumingala siya, tumingin sa akin, at naluluha sa galit at lungkot na sinabi, "Kung talagang gusto ninyo akong tulungan, pupunta kayo sa bahay namin at tutulungan ninyo akong ibalik sa ayos ang buhay ko. Hindi ba't iyan ang dapat na ginagawa ng mga misyonero? Kailangan ko ng tulong para maibalik sa ayos ang bahay at buhay ko."*

> *"Gusto mo bang maging masaya? Kalimutan ang sarili at lubusan itong ilaan sa dakilang layuning ito. Idagdag ang inyong lakas sa pagtulong sa mga tao. . . . Pagbutihin ang sarili, palakasin ang tuhod na mahihina, itaas ang kamay na nakababa. Ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo."*
>
> – PANGULONG GORDON B. HINCKLEY
> *TEACHINGS OF GORDON B. HINCKLEY*, 597

*Nabigla at napakumbaba kami sa mga sinabi ni Pablo. Nag-alok kami ng tulong sa kanya sa anumang kakailanganin niya. Palagay ko iyon ang simula ng pagtitiwala niya sa intensyon namin. Pinapunta niya kami sa bahay niya kinabukasan para tulungan siya sa pagtatabas ng mga puno. Dumating kami sa oras sa bahay niya at nagsimulang magtrabaho kasama niya. Sa ilang buwang pag-aalaga niya sa kanyang asawa, napabayaan niya ang bakuran at bahay niya. Napakaraming trabaho na dapat naming gawing tatlo. Naging lingguhang paglilingkod ito sa bahay niya. Nagputol kami ng mga puno, nagbunot ng mga damo, at namitas ng mga prutas. Hindi namin sinimulan ang pagtuturo—sa tuwing susubukan naming magsimula, mabilis niyang tinatapos ang mga pag-uusap namin. Komportableng-komportable siya kapag pinag-uusapan namin ang kanyang buhay at pamilya. Kadalasan, nakikinig lang kami.*

Mga Tala

*Makaraan ang isang buwan at kalahati, nasorpresa kami nang itanong ni Pablo, "Talaga bang makikita kong muli ang asawa ko?" Tuwang-tuwa kaming sumagot na makikita niya ang kabiyak. Nagpatotoo kami tungkol sa mga pamilyang walang hanggan at ginawa ang lahat ng makakaya namin para masagot ang kanyang mga tanong.*

*Itinuro namin kay Pablo ang tungkol sa plano ng kaligtasan. Naantig siya sa doktrina. Bago kami umalis may listahan siya ng mga tanong na gusto niyang masagot, tulad ng, "Magkakaroon ba ng katawan ang asawa ko kapag nakita ko siyang muli?" at "Magiging ligtas na ba tayo sa karamdaman at sakit?" Sinagot namin ang mga tanong niya at nag-iskedyul ng isa pang appointment para pag-usapan ang mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.*

*Di nagtagal, nagbago ang itsura ni Pablo. Madalas na siyang ngumiti at tila mas panatag na. Totoong siya ay "umasa . . . sa isang daigdig na higit na mainam" (Eter 12:4). Nakatulong ang paglilingkod namin para magtiwala siya sa mga bagay na itinuro namin.*

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Sa anu-anong paraan "gumawa ng kabutihan" ang mga misyonero sa kuwentong ito?
- Anong papel ang ginampanan ng paglilingkod sa desisyon ni Pablo na magpaturo ng ebanghelyo?
- Humahanap ka ba ng mga pagkakataon para makagawa ng kabutihan sa bawat araw? Kaya mo bang pagbutihin pa ang aspetong ito?

Isulat sa iyong study journal o pag-usapan ninyo ng kompanyon mo kung paano kayo makagagawa ng kabutihan sa buong araw para makahanap ng mas marami pang matuturuan.



Maniwala na ang mga taong inihandang tumanggap ng mensahe ng Panunumbalik ay ilalagay sa landas mo. Ilalagay ka rin ng Diyos sa lugar kung saan ihahanda ng iyong mabubuting gawa at salita ang mga tao para tanggapin ang mga misyonero at miyembro ng Simbahan. Sa paghahanap ng matuturuan, magdasal at humanap ng mga pagkakataon para paglingkuran, tulungan, at pasiglahin ang iba. Habang naglilingkod, kausapin ang lahat ng masasalubong mo. Manampalatayang maibabahagi mo ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

Sa bawat paraan ng paglilingkod mo, gawin ito dahil sa mahal mo ang iyong mga kapatid at dahil dito ay umaasa ka, nagdarasal at naghahangad na maituro sa kanila ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

**Mga Gabay**

**Tandaan ang mga gabay na ito sa paghahangad ninyo na gumawa ng mabuti:**

- Manatiling kasama ng iyong kompanyon.
- Ingatan ang sagradong katangian ng iyong tungkulin.
- Sundin ang mga patakaran ng misyonero, at huwag iambag o gamitin ang iyong pera.
- Tingnan ang iyong *Missionary Handbook* para sa mga gabay tungkol sa lingguhang serbisyo sa komunidad.

Mga Tala

### Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan

**Ano ang papel na ginampanan ng paglilingkod sa buhay ng Tagapagligtas?**

3 Nephi 17:7, 21
Mateo 8:1–4
Mateo 9:1–8
Marcos 1:21–28
Juan 4:46–54

**Ano ang papel na ginampanan ng paglilingkod sa pagmimisyon nina Ammon at Aaron?**

Alma 17:19–25
Alma 18:8–10
Alma 22:3

**Ano ang iniuutos ng Panginoon na gawin ninyo?**

3 Nephi 27:21

## Walang Nasasayang na Pagsisikap

Kapag pinili ng mga tao na huwag mag-investigate tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo, hindi nasayang ang inyong gawain. Ang pagsisikap ninyo na paglingkuran at turuan ang maraming tao sa abot ng inyong makakaya ay isang paraan ng paghahanda ng Diyos sa Kanyang mga anak para tanggapin nila ang Kanyang mga tagapaglingkod sa darating na mga araw. Madalas na kinakalinga Niya ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ninyo. Kahit hindi tanggapin ng mga tao ang oportunidad na matutuhan ang ebanghelyo, ang inyong paglilingkod at pananalita ay katibayan ng pagmamahal ng Diyos sa kanila at magtatanim ng binhi na maaani ng mga misyonero sa hinaharap at ng mga miyembro ng Simbahan.

Kapag hindi tinanggap ng mga tao ang ebanghelyo, huwag mawalan ng pag-asa. Nagbabala na kayo. Binigyan ninyo sila ng maliwanag na pagpipilian. Nakadarama ng kalungkutan ang mga disipulo ni Cristo kapag pinili ng mga tao na huwag magsisi, ngunit patuloy nilang nauunawaan kung sino sila at kung ano ang kanilang gawain. Patuloy silang sumusulong.

### Isaisip Ito

- Itatag ang Simbahan sa pamamagitan ng paghahanap “nila na tatanggap sa inyo” (D at T 42:8).
- Hangarin at sundin ang Espiritu sa paghahanap ng matuturuan.
- Ang mga tao sa inyong lugar ay inihanda para tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Ang mga miyembro ng simbahan—kabilang ang mga aktibo, di-gaanong aktibo, magiging elder, at bagong binyag—ay mainam pagkunan ng taong tuturuan, bibinyagan at ikukumpirma.
- Magkaroon ng matibay na ugnayan sa bishop at mga miyembro.
- Magturo kapag nakahanap, at maghanap kapag nagtuturo.
- Bigyang-pansin ang mga hindi nakaplanong oportunidad sa paghahanap.
- Manalangin na magkaroon ng oportunidad na gumawa ng mabuti at ipangaral ang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo.
- Maraming paraan sa paghahanap ng matuturuan. Iwasang magpokus sa isa o dalawang paraan lamang.

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Basahin ang liham na ito ng misyonero sa kanyang mga mga magulang: "Naturuan ko ang isang kahanga-hangang babae sa bus. Pabalik na kami noon mula sa district meeting, at iyon lang ang bakanteng upuan kaya't umupo ako at sinimulang basahin ang sulat ko. Siyempre, ang una kong binasa ay ang sa iyo, na may retrato ng sanggol na si Evan. Napansin kong nakatingin din sa mga retrato ang katabi ko, at nagkatinginan kami ng matandang babae. Ngumiti siya at tumingin sa bintana. Pumikit siya na parang matutulog. Nagdasal ako, 'Ama sa Langit, gusto ko siyang kausapin. Tulungan po ninyo ako.' Ilang minuto ang lumipas, dumilat siya at umupo nang tuwid, at agad kong sinabi, 'Di ba cute siya?' Ipinakita ko sa kanya ang retrato ni baby Evan at nagkuwento sa kanya tungkol sa pamilya. Tinanong ko kung nasaan ang mga anak niya. Naiyak siya at ikinuwento sa akin kung gaano ang galit sa kanya ng anak niyang babae at walang pakialam sa kanya. Umiyak siya at napaiyak din ako. Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa plano ng kaligtasan. Sinabi kong kilala siya ng Ama sa Langit at alam Niya ang pinagdaraanan niya. Umiyak ako at sinabi na mahal siya ng kanyang anak dahil anak ako ng inang nagmamahal sa akin, at mahal ko si Inay. Ipinaliwanag ko na minsan masama ang nagiging desisyon ng mga tao at may kalayaang pumili ang kanyang anak. Sabi niya sa akin na nakangiti, 'Siguro, na-mimiss ka ng nanay mo at hindi ka na niya papayagang umalis kapag nagkita kayong muli!' Nagpasalamat siya sa pakikipag-usap ko sa kanya at ibinigay ang kanyang address para maibahagi namin ang ebanghelyo sa kanya. Nang pababa na siya sa bus, sabi niya, 'Nagkamali ako ng sakay ng bus, pero hindi ako bumaba. Walang tumabi sa akin hanggang sa dumating ka . . . at heto ang nangyari.' Perpekto ang plano ng Diyos!"

  Anong mga alituntunin sa kabanatang ito ang nakita mo sa kuwentong ito? Rebyuhin ang kabanata at ilista sa iyong study journal. Alin sa mga alituntuning ito ang sisikapin mong gawin ngayon?

- Basahin ang Juan 15:12–13; 21:15–17; I Mga Taga Tesalonica 2; at Mosias 18:8–10. Gaano kahusay mong nagagampanan ang iyong responsibilidad na mahalin at paglingkuran ang iba? Paano mo pa itong mapagbubuti? Isulat ang iyong sagot sa iyong study journal.

- Paano malalaman ng tao na tagapaglingkod ka ng Panginoon? Habang iniisip mo ang tanong na ito, pag-aralan ang Moroni 7:3–5; Mateo 7:20; Juan 13:34–35. Irekord ang naiisip mo sa iyong study journal.

- Basahin ang 3 Nephi 18:31–32; Alma 8:16; Alma 24:7–8; at Alma 32:41. Isaisip ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagtuturo sa mga dating investigator. Irekord ang natutuhan mo sa iyong study journal at ituro ito sa kompanyon mo.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Gamit ang iyong daily planner, planuhin na makipagkita sa mga bagong miyembro. Hilingin sa kanila na ibahagi kung paano sila naghanda para sa ebanghelyo. Itanong ang mga ito: Kailan kayo unang nagkaroon ng kontak sa Simbahan? Ano ang nakakumbinsi sa inyo na makipagkita sa mga misyonero? Isulat ang natutuhan mo sa inyong study journal.

- Isa-isang rebyuhin ang mga paksang ito. Gamit ang mga lesson, maghanda ng simpleng paraan ng paghahanap ng matuturuan. Magsanay na magturo habang naghahanap ng tuturuan at kaagad iugnay ang bawat paksa sa Panunumbalik.
  - Nadaramang kailangan ng dagdag na patnubay at layunin sa buhay.
  - Gustong lalong mapalapit sa Diyos.
  - Kailangan ng tulong sa mahahalagang desisyon.

Mga Tala

- Basahin ang mga pahina 66–68 ng *Our Search for Happiness* at mga pahina 59–64 ng *True to the Faith* para mas maunawaan ang doktrinal na pundasyon ng gawain sa family history. Maghanda ng mensahe tungkol sa gawain sa family history, at ibahagi ito sa iyong kompanyon.

- Kunwari nalipat kayo ng kompanyon mo sa bagong area. Nakita ninyo na maayos ang area book, pero wala kayong mga investigator. Ano ang gagawin ninyo para madagdagan kaagad ang tinuturuan ninyo? Planuhing gawin ang ilan sa mga ideyang ito ngayon.

- Ang sumusunod na ideya ay nakatulong na mabuti sa maraming misyonero at miyembro. Basahin at pag-aralan ang ideyang ito kasama ang iyong kompanyon.
  - Tulungan ang mga miyembro na maglista ng mga kaibigan, kamag-anak, at kakilala na mababahagian nila ng ebanghelyo. Rebyuhin ang listahang ito sa mga miyembro. Tulungan sila na piliin nang may panalangin ang taong gusto nilang ihanda para makinig sa ebanghelyo.
  - Tulungan silang magtakda ng petsa kung kailan sila ay *(a)* kikilos para maihanda ang tao o pamilya at mapaturuan sa kanilang tahanan o *(b)* gumawa ng ilang aktibiti ng pag-fellowship para ihanda sila. Ang pagtatakda ng petsa ay nagbibigay ng mithiin sa miyembro at tumutulong sa kanila na manampalataya.
  - Tulungan silang magplano ng kanilang gagawin simula ngayon hanggang sa petsang itinakda.
  - Subaybayan sila palagi para suportahan at hikayatin sila. Imbitahan sila na ibahagi ang kanilang tagumpay at mga problema.

  Pag-usapan kung paano ninyo maisasagawa ang ideyang ito sa lugar kung saan kayo naglilingkod.

### Mga District Meeting at Zone Conference

- Basahin at talakayin ang bahaging "Paghahanap ng Matuturuan sa Pamamagitan ng Sarili Ninyong Pagsisikap."
  - Pag-usapan kung paano nakatulong sa mga misyonero ang mga ideyang ito sa paghahanap ng matuturuan.
  - Sa pisara, ilista ang iba pang mga ideya sa paghahanap ng mga taong tuturuan. Imbitahan ang mga misyonero na ipakita ang kanilang mga ideya.
  - Imbitahan ang mga misyonero na magtakda ng sariling mithiin para mapagbuti ang paghahanap nila ng tuturuan.

- Gumawa ng listahan ng mga paraan ng paghahanap ng tuturuan.
  - Bigyan ang bawat misyonero ng isa sa mga sitwasyon. Bigyan ng 5 minuto ang bawat misyonero para makapaghanda kung paano niya ituturo ang mensahe ng Panunumbalik. Patingnan sa kanila ang lesson na "Ang Mensahe ng Panunumbalik ng Ebanghelyo ni Jesucristo" kung kinakailangan.
  - Bigyang-diin na mahalagang iangkop ang haba ng mensahe sa sitwasyon. Halimbawa, maaaring mas matagal ang pagtuturo ng mga misyonero sa bahay ng miyembro kaysa kung magtuturo sila sa isang tao na nasa tindahan.
  - Kung may oras pa ay ipaturo sa lahat ng misyonero ang mensahe ng panunumbalik batay sa sitwasyon na naka-assign sa kanila.

Mga Tala

- Ituro ang mga alituntunin na nasa bahaging "Magturo Kapag Nakahanap, Maghanap Kapag Nagtuturo."
  - Sabihan ang bawat misyonero na maghanda ng isang minutong mensahe na maibabahagi niya sa tungkol sa paghahanap ng tuturuan. Ang mga mensaheng ito ay dapat nakabatay sa doktrina na makikita sa mga lesson ng misyonero.
  - Imbitahan ang mga misyonero na praktisin na ibahagi sa isa't isa ang isang minutong mensahe nila. Maaaring magbigay ka ng iba't ibang paraan sa paghahanap ng tuturuan, gaya ng pagtuturo sa tahanan ng miyembro, pagtuturo sa may pintuan, sa daan, o pagkontak ng referral. Ipapraktis sa mga misyonero ang pagtuturo sa bawat sitwasyong ito.

### Mission President

- Maging halimbawa ng gawain ng miyembro-at-misyonero sa iyong pamilya. Ibahagi ang mga karanasan mo sa mga misyonero at miyembro.
- Sumangguni sa mga lider ng priesthood kung ano ang pinakamainam na paraan para makahanap ang mga misyonero ng matuturuan sa inyong misyon.
- Magdaos ng fireside para sa mga misyonero kung saan makapagsasalita ka sa mga investigator sa inyong mission. Makipag-ugnayan sa mga lokal na lider ng priesthood para makadalo sa fireside ang mga miyembro na makapagdadala ng mga kaibigan nila. Bilang bahagi ng mga fireside na ito, ipabahagi ang patotoo at kuwento ng conversion o pagbabalik-loob ng mga bagong binyag bago ka magsalita. Magpokus sa mensahe ng Panunumbalik.
- Ibahagi sa mga misyonero ang iyong apat na henerasyong tsart. Ipaliwanag kung paano mo ito ginagamit sa paghahanap ng matuturuan.
- Paminsan-minsan ay sumama sa mga misyonero para tulungan sila sa paghahanap ng mga matuturuan.

Mga Tala



# Paano Ko Mapahuhusay ang Aking mga Kasanayan sa Pagtuturo?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Paano ako magtuturo mula sa mga banal na kasulatan?
- Bakit dapat akong magtanong habang nagtuturo?
- Anong uri ng mga tanong ang dapat kong itanong?
- Paano ko higit na mapakikinggan ang mga tinuturuan ko at ang Espiritu?
- Paano ko matutulungan ang mga tao sa paglutas ng kanilang mga problema?
- Paano ko matutulungan ang iba na matigil ang masasamang bisyo at adiksyon o pagkalulong?

Ikaw ay tinawag para ituro ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa lahat ng taong tatanggap sa iyo. Ang pagtuturo ay mahalaga sa lahat ng ginagawa mo. Nagtataglay ka ng mga katangiang tulad ng kay Cristo, pinag-aaralan ang mga lesson ng misyonero, pinagbubuti ang kakayahang magsalita sa wikang gamit sa misyon, at umaasa sa Espiritu para makapagturo nang may matinding paghihikayat. Ipinahayag ito ng Panginoon nang napakasimple bilang isang kautusan na may pangako:

"Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (D at T 11:21).

Mga Tala

"Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat sa bawat tao" (D at T 84:85).

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpahayag: "Ang ating layunin ay ituro ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa paraang magpapahintulot sa espiritu na pumatnubay kapwa sa mga misyonero at sa mga tinuturuan. Mahalagang matutuhan ang mga konsepto ng mga pamantayang talakayan ng misyonero ngunit hindi dapat ituro ang mga ito sa isinaulong pagtuturo. Dapat maging malaya ang misyonero na gamitin ang sarili niyang mga salita ayon sa patnubay ng Espiritu. Hindi niya dapat isaulo ang talakayan, kundi dapat manggaling sa puso sa sarili niyang mga kataga. Maaari siyang lumayo sa pagkakasunud-sunod ng mga aralin, na itinuturo kung ano ang inspirasyon, ayon sa interes at pangangailangan ng investigator. Nagsasalita ayon sa sarili niyang paniniwala at sariling mga kataga dapat siyang magpatotoo sa katotohanan ng kanyang mga itinuturo" ("Pahayag ukol sa Gawaing Misyonero," Liham ng Unang Panguluhan, 11 Dis. 2002).

Matutong umasa sa Espiritu na ibibigay sa iyo ang dapat mong sabihin at gawin. Sa pag-aaral, pagpapabuti, at paggamit ng mga kasanayan sa pagtuturo sa kabanatang ito, lalo kang magiging instrumento sa mga kamay ng Panginoon. Gagamitin ng Espiritu ang kaalaman at kasanayang pinagbuti mo para tulungan kang makapagturo nang mas epektibo. Ang kalidad at bisa ng pagtuturo mo ay makatutulong sa iba na maunawaan at madama ang kahalagahan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang pagiging karapat-dapat mo ay makaiimpluwensiya sa kanilang pang-unawa. Makaiimpluwensiya din sa kanilang pang-unawa ang pagbibigay mo ng pansin sa kanila, ang pagpapaliwanag mo sa kanila ng ebanghelyo. Kasama rin dito ang paggamit ng mga banal na kasulatan, pagbabahagi ng iyong patotoo, pagtatanong, at pag-imbita sa kanilang gumawa at tuparin ang mga pangako.

### Sundin ang Espiritu

"Ang Espiritu ang tanging pinakamahalagang elemento sa gawaing ito. Sa pagtulong ng Espiritu sa pagganap mo sa iyong tungkulin, makagagawa ka ng mga himala para sa Panginoon habang nasa misyon. Kung wala ang Espiritu, hindi ka magtatagumpay kahit kailan *anuman* ang iyong talino at kakayahan" (Ezra Taft Benson, Seminar para sa mga bagong mission president, 25 Hunyo 1986).

### Anyayahan ang Espiritu

Ang sumusunod na mga mungkahi ay tutulong sa iyo na maanyayahan ang Espiritu habang ikaw ay nagtuturo:

- Magdasal.
- Gamitin ang mga banal na kasulatan.
- Magpatotoo.
- Magbahagi ng mga karanasan.
- Magpakita ng pagmamahal sa Panginoon at sa iba.

## Paano Sisimulan ang Pagtuturo

Ang mga unang sandali sa piling ng mga investigator ay napakahalaga. Dapat matutong magtiwala sa inyo ang mga investigator. Simulan ang una ninyong pagbisita sa magiliw, magalang, at tapat na paraan. Magbigay ng ilang simpleng tanong para matulungan kayong malaman ang pinagmulan nilang relihiyon at ang mga inaasahan

Mga Tala

nila sa mga pagbisita ninyo. Halimbawa, itanong, "Ano ang papel na ginagampanan ng relihiyon sa buhay ninyo?" Gayunman, huwag magtanong ng personal dahil baka maasiwa sila.

Bago kayo magsimula, hilingin sa mga naroon na samahan kayo sa pag-aaral ng lesson. Hikayatin silang isara ang telebisyon at tanggalin ang iba pang sagabal para hindi mahadlangan ang Espiritu ng Panginoon.

Ipaliwanag na gusto ninyong simulan at tapusin ang bawat lesson sa panalangin. Sabihin na ikaw ang magbibigay ng pambungad na panalangin. Manalangin nang simple pero taimtim na basbasan ng Panginoon ang mga taong tinuturuan ninyo sa bawat aspeto ng kanilang buhay, at na lalo nilang madama ang katotohanan ng ituturo ninyo.

Magpakita ng tunay na pagmamalasakit at pagmamahal sa mga investigator at pananampalataya sa kapangyarihan ng ebanghelyo na makapagpabalik-loob (tingnan sa Moroni 7:43–48). Sa patnubay ng Espiritu, maaari kayong magbigay ng mga kaisipang tulad nito sa inyong mga investigator:

- Dahil ang Diyos ang ating Ama sa Langit, tayong lahat ay magkakapatid. Nais naming tawagin kayong brother at sister.
- Bawat taong tinuturuan namin ay may mga pagsubok at problema. Anuman ang pangangailangan o problema ninyo, ang Tagapagligtas at Kanyang mga turo—ang ebanghelyo—ay makatutulong sa inyo.
- Mapagbubuti ng aming mensahe ang kalidad ng inyong buhay. Tutulungan kayo nitong harapin ang mga problema at hamon na kinakaharap nating lahat sa buhay.
- Ang aming mensahe, na nakasentro kay Jesucristo, ay tunay na napakahalaga.
- Lahat tayo ay nagkakamali sa buhay. Ang mga kamaliang ito ay nagbubunga ng pagkabagabag ng damdamin at kahihiyan. Hindi maaalis ang ganitong damdamin kung walang pagsisisi at kapatawaran. Lubos itong mapagagaling ng Pagbabayad-sala ni Cristo.
- Ang aming mensahe ay hindi matututuhan nang minsanan. Darating ang araw na mauunawaan ninyo ito sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral, karanasan, at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.
- May mga kahinaan kami, tulad ng lahat. Maaaring hindi kami makapagsalitang mabuti sa wikang ito o kaya'y hindi namin masagot ang bawat tanong ninyo. Pero tinawag kami ng propeta ng Diyos para ibahagi ang nalalaman namin. Alam naming ang aming mensahe ay totoo.
- Kami'y mga gabay para malaman ninyo mismo ang katotohanan ng aming mensahe. Nasasainyo kung tatanggapin ninyo at kung tutugon kayo sa mensahe. Kaya, malaya kayong itanong ang gusto ninyong itanong.
- Habang taimtim ninyong hinahangad na maunawaan ang aming mensahe, maaaring maharap kayo sa maraming pagsubok, pero tutulungan kayo ng Diyos.
- Sa pagtanggap ninyo ng aming mensahe, matututo kayong gumawa ng tipan o mga pangako sa Diyos. Matututo kayong gumawa ng mga pagbabago na mas aakma sa Kanyang mga turo. Nanaisin ninyong sundin ang mga turo ni Jesucristo at mabibinyagan sa tamang awtoridad (tingnan sa Juan 3:5).

Bago ituro ang mga doktrina sa aralin, pag-isipang magbigay ng simpleng buod ng ituturo ninyo. Tulungang makita ng mga tao na may personal na kabuluhan ito sa kanila. Marami sa mga investigator na tinuturuan ninyo ang naihanda na ng Panginoon (tingnan


Mga Tala

sa Alma 16:16–17). Habang magkasama kayong nagbabahagi ng mga karanasan ninyo sa unang pagkikita, kikilalanin nila kayo bilang mga lingkod ng Panginoon.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Kasama ang kompanyon mo, magpraktis ng iba't ibang paraan ng pagsisimula ng aralin gamit ang ilan sa mga mungkahing ito.

## Ibagay ang Inyong Pagtuturo para Matugunan ang mga Pangangailangan



Bawat tao o pamilyang tinuturuan ninyo ay naiiba. Kahit hindi ninyo mauunawaan lahat ng kanilang gusto, pangangailangan, at problema, dapat hangarin ninyong maging sensitibo sa mga kalagayan nila. Anuman ang pangangailangan o problema, lahat ng tao ay matutulungan nang husto kung tatanggapin at susundin nila ang ebanghelyo. Maibabagay ninyo ang inyong pagtuturo kapag pinakinggan ninyo ang mga panghihikayat ng Espiritu.

Maaari ninyong baguhin ang ayos ng lesson kung may natanggap kayong inspirasyon na ibagay ito sa gusto at pangangailangan ng mga investigator. Maaaring hindi lang isang pagbisita ang kailangan ninyo para ituro ang mga alituntunin sa isang lesson. Kung minsan naman ay maituturo ang nilalaman ng dalawang lesson sa isang pagbisita lang. Kilala ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak, kaya umasa sa inspirasyon sa paggawa ng mga desisyong ito habang nagtuturo kayo. Ipagdasal na mabigyan kayo ng mabuting pagpapasiya, at bigyang-pansin ang mga naiisip o nadarama ninyo tungkol sa ituturo ninyo.

Kailangang ibagay ang pagtuturo ninyo para mabigyan ng dagdag na atensyon ang mga pangako na mas mahirap matupad ng investigator. Halimbawa, madali para sa isang tao na tanggapin ang Aklat ni Mormon bilang salita ng Diyos, samantalang mahirap naman para sa iba na tanggapin ang anuman maliban sa Biblia. Maaaring mahirap para sa isang tao na tumigil sa paninigarilyo pero agad naman niyang tatanggapin ang batas ng ikapu.

Kapag nagpaplano kung kailan ituturo ang ilang doktrina, maging sensitibo kung gaano na karaming bagong impormasyon ang naibabahagi ninyo. Magturo sa bilis na angkop para sa mga investigator. May ilang mas mabilis o mas mabagal ang progreso kaysa sa iba. Siguruhing sapat ang mga itinanong ninyo at pakinggang mabuti ang mga sagot nila. Gawin ito para maunawaan ninyo nang lubos kung gaano kabilis at kainam na natututuhan at naisasagawa ng investigator ang mga doktrinang itinuturo ninyo.

Laging bantayan ang oras. Karamihan sa mga pagtuturo ay hindi dapat lumampas nang 45 minuto. Gayunman ang isang pagtuturo ay matatapos sa loob ng 15 o 20 minuto kung kailangan. Kung 15 minuto lang kayong mahaharap ng tinuturuan ninyo, iakma ang inyong pagtuturo para masunod ang limitasyong ito.

Magtiwala sa pangako na ibibigay sa inyo ng Espiritu "sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D at T 100:6).

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Isipin mo na kunwari ay naglalakad kayo sa kalye at napansin ninyo ang isang matandang lalaki na nahihirapang maglagay ng mabibigat na supot sa basurahan. Tinulungan ninyo siya ng kompanyon mo, at dahil doon tinanong niya kung sino kayo. Matapos ang kaunting usapan inimbita niya kayong pumunta sa bahay niya at pumayag na makinig sa mensahe ninyo. Sa simula ng pag-uusap sinabi niya sa inyo na:

- Namatay ang asawa niya noong nakaraang taon, at talagang nangungulila siya rito.
- Madali siyang mapagod dahil sa kundisyon ng kanyang puso.
- Mas iniisip niya ngayon kaysa noon kung mayroong Diyos.

Ano ang maituturo ninyo sa kanya? Paano ninyo maiaakma ang inyong pagtuturo para mainam na matugunan ang kanyang mga pangangailangan at problema?

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang ibig sabihin ng ibigay "yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao"?**

Alma 29:8    D at T 84:85

**Ano ang ipinangako ng Panginoon sa matatapat na misyonero?**

D at T 68:2–4    D at T 100:5–8    Mateo 10:19–20

## Magturo Kasama ng Iyong Kompanyon Nang May Pagkakaisa



Iniutos ng Panginoon, "Kayo ay hahayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu, mangangaral ng aking ebanghelyo, daladalawa, sa aking pangalan" (D at T 42:6). Lalong magiging mabisa at madarama ang pagtuturo ninyo kung magkakaisa kayo ng kompanyon mo. Sa pagpapaplano at pag-aaaral ninyo bawat araw, pag-usapan kung paano kayo magtuturo nang sa gayon ay magkaisa kayo at magturo sa iisang tinig.

Mas magiging mabisa ang inyong pagtuturo kung magpapalitan kayong magkompanyon sa pagbibigay ng maikling bahagi ng aralin. Iwasan ang pare-parehong istilo sa paglalahad ng mensahe. Suportahan ang iyong kompanyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangalawang saksi sa mga katotohanang pinatotohanan niya. Sundin ang nadarama kapag hinihikayat ka ng Espiritu na magsalita. Bilang magkompanyon, maging handa na sang-ayunan ang isa't isa para hindi ninyo mahadlangan ang paggabay ng Espiritu. Kapag nagsasalita ka, tumingin nang diretso sa investigator. Kapag hindi ka nagsasalita, ipagdasal ang kompanyon mo at masdang mabuti ang mga sagot ng investigator.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Paano sinusuportahan ng magkompanyon ang isa't isa?**

Alma 12:1    D at T 42:6    D at T 52:9–10

Mga Tala

## Imbitahan ang mga Miyembro na Tulungan Kayong Magturo

Hangga't maaari imbitahan ang mga miyembro, lalo na ang mga bagong binyag, na tulungan kayong magturo. Mas mabuti kung isasama ang mga miyembro ng Simbahan na nanggaling din sa simbahang kinabibilangan ng mga investigator. Ipakita sa mga miyembro ang kopya ng lesson, at pag-usapan kung ano ang gusto ninyong ituro nila. Pag-usapan kung paano kayo magtutulungan. Halimbawa, kung angkop ay ipabahagi sa mga miyembro kung paano nila natutuhan, tinanggap, at ipinamuhay ang isang partikular na alituntunin sa lesson. Ipapaliwanag sa kanila kung paano sila nagdesisyon na mapabilang sa Simbahan. Kapag sumasama sa pagtuturo ang mga miyembro, madarama nila ang saya ng gawaing misyonero. Ito din ang paraan para maging kaibigan ang investigator. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson:

> *Sa oras ng pagtuturo ay mabibiyayaan ang mga investigator ng lakas ng patotoo ng mag-asawang miyembrong ito, na nagpabinyag at naging mga miyembro ng Simbahan makalipas ang ilang taon. Sa Canadian Mission sa Ontario at Quebec, kung saan tumira ang aming pamilya noong ako pa ang mission president doon, nalaman namin na karamihan sa populasyon ay kabilang sa tatlong nangungunang relihiyon: Romano Katoliko, Anglican, at United Church of Canada. Sa bawat lungsod sa misyon, inihahanda namin ang isang bagong binyag na pamilya para samahan ang mga misyonero sa mga tinuturuang bagong mga investigator sa pangalawa o pangatlong pagbisita ng mga ito.*
>
> *Mapapasalamatan ninyo halimbawa, ang pakikipagtulungan ng mga misyonero sa mga taong nagmula sa United Church of Canada, ang lakas ng patotoo nina Brother at Sister William Stoneman na mula sa United Church of Canada. Sabi ni Brother Stoneman, may-ari ng palimbagan, "Nang maging miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ako ang nangungunang manlilimbag ng United Church. Nawalan ako ng trabaho. Pero nakakita ako ng mas magandang trabaho. At hindi lang iyan, natagpuan ko ang kabuuan ng katotohanan. Masasanay din kayo. Magagawa rin ninyo ang ganoong desisyon. Kaya nga, hayaan ninyong sunduin namin kayo sa Linggo nang umaga para magkakatabi tayong umupo sa Simbahan. Sa gayon ay maririnig at madarama ninyo ito mismo. Sasamahan namin kayo."*
>
> *Sina Anthony at Edith Belfiglio ay naging mag-asawang fellowshipper din para sa mga kabilang sa Romano Katoliko. Ganoon din ang naging resulta. Magagawa ito. At nananatiling aktibo ang gayong mga miyembro. Bukod pa riyan, lalong lumakas ang pananalig at katapatan sa ebanghelyo ng mga mag-asawang napiling gumanap sa tungkuling ito. Kapwa naorden bilang patriarch sina Brother Stoneman at Brother Belfiglio. Ang pinagsamang pagsisikap ng mga miyembro at misyonero sa ganoong partikular na pagtutulungan ay nagbunga ng malaking bilang ng mga natatanging miyembro sa Simbahan" (missionary training satellite broadcast, 25 Abr. 2003).*

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Kunwari ay unang pagkakataon mo ito na magturo ng lesson sa isang pamilya sa bahay ng miyembro. Magpasiya kung paano mo ihahanda ang bawat isa sa mga sumusunod na miyembro para matulungan ka sa pagtuturo:


- Isang ward missionary na kagagaling pa lang sa full-time na misyon
- Isang priest
- Isang bagong binyag
- Ang bishop

Mga Tala

## Gamitin ang mga Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ng Simbahan ang iyong pangunahing sanggunian sa pagtuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Maaari mo ring gamitin ang mga salita ng buhay na propeta. Maraming dahilan kung bakit mahalagang gamitin ang mga banal na kasulatan bilang batayan ng iyong pagtuturo. Halimbawa:

- Inuutusan tayo ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta na ganoon ang ating gawin (tingnan sa D at T 42:12, 56–58; 71:1). Ipinayo ng propeta sa mga huling araw, "Ang mga salita at ang paraan ng paggamit dito ng Panginoon sa Aklat ni Mormon . . . ay dapat nating gamitin sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo (Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon and the Doctrine and Covenants," *Ensign,* Mayo 1987, 84).
- Inaanyayahan ng mga banal na kasulatan ang Espiritu Santo sa pagtuturo mo. Itinuturo ng mga banal na kasulatan ang mga salita ng Diyos nang may kapangyarihan (tingnan sa Alma 31:5).
- Sinasagot ng mga banal na kasulatan ang mga tanong ng kaluluwa (tingnan sa 2 Nephi 32:3; Jacob 2:8).
- Ang mga banal na kasulatan ay nagbibigay-awtoridad at katibayan sa iyong pagtuturo, maging sa mga lugar na walang alam sa tungkol sa Kristiyanismo.



© Greg K. Olsen. Bawal kopyahin.

Ang kakayahan mong magturo mula sa mga banal na kasulatan nang may kapangyarihan ay nakasalalay na mabuti sa panahong iniukol mo sa pag-aaral ng mga ito. Sa araw-araw mong pagpapakabusog sa salita ay lalo kang huhusay sa pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan. Bukod pa riyan, ang pag-iimbita mo na pag-aralan at isiping mabuti ang mga banal na kasulatan ay magiging mas mabisa dahil ginawa mo rin iyon sa buhay mo. Tulungan ang mga tao na maniwala sa mga banal na kasulatan—lalo na sa Aklat ni Mormon—na mapagkukunan ng inihayag na katotohanan. Kapag napaniwala ang mga tao sa mga banal na kasulatan, mas matutulungan mo silang maunawaan nang tama ang mga doktrina. Maaaring makatulong ang sumusunod na mga mungkahi:

**Ipakilala ang banal na kasulatan.** Ilarawan sandali ang pinagmulan at kahulugan ng talatang gagamitin mo. Anyayahan ang investigator na hanapin ang mga partikular na ideya sa talata. Kapag nagtuturo sa mga taong limitado ang kaalaman sa mga banal na kasulatan, maaari kang magsimula sa paglalarawan ng mga nilalaman ng talata, gamit ang mga salitang nauunawaan nila. Nasa ibaba ang halimbawa ng paglalahad ng banal na kasulatan:

- "Dito sa kasaysayan ni Joseph Smith mababasa natin ang mga salita mismo ni Joseph na nagkukuwento sa nangyari sa kanya nang pumunta siya sa kakahuyan para magdasal. Sabi niya, 'Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag . . .' "

Mga Tala

- "Sa talatang ito ay tinuturuan ni propetang Alma ang mga tao na maralita na manampalataya sa salita ng Diyos. Inihahambing niya ang salita ng Diyos sa isang binhi na maaaring itanim sa ating puso. Pakisimulan mo ngang basahin ang talata . . ."

**Basahin ang talata.** Basahin nang malakas ang mga talata o ipabasa ito nang malakas sa investigator. Maging sensitibo sa mga nahihirapang magbasa. Kung mahirap para sa kanilang unawain ang talata, sabayan sila nang dahan-dahan at tulungan silang maunawaan ang mas mahihirap na bahagi. O bigyan sila ng simpleng talatang babasahin. Maaari mo ring ipaliwanag ang mahihirap na salita o parirala:

- "Humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat [ibig sabihin ng 'hindi nanunumbat' ay hindi naninisi o naghahanap ng mali ang Diyos] at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5).

Ang ilang talata sa mga banal na kasulatan ay malinaw at hindi na kailangang ipaliwanag. Para sa iba ay kailangang may oras ka para ipaliwanag ang binasa.

**Ipamuhay ang banal na kasulatan.** "Ihalintulad" ang mga banal na kasulatan sa iyong sarili at sa mga investigator sa pagpapakita kung paano naaangkop ang mga alituntunin sa panahong ito (tingnan sa 1 Nephi 19:23). Ipakita sa mga investigator kung paano nila maipapamuhay ang mga alituntunin. Sa paggawa nila nito, malalaman natin na totoo ang doktrina. Magpatotoo tungkol sa alituntunin, at pangakuan sila ng mga biyaya. Halimbawa:

- "Ang mga tao ni Alma, tulad ninyo, ay may mabibigat na pasanin na halos higit pa sa makakayanan nila. Pero nang manampalataya sila at 'nagsumamo sila nang mataimtim," sila ay pinalakas Niya para makaya ang mga problema at pagkatapos ay iniligtas sila sa mga pagsubok. Tulad ng ginawa Niya sa mga taong ito, alam kong tutulungan kayo ng Diyos sa inyong mga pagsubok habang kayo ay . . ."
- "Ang tagubilin ni Alma sa mga tao sa mga tubig ng Mormon ay naaangkop sa atin ngayon. John, handa ka bang . . ."

Malaki ang pagkakaiba ng mga taong tinuturuan mo, sa pananaw nila sa mga sagradong teksto, sa kaalaman nila sa Biblia, sa pang-unawa nila sa sinasabi ng banal na kasulatan at kung gaano nila pinaniniwalaan na ang Biblia ay salita ng Diyos. Tulungan ang lahat ng investigator na pahalagahan ang mga banal na kasulatan. Sa mabisang paggamit ng mga banal na kasulatan sa pagtuturo, matutulungan mo ang mga investigator na magsimula sa kanilang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Matapos ang bawat pagbisita, magmungkahi ng partikular na mga kabanata o talata na mababasa nila. Maaari mo silang bigyan ng mga tanong na isasaisip habang nagbabasa sila, na maaari ninyong pag-usapan sa susunod na pagbisita. Mahihikayat sila nito na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw sa kanilang tahanan at makibahagi sa mga miting ng Simbahan at klase na gumagamit ng mga banal na kasulatan.

### Mga Pananaw Tungkol sa Kultura ng mga Banal na Kasulatan

Karamihan sa mga relihiyon ay may mga sagradong teksto o mga aklat ng mga banal na kasulatan, pero ang paggamit at pagkaunawa nila sa mga ito ay maaaring kaiba sa pananaw ng mga miyembro ng Simbahan tungkol sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, baka kailangan mong ipaliwanag na ang pagmamarka mo ng mga banal na kasulatan ay patunay lang na gusto mong maunawaan at maipamuhay ang mga turo nito at hindi tanda ng kawalang-galang. Tulungan ang inyong mga tinuturuan na malaman na mahalaga ang mga banal na kasulatan dahil naglalaman ang mga ito ng salita ng Panginoon na isinulat ng mga propeta ng Diyos at na dapat nating tanggapin ang mga ito bilang katotohanan.

Mga Tala

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

**Rebyuhin ang isa sa sumusunod na mga talata. Alamin kung paano ninyo:**

- Ilalahad ang talata.
- Ibibigay ang pinagmulan at kabuuan nito.
- Babasahin ang talata at ipaliliwanag ang kahulugan nito.
- Ipaliliwanag ang mahihirap na salita.
- Tutulungan ang mga investigator na ipamuhay ito.

Pahina ng Pamagat ng Aklat ni Mormon; 3 Nephi 11; Moroni 10:3–8; Juan 17:3; Mga Taga Roma 8:16–17; 1 Mga Taga Corinto 15:29; Santiago 1:5; I Ni Pedro 3:19–20; Amos 3:7

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Bakit mahalagang magturo mula sa mga banal na kasulatan?**

1 Nephi 19:23
2 Nephi 4:15–16
D at T 20:7–12
II Kay Timoteo 3:15–17

## Magturo para Maunawaan

Mas paniniwalaan ng mga tao ang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo kapag nauunawaan nila ang mensahe. Sabi ni Pangulong James E. Faust: "Mag-aral, pag-isipang mabuti, at magturo mula sa mga banal na kasulatan, lalo na sa aklat ni Mormon at sa Bagong Tipan. Alaming mabuti ang katotohanan para maipahayag mo ito nang malinaw. Isinulat ni B.H. Roberts na, 'Para malaman ng mga tao ang katotohanan, dapat ipahayag ito nang malinaw at kung mas malinaw at kumpleto ang pahayag, mas may pagkakataon ang Espiritu Santo na magpatotoo sa mga kaluluwa ng tao na ang gawain ay totoo.' [*New Witnesses for God.* 3 tomo (1909), 2:vii]. Hindi mo mapababalik-loob ang mga tao kung hindi ka muna nagbalik-loob" ("What I Want My Son to Know Before He Leaves on His Mission," *Ensign* Mayo 1996, 41).

> *"Isang tunay na katalinuhan para sa isang tao ang pag-aralan ang isang paksang mahiwaga at dakila, at pagkatapos ay ipaliwanag at simplihan ito para maunawaan ng isang bata."*
>
> – PANGULONG JOHN TAYLOR
> *THE GOSPEL KINGDOM,* TINIPON, G. HOMER DURNHAM (1943), 270

Inutusan kang ipaliwanag na mabuti ang mga banal na kasulatan kapag nagtuturo ka (tingnan sa D at T 68:1). Ang ibig sabihin ng *ipaliwanag* ay palawakin pa nang mas malinaw. Ang ibig sabihin ng pagpapaliwanag ng ebanghelyo ay ang ipaliwanag ang kahulugan ng mga doktrina at mga talata sa banal na kasulatan nang simple at malinaw, umaasa na gagabayan ka ng Espiritu sa sasabihin mo. Gumamit ng pormal pero karaniwang salita para tulungang maunawaan ng mga tao ang alituntunin ng doktrina. Magtanong ka para tulungan silang pag-isipan ang mga alituntunin at para malaman kung nauunawaan at tinatanggap nila ang itinuro mo.

Sa katapusan ng bawat isa sa unang tatlong aralin sa kabanata 3 ay may listahan ng mga salita na maaaring hindi pamilyar sa mga tinuturuan mo. Bahagi ng pagtuturo para maunawaan ay ang siguruhing naipaliwanag mo ang mga salita, parirala, at mga ideya

Mga Tala

para mas maunawaan ka ng mga tao. Mapagbubuti mo ang kakayahan mong ipaliwanag ang ebanghelyo sa pamamagitan ng:

- Pag-unawa sa mga salitang ginagamit mo.
- Pagbibigay kahulugan sa mga salitang maaaring hindi naiintindihan ng iba. Maraming salita na may espesyal na kahulugan sa mga miyembro ng Simbahan ang binigyan ng simpleng paliwanag sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan at *True to the Faith.*
- Pagtatanong sa mga tao ng tulad ng, "Alam mo ba ang ibig naming sabihin kapag sinasabi naming . . .?" o "Maaari mo bang sabihin sa sarili mong mga salita ang pinag-usapan natin?"

Sa pag-aaral mo ng doktrina sa kabanata 3, tukuyin ang mga salitang parang mahirap maintindihan ng mga investigator. Sa pagtuturo mo ng doktrina sa kabanata 3, gumawa ng listahan ng mga salita, parirala, at mga ideya na mahirap intindihin ng mga investigator. Ipaliwanag ang mga salitang ito gamit ang mga sangguniang binanggit sa itaas. Ipasubok ang inyong mga pakahulugan o depinisyon sa mga investigator at bagong binyag.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Bakit kailangan nating ipaliwanag na mabuti ang mga doktrina?**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 8:3 | Alma 12:1 | D at T 68:1–5 |
| Mosias 27:35 | 3 Nephi 26:1 | D at T 71:1 |

**Paano tayo natututo? Bakit mahalagang ihayag o unti-unting ipaalam ang impormasyon?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 28:30 | Mosias 2:9 | D at T 98:11–12 |
| Jacob 4:13 | | |

**Bakit mahalaga ang malinaw?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 25:4, 7, 28 | Alma 13:23 | Nehemias 8:8 |
| 2 Nephi 32:7 | | |

**Paano nakikipag-ugnayan ang Panginoon sa Kanyang mga anak?**

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 31:3 | D at T 1:24 |

## Magtanong



Madalas magtanong si Jesucristo para tulungan ang mga tao na pag-isipang mabuti at ipamuhay ang mga alituntunin. Ang Kanyang mga tanong ay naghikayat ng pag-iisip, pagninilay, at pangangako.

Ang magagandang tanong ay tutulong sa iyo na maunawaan ang mga interes, alalahanin, o tanong ng iba. Mapapaganda nito ang pagtuturo mo, maaanyayahan ang Espiritu, at matutulungan ang investigator na matuto.

Mga Tala

Ang di-magagandang tanong ay makapananakot, makaiinis, at makasasakit ng damdamin ng mga investigator. Magiging dahilan din ito para mawalan ka ng kontrol sa pagtuturo. Subukang magbigay ng mga tanong na:

- Simple at madaling maintindihan.
- Makatutulong sa mga tao na pag-isipan ang itinuturo mo.
- Makatutulong sa iyo na malaman kung gaano ang nauunawaan ng mga investigator sa mga itinuturo mo.
- Makatutulong sa mga tao na isagawa ang mga natutuhan nila.

Habang tumutugon ang mga tinuturuan ninyo sa ganitong uri ng mga tanong, madarama nila na malaya silang makapagsasalita. Ang magagandang tanong ay maghihikayat sa mga investigator na magtanong kapag hindi nila naiintindihan, o kapag may problema sila, o kapag gusto nilang malaman ang dapat gawin. Makatutulong ang magagandang tanong para maibahagi nila ang kanilang nadarama at sa ganoon ay matuklasan ang lumalagong patotoo. Narito ang halimbawa ng epektibong mga tanong:

- May mga tanong ka ba tungkol sa itinuro namin?
- Naniniwala ka ba na mahal ka ng Ama sa Langit? Bakit?
- Kung minsan paano tayo nagkakamali tulad ng mga tao sa kuwentong ito?

Para matulungan ang mga tinuturuan mo na maging handa sa pagsagot ng mga tanong, maaari mong sabihing, "Habang ipinaliliwanag ko ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, itanong mo sa iyong sarili, 'Ano ang ibig sabihin sa akin ng kautusang ito?' " Iwasang magtanong ng:

- Higit pa sa isang ideya.
- Tungkol sa mga doktrinang hindi mo pa itinuro.
- Walang malinaw na layunin.
- Parang nag-iimbestiga at nanghihimasok nang hindi naman kailangan.

Ang pagtatanong nang napakarami, lalo na sa una ninyong pagbisita, ay nagbibigay ng impresyon na kayo'y "nag-iimbestiga." Huwag hingan ang mga investigator ng partikular na sagot sa mga detalyeng hindi mahalaga o kitang-kita na ang sagot. Sa halip na maging magandang kapaligiran ito ng pagtuturo ito'y magiging laro ng hulaan. Kapag kailangan mo ng tiyak na sagot, makabubuting magtanong ng batay sa katotohanan o ilahad ang impormasyon sa ibang paraan. Iwasang magtanong ng bagay na maaaring ikapahiya ng tao kung hindi niya alam ang mga sagot. Magandang magtanong pagkatapos magturo at magpatotoo tungkol sa pangunahing alituntunin. Narito ang halimbawa ng mga di-gaanong epektibong tanong:

- Sino ang unang propeta? (Itanong bago ituro ang tungkol sa mga dispensasyon.)
- Paano nakatutulong sa atin ang pagpapanatiling dalisay ng ating mga katawan para mapasaatin ang Espiritu. Paano nito ipinakikita na handa tayong sumunod sa propeta ng Diyos? (Sobra pa sa isang ideya.)
- Mahalaga bang malaman ang tungkol sa mga kautusan ng Diyos? (Oo-hindi ang sagot at kitang-kita na ang sagot.)
- Ano ang nadarama mo sa Aklat ni Mormon? (Bago nila mabasa ito.)

Mga Tala

- Ano ang bagay na magagawa natin araw-araw na makatutulong sa atin na mapalapit sa Diyos? (Malabong tanong na naghahanap ng tiyak na sagot: panalangin.)
- Sino ang sumunod na propeta kay Noe? (Pinapahula sila.)



© 1985 Robert T. Barrett. Bawal kopyahin.

Matutong magtanong nang may patnubay ng Espiritu. Ang tamang klase ng tanong sa tamang pagkakataon ay makatutulong nang malaki sa mga tinuturuan ninyo na matutuhan ang ebanghelyo at madama ang Espiritu. Gayundin na ang maling klase ng tanong sa maling pagkakataon ay makahahadlang sa kanilang pagkatuto. Ang pagtatanong nang tama sa tamang pagkakataon ay nanganga-ilangan ng pakikiayon mo sa Espiritu. Kailangan din dito ang pakikinig sa mga tinuturuan mo, at pagpokus sa buong panahon ng pagtuturo. Ang epektibong pagtuturo ay mahirap na trabaho at kailangan ng konsentrasyon sa panig mo at ng kompanyon mo.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Ano ang mangyayari sa progreso ng investigator kung naharap siya sa sumusunod na mga sitwasyon at hindi mo kailanman nalaman ang tungkol sa mga ito?

- Mga kasamahan sa trabaho na palaging ginagawang biro ang mga espirituwal na bagay.
- Mga miyembro ng pamilya na matatatag na miyembro ng ibang simbahan.
- Mga kaibigan na naniniwala na ang mga Mormon ay kultong hindi Kristiyano.
- Isang espirituwal na karanasan sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon.

Mag-isip ng itatanong para mas may malaman ka pa sa bawat sitwasyon sa itaas. Isulat ang iyong mga tanong sa iyong study journal. Pag-usapan ninyo ng kompanyon mo kung paano ninyo mapagbubuti ang mga tanong na isinulat ninyo para sa aktibiting ito.

## Makinig

Kapag nakinig kang mabuti sa iba, mas mauunawaan mo sila. Kapag alam nila na mahalaga sa iyo ang iniisip at nadarama nila, mas malamang na makinig sila sa mga itinuturo mo, magbahagi ng personal na mga karanasan, at gumawa ng mga pangako. Habang nakikinig ka, mas mabisa mong maiaakma ang pagtuturo mo sa kanilang mga pangangailangan at interes.

Makinig na mabuti sa mga paghihikayat ng Espiritu. Habang ibinabahagi nila ang nadarama nila sa iyo, maaaring makaisip ka ng mga ideyang may patnubay ng Espiritu. Mauunawaan mo rin kung ano ang gustong sabihin ng iba.

Habang nakikipag-usap sa iyo ang iba, iwasang mag-isip ng sasabihin mo. Siguruhin mo na talagang nakatuon ka sa taong nagsasalita sa halip na magplano ng isasagot mo. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland: "Mas mahalaga kaysa sa pagsasalita ang pakikinig. Ang mga taong ito ay hindi mga bagay na walang buhay na ibibilang lamang na mga taong bibinyagan. Sila ay mga anak ng Diyos, mga kapatid natin, at kailangan nila ang anumang mayroon tayo. Maging tapat. Makipag-usap nang taos-puso. Itanong ninyo sa

Mga Tala

mga kaibigang iyon kung ano ang pinakamahalaga sa *kanila*. Ano ang itinatangi *nila*, at ano ang *kanilang* pinakamamahal? Pagkatapos ay makinig. Kung angkop ang sitwasyon, maaari ninyong tanungin kung ano ang kinatatakutan nila, ano ang mga pinananabikan *nila*, o ano sa pakiramdam nila ang kulang sa kanilang buhay. Pangako, tiyak na may *isang bagay* sa sinasabi nila na *laging* ugnay sa isang katotohanan ng ebanghelyo. Ang bagay na ito ay mapapatotohanan ninyo at makapagdaragdag pa kayo. . . . Kung makikinig tayo nang may pagmamahal, hindi na natin iisipin kung ano ang sasabihin. Ibibigay ito sa atin ng—Espiritu at ng ating mga kaibigan" ("Witnesses Unto Me," *Liahona,* Mayo 2001, 15; nasa orihinal ang pagkakahilig ng mga salita).

Nakikipag-usap din ang mga tao sa paraan ng pag-upo nila, sa ekspresyon ng mukha nila, sa ginagawa nila sa kanilang mga kamay, sa tono ng boses, at sa galaw ng mga mata. Masdan ang di sinasambit na mga salitang ito; matutulungan ka ng mga ito na maunawaan ang nadarama ng mga tinuturuan mo. Pansinin din ang galaw ng katawan mo. Ipakita na interesado at natutuwa ka sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti.

Huwag matakot kung tahimik. Madalas na kailangan ng mga tao na pag-isipan at sagutin ang mga tanong o sabihin ang nadarama nila. Dapat na tumigil ka sandali matapos magtanong, matapos magbahagi ng espirituwal na karanasan, o kapag nahihirapan ang mga tao na magpahayag ng kanilang sarili. Siguruhing mabigyan ang mga tao ng pagkakataon na masabi lahat ng iniisip nila bago ka sumagot, at huwag kang sisingit habang nagsasalita sila.

Kapag nauunawaan mo ang sinasabi nila, ipakita na nauunawaan mo sila sa pagsasabi ng, "Kaya ang ibig mong sabihin ay ________________. Tama ba iyon?" o "Kung di ako nagkakamali, nararamdaman mo na ________________." Kung hindi mo tiyak na nauunawaan mo, pakiusapan ang tao na linawin ito.

May mga taong nagdodomina sa usapan na dahilan para hindi mo maituro ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Kailangang matutuhan mong kontrolin ang sitwasyon na iniisip ang damdamin ng iba. Halimbawa, "Salamat sa ibinahagi ninyo sa amin, pero iyon ang isyung gusto naming pag-usapan natin sa ibang araw. Ipapasulat ko iyan sa kompanyon ko para masigurong hindi natin malilimutang pag-usapan iyon." Tandaan, matutulungan mo nang lubos ang mga tao sa pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa pakikinig mong mabuti, tutulungan ka ng Espiritu na malaman ang sasabihin mo. Kailangan ng tiyaga at konsentrasyon sa pakikinig. Isang misyonero ang nagbahagi ng totoong karanasan (binago ang pangalan).

> *Tinuturuan namin ng kompanyon ko ang pamilya Sanchez. Mainit noon at maingay ang mga bata. Kinumusta ko ang pagbabasa ni Sister Sanchez ng Aklat ni Mormon. Habang nagsasalita siya, napansin kong dinaklot ng anak niyang lalaki ang notebook ng kompanyon ko at iwinasiwas ito. Bagama't nakatingin ako kay Sister Sanchez, wala doon ang isip ko. Naisip ko, "Napakainit, at sana tumahimik na ang batang ito. Walang mangyayari rito." Habang lumilipad ang isip ko, napansin kong nahihirapan si Sister Sanchez sa pagsasalita. Naisip kong makinig. Sinikap kong huwag pansinin ang init at ingay. Pinagmasdan ko ang mukha niya habang nagsasalita. Tumingin siya sa ibaba, at pagkatapos, sa kompanyon ko at sa akin. Pilit na pinatatahimik ng asawa niya ang mga anak. Huminto siya sandali, at sa nanginginig na tinig ay sinabi niya, "Ginawa ko ang pinagawa ninyo. Binasa ko ang mga kabanatang sinabi ninyo at nagdasal ako." Huminto siya ulit at yumuko. Tiningnan niya ang kanyang mga anak, at pagkatapos ay nagkatinginan kami, "Natanggap ko na ang sagot," sabi niya nang nakangiti at nangingilid ang mga luha. "Totoo ito, alam kong totoo ito." Damang-dama ang Espiritu sa silid. Lubos ang pasasalamat ko na nakinig ako, at ngumiti ako at sinabing, "Oo, totoo ito."*

Mga Tala

## Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon

Matapos repasuhin ang kuwento sa itaas, isulat sa study journal mo ang mga sagot sa tanong sa ibaba o pag-usapan ninyo ito ng kompanyon mo.

- Ano kaya ang nangyari kung mas binigyang-pansin ng misyonero ang pansarili niyang ginhawa o ang notebook ng kompanyon niya?
- Paano nabiyayaan ang investigator dahil sa nakinig ang misyonero?

Sagutin ang mga tanong sa ibaba:

A = Hindi totoo sa akin B = Kung minsan totoo sa akin
C = Kadalasang totoo sa akin D = Laging totoo sa akin

- Kapag nakikipag-usap sa iba, nag-iisip akong magkuwento ng mga karanasang tulad ng sa kanila sa halip na makinig na mabuti.
- Kapag sinasabi sa akin ng iba ang nadarama nila, sinisikap kong ilagay ang sitwasyon ko sa sitwasyon nila para malaman ko kung ano ang mararamdaman ko.
- Kapag nagtuturo ako sa mga investigator, inaalala ko kung ano ang susunod kong sasabihin o ituturo.
- Hindi ko gusto kapag maraming sinasabi ang investigator.
- Nahihirapan akong subaybayan o unawain ang gustong sabihin sa akin ng iba.
- Madalas na nahihirapan akong makinig kapag nagtuturo ang kompanyon ko.
- Naiinis ako kapag may kumakausap sa akin at bigla na lang sisingit ang iba o sisirain ang atensyon ko.
- Nakakatanggap ako ng mga espirituwal na paghihikayat na magsalita o gumawa ng isang bagay pero hindi ko pinapansin.


Alamin kung ano ang magagawa mo para mapagbuti ang kakayahan mong makinig.

## Makipag-ugnayang Mabuti sa mga Investigator

Para maiwasan ang mapahiya, may mga taong sinasagot lang ang inaakala nilang gusto mo sa halip na ibahagi ang tunay na nadarama nila. Hayaang magkaroon ng ugnayan kung saan magiging komportable silang ibahagi sa iyo ang totoong nadarama nila.

Mga Tala

## Tulungan ang mga Tao na Malutas ang Kanilang mga Problema o Alalahanin



Bawal kopyahin.

Ang ilan sa mga tinuturuan mo ay kulang sa pananampalatayang sundin ang mga kautusan. Ang iba ay mahaharap sa pagsalungat, at ang iba naman ay hindi laging tatanggapin ang lahat ng ibinabahagi mo. Sila mismo ang dapat mamili, pero gugustuhin mong gawin ang lahat para masagot ang mga tanong nila. Tulungan silang lutasin ang kanilang mga problema at iwasan ang pagsalungat.

Kung minsan parang iceberg ang alalahanin o problema ng mga tao. Maliit na bahagi lang ang nakikita sa ibabaw. Magulo at mahirap lutasin ang ganitong mga problema. Dahil dito kailangan mong sundin ang Espiritu at sumagot sa paraang akmang-akma sa sitwasyon. Magdasal na mabiyayaan ka ng kaalamang magpasiya at sundin ang mga nadarama mo. Alam ng Ama sa Langit ang puso at karanasan ng lahat ng tao (ang buong iceberg) at tutulungan kang malaman kung ano ang pinakamabuti para sa bawat tao.

Kapag tinulungan mo ang iba sa paglutas ng mga problema nila, hangarin munang alamin ang kanilang alalahanin sa pamamagitan ng pagtatanong at pakikinig sa kanila. Umasa sa Espiritu para tulungan ka kung paano sila tutulungan sa paglutas sa mga alalahanin nila. Halimbawa, maaaring gumamit ka ng banal na kasulatan para masagot ang problema tungkol sa pangangailangang magpabinyag. Maaari ka ring magpatotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith.

Madalas na ang mga problema ay tungkol sa pakikipagkapwa sa halip na sa doktrina. Halimbawa, maaaring ikinatatakot ng mga investigator ang pagsalungat ng mga kapamilya kung magiging miyembro sila ng Simbahan. O kaya'y natatakot silang layuan ng mga kaibigan sa trabaho. Anuman iyon, maaaring may kinalaman ito sa naranasan noon ng mga investigator mo o ng iba pang mga impluwensya na bahagi ng alalahanin na hindi mo naunawaan. Sa maraming pagkakataon, maaaring makatulong sa iyo ang mga miyembro para makaunawa ka at makatulong sa kanilang mga alalahanin.

Ang paraan mo ng paglutas sa alalahanin ng investigator ay depende sa pinagmulan niyon. Alamin kung ang alalahaning iyon ay dahil sa walang espirituwal na kumpirmasyon ang tao tungkol sa katotohanan ng Panunumbalik. O baka naman ayaw ipamuhay ng taong iyon ang tunay na alituntunin. Ang pag-unawa sa pinagmulan ng problema sa paraang ito ay makatutulong sa iyo para malaman mo kung magpopokus ka sa patotoo o sa pangako.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Pumili ng isang pangakong hinikayat ninyong gawin ng mga investigator noong itinuturo ninyo ang mga lesson. Pagkatapos ay tukuyin ang iba't ibang dahilan para hindi tanggapin o tuparin ng isang tao ang pangakong iyon. Pag-usapan at praktisin kung paano ninyo pinakamainam na matutulungan ang mga tao habang sinisikap nilang lutasin ang kanilang mga alalahanin.

Mga Tala

## Pagsisisi at Paggaling Mula sa Adiksyon o Pagkalulong

Ang pagsisisi ay isang espirituwal na proseso. Nakapaloob dito ang pagpapakumbaba, pagtatapat, pagsasauli, at pagtalikod sa kasalanan. Ito'y permanenteng pagbabago ng iniisip at ikinikilos. Maganda nga sana kung isang beses lang ang pagsisisi. Gayunman, kung naulit ang kasalanan, ang pagsisisi ay isang paraan ng pagpapagaling (tingnan sa Mosias 26:30; Moroni 6:8; D at T 1:31–32).

Maaaring kasama sa pagsisisi ang emosyonal at pisikal na proseso. Dapat itigil ng mga tao ang mga maling nakaugalian. Ang di-magandang ugali ay dapat palitan ng maganda at tamang asal.

Kaya nga maaaring tumagal ang pagsisisi at pagpapagaling. Kung minsan, kahit maganda ang intensyon, nadadala sa tukso ang mga bagong binyag habang sinisikap nilang disiplinahin ang sarili. Sa gayong pagkakataon nakikipagtulungan ang mga bagong binyag sa kanilang mga lider ng priesthood, hindi sa mga misyonero, habang hinahangad nilang mapaglabanan ang tukso at magsisi nang lubos.

Sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon ay natatanggap ng mga tao ang kaloob na Espiritu Santo. Ito ang magpapalakas sa kakayahan nilang pagtagumpayan ang mga hamong ito. Pero hindi sapat ang binyag at kumpirmasyon para maiwaksi ang mga pagnanasang ito ng damdamin at katawan na kaugnay ng pag-uugaling ito. Kahit nagtatagumpay ang mga tao sa simula, kailangan pa rin ng karagdagang pagpapagaling sa damdamin para ganap na magsisi at gumaling.

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon

- Mag-isip ng investigator, bagong binyag, o di gaanong aktibong miyembro na nagsisikap na madaig ang pagkalulong.
- Rebyuhin ang "Pananampalataya kay Jesucristo" at "Pagsisisi" mula sa "Ang Ebanghelyo ni Jesucristo" sa kabanata 3.
- Ano ang ituturo mo sa taong ito mula sa lesson at kabanatang ito na makatutulong para madaig niya ang pagkalulong?
- Gumawa ng lesson plan para matulungan ang taong ito.

Mga Tala

## Pagtulong sa mga Investigator at Bagong Binyag na Maunawaan ang Pagsisisi at Gumaling mula sa Adiksyon o Pagkalulong

Maaaring hingan ka ng sagot sa mga tanong at alalahanin tungkol sa adiksyon. Nanaisin mo ring tulungan ang mga tao na makahanap ng sagot sa mahihirap na tanong na may kaugnayan sa mga problemang ito. Maaaring makatulong ang sumusunod na mga ideya:

- Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa likas na katangiang magpagaling ng ebanghelyo, lalo na ang Pagbabayad-sala (tingnan sa Alma 7:11–13).
- Magpatotoo na tanging Diyos lamang ang makagagawa ng himala ng espirituwal na pagpapagaling (tingnan sa Awit 147:3).
- Ipaliwanag na ang kaloob na pagpapapagaling ay umaabot hanggang sa katawan at espiritu.



© 2000 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Ang mga pangunahing hakbang na nakatutulong sa mga tao sa proseso ng pagpapapagaling ng damdamin ay kinabibilangan ng:

- Pagtukoy at pagkilala sa problema. Kailangan dito ang masusi at tapat na pagsusuri sa sarili.
- Pagtanggap na nakapipinsala ang pag-uugali. Nakaaapekto ang mga ito sa iba at kailangang baguhin.
- Pagpapakumbaba at pagkalungkot.
- Paghingi ng patawad mula sa iba na nasaktan, at pagkatutong patawarin ang sarili.
- Pagtigil sa pagkalulong at pagsisimulang gumawa ng makabuluhang bagay.
- Pananatiling tapat—pagtupad sa mga tipan ng binyag, paglilingkod, paghingi ng tulong mula sa Espiritu Santo, at pagpapakita ng hangaring sundin ang mga kautusan ng Diyos.
- Pag-unawa na laging mamahalin ng Panginoon ang Kanyang mga anak—kahit nagkakamali sila at nadadala sa dating mga bisyo o layaw. Ang pagsisisi at ang daan pabalik sa paggaling ay laging nariyan.

## Plano para Madaig ang Pagkalulong


Maaaring itanong ng mga investigator at ng mga bago at di gaanong aktibong miyembro kung ano ang magagawa nila para madaig ang pagkalulong. Pinagtitiwalaan nila ang iyong kakayahang magbigay ng gabay at suporta. Maaaring makatulong ang sumusunod na mungkahi:

- Pagawain sila ng listahan ng mga petsa, lugar at tao na nakakaapekto sa ugali. Banggitin ang listahang ito sa asawa, bishop, ward missionary, o iba pang pinagkakatiwalaang kaibigan. Pag-usapan ang tungkol sa kailangan nilang gawin para baguhin ang ugali o iwasan ang mga bagay sa listahan.
- Ipalista sa kanila ang ugali na nagbibigay sa kanila ng kakulangan ngayon at, kung hindi maiwawasto, ano ang magiging kakulangan nila sa hinaharap.
- Ipasulat sa kanila ang iba't ibang bagay na magagawa nila para maiwasan o mahadlangan ang maling pag-uugali. Kabilang dito ang pakikipag-usap sa asawa, paghingi ng

Mga Tala

tulong sa bishop o kaibigan, pag-eehersisyo, at iba pang aktibiti na tutulong sa kanilang maiwasan ang tukso.

- Hikayatin silang palagiang magdasal, mag-aral ng mga banal na kasulatan, makinig sa nagbibigay-inspirasyong musika, at magbasa ng mabubuting aklat.
- Hikayatin silang humingi ng basbas ng priesthood.
- Hikayatin silang patuloy na maging aktibo sa Simbahan, na naroon para tulungan silang mapagtagumpayan ang kanilang problema at lalong mapalapit sa Panginoon.
- Hikayatin silang dumalo sa tamang support group o humingi ng propesyonal na tulong. Sa ilang lugar, mahihingan ng tulong ang LDS Family Services.
- Hikayatin sila na huwag sumuko kahit kailan! Tutulungan sila ng Panginoon, kahit na gumugol ito ng panahon.



Matutulungang mabuti ng mga aktibong Banal sa mga Huling Araw na manatiling aktibo ang mga bagong binyag sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan sa kanila. Dapat maganda at mabuti ang pakikitungo ng mga miyembro sa mga investigator at bagong binyag. Maganda rin ang magiging pakikitungo ng mga investigator at bagong binyag kapag binati sila nang may ngiti, kapag kinumusta sila nang tapat, kapag tinabihan sila sa mga miting, at kapag inimbita sila sa mga salu-salo ng pamilya o sa family home evening.

Dahil mas malamang na bumalik ang ilan sa pagkalulong, hindi dapat mabigla o panghinaan ng loob ang mga lider ng priesthood kung matuklasan nilang may ganitong problema ang isang investigator o bagong miyembro. Dapat silang magtiwala sa tao at huwag husgahan kung bumalik ito sa dating bisyo. Dapat nilang ituring na pansamantala lang ang hadlang na ito at kailangang unawain. Ang pagsasabi ng hindi maganda sa nalulong na investigator o bagong binyag ay hindi kailanman makatutulong. Malamang pa na magbunga ito ng panghihina ng loob, pagkabigo, at di pagkaaktibo. Ang isang bagong binyag na biglang tumigil sa pagpunta sa Simbahan ay maaaring napadala sa dating bisyo at nadamang di na siya karapat-dapat at nanghihina ng loob. Ang kaagad na pagbisita at pagbigay ng lakas ng loob at suporta ay makatutulong sa pagtatagumpay ng tao. Dapat ipakita ng mga miyembro sa salita at gawa na tinatanggap nila ang mga bagong binyag (tingnan sa 3 Nephi 18:32).

Ang pagiging aktibo sa Simbahan at pagsisikap na mamuhay nang tapat ang dalawang pinakamahalagang bagay na magagawa ng sinuman para madaig ang mga problema ng pagkalulong.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Isipin ang ilang nakagawian mo—isang bagay na madalas mong ginagawa, nang hindi nag-iisip. Halimbawa'y ang pagpapalagutok ng mga buko ng daliri, paggalaw-galaw sa salamin mo, pagkain nang sobra, o pagpupuyat. Ngayon subukan mong palipasin ang isang araw na hindi ginagawa ito ni isang beses. Kapag nakaya mo, subukan mo uli ito sa loob ng isang linggo. Sabihin ang naranasan mo sa kompanyon mo. Pagkatapos ay isipin kung gaano kahirap para sa isang investigator na daigin ang pagkalulong tulad ng pagkalulong sa sigarilyo at alak.

Mga Tala

## Mag-iwan ng Isang Bagay

Sa pagtatapos ng bawat pagtuturo, bigyan ang investigator ng mababasa at mapag-iisipan bilang paghahanda sa susunod na miting. Maaari mong ipabasa sa kanila ang ilang kabanata sa Aklat ni Mormon. Maaari mo silang bigyan ng brochure tungkol sa itinuro o sa ituturo mo sa susunod na pagbisita, o kaya'y iba pang sulatin o video. Kung may Internet sila, hikayatin silang bumisita sa www.mormon.org. Dapat lagi silang bigyan ng mapag-iisipan, mapagninilay-nilayan, at maipagdarasal. Maaari itong maging pambungad na paksa ng pag-uusapan ninyo sa susunod na pagkikita ninyo.

### Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon

Tingnan muli ang mga aytem na maiiwan ninyo sa mga investigator pati ang mga brochure at video. May mga aytem pa ba kayong dapat makuha para ibahagi sa investigator? Ilista sa planner ang mga bagay na kailangang orderin.

Isipin ang bawat isa sa mga investigator na nakaiskedyul ninyong turuan ngayong linggong ito. Anong mga kabanata sa Aklat ni Mormon ang lubos na makatutulong sa kanila? Ano pang ibang aytem ang magiging kapaki-pakinabang sa kanila? Irekord sa Mga Tala/Listahan ng Gagawin sa planner ninyo kung ano ang gusto ninyong ibigay sa bawat investigator. Ilista kung ano ang gagawin ninyo sa pagpa-follow up sa susunod ninyong pagbisita.

## Ituro ang Ipinanumbalik na Ebanghelyo sa mga Taong Walang Alam Tungkol sa Kristiyanismo

Ang ilan sa mga taong tinuturuan mo ay maaaring hindi naniniwala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo o sa gawain ng Kristiyanismo. Gayunman, marami sa kanila ang may mga paniniwala, gawi, at lugar na itinuturing nilang sagrado. Bilang tagapaglingkod ng Diyos, mahalagang magpakita ka ng tamang paggalang sa pinaniniwalaan at tradisyon nila sa kanilang simbahan. Huwag gumawa ng anumang magpapakita ng kawalang paggalang sa bagay na mahalaga sa kanila.

Maaaring iniisip mo kung paano mo ibabagay ang pamamaraan ng pagtuturo mo sa mga taong ito. Makabubuting tandaan na para mapabalik-loob, lahat ng anak ng Diyos, anuman ang pinagmulan nila, ay dapat manampalataya kay Jesucristo, magsisi, tanggapin ang mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon, at magtiis hanggang wakas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at paglilingkod. Ang mga alituntunin na tumutulong sa iba na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ay pare-pareho sa lahat ng kultura.

Matutulungan mo ang mga tao na magkaroon ng tamang pag-unawa sa Diyos bilang ating Ama sa Langit at magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. Magagawa mo ito sa pagtulong sa kanila na magkaroon ng personal na espirituwal na karanasan sa halip na sabihin lang sa kanila ang tungkol sa likas na katangian ng Diyos. Halimbawa, matutulungan mo ang mga tao na maunawaan ito sa pamamagitan ng:

- Pagkakaroon nila ng espirituwal na pananalig na ang Diyos Ama at Kanyang Anak, si Jesucristo, ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith.
- Pakikinig sa iyong tapat na pagtuturo at patotoo sa ebanghelyo, pati na ang dahilan ng pagpili mong sundin si Jesucristo.
- Madalas na pakikinig sa iyo at sa ibang miyembro ng Simbahan na nagsasalita tungkol sa Ama sa Langit sa isang simple at taimtim na panalangin.
- Pakikinig sa iyong malakas na patotoo.

Mga Tala

- Pagdarasal na kasama ka at nang mag-isa.
- Pagkaalam sa nadarama mo tungkol sa mga banal na kasulatan habang binabasa at tinatalakay mo ito sa kanila.
- Pagbabasa ng salita ng Diyos mula sa mga banal na kasulatan (lalo na ang Aklat ni Mormon).
- Pagpunta sa simbahan para makita nila kung paano natin sambahin ang Panginoon.
- Pakikipagkilala sa mga miyembro ng Simbahan na maaaring magpaliwang kung paano sila naniwala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
- Pagsunod sa mga kautusan.

Ang mga aktibing ito ay kapaki-pakinabang sa lahat ng tao na iyong tinuturuan. Gayunman mahalaga rin ang mga ito kapag nagtuturo ka sa mga taong walang alam tungkol sa Kristiyanismo dahil mas malamang na naranasan na ito noon ng mga taong ito.

Maraming nabinyagan na walang alam tungkol sa Kristiyanismo ang nagsabi na hindi nila naintindihan ang karamihan sa sinasabi ng mga misyonero, pero nadama nila ang Espiritu at gusto nilang gawin ang ipinagagawa ng mga misyonero. Dapat mong gawin ang lahat para tulungan ang mga investigator na maunawaan ang mga doktrina ng ebanghelyo. Magtiyaga at sumuporta dahil kung minsan ay kailangan ng mga tao ng panahon para masabi ang nadarama nila. Maaaring kailangan mong baguhin ang bilis at lalim ng pagtuturo mo para matulungan silang makaunawa. Sa paghahanda mong turuan ang mga taong ito na walang alam tungkol sa Kristiyanismo, maaaring makatulong ang sumusunod na mga mungkahi:

- Magbigay ng simpleng buod at rebyu para sa bawat lesson.
- Hilingin sa kanila na sabihin sa iyo kung ano ang nauunawaan at naranasan nila.
- Mag-ukol ng oras para ipaliwanag ang mahahalagang salita at alituntunin. Maaaring hindi pamilyar ang mga tinuturuan sa mga salitang gagamitin mo sa pagtuturo.
- Balikan ang lesson na katuturo pa lamang para maituro nang mas malinaw ang doktrina. Maaaring kailanganin ang mga ito anumang oras sa pagtuturo.

### Mga Halimbawa sa mga Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga halimbawa ng mga misyonerong nagturo sa mga hindi naniwala sa Diyos o hindi nakakakilala sa likas na katangian Niya. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa ibaba. Pagkatapos nito ay ipaliwanag sa kompanyon mo o irekord sa iyong study journal kung paano nakatulong ang mga misyonerong ito sa pagkakaroon ng mga tao ng patotoo na may Diyos.

- Alma at Amulek (Alma 9–12; 15)
- Ammon at Aaron (Alma 17–22)
- Alma (Alma 30)
- Si Alma at ang iba pa (Alma 31–35)
- Pablo (Mga Gawa 17:16–34)

Mga Tala

### Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon

Hangga’t maaari, mag-isip ng isang tao na walang tradisyong Kristiyano bago nakilala ang mga misyonero. Makipagkita sa kanya, at itanong ang tungkol sa naranasan niyang pagbabalilk–loob. Halimbawa, maaari mong tanungin kung paano siya napaniwala na may Diyos, o tungkol sa unang pagkakataong nagdasal siya, unang pagkakataong nakadama siya ng sagot sa panalangin, ang papel ng mga banal na kasulatan sa pagbabalik-loob niya, at ano ang pakiramdam ng nagsisimba tuwing Linggo. Isulat ang natutuhan mo sa iyong study journal.

### Tandaan Ito

- Kapag ipinamuhay ng mga tao ang itinurong ebanghelyo, matutugunan ang mga kailangan nila.
- Magplano at mag-aral kayo ng kompanyon mo bawat araw para magkaisa at magturo sa iisang tinig.
- Magpatotoo nang madalas.
- Ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon, ang pinakapangunahing pinagmumulan ng pagtuturo.
- Manalangin na mabiyayaan ng mabuting pagpapasiya para malaman kung kailan gagamitin ang mga kasanayang inilalarawan sa kabanatang ito.

Mga Tala

## Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

### Personal na Pag-aaral

- Kunwari ay nalagay ka sa sumusunod na mga sitwasyon. Paano mo gagamitin ang mga alituntunin at kasanayan sa kabanatang ito para matulungang umunlad ang mga taong ito? Iplano kung paano isasagawa ang mga ito sa bawat sitwasyon.
  - Habang naglalakad sa parke, nakita mo ang isang babae at batang lalaki na nakaupo sa bangkito. Umiiyak ang babae.
  - Dumating ka sa bahay ng investigator na naghahanda para magpabinyag, at sinabi nila sa iyo na ayaw na nilang makita ka pa.
  - Makikipagkita ka sa ikapitong pagkakataon sa investigator na tinuruan ng ilang misyonero sa loob ng dalawang taon. Kakaunti lang ang naging pag-unlad kung mayroon man.
  - Sinisimulan mo pa lang turuan ang isang pamilya ng mensahe ng ebanghelyo nang sabihin nilang, "Sinabi na namin sa lahat ng kakilala namin na ipakikilala sila sa mga misyonero, at tumanggi silang lahat."
- Pumili ng isa sa mga lesson ng misyonero. Tumukoy ng isa o dalawang banal na kasulatan mula sa bawat pangunahing alituntunin. Magpraktis magturo mula sa mga talatang nakalista sa bahaging "Gamitin ang mga Banal na Kasulatan" sa kabanatang ito.
- Sa paglipas ng ilang linggo, rebyuhin ang mga turo ng Tagapagligtas sa Mga Ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, Juan) at 3 Nephi. Sa study journal mo, gumawa ng listahan ng mga itinanong Niya. Ihambing ang mga tanong na ito sa mga karaniwan mong itinatanong.
- Basahin ang salaysay nina Ammon at Haring Lamoni sa Alma 18 at ang salaysay ni Aaron sa Alma 22:4–18. Habang nagbabasa ka, tukuyin at ilarawan kung paano ginawa nina Ammon at Aaron ang mga sumusunod:
  - Pagsunod sa Espiritu at pagtuturo nang may pagmamahal.
  - Pagsisimulang magturo.
  - Pag-aangkop ng kanilang mga pagtuturo para matugunan ang mga pangangailangan.
  - Pagpapatotoo.
  - Paggamit ng mga banal na kasulatan.
  - Pagtatanong, pakikinig, at paglutas ng mga alalahanin.
  - Paghikayat sa mga tinuturuan nila na gawin ang mga pangako.
- Isiping mabuti ang pahayag na ito ni Pangulong Harold B. Lee tungkol sa pagtuturo para maunawaan. Suriin kung gaano mo kalinaw na naituro ang mga doktrina ng ebanghelyo. Irekord ang natutuhan mo sa iyong study journal.

  "Maaari bang manatili kayo sa konteksto ng mga banal na kasulatan at gawin itong simple para maunawaan" (*The Teachings of Harold B. Lee,* tinipon ni Clyde J. Williams [1996], 444).

  "Ngayon bilang mga guro kayo ay hindi ipinadala para magturo ng bagong doktrina. Dapat ninyong ituro ang lumang doktrina. Huwag naman itong gawing napakasimple kung kaya naiintindihan lang nila, kundi dapat ninyong ituro ang mga doktrina ng Simbahan nang napakalinaw para hindi sila magkamali sa pag-unawa dito" (*The Teachings of Harold B. Lee,* 458).

Mga Tala

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Rebyuhin mo ang inyong lesson plan mula sa lesson na katuturo pa lang ninyo. Sumulat ng tig-iisang tanong sa bawat pangunahing alituntuning naka-outline sa plano mo. Pagkatapos ay rebyuhin ang mga tanong mo para malaman kung akma ito sa itinuturo sa kabanatang ito. Kasunod ay sagutin ang mga tanong na para kang isang investigator. Baguhin ang mga tanong mo kung kailangan. Ibahagi ang iyong mga tanong sa iyong kompanyon. Magkasama ninyong suriin ang mga tanong.

  Isipin ang mga pangangailangan ng mga investigator na tinuturuan ninyo. Pag-usapan kung paano niya masasagot ang tanong ninyo. Pag-isipan din kung paano maaanyayahan ng mga tanong na ito ang Espiritu at matutulungan ang mga investigator na matutuhan ang ebanghelyo.

- Isipin ang bawat isa sa bago ninyong mga investigator Pag-usapan ang maaari ninyong gawin para tulungan silang magkaroon ng progreso. Isulat ang ideya mo sa iyong study journal at gumawa ng plano sa iyong daily planner.

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Imbitahin sa miting ninyo ang mga miyembro o kasalukuyang mga investigator. Ipaliwanag sa grupo na gusto ninyong pagbutihin ng mga misyonero ang kakayahan nilang magbahagi ng kanilang mahalagang mensahe. Pumili ng lesson at kasanayan. Paturuan sa mga misyonero ang mga miyembro o investigator gamit ang lesson na pinili ninyo sa loob ng 20 minuto, na nakapokus sa kasanayang tinukoy ninyo. Sabihing maghalinhinan sila matapos ang 20 minuto. Matapos mabigyan ng pagkakataong magturo ang mga misyonero, pagsasama-samahin ang grupo at hilingin sa mga miyembro at investigator na sabihin sa mga misyonero kung ano ang pinakaepektibo at isang paraan na mapagbubuti nila ito.

- Ipalabas ang isang video na nagpapakita ng halimbawa ng mga misyonero na nagtuturo o kumokontak ng mga tao. Pumili ng kasanayan at talakayin bilang grupo kung paano mahusay na naisagawa ng mga misyonero sa video ang mga tuntunin para sa kasanayang iyon.

- Pumili ng kasanayan o mahalagang aspeto ng kasanayan, at tumukoy ng doktrina o talata sa banal na kasulatan na sumusuporta sa kasanayan. Ituro ang doktrinal na pundasyon ng kasanayan sa mga misyonero.


## Mission President

- Samahan paminsan-minsan ang mga misyonero sa pagtuturo nila. Planuhin kung paano ka makababahagi sa pagtuturo.

- Hikayatin ang mga lider ng priesthood na samahan ang mga misyonero sa kanilang pagtuturo at magbigay ng feedback.

- Ipakita ang epektibong paraan ng paggamit ng mga banal na kasulatan, tanong, at pakikinig kapag tinuturuan ang mga misyonero sa mga zone conference at mga interbyu.

Mga Tala



# Paano Ko Matutulungan ang mga Tao na Gumawa at Tumupad ng mga Pangako?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Bakit dapat akong magpokus sa pag-iimbita sa mga tao na gumawa ng mga pangako?
- Ano ang kaugnayan ng mga pangako sa conversion o pagbabalik-loob?
- Paano ako magbibigay ng mapagpakumbabang patotoo?
- Anong mga biyaya ang maaari kong ipangako?
- Bakit mahalagang mag-follow up ako kapag gumawa ng pangako ang mga tao?

## Imbitahan ang mga Tao na Mangako

Bilang misyonero hangad mo ang kaligtasan ng mga kaluluwa (tingnan sa Mosias 28:3). Alam mong makalalapit ang mga tao kay Cristo at maliligtas lamang sila kung sila ay magsisisi (tingnan sa D at T 18:10–16). Ang isang paraan para makamit ang mga hangarin mo ay ang mangaral sa mga tao na magsisi (tingnan sa Alma 5:49; D at T 15:6; 16:6) at buong tapang na imbitahan sila na manampalataya para magkapagsisi, mabinyagan sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu, at buong katapatang magtiis hanggang wakas (tingnan sa 3 Nephi 27:16–20; Mormon 7:10).

Ang pangako ay mahalagang bahagi ng pagsisisi. Ito ay pag-obliga sa sarili na gawin ang isang hakbang at pagkatapos ay masigasig na sundin ang desisyong iyon. Kapag tunay na nangako ang mga tao, mayroon silang tunay na hangarin, na ibig sabihin ay talagang gagawin nila ang ipinangako nilang gawin. Hindi sila pabagu-bago at totohanan ang

© 2002 Del Parson. Bawal kopyahin.

Mga Tala

desisyon nilang magbago. Nagiging tapat sila kay Cristo at inilalaan ang sarili sa Kanyang ebanghelyo. Ang pagtupad sa kanilang pangako ang paraan upang "tunay na [maipakita nila] sa pamamagitan ng kanilang mga gawa na natanggap nila ang Espiritu ni Cristo tungo sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (D at T 20:37). Kapag hiniling mong mangako sila bilang bahagi ng iyong pagtuturo, hinihikayat mo ang investigator na magsisi.

Isa sa pinakamainam na mga paraan para tulungan ang mga tao na gumawa at tumupad ng mga pangako ay ang imbitahan silang mangako. Ang pag-iimbita at pag-follow up sa imbitasyon na mangako ay mahalaga dahil:



© 2001 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

- Ang mga tao ay nako-convert o nagbabalikloob kapag sinusunod nila ang mga alituntuning natututuhan nila (tingnan sa Juan 7:17) at nadamang pinagtibay ng Espiritu ang ginagawa nila at kasiya-siya sa kanilang Ama sa Langit.
- Ang pagsisisi at pagbabago ang tutulong sa mga tao para mapaglabanan ang mga pagsubok, makaiwas sa kahihiyan at pagkabagabag ng konsiyensya, at madama ang kapayapaan at kagalakang dulot ng kapatawaran ng Diyos.
- Ang pagtupad sa mga pangako ay naghahanda sa mga tao na gumawa at tumupad sa mga sagradong tipan.

Maipapakita mo ang pagmamahal sa mga tao at ang iyong pananampalataya sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pag-follow up para tulungan silang magsisi at tuparin ang kanilang mga pangako.

Ang mga pangakong kailangan sa binyag ay nakalista sa unang apat na lesson. Ang mga pangakong nauugnay sa espirituwal na pagprogreso matapos ang binyag at kumpirmasyon ay nakalista sa lesson 5. Laging isipin na kailangang imbitahan ang mga tao na gawin ang mga bagay na magpapatatag ng kanilang pananampalataya kay Cristo. Tandaan ang mga alituntuning ito:

- Bawat sandali ng paghahanap—kasama ang mga miyembro, referral, o sariling paghahanap—ay dapat magbunga ng pag-iimbita na kumilos, karaniwan ay para madagdagan ang kaalaman tungkol sa mensahe ng Panunumbalik.
- Kung sakali man ay bihira kang makikipag-usap sa mga tao o magtuturo sa kanila nang hindi sila iniimbitang gumawa ng isang bagay na magpapatatag ng kanilang pananampalataya kay Cristo.
- Magpokus sa isa o mas marami pang mga pangako kapag nagtuturo. Kung hindi mo iimbitahan ang mga tao na gumawa ng mga pangako, hindi mo hinihiling sa kanila na magsisi at lumapit kay Cristo.
- Habang naghahanda kayong magkompanyon sa oras ng pag-aaral na ituro ang isang lesson, isipin ang mga kailangan at katayuan ng bawat investigator at isama ang isa o higit pang mga pangako sa inyong lesson plan.
- Sa lesson ay puwede kang makatanggap ng inspirasyon na imbitahan ang mga tao na mangako maliban sa mga naiplano mo. Palaging hikayatin ang mga tao na magsisi.

Mga Tala

- Maging matapang at magtiwala sa sarili kapag iniimbitahan mo ang mga tao na gumawa ng mga pangako (tingnan sa Alma 38:12). Ang katapangan ay nagpapakita ng iyong pananampalataya na ang pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon ay naghahatid ng mga biyaya.
- Malamang na hindi magbago ang mga tao maliban kung anyayahan silang gawin ito.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Bakit napakahalaga ng pag-iimbita?**

Alma 5:62
Moroni 7:13

**Bakit napakahalaga ng mga pangako?**

2 Nephi 31
Mosias 2:41
Alma 7:14–16
Alma 32:27
D at T 14:7
D at T 20:37
Juan 7:17

## Maging Direkta sa Pagtatanong

Ang imbitasyon na mangako ay kadalasang tanong na "gagawin mo ba," at kailangan ng sagot na *oo* o *hindi*. Ang mga imbitasyon ay dapat tukoy, direkta, at malinaw. Iniimbitahan o inaakay nito ang mga tao na magdesisyon kung ano ang gagawin. Hinihiling nito sa kanila na gumawa ng pangako at magpakita ng aktibong pananampalataya sa mga alituntuning itinuro ninyo sa kanila.

Narito ang ilang halimbawa ng maiinam na imbitasyon, kasunod ang simula ng pangako at patotoo:

- Babasahin mo ba ang [3 Nephi 11, Moroni 10:3–5, ang polyetong ito] bago kami dumalaw bukas nang alas 7:00 n.g.? Alam kong kapag ginawa mo ito . . . Nagpapatotoo ako na ang Aklat ni Mormon ay . . .
- Magdarasal ka ba at magtatanong sa Diyos kung si Joseph Smith ay isang propeta? Alam ko na kapag nagdasal ka ang Diyos ay . . . Alam kong si Joseph Smith ay isang propeta . . .
- Sasama ka ba sa aming magsimba sa Linggo nang alas 9:00 n.u.? Kung magsisimba ka, ikaw ay . . . Alam kong naibalik ang Simbahan ni Cristo . . .
- Sisimulan mo ba ngayong sundin ang batas ng kalinisang-puri gaya ng ipinaliwanag namin? Ang pagsunod sa batas na ito ay . . . Bilang tagapaglingkod ng Panginoon nagpapatotoo ako na ang malinis na pamumuhay ay . . .
- Iimbitahan mo ba si [pangalan] bago mag-Biyernes, para makipagkita sa amin at magsimula nang matuto sa ebanghelyo? Tutulungan ka ng Espiritu . . . Pagpapalain ang buhay mo kapag ibinahagi mo ang ebanghelyo . . .
- Maaari ba kaming magpunta sa bahay ninyo at magkuwento pa sa inyo kung paano tumawag ang Diyos ng propeta sa ating panahon tulad ng ginawa Niya noong una? Magkakaroon kayo ng dagdag na layunin, direksyon, at kapayapaan sa inyong buhay kapag naunawaan ninyo . . . Pinatototohanan ko na muling tumawag ang Diyos ng . . .

Mga Tala

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Sa iyong study journal, sumulat ng simple, direkta, at malinaw na imbitasyon para sa bawat pangako sa isang lesson. Kung nagawa mo na ito noon, ulitin ito at ihambing ang mga bagong imbitasyon mo sa nagawa mo noon. Tanungin ang iyong sarili kung may progreso ba sa kakayahan mong mag-imbita.

Rebyuhin ninyong magkompanyon ang mga naisulat mong imbitasyon. Sa bawat imbitasyon, talakayin ang mga tanong na ito:

- Ipinaliliwanag ko ba ang mga pangakong pagpapala ng Panginoon kapag nag-iimbita ako? Kung hindi, bakit?
- Iniiwasan ko bang gawin ang imbitasyong ito? Kung oo, bakit?
- Naaasiwa ba ako kapag ipinaaabot ko ang imbitasyong ito? Paano ko pa ito mapagbubuti?
- Gaano kahalaga sa akin ang imbitasyong ito?
- Gaano kadalas ko natatandaang mag-follow up sa mga imbitasyong nagawa ko na? Paano ko pa itong mapagbubuti?

Isipin ang mga kilala mong investigator o di-gaanong aktibong miyembro. Magpraktis sa paggawa ng mga imbitasyong ito na para bang ang mga taong ito ang iniimbita mo.

Kung kailangan, baguhin ang mga imbitasyon sa iyong lesson plan. Magtakda ng mga partikular na mithiin na tutulong sa iyo para magbigay ng imbitasyon sa buong maghapon at buong linggo.

## Pangakuan ng mga Biyaya ang mga Tao

Kailangan ng mga tao ng dahilan para baguhin ang kanilang kaisipan at kilos. Ang mga pangakong pagpapala ay madalas na mabisang pangganyak sa pagsunod sa Diyos. Kapag nagbibigay ang Panginoon ng kautusan, madalas ay may pangako Siyang mga biyaya sa pagtupad sa kautusang iyon (tingnan sa D at T 130:20–21). Habang inihahanda ninyo ang mga tao sa pagsunod sa isang partikular na kautusan, ituro sa kanila na:

- Ang pagsunod sa mga kautusan ay nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang Anak.
- Ipinakikita nila na nagtitiwala sila sa Diyos kapag sinusunod nila ang Kanyang mga kautusan.
- Bilang kapalit ay matatanggap nila ang mga pangakong biyaya ng Panginoon.

Sa pagpapatotoo mo sa isang kautusan, banggitin ang mga biyayang natanggap mo sa pagsunod sa kautusang iyon. Ipangako sa mga tinuturuan mo na matatanggap din nila ang mga biyayang tulad nito.

Habang sinisikap ng mga tao na tuparin ang isang pangako, hilingin sa kanila na banggitin ang mga biyayang ibinigay sa kanila ng Ama sa Langit. Tiyakin sa kanila na kahit may mga kahirapang dumarating sa buhay ay patuloy pa rin ang Kanyang mga biyaya basta't sinusunod nila ang Kanyang kalooban.

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang sinasabi ng Panginoon tungkol sa hangarin Niyang pagpalain tayo?**

| | | |
|---|---|---|
| Alma 37:17 | D at T 1:37 | D at T 76:5–10 |

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 82:10 at 130:20–21. Pagkatapos ay pag-aralan ang mga banal na kasulatang ito. Gumawa ng dalawang hanay sa iyong study journal. Isulat sa isang panig ang kautusan na makikita mo sa bawat talata. Sa kabila ay isulat ang pangakong ibinigay sa pagsunod sa kautusang iyon.

| | | |
|---|---|---|
| D at T 11:21 | D at T 89:18–21 | D at T 100:5–8 |
| D at T 84:85 | D at T 95:8–9 | Malakias 3:10–12 |

Rebyuhin ang mga pangakong nakalista sa isa sa mga lesson ng misyonero. Sa bawat pangako, sagutin ang mga tanong na ito:

- Anong mga biyaya ang ipinangako ng Panginoon sa mga tumutupad sa pangakong ito?
- Paano makatutulong sa pagkakaroon ng pananampalataya at patotoo ng mga tao ang pagsunod sa alituntuning ito?
- Paano matutulungan ng pangakong ito ang mga tao na magsisi at maging higit na sensitibo sa Espiritu?

## Madalas na Magpatotoo

Ang patotoo ay espirituwal na pagsaksi at katiyakan na bigay ng Espiritu Santo. Ang pagbibigay ng patotoo ay pagbibigay ng simple at direktang pahayag ng paniniwala—damdamin, katiyakan, pananalig sa katotohanan ng ebanghelyo. Ang madalas na pagbabahagi ng iyong patotoo ay isa sa pinakamabisang paraan ng pag-imbita sa Espiritu at pagtulong sa iba na madama ang Espiritu. Nagdaragdag ito ng personal na pagsaksi ngayon sa mga katotohanang naituro mo mula sa mga banal na kasulatan. Ang epektibong misyonero ay nagtuturo, nagpapatotoo, at nag-iimbita sa iba na gumawa ng mga bagay na nagpapatatag ng pananampalataya kay Jesucristo. Kasama na rito ang paggawa ng mga pangakong nagmumula sa pagsunod sa mga tunay na alituntunin. Halimbawa, maaaring sabihin ng isang misyonero na, "Alam ko na sa paggawa mong banal sa araw ng Sabbath ay lalo kang magkakaroon ng kapayapaan sa iyong puso."

> *"Tungkol sa patotoo ng tao, tandaan, na ang handang ibahagi ng tao ay mananatili sa kanya, samantalang ang ayaw niyang ibigay ay nawawala sa kanya. . . . Magturo at magpatotoo. Wala nang ibang mas mainam na kombinasyon dito."*
>
> –ELDER THOMAS S. MONSON
> *PATHWAYS TO PERFECTION* [1973], 100–101

Kailangang maging matapat ka para makakumbinsi ang iyong patotoo. Ang mabisang patotoo ay hindi batay sa kagalingan mo sa pananalita o sa lakas ng iyong boses kundi sa pananalig ng iyong puso. Sikapin araw-araw na patatagin ang pang-unawa at pananalig mo sa mga doktrina at alituntunin na ituturo mo. Magpatotoo nang madalas upang pagtibayin ang katotohanan ng mga alituntunin o doktrina na itinuturo mo. Hangga't maaari ay magturo, pagkatapos ay magpatotoo, at magpatotoo habang ikaw ay nagtuturo.

Mga Tala



Siguro ang iyong patotoo ay simple lang tulad ng "Si Jesucristo ay Anak ng Diyos" o "Alam ko sa sarili ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo." Maaari ka ring magbahagi ng maikling karanasan kung paano mo ito nalaman. Magpatotoo nang ilang beses sa bawat lesson, hindi lang sa hulihan. Magpatotoo na ang itinuro ng kompanyon mo ay mula sa Diyos. Magpatotoo na pagpapalain ng alituntuning ituturo mo ang buhay ng mga investigator kung susundin nila ito. Pag-usapan kung paanong nabiyayaan ng pagsunod sa isang alituntunin ang iyong buhay.

Kung minsan ay maaaring magduda ang mga tao sa itinuro mo, pero mahirap pagdudahan ang tapat, at taos-pusong patotoo. Kapag nagpapatotoo ka, idalangin na madama ng mga tinuturuan mo ang nagpapatibay na pagsaksi ng Espiritu Santo. Kapag nagpapatotoo ka, tumutulong ka sa pagpapadama sa mga investigator na pinagtitibay ng Espiritu Santo ang iyong pagsaksi sa katotohanan. Inihahanda sila nito para tanggapin ang hihilingin mong mga pangako sa kanila.

Si Brigham Young ay hindi nabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong unang taon na malaman niya ang tungkol sa ibinalik na ebanghelyo. Pero ito ang sabi niya tungkol sa kanyang conversion o pagbabalik-loob: "Kung ang lahat ng talento, kasanayan, karunungan, at kapinuhan ng daigdig ay ipinadala sa akin kasama ng Aklat ni Mormon, at ipinahayag ang katotohanan nito sa pinakabantog na paraan ng mundo, para patunayan ito sa pamamagitan ng pag-aaral at karunungan ng mundo, para sa akin ang mga ito ay magiging parang usok na lumitaw para lamang maglaho. Ngunit nang makita ko ang isang tao na hindi mahusay o walang talento sa pagsasalita sa publiko, na ang sabi lang ay, 'Alam ko sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na si Joseph Smith ay Propeta ng Panginoon,' pinagliwanag ng Espiritu Santo na nagmula sa taong iyon ang aking pang-unawa. Nakita ko ang liwanag, kaluwalhatian, at imortalidad. Napaligiran ako ng mga ito, napuno ako nito, at nalaman ko sa sarili ko na tunay ang patotoo ng lalaking iyon" (sa *Journal of Discourses,* 1:90).

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral**

Ang mga talata sa ibaba ay mga halimbawa ng pagpapatotoo. Isa-isang basahin ang mga tanong at banal na kasulatan. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong study journal.

- Sa mga talatang ito, ano ang pinatototohanan ng mga apostol at propeta?
- Gaano katatag ang paniniwala nila sa sinasabi nila? Paano mo masasabi na kumbinsido sila sa katotohanan?
- Kapag sinasabi mong, "Alam ko na __________ ay totoo," seryoso ka ba rito? Ano pa ang ibang mga salita na magagamit mo para masabi kung ano ang pinaniniwalaan mo?

| | | |
|---|---|---|
| Jacob 7:7–12 | D at T 76:22–24 | Mga Gawa 2:14–38 |
| Alma 5:45–48 | Juan 3:3–11 | Mga Gawa 10:34–44 |
| Alma 34:1, 8 | | |

Mga Tala

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Ano ang ilang alituntunin at pangako sa pagpapatotoo?**

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 33:1 | D at T 84:61 | Juan 15:26 |
| D at T 62:3 | D at T 100:5–8 | |

## Follow Up

Ang pag-iimbita nang walang follow up ay tulad ng biyaheng sinimulan pero hindi tinapos o kaya'y pagbili ng tiket sa isang konsiyerto pero hindi naman nagpunta sa teatro. Kung hindi kumpleto ang gagawing hakbang, ang pangako ay walang kuwenta.

Siguro nga mahirap ang magbago. Ang papel mo ay tulungan ang mga tao na maging matatag sa kanilang desisyon na magbago. Dapat mong gawin ang lahat ng magagawa mo para tulungan ang mga tao na tuparin ang kanilang mga pangako.

Ang tunay na pagsisisi ay pinakamainam na naipapakita sa mabubuting gawa sa paglipas ng panahon, lalo na sa mga kautusang tulad ng kalinisang-puri, Word of Wisdom, at ikapu. Sa pakikipagtulungan ninyo ng mga lider ng ward sa mga tao para tuparin nila ang kanilang mga pangako, ipakita na nauunawaan ninyo sila. Maging mapagpasensya ngunit magtiyaga. Hindi tapos ang iyong paglilingkod hangga't hindi sinusunod ng mga tao ang mga pangakong ito, o ibig sabihin, hangga't hindi sila nagsisisi (tingnan sa 3 Nephi 18:32). Kung minsan kailangan ang ilang beses na pagbisita para matulungan mo ang mga tao na magkaroon ng sapat na pananampalataya sa isang alituntunin na magbubunga ng pagsisisi.

Ang pag-follow up ay nagsisimula sa unang pagbisita at pagtuturo mo sa mga tao:

- Ipasulat ang kanilang pangako sa isang bagay na iiwan mo sa kanila, tulad ng polyeto o kard na may pangalan ninyo at numero ng telepono.
- Tiyaking alam ng mga tao na araw-araw kayong dadalaw sandali sa pagitan ng mga appointment sa pagtuturo. Ipaliwanag na layon ninyong suportahan at tulungan sila. Bigyan sila ng ideya ng gagawin ninyo sa mga pagbisitang iyon.
- Magsulat sa bahaging Mga Tala/Listahan ng Gagawin ng inyong planner para mafollow up bukas ang bawat imbitasyon na mangako na ginawa ninyo sa araw na ito.

Palagi silang kontakin, araw-araw kung maaari, para malaman kung may progreso ang mga tao sa kanilang mga pangako. Sagutin ang mga tanong, magturo ng karagdagang mga lesson, at magkasamang magbasa sa Aklat ni Mormon. Magbahagi ng mga berso ng banal na kasulatan, o gumamit ng mga audiovisual na materyal. Kapag madalas kayong dumalaw sa mga tao, mapalalakas ninyo ang espirituwal na damdaming nadama nila noong ituro ninyo sa kanila ang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang impluwensiyang ito ng Espiritu ay mahalaga. Siguro may mga pagkakataon na tatawagan ninyo ang mga investigator para ipaalala sa kanila at himukin sila na tuparin ang isang pangako.

Tulungan ang mga investigator na matukoy ang mga biyayang natanggap nila noong tuparin nila ang kanilang mga pangako. Tulungan silang lalo na ilarawan ang kanilang damdamin nang magpatotoo ang Espiritu sa katotohanan ng mensahe.

Purihin at himukin ang mga taong tumutupad sa kanilang mga pangako. Binabago ng mga investigator ang kanilang buhay. Marami pa silang dapat matutuhan at gawin.

Mga Tala

Purihin sila nang madalas at taos sa puso. Ipakita ang pasasalamat ninyo sa kanilang progreso at sa tiwala ninyong kaya nilang magtagumpay. Himukin sila tuwing makakasama ninyo sila.

Magpakita ng pag-aalala at kabiguan kapag hindi natutupad ng mga tao ang kanilang mga pangako at dahil dito ay hindi nila natatanggap ang mga biyaya.

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon

Isulat sa iyong daily planner ang mga plano ninyo sa araw-araw na pagkontak sa bawat investigator. Ilang araw pa lang ay planuhin na agad ang gagawin ninyo para i-follow up ang mga investigator.

Pumili ng isang imbitasyon na mangako na ibibigay ninyo kapag ituturo na ninyo ang mga lesson. Pagkatapos ay alamin ang iba't ibang problema na maaaring pumigil sa pagtanggap o pagtupad sa pangakong iyon. Talakayin at praktisin kung paano ninyo pinakamainam na matutulungan ang mga tao habang nilulutas nila ang kanilang mga alalahanin o problema.

### Tandaan Ito

- Magpokus sa pag-iimbita sa mga tao na gumawa ng mga pangako sa bawat sandali ng paghahanap o pagtuturo, kapwa sa mga hindi miyembro at miyembro ng Simbahan.
- Imbitahan silang mangako para tulungan ang mga tao na maranasan ang conversion o pagbabalik-loob.
- Mangako ng mga biyaya.
- Magpatotoo.
- Mag-follow up para matulungan ang mga tao na tuparin ang kanilang mga pangako.

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Hanapin ang isang kautusan na nakalista sa lesson 4 o 5. Isipin ang mga biyayang natanggap mo sa pagsunod sa kautusang ito, at isulat ito sa iyong journal.
- Sa isang liham, tanungin ang iyong mga kapamilya kung paano sila nabiyayaan ng pagsunod sa isang kautusan (halimbawa, ikapu).
- Isulat ang nadarama mo sa pag-iimbita sa tao na mangako. Malakas ba ang loob mo o mahiyain ka? Tiwala ka ba na pagpapalain ang mga tao, o may mga duda ka? Hindi ka ba pabagu-bago, mapagpasensiya, at matulungin sa araw-araw mong pakikipagkita sa mga tao? Alam ba ng mga tao na mahal mo sila? Paano mo maiwawasto ang anumang kahinaan na nakikita mo sa iyong pag-iimbita?
- Rebyuhin ang mga lesson plan mo para sa bawat lesson. Nagsasama ka ba ng partikular na mga pangako? Ang lesson plan mo ba ay malinaw na hahantong sa mga pangako?

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Mula sa inyong daily planner, ilista ang mga taong nakontak ninyo sa nakaraang dalawang araw, kasama na ang mga investigator at miyembro. Isulat ang (mga) pangakong nagawa ng bawat tao at ang iba pang mga pag-iimbita na dapat mong ginawa. Talakayin kung bakit nagawa mong mangako ang ilan sa mga taong ito at ano ang dahilan kung bakit hindi nangako ang iba. Ano ang gagawin ninyo para ma-follow up ang mga pangakong ito?
- Tingnan ang inyong daily planner, at isulat ang pangalan ng mga investigator na tuturuan ninyo bukas o sa susunod na dalawang araw. Isipin kung sa aling (mga) kautusan na nakalista sa mga lesson 4 at 5 ninyo sila iimbitahang mangako. Pag-usapan kung paano ninyo sila iimbitahan at anong partikular na mga biyaya ang ipapangako sa pagsunod.
- Isiping ipakita ang Rekord ng Pagtuturo sa mga investigator para alam nila kung ano ang inaasahan. Kung angkop, ibahagi ang isang kopya sa kanila.
- Rebyuhin ang nakalipas na tatlong araw sa Mga Tala/Listahan ng Gagawin sa inyong planner para tingnan kung naisulat mo ang inyong gagawing pag-follow up sa bawat imbitasyong ginawa ninyo.

## Mga District Meeting at Zone Conference

- Talakayin ang mga epektibo at malikhaing ideya sa araw-araw na pagkontak sa mga investigator. Gaano kaepektibo ang pakikipagtulungan ng mga misyonero sa mga miyembro? Ano ang kapaki-pakinabang na mga audiovisual na materyal? Ano ang maaari ninyong gawin kapag wala sa bahay ang tao o kaya'y masyado silang abala o bisi para makipagkita sa inyo?
- Talakayin ang mga paraan kung paanong epektibong naituro ng mga misyonero ang mga kautusan sa mga lesson 4 at 5.
- Pag-usapan ang mga partikular na problema o alalahanin ng ilan sa mga investigator sa kasalukuyan. Ano ang katangian ng mga problemang ito? Ano ang maaaring gawin ng mga misyonero para malutas ang problema?

Mga Tala

### Mission President

- Paminsan-minsan ay samahan ang mga misyonero habang nagtuturo sila. Tulungan silang magpokus sa pagtulong sa mga tao na gumawa at tumupad ng mga pangako.
- Himukin ang mga lider ng priesthood at mga miyembro na aktibong sumali sa araw-araw na pagkontak sa mga investigator.
- Maging halimbawa ng pagpapaabot ng mga imbitasyon sa iyong mga gawaing misyonero at sa mga taong pinaglilingkuran mo.



# Paano Ko Maihahanda ang mga Tao para sa Binyag at Kumpirmasyon?

Mga Tala

**Isaisip Ito**

- Ano ang kailangan kong gawin para tulungang maghanda ang mga tao sa binyag at kumpirmasyon?
- Paano ako makapagsasagawa ng epektibong interbyu sa binyag?
- Paano pinaplano at ginagawa ang espirituwal na serbisyo ng binyag?
- Paano ako makikipagtulungang mabuti sa bishop para matiyak na makukumpirma ang mga convert o taong nabinyagan?
- Bakit mahalagang kumpletuhin ang mga rekord sa binyag at kumpirmasyon?

## Ihanda ang mga Tao para sa Binyag at Kumpirmasyon

Ang layunin ng iyong pagtuturo ay tulungan ang iba na manampalataya kay Jesucristo at magsisi ng kanilang mga kasalanan. Gaya ng itinuro ni Mormon, "ang mga unang bunga ng pagsisisi ay binyag" (Moroni 8:25). Ang interbyu sa binyag ang paraang ibinigay ng Simbahan para matiyak na nasusunod ng bawat bibinyagan ang mga pamantayan sa binyag at handa nang tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo. Sa interbyung ito ay nasusunod ng mga bibinyagan ang hinihiling ng banal na kasulatan na patunayan nila sa isang awtorisadong kinatawan ng Simbahan na sila ay "tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan" (D at T 20:37). Ang mga pangakong ginagawa ng mga investigator ang naghahanda sa kanila para magawa at matupad ang tipan ng binyag. Ang mga

© 1988 Greg K. Olsen. Sa kagandahang-loob ng Mill Pond Press at ni Dr. Gerry Hooper. Bawal kopyahin.

Mga Tala

taong nakatupad sa mga pangakong ipinagawa ninyo sa kanila ay mas magiging handa sa interbyu at sa pagiging miyembro at aktibo sa Simbahan.

Habang inihahanda mo ang mga investigator para sa binyag at kumpirmasyon, tiyakin na nasusunod nila ang mga kwalipikasyon para sa binyag.

### Mga Kwalipikasyon para sa Binyag

**Doktrina at mga Tipan 20:37:**

- Magpakumbaba sila sa harapan ng Diyos.
- Hangarin na mabinyagan.
- Lumapit nang may bagbag na mga puso at nagsisising espiritu.
- Pagsisihan ang lahat ng kanilang mga kasalanan.
- Maging handa na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo.
- Magkaroon ng determinasyon na paglingkuran si Cristo hanggang sa huli.
- Ipakita sa kanilang mga gawa na natanggap nila ang Espiritu ni Cristo tungo sa ikapapatawad ng kanilang mga kasalanan.

**Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa:**

- Gawin ang sapat na pagbabago sa kanilang buhay para maging kwalipikado gaya ng inuutos sa Doktrina at mga Tipan 20:37.
- Manampalataya kay Cristo.
- Pagsisihan ang mga paglabag na kanilang ginawa.
- Sundin ang mga alituntunin ng mabuting pagkatao.
- Sundin ang Word of Wisdon.
- Mangako na magbabayad ng ikapu.
- Tanggapin ang lahat ng lesson na ituturo ng misyonero [mga lesson 1–4 sa Rekord ng Pagtuturo at kaugnay na mga pangakong gagawin].
- Makipagkita sa bishop o branch president.
- Dumalo sa ilang sakrament miting.

(“Pahayag Ukol sa Gawaing Misyonero,” liham ng Unang Panguluhan, ika-11 ng Dis, 2002)

Kapag nagtakda na ng petsa ng binyag ang investigator, iiskedyul kung kailan ninyo kukumpletuhin ang lahat ng kaganapan na hahantong sa binyag at kumpirmasyon ayon sa nakalista sa iyong daily planner. Rebyuhing mabuti ang Rekord ng Pagtuturo upang matiyak na naituro ninyo ang mga pangunahing doktrina at handa na ang mga bibinyagan na sagutin ang bawat tanong sa interbyu sa binyag. Rebyuhin sa tao ang iskedyul na ito sa susunod ninyong pagkikita. Kung maaari, dapat dumalo ang tao sa isang serbisyo ng binyag bago dumating ang araw ng kanyang binyag.

Kung nadarama mo na kailangan ng dagdag na paghahanda ng taong tinuturuan ninyo, huwag mag-iskedyul ng interbyu hangga’t hindi nasusunod ng investigator ang mga pamantayan. Kung menor-de-edad ang bibinyagan, tiyakin na pumayag ang mga magulang o tagapangalaga. Hangga’t maaari dapat ay nakasulat na siya ay maaaring binyagan.

Habang tinutulungan mo ang mga tao para sa kanilang intebyu sa binyag, sabihin mo sa kanila ang layunin ng interbyu. Turuan sila at magbigay ng patotoo tungkol sa kabanalan ng binyag at ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ipaliwanag na gusto mong

Mga Tala

matiyak na nauunawaan nila ang mga alituntuning itinuro ninyo at ang gagawin nilang tipan. Ipaliwanag din na ang interbyu ay pagkakataon para patunayan nila sa harap ng kinatawan ng Panginoon na handa na sila para sa mga sagradong ordenansang ito. Sa pagtupad nila sa mga tipan na ginawa sa binyag at kumpirmasyon, makatatanggap sila ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Ibahagi ang mga itatanong ng mag-iinterbyu tungkol sa paniniwala nila sa mahahalagang doktrina, pagsisisi nila sa mga nagawang pagkakasala, at kung handa na silang makipagtipan na susundin si Jesucristo habambuhay. Bigyang-diin na ang binyag sa tubig ay hindi kumpleto kung walang kumpirmasyon at kaloob na Espiritu Santo.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Basahin ang bawat isa sa mga talatang ito at gumawa ng listahan ng buod ng mga kwalipikasyon para sa binyag at kumpirmasyon na nasa mga banal na kasulatan.

| | | |
|---|---|---|
| 2 Nephi 9:23; 31:4–13 | 3 Nephi 27:13–21 | D at T 20:37 |
| Mosias 18:8–10 | Moroni 6:1–4 | D at T 22 |
| Alma 7:14–15 | Moroni 8:25–26 | Mga Gawa 2:37–39 |

- Sa interbyu sa binyag, ang mga bibinyagan ay tinatanong kung handa silang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo. Ano ang magagawa mo para maunawaan nila ang tanong na ito? Habang pinag-iisipan mo ang tanong na ito, pag-aralan ang mga banal na kasulatang ito:

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 4–5 | Mosias 26:18, 21–27 | 3 Nephi 27:1–10 |
| Mosias 18:1–11 | | |

Maaari kang maghanap ng iba pang talata na makatutulong sa iyo na maunawaan ang alituntuning ito.

## Paano Isasagawa ang Interbyu

Dapat gamitin ng taong nagsasagawa ng interbyu ang mga tanong para sa interbyu sa binyag sa patnubay ng Espiritu para malaman kung nagawa ba ng mga bibinyagan ang kwalipikasyong nasa Doktrina at mga Tipan 20:37. Dapat rin niyang iakma ang mga tanong sa edad at kahustuhan ng isip ng taong bibinyagan.

Kung ang taong bibinyagan ay hindi pumasa batay sa mga tanong sa interbyu sa binyag, hindi dapat ituloy ang binyag at kumpirmasyon. Dapat tumanggap ng karag-dagang pagtuturo ang mga investigator sa mga full-time na misyonero at pag-fellowship mula sa mga miyembro ng ward.

Ang district leader o zone leader na nagsasagawa ng interbyu ay dapat:

- Idaos ang interbyu sa komportable at pribadong lugar kung saan madarama ang Espiritu ng Panginoon. Dapat ay malapit lamang ang kompanyon ng nag-iinterbyu.
- Magsimula sa panalangin.
- Tulungan ang bibinyagan na maging komportable.
- Gawing masiglang espirituwal na karanasan ang interbyu.
- Tiyakin na nauunawaan ng bibinyagan ang layunin ng interbyu.
- Itanong ang mga tanong para sa interbyu sa binyag. Gumamit ng mga tanong na pang follow up para madama ang tibay ng patotoo at taos na pagsisisi ng tao.

Mga Tala

- Sagutin ang mga tanong ng taong bibinyagan.
- Imbitahan ang tao na magbigay ng patotoo at sabihin kung ano ang kanyang nadarama.
- Kung may mga sagabal sa pagpapatotoo at pagiging karapat-dapat, ipaliwanag na mabuti pang ipagpaliban muna ang binyag hanggang sa maging mas handa na siya.

**Mga Tanong para sa Interbyu sa Binyag**

1. Naniniwala ka ba na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan? Naniniwala ka ba na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig?
2. Naniniwala ka ba na ang Simbahan at ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith? Naniniwala ka ba na si [kasalukuyang Pangulo ng Simbahan] ay propeta ng Diyos? Ano ang ibig sabihin nito sa iyo?
3. Ano ang ibig sabihin sa iyo ng magsisi? Nadarama mo bang pinagsisihan mo na ang mga kasalanan mo noon?
4. Nakagawa ka ba ng mabigat na krimen? Kung oo, ikaw ba ay nasa ilalim ng probasyon o *parole*? Naging bahagi ka ba ng pagpapalaglag o aborsiyon? sa homoseksuwal na pakiki-pagrelasyon?
5. Itinuro sa iyo na kasama sa pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pagsunod sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Ano ang pagkaunawa mo sa mga pamantayang ito? Handa ka bang sundin ang mga ito?
   a. Ang batas ng kalinisang-puri, na nagbabawal sa anumang seksuwal na pakikipagrelasyon sa labas ng bigkis ng legal na kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae.
   b. Ang batas ng ikapu.
   c. Ang Word of Wisdom.
   d. Ang araw ng Sabbath, kasama na ang pakikibahagi ng sakrament linggu-linggo at paglilingkod sa mga kapwa miyembro.
6. Kapag nabinyagan ka na, nakikipagtipan ka sa Diyos na handa mong taglayin sa iyong sarili ang pangalan ni Cristo at sundin ang Kanyang mga kautusan habambuhay. Handa ka bang gawin ang tipang ito at sikaping maging tapat dito?

Sa katapusan ng matagumpay na interbyu, batiin ang taong bibinyagan. Sumama sa ibang mga misyonero, at ipaliwanag kung ano ang mangyayari sa binyag.

Ipaliwanag na isasagawa ang kumpirmasyon sa ilalim ng pangangasiwa ng bishop sa sakrament miting ng ward na kanyang kinabibilangan.

Kapag kailangang ipagpaliban ang binyag, dapat maging sensitibo ang mga district leader at zone leader at tahimik na ayusin ito. Tiyakin sa taong bibinyagan na magtatagumpay siya. Ipaliwanag sa tao ang ilang kasalanan na nangangailangan ng mas mahabang panahon para lubusang mapagsisihan. Ipaliwanag na dahil sagrado ang binyag, kailangan na talagang karapat-dapat ang tao. Tiyakin sa taong bibinyagan na gagawin mo at ng iba pa ang lahat para suportahan siya. Pagkatapos ay maging tapat at tuparin ang iyong pangako.

Mga Tala

## Binyag at Kumpirmasyon: Mga Tanong at mga Sagot

**Sino ang magsasagawa ng interbyu sa binyag at kumpirmasyon?**

Karaniwang ang mga district leader ang nag-iinterbyu sa mga bibinyagan na tinuruan ng mga misyonero sa kanyang district. Kabilang dito ang mga bibinyagan na tinuruan ng kanyang mga zone leader. Ang zone leader ang nag-iinterbyu ng mga bibinyagan na tinuruan ng mga district leader. Ang mission president o isang taong inutusan niya ang kailangang mag-interbyu sa mga taong nasangkot sa mabibigat na kasalanan. Hindi iniinterbyu ng mga district o zone leader ang mga bibinyagan na hindi sakop ng kanilang sariling district o zone maliban kung utusan sila ng mission president na gawin ito.

**Ano ang ibig sabihin ng convert baptism?**

Ang mga convert baptism ay mga binyag ng:

- Mga taong edad siyam pataas na hindi pa nabinyagan at nakumpirma bilang mga miyembro ng Simbahan.
- Mga batang edad walo na hindi miyembro ang mga magulang o kaya'y bibinyagan at ikukumpirma ang mga magulang na kasabay ng bata.

**Kailangan ko ba ng pahintulot o permiso para binyagan ang menor de edad?**

Bago mo maturuan o mabinyagan ang isang investigator na menor de edad, kailangan mong humingi ng permiso o pahintulot mula sa (mga) magulang o (mga) legal na tagapag-alaga. Mas mabuti kung nakasulat ito. Dagdag pa rito, dapat mayroon kang magandang dahilan para maniwalang nauunawaan ng bata ang tipan sa binyag at gagawin ang lahat para sundin ito sa pamamagitan ng pagsunod sa ebanghelyo, kabilang na ang matapat na pagdalo sa mga miting ng Simbahan.

**Kailangan ko ba ng pahintulot o permiso ng asawa para binyagan ang kanyang kabiyak?**

Oo. Huwag bibinyagan ang taong may-asawa kung walang pahintulot o permiso ang kanyang kabiyak?

**Kung hindi pa handang magpabinyag ang ama ng pamilya, dapat ko bang binyagan ang pamilya o maghintay hanggang sa maging handa ang pamilya?**

Kung hindi pa handa sa binyag at kumpirmasyon ang ama ng pamilya pero handa na ang ibang miyembro ng pamilya, maaari mong sabihin sa ama na mas gusto mong huwag munang binyagan ang pamilya kung hindi siya kasama. Ito ay dahil sa nirerespeto ng Simbahan ang padre de pamilya at mas ang pagprogreso sa ebanghelyo ng mga miyembro ng pamilya kung buo ang pamilya. Kung patuloy pa ring tatanggi ang ama, maaari mo nang binyagan at ikumpirma ang ibang miyembro ng pamilya sa kanyang pahintulot.

**Mabuti bang ideya ang iordena kaagad ang ama sa Aaronic Priesthood pagkatapos ng binyag para mabinyagan niya ang iba pang mga miyembro ng pamilya?**

Hindi. Kailangang makumpirma ang ama sa sakrament miting at, pagkatapos mainterbyu ng bishop, dapat siyang ma-sustain o masang-ayunan para matanggap ang Aaronic Priesthood. Ang binyag ng mga miyembro ng pamilya ay hindi dapat ipagpaliban para lang maisagawa mismo ng ama ang pagbibinyag sa kanila.

**Maaari ko bang turuan at binyagan ang taong natiwalag o na-excommunicate?**

Ang binyag ng mga taong natiwalag o na-excommunicate ay hindi convert baptism, at hindi sila iniinterbyu ng mga misyonero para sa binyag. Maaari ka lang makipagtulungan sa gayong tao sa mahigpit na pagsubaybay ng mission president at ng bishop.

Mga Tala

**Paano kung nakaiskedyul na ang petsa ng binyag ng isang tao ngunit hindi niya tinutupad ang lahat ng mga pangako?**

Kung sa tingin mo ay kailangan pa ng dagdag na paghahanda ng taong tinuturuan mo, huwag mag-iskedyul ng interbyu. Kailangang matupad ng investigator ang mga pangako at masunod ang mga pamantayan.

**Ano ang gagawin ko kapag gusto ng mga tao na mabinyagan ngunit nagsasama sila nang hindi kasal?**

Ang mga bibinyagan na nakikisama sa isang lalaki o babae nang hindi kasal ay kailangang magpakasal o kaya'y makipaghiwalay bago sila mabinyagan.

**Ang pang-apat na tanong sa interbyu sa binyag ay kung nakagawa ng mabigat na kasalanan ang tao, tulad ng pagpapalaglag o aborsiyon, homoseksuwal na pakikipagrelasyon, o mabigat na krimen. Ano ang dapat kong gawin kung nagtapat ang tao na nakagawa siya ng ganitong kasalanan?**

1. *Mga tagubilin sa mga misyonerong nagtuturo*. Kung minsan ang mga investigator ay maaaring boluntaryong magbigay ng impormasyon tungkol sa mga kasalanan kapag itinuro na ninyo ang tungkol sa mga kautusan at kapag inimbita silang mangako. Gayunman, kung wala silang sinasabi ngunit sa palagay ninyo ay may problema sila, ihanda sila para sa interbyu sa binyag. Tanungin sila kung naging bahagi ba sila ng anumang uri ng ganitong mga kasalanan. Kung malaman mo na mabigat pala itong kasalanan, huwag nang magtanong tungkol sa mga detalye ng kasalanan. Huwag mag-iskedyul ng binyag o gumawa ng anumang pangako kung maaaprubahan nga ba ang kanilang binyag at kumpirmasyon. Ipadama ang iyong pagmamahal at rebyuhin ang alituntunin ng pagsisisi. Magiliw na ipaliwanag na mabigat ang mga kasalanang ito at kakausapin sila ng isang taong mas husto ang kaisipan at bihasa (ang inyong mission president o sinumang atasan niya) at tutulungan sila sa mga bagay na ito. Pagkatapos ay direktang hilingin sa mission president na siya ang mag-interbyu para sa binyag.
2. *Mga tagubilin sa taong nagsasagawa ng interbyu para sa binyag at kumpirmasyon*. Kung naturuang mabuti ng mga misyonero ang taong bibinyagan bago ang interbyu sa binyag, kung mayroon mang mga isyu na tulad nito, dapat itong direktang ipaalam sa mission president. Kung mayroon nga, ipadama ang iyong pagmamahal at rebyuhin ang mga kautusan at alituntunin ng pagsisisi. Magiliw na ipaliwanag na mabigat ang mga kasalanang ito at kakausapin sila ng isang taong mas husto ang kaisipan at bihasa (ang inyong mission president o sinumang atasan niya) at tutulungan sila sa mga bagay na ito. Pagkatapos ay direktang hilingin sa mission president na siya ang mag-interbyu para sa binyag.

### Aktibiti: Personal na Pag-aaral

Isipin ang maaaring madama mo kung ikaw ang iniinterbyu. Isaisip ang mga tanong na ito:

- Anu-anong aspeto ng interbyu ang maaaring kakaiba sa iyo? Ano ang maaaring gawin o sabihin ng nag-iinterbyu para mapanatag ka?
- Paano mo gustong makipag-usap sa iyo ang nag-iinterbyu?
- Paano mo gustong sumagot ang nag-iinterbyu kung nagdududa ka o hindi mo naiintindihan o kung ang ipinagtapat mo ay mabibigat na kasalanan?

Isulat ang sagot sa mga tanong na ito sa iyong study journal?

Mga Tala

## Kumpletuhin ang mga Rekord ng Binyag at Kumpirmasyon

Ang misyonerong nag-iinterbyu ang dapat magsulat sa kasalukuyang form ng binyag batay sa mga tagubilin na nasa form. Dapat niyang ipaliwanag na ang membership record ay nalilikha mula sa rekord ng binyag. Ito ay maglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga bagong miyembro at sa mga ordenansa na natanggap na nila. Kapag lilipat ng tirahan ang miyembro, dapat ipadala ang membership record sa bagong yunit para ma-fellowship at matulungan sila ng bagong bishop. Dapat hilingin ng misyonero sa taong bibinyagan na tiyaking totoo ang impormasyon na nasa form sa oras ng interbyu. Kung walang membership record, ang isang tao ay hindi maaaring tumanggap ng rekomend sa templo.


Tinitiyak ng bishop na ang form ng kumpirmasyon ay nasulatan para sa bawat taong bibinyagan batay sa mga tagubilin na nasa form.

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Pag-aralan ang Mosias 6:1–3 at Moroni 6:1–4. Paano nauugnay ang mga talatang ito sa inyong responsibilidad ng pag-iingat ng tumpak na mga rekord ng binyag at kumpirmasyon?

## Ang Pagbibinyag

Malakas na nadarama ang Espiritu kapag ginagawa ang mga sagradong ordenansa ng binyag at kumpirmasyon. Ang pagbibinyag at kasunod nitong kumpirmasyon ay dapat maging mahahalagang espirituwal na karanasan para sa mga bagong binyag o convert. Dapat na gawin mo at ng ward mission leader ang lahat para matiyak na maayos, magbibigay-inspirasyon, at di-malilimutan ang pagbibinyag. Dapat mapalakas nito ang mga bagong binyag sa kanilang pangako na manatiling aktibo.



Imbitahan ang bishopric, mga lider ng korum at auxiliary, at mga home teacher at visiting teacher (kung may naka-assign) na dumalo sa pagbibinyag. Ang mga kaibigan at kamag-anakan ng mga convert at ng lahat ng inyong mga investigator sa kasalukuyan ay dapat imbitahing dumalo sa pagbibinyag at sa sakrament miting kung saan gaganapin ang kumpirmasyon. Ang mga karanasang ito ay makatutulong para madama nila ang Espiritu. Ihahanda rin sila nito sa pagtanggap sa imbitasyon na pag-aralan pa ang ebanghelyo. Makipagtulungan sa taong bibinyagan at sa ward mission leader para maimbitahan ang mga kaibigan at kamag-anak na dumalo. Pagkatapos ng binyag ay kausapin sila tungkol sa karanasang ito at imbitahan silang alamin kung bakit pinili ng kanilang kaibigan na magpabinyag.

Ang mga misyonerong nagturo sa taong bibinyagan ay makikipag-ugnayan sa ward mission leader para ayusin ang tungkol sa binyag. Ipaliwanag sa taong bibinyagan kung ano ang nakaplano at bakit. Pag-usapan ang tungkol sa angkop na kasuotan. Sabihin din kung paano siya bibigyan ng puting damit na isusuot sa binyag. Magkasundo kung saan at kailan gaganapin ang binyag. Ang miyembro ng bishopric o ward mission leader ang

Mga Tala

karaniwang nangangasiwa sa pagbibinyag. Narito ang mahahalagang bagay na dapat planuhin at isaayos.

Ang pagbibinyag ay maaaring may kasamang:

1. Pambungad na musika.
2. Maikling pagbati ng lider ng priesthood na nangangasiwa sa pagbibinyag (isang miyembro ng bishopric ang dapat mamuno).
3. Pambungad na himno at panalangin.
4. Isa o dalawang maiikling mensahe tungkol sa paksang tulad ng binyag at kaloob na Espiritu Santo.
5. Isang seleksyon sa musika.
6. Pagsasagawa ng binyag.
7. Katahimikan habang nagpapalit ng damit ang mga taong nakasali sa binyag. Kabilang dito ang pakikinig sa interlude na musika, pagkanta ng mga bantog na himno o awit sa Primary, pagpapalabas ng audiovisual na produkto ng Simbahan, o pagbibigay ng patotoo.
8. Pagkakataon para makapagbigay ng patotoo ang mga bagong binyag, kung gusto nila.
9. Pangwakas na himno at panalangin.
10. Postlude na musika.

## Kumpirmasyon



Matatanggap ng isang tao ang ordenansa ng kumpirmasyon matapos siyang binyagan (tingnan sa D at T 20:41). Ang bagong binyag ay itinuturing na miyembro ng Simbahan pagkatapos maisagawa ang mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon (tingnan sa Juan 3:5; D at T 33:11). Ang mga bagong binyag ay kinukumpirma sa isang sakrament miting ng ward na nakakasakop sa kanila, hindi pagkatapos mismo ng binyag. Dapat tiyakin ng bishop na gaganapin ang kumpirmasyon sa makatwirang panahon matapos ang binyag. Ang bishop o isa sa kanyang mga tagapayo ay makikilahok sa kumpirmasyon. Maaaring imbitahin ng bishop ang mga misyonero na tumulong sa pagtuturo sa taong nabinyagan na makilahok sa kumpirmasyon. Makipagtulungang mabuti sa bishop at sa ward mission leader para matiyak na naisagawa ang mahalagang ordenansang ito.

## Pagkatapos ng Binyag at Kumpirmasyon

Sa ilalim ng pangangasiwa ng bishop, maaaring ipagpatuloy ng mga misyonero ang pag-fellowship sa mga bagong miyembro. Patuloy silang turuan at rebyuhin ang itinuro sa kanila. Hikayatin at suportahan sila, basahin ang Aklat ni Mormon kasama nila, at tulungan silang ibahagi ang ebanghelyo sa mga kapamilya at kaibigan. Kung naaangkop, ipagpatuloy ang komunikasyon sa mga tinuruan ninyo at hikayatin at suportahan sila.

Mga Tala

Pagkatapos ng kumpirmasyon, patuloy na gamitin ang Rekord ng Pagtuturo para irekord ang progreso mo sa muling pagtuturo ng mga lesson 1–4 at sa pagtuturo ng lesson 5. Makipagtulungang mabuti sa ward mission leader at sa mga lider ng ward para tulungan ang bagong binyag na manatiling aktibo at matanggap ang lahat ng pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

### Tandaan Ito

- Maayos na ihanda ang mga bibinyagan para sa interbyu sa binyag at kumpirmasyon.
- Tiyakin na nasusunod ng mga bibinyagan ang mga kailangan para sa binyag at kumpirmasyon.
- Tumulong para matiyak na magbibigay-sigla sa espiritu ang pagbibinyag.
- Gamiting oportunidad ang mga pagbibinyag at kumpirmasyon sa paghahanap ng matuturuan.
- Kumpletuhin nang husto ang mga form sa binyag at kumpirmasyon.

Mga Tala

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

## Personal na Pag-aaral

- Gumawa ng listahan ng mga hamon na maaaring makaharap ng taong bibinyagan. Bakit mahalagang madama ng bibinyagan ang pagmamahal at pakikipagkaibigan ng mga miyembro ng Simbahan?

- Pag-aralan ang Moroni 6 at Doktrina at mga Tipan 20:68–69. Ano ang matututuhan mo mula sa mga talatang ito tungkol sa paghahanda sa mga tao para sa binyag at kumpirmasyon? Isulat ang natutuhan mo, at ibahagi ang iyong kaisipan sa iyong kompanyon sa pag-aaral ng magkompanyon.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Ipinaliwanag ni Elder Henry B. Eyring kung bakit mahalaga ang mataas na mga pamantayan. Talakayin ninyong magkompanyon ang payo na ito. Tingnan kung ano ang nadarama mo tungkol sa pagtulong sa mga tao na masunod ang mga pamantayang ito. "Itinakda ng Panginoon ang Kanyang mga pamantayan para mapagpala Niya tayo, isipin ang mga pagpapalang iyon. Ipinangako Niya sa mga taong sumusunod sa mga pamantayan ang tulong ng Espiritu Santo. Nangangako Siya ng personal na kapayapaan, at ng pagkakataong matanggap ang mga banal na ordenansa sa Kanyang bahay. At nangangako Siya sa mga habambuhay na sumusunod sa Kanyang mga pamantayan na magkakaroon sila ng buhay na walang hanggan. . . . Dahil mahal natin ang mga taong pinaglilingkuran natin, gusto nating pagbutihin pa ang pagtulong sa mga anak ng Ama sa Langit para maging tapat at dalisay sila, para matanggap ang lahat ng pagpapala ng Panginoon. . . . Simulan ninyo ito sa malinaw at walang dudang paninindigan sa mga pamantayan ng Panginoon. At habang lalong nilalayuan at hinahamak ito ng daigdig, mas kailangan nating maging matapang sa paggawa nito" ("Mga Pamantayan ng Pagkamarapat," *Unang Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Ene. 2003, 12–13).

- Ibahagi sa iyong kompanyon ang natutuhan mo mula sa kabanatang ito tungkol sa paghahanda ng mga tao sa binyag at kumpirmasyon.

- Rebyuhin ang huling binyag na dinaluhan mo. Ihambing ito sa mga gabay na nasa bahaging may pamagat na "Ang Pagbibinyag." Ano ang mabuting nangyari? Ano pa ang dapat pagbutihin? Pag-usapan kung paano ninyo matitiyak na magiging espirituwal at nagpapasigla ang nakaplanong mga pagbibinyag.

- Magpraktis kung paano ninyo ihahanda ang isang investigator para sa interbyu sa binyag.

- Rebyuhin ang mga tanong para sa interbyu sa binyag. Isaisip kung ano ang gagawin ninyo sa ibang mga sitwasyon, tulad ng mga ito:
  - Hindi sinabi sa inyo ng bibinyagan na may kondisyon ang magiging paglaya niya dahil sa krimeng ginawa niya.
  - Hindi nakatanggap ang tao ng matibay na sagot sa dalangin na si Joseph Smith ay isang propeta.
  - Nanigarilyo ang bibinyagan dalawang araw na ang nakararaan.
  - Hindi sigurado ng bibinyagan kung nakatanggap siya ng sagot sa kanyang mga dalangin.
  - Napilitan lang ang pamilya dahil sa mga kaibigan at hindi tiyak kung handa na sila para sa binyag.

- Rebyuhin ang mga form na Baptism Record at Confirmation Record at ang form na Baptism and Confirmation Certificate. Paano mo matitiyak na tama at kumpleto ang isinulat mong impormasyon?

Mga Tala

### Mga District Meeting at Zone Conference

- Rebyuhin ang kahalagahan ng interbyu sa binyag. Talakayin kung paano dapat ihanda ng mga misyonero ang mga investigator para sa interbyu.
- Talakayin kung paanong gagawing oportunidad sa paghahanap ng matuturuan ang mga pagbibinyag at kumpirmasyon.

### Mission President

- Makipagtulungan sa lokal na mga lider ng priesthood para matiyak ang epektibong paggamit ng Rekord sa Progreso.
- Paminsan-minsan ay magsagawa ng unang interbyu para sa binyag.
- Turuan ang mga district leader at zone leader kung paano gawin ang mga interbyu sa binyag.
- Turuan ang mga miyembro ng mission presidency at lider ng priesthood kung paano ginagawa ang mga interbyu sa binyag para sa mga bibinyagan na nagkaroon ng mabibigat na kasalanan.

Mga Tala



# Paano Akong Makiki-pagtulungan sa mga Lider ng Stake at Ward?

Mga Tala

## Isaisip Ito

- Ano ang kailangan ng mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro para maging aktibo sa Simbahan?
- Ano ang mga responsibilidad ng mga lider ng stake at ward sa gawaing misyonero, sa pagpapanatiling aktibo, at pagpapaaktibo ng mga miyembro?
- Paano ako makatutulong sa mga lider ng ward sa pagpapatatag ng Simbahan?
- Ano ang dapat mangyari sa lingguhang correlation meeting sa ward mission leader?

Malaki ang pagkakataon mo na makipagtulungan sa maraming lider at miyembro sa iyong misyon. Sama-sama ninyong palalakasin at itatatag Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pakikipag-ugnayan mo sa mga lider ng Simbahan ang magpapala sa iyo habambuhay. Ito ang mahahalagang ugnayan sa hangarin mo at ng mga miyembro ng Simbahan na maihatid ang ibinalik na ebanghelyo sa mga anak ng Ama sa Langit. Ang pag-unawa kung ano ang mga unang dapat gawin sa organisasyon ng ward ay makatutulong sa iyo na sumulong nang mas may pokus at kapangyarihan.

## Pagpapalakas sa Bago at Di-gaanong Aktibong mga Miyembro

Kapag nabinyagan at nakumpirma na ang mga convert, gumagawa sila ng mga sagradong pangako na susundin at paglilingkuran ang Diyos at ang iba pa habambuhay. Nagiging kandidato sila para sa kaligtasan sa kahariang selestiyal. Para matanggap ang lahat ng ipinangakong biyaya, dapat silang magtiis hanggang wakas nang may pana-nampalataya kay Cristo. Ang mga miyembro ng Simbahan ay mahalaga para mapana-tiling aktibo at tapat ang mga bagong miyembro.

Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Tunay na walang kabuluhan ang paggawa ng gawaing misyonero maliban kung pangalagaan natin ang bunga ng pagsisikap na iyon.


© 2003 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Mga Tala

Hindi dapat maghiwalay ang dalawa. . . . Bawat nabinyagan ay malaki at mabigat na responsibilidad" ("Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, Mayo 1999, 108).

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, ang ward council ang unang may responsibilidad sa pagpapalakas ng mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro. Tinitiyak nila na ang mga bagong miyembro at mga di-gaanong aktibong miyembro ay may mga kaibigan, napangangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, at nakatatanggap ng mga tungkulin at responsibilidad. Maaari nilang pakiusapan ang mga full-time na misyonero na tumulong sa home teaching (o ang mga misyonera naman sa visiting teaching) at sa pagbisita sa mga bagong miyembro, di-gaanong aktibong miyembro, at sa mga magiging elder. Mas makabubuti kung ipapares ka sa isang miyembro sa gayong mga pagbisita.

Pananagutan mo rin ang mga taong ito. Sabi ni Pangulong Hinckley: "Kayong mga misyonero . . . ay bahagi ng responsibilidad na panatilihin ang inyong mga convert o nabinyagan sa Simbahan. Maaaring hindi na ninyo maipagpatuloy ang pagbisita sa kanila. Pero maaari ninyo silang sulatan paminsan-minsan at hikayatin sila. . . . Kapag umuwi na kayo huwag silang kalimutan. Sa lahat ng pagkakataon maging karapat-dapat sa pagtitiwala nila. Sulatan sila paminsan-minsan, ipadamang mahal ninyo sila" (*Ensign*, Mayo 1999, 109).



Kapag uma-attend sa mga miting sa simbahan, dapat kayong umupo ng kompanyon mo sa tabi ng inyong mga investigator o mga miyembro na kinakaibigan ninyo para suportahan at palakasin sila. Hindi kayo dapat umupo sa tabi ng ibang mga misyonero.

Isang mahalagang bahagi ng iyong misyon ang itatag ang Simbahan at palakasin ang yunit na pinaglilingkuran mo. Ginagawa mo ito para matulungan ang mga bagong miyembro na manatiling aktibo at para tulungan ang mga di-gaanong aktibong miyembro na maging aktibo. Isa sa mga tungkulin mo ang sumama sa mga ward missionary para iturong muli ang unang apat na lesson at ang lesson 5. Makatutulong din ang mga ward missionary, home teacher, at visiting teacher sa pagtuturo ng mga alituntuning ito.

Inilahad ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang sumusunod tungkol sa mga hamong kinahaharap ng maraming bagong miyembro:

> *"Nakatanggap ako isang araw ng nakaaantig na sulat. Ito'y mula sa isang babaeng naging miyembro ng Simbahan noong nakaraang taon. Sabi niya:*
>
> *"Ang pagiging miyembro ko sa Simbahan ay kakaiba at puno ng hamon. Ang nakalipas na taong ito ang pinakamahirap na taon ng buhay ko. Ito rin ang pinakamakabuluhan. Bilang bagong miyembro, patuloy akong nakaranas ng pagsubok araw-araw."*
>
> *Sinabi pa niya na noong maging miyembro siya ng Simbahan ay hindi siya nakadama ng suporta mula sa mga lider ng kanyang ward. Parang malamig ang bishop niya sa kanya na bagong miyembro. Dahil nadama niyang hindi siya tanggap, bumaling siya sa kanyang mission president, na nagbigay sa kanya ng mga oportunidad.*
>
> *Sabi niya "Hindi alam ng mga miyembro ng Simbahan kung ano ang pakiramdam ng bagong miyembro. . . . Kaya, halos imposible para sa kanila na malaman kung paano kami susuportahan."*
>
> *Hinahamon ko kayo mga kapatid, na kung hindi ninyo alam kung ano ang pakiramdam, sikapin ninyong alamin kung ano ito. Maaaring napakalungkot nito. Maaaring nakapanghihina ng loob. Maaaring nakakatakot. Malaki ang kaibahan nating mga miyembro ng Simbahan sa daigdig kaysa sa iniisip natin. Sinabi pa ng babaing ito: "Kapag tayong mga investigator ay naging miyembro ng Simbahan, nabibigla tayo na malaman na pumasok tayo sa talagang kakaibang daigdig, daigdig na may sariling mga tradisyon,*

Mga Tala

*kultura, at salita. Natutuklasan natin na walang tao o lugar tayong malalapitan para maging gabay natin sa ating paglalakbay sa bagong daigdig na ito. Sa una ay masaya ang paglalakbay, nakatutuwa pa nga ang mga pagkakamali natin. Ito ay unti-unting nagiging kabiguan at sa huli ang kabiguan ay napapalitan na ng galit. At sa ganitong mga oras ng kabiguan at galit tayo umaalis. Bumabalik tayo sa daigdig kung saan tayo nanggaling, kung saan kilala natin kung sino tayo, kung saan may nagawa tayong kontribusyon, at kung saan mabibigkas natin ang salita" [Ensign, Mayo 1999, 108].*

**Aktibiti: Personal na Pag-aaral o Pag-aaral ng Magkompanyon**

Basahin ang naunang kuwento. Isulat ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong sa iyong study journal, o pag-usapan ninyo ito ng kompanyon mo. Gumawa ng angkop na mga mithiin at plano.

- Ayon sa kuwentong ito, ano ang dahilan kung bakit mahirap para sa mga bagong miyembro na manatiling aktibo?
- Paano makatutulong sa mga problemang ito ang pagiging bahagi ng mga miyembro sa simula pa lang ng pagtuturo?
- Isipin ang mga tinuturuan mo. Paano mo mas magagawang bahagi ang mga miyembro para tulungan ang mga investigator na simulan ang pakikihalubilo sa Simbahan?

## Home at Visiting Teaching

Ang mga stake president at bishop, sa pakikipag-ugnayan sa mission president, ay maaaring gamitin ang mga misyonero para bisitahin ang di-gaanong aktibong miyembro at mga may kapamilyang di pa miyembro. Sa mga angkop na sitwasyon, maaaring hilingin nilang makibahagi ang full-time na mga misyonero sa home teaching at visiting teaching. Ang mga oportunidad na ito na magturo ay dapat magpalakas sa mga miyembro. Dapat nitong dagdagan ang kakayahan ng mga misyonero na magturo, at makatulong sa mga misyonero na makahanap ng mga referral (tingnan sa "Pahayag Tungkol sa Gawaing Misyonero," Liham ng Unang Panguluhan, Dis. 11, 2002).

## Makipagtulungan sa Ward Council para Mapalakas ang mga Bago at Di-gaanong Aktibong Miyembro

Ang pagtuturo at pagbibinyag sa mga investigator ay nasa pamamahala ng inyong mission president. Gayunman, ang pangangaral ng ebanghelyo ay mas susulong kapag nagtulungan at nagkaisa ang mga full-time na misyonero at mga miyembro. Maaaring madalas kayong maimbitahang dumalo sa ward council at priesthood executive committee meeting. Ang una ninyong priyoridad ay siguruhing nasa Simbahan ang inyong mga investigator. Ibig sabihin kailangang samahan ninyo sila. Kung kailangan kayong mamili kung dadalo ba kayo sa ward council o dadalhin ang isang tao sa simbahan, piliin ninyo ang huli. Sa ganitong sitwasyon, magbigay ng kopya ng Rekord sa Progreso sa ward mission leader at siguruhing nasa kanya ang lahat ng impormasyon na kailangan para sa ward council o priesthood executive committee.



© 1999 Greg K. Olsen. Sa kagandahang-loob ng Mill Pond Press. Bawal kopyahin.

Mga Tala

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Bawat bagong miyembro ay nangangailangan ng tatlong bagay:

"1. Isang kaibigan sa Simbahan na palagi niyang mababalingan, na tutulong sa kanya, na sasagot sa mga tanong niya, na uunawa sa mga problema niya.

"2. Isang tungkulin. Aktibiti ang namumukod na katangian ng Simbahang ito. Ito ang proseso kung saan tayo umuunlad. Ang pananampalataya at pagmamahal sa Panginoon ay parang kalamnan sa aking bisig. Kung gagamitin ko ito, mas lalakas ang mga ito. Kung ilalagay ko ang mga ito sa saklay, mas hihina ang mga ito. Karapatan ng bawat miyembro ang magkaroon ng isang responsibilidad. . . .

"3. Bawat convert o nabinyagan ay dapat 'mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos' (Moro. 6:4). Mahalagang mapasama siya sa mga korum ng priesthood o sa Relief Society, sa Young Women, sa Young Men, sa Sunday School, o sa Primary. Siya ay dapat hikayating pumunta sa sakrament miting para makibahagi sa sakrament, magpanibago ng mga tipang ginawa sa oras ng binyag" (*Ensign,* Mayo 1999, 106).

Ang ward council ang mangunguna sa pagbibigay ng kaibigan, tungkulin at espirituwal na pangangalaga sa mga bagong miyembro. Tutulungan ninyo sila kung hihilingin nila. Ginagawa rin ng mga lider ng priesthood at miyembro ang fellowshipping, sa tulong ninyo.

### Pakikipagkaibigan



- Bago ang binyag at kumpirmasyon, siguruhing naroon ang mga miyembro sa bawat lesson, hangga't maaari. Ang mga miyembrong ito ay dapat madalas na kasama ng mga investigator para sumagot sa kanilang mga tanong, unawain ang mga pagsubok na dumarating sa kanila, at hikayatin sila.
- Anyayahan ang mga miyembro na dumalo sa pagbibinyag at malugod na tanggapin sa ward ang mga bagong miyembro. Tinutulungan ng mga miyembro na maging komportable ang mga bagong miyembro sa iba't ibang miting ng Simbahan. Dapat ipakilala rin sila sa iba pang mga miyembro.
- Ipakilala ang mga investigator sa bishop, sa mga tagapayo niya, sa mga pangulo ng Korum ng mga elder at Relief Society, at iba pang mga lider ng ward sa lalong madaling panahon. Ipaliwanag ang mga tungkulin ng bishop at iba pang mga lider.

### Mga Oportunidad na Maglingkod

- Tulungan ang mga lalaking bagong miyembro na maunawaan at paghandaan ang pagtanggap ng Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood. Ipaliwanag na ang mga korum ng priesthood ang nagbibigay ng mga pagkakataon para matuto, sumamba, at maglingkod nang sama-sama.

Mga Tala

- Isama ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro sa mga oportunidad na maglingkod tulad ng pagtulong sa balo o sa isang taong maysakit o pakikibahagi sa mga proyektong pangkapakanan.
- Dalhin ang mga bagong miyembro sa mga consultant ng family history para makakumpleto sila ng family group record at pedigree chart. Kung may pagkakataon, tulungan silang maghandang mabinyagan sa templo para sa mga namatay nilang ninuno.
- Anyayahan ang mga bagong miyembro na ihandang mapaturuan sa mga misyonero ang mga kapamilya at kaibigan nila. Dapat humingi ang mga misyonero ng mga referral sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro.

**Pangangalaga sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos**

- Tapusin ang pagtuturo ng alituntunin sa lesson 5, "Mga Batas at Ordenansa."
- Ipaalala sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro ang mga ipinangako nilang gagawin bago sila binyagan at ang mga tipang ginawa nila noong sila ay mabinyagan at makumpirma.
- Hikayatin silang magdasal araw-araw nang sarilinan at kasama ng kanilang pamilya.
- Hikayatin silang mag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw, lalo na ang Aklat ni Mormon.
- Palakasin ang patotoo ng mga bagong miyembro tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Rebyuhin ang mga lesson na itinuro ninyo bago ang binyag at kumpirmasyon, na iniaakma ang mga imbitasyon na mangako sa kasalukuyan nilang mga pangangailangan.
- Ipagpatuloy ang pagtuturo ng kahalagahan ng pagdalo sa simbahan bawat Linggo at ang pakikibahagi ng sakrament nang karapat-dapat. Dumalo at maupo sa tabi ng mga bagong miyembro o di-gaanong aktibong miyembro.
- Imbitahin silang dumalo sa klase ng Mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa oras ng Sunday School.
- Turuan sila kung paano magdaos ng family home evening sa mga Lunes ng gabi na gamit ang *Family Home Evening Resource Book*.
- Hikayatin silang ibahagi sa iba ang ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Tulungan silang mag-enroll sa seminary o institute.
- Ipaalam sa kanila ang mga sanggunian ng Simbahan tulad ng www.mormon.org, www.lds.org, at www.familysearch.org.

**Pag-aaralang mga Banal na Kasulatan**

**Pangalagaan sa Salita ng Diyos**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 18:18–20 | Alma 31:5 | Moroni 6:4 |

**Paglilingkod**

| | | |
|---|---|---|
| Mosias 2:17 | Mateo 25:40 | Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Paglilingkod" |

Mga Tala

## Ano ang ginagampanan ng Full-Time na Mission President?

Ang mga full-time na mission president ang may hawak ng mga susi para sa pagbibinyag sa mga convert. Sa ilalim ng kanyang pangangasiwa, ang full-time na mga misyonero ay may pangunahing responsibilidad sa pagtuturo ng mga investigator. Gayunman, ang bishop ang namamahala sa progreso at pakikipagkaibigan sa mga investigator habang tinuturuan ang mga ito. Ang ward mission plan ay isinasagawa sa ilalim ng nangungulong awtoridad ng bishop. Nakikipagmiting nang regular ang mga mission president sa mga stake president para siguruhin na nakikipagtulungan ang full-time na mga misyonero sa mga lokal na lider ng priesthood. Nakikipag-coordinate siya tungkol sa mga pag-proselyte at nag-aalok ng tulong sa mga stake president sa pagbibigay ng tagubilin sa mga alituntunin at gawain ng misyonero.

## Ano ang mga Responsibilidad ng mga Lider ng Stake at Ward?

Ang mga lider ng Simbahan at mga miyembro ay inyong kapanalig. Igalang sila at sikaping bumuo ng magandang ugnayan sa kanila. Sa pakikipagtulungan ninyo sa mga lider na ito, tandaan na may iba pa silang responsibilidad na kasama sa tungkulin nila. Hangaring maging biyaya, sa halip na pasanin, sa mga lider ng stake at ward. Ang saloobin ninyo ay dapat na, "Paano tayo makatutulong?" Sumangguni sa bishop at ward mission leader tungkol sa mga plano at aktibiti ninyo. Siguruhin na ang ginagawa ninyo ay sumusuporta sa ward mission plan.

Ang mga ginagampanan ng lokal na pamumuno ng priesthood sa gawaing misyonero ay inilarawan sa ibaba. Ang pagkaunawa sa kanilang mga ginagampanan ay higit na makatutulong sa inyo sa pakikipagtulungan ninyo sa kanila.

### Stake President

Ang stake president ang namamahala sa mga bishop sa kanilang mga tungkulin sa gawaing misyonero, pagpapanatili, at pagpapaaktibo ng mga miyembro. Sa kanyang buwanang interbyu sa mga bishop, tinatalakay niya ang mga plano at progreso ng ilang investigator at miyembro. Sinisiguro niya na ang mga doktrinang kaugnay ng gawaing misyonero ay naituturo nang regular sa mga miting sa stake at ward at ang mga lider ng priesthood at iba pa ay sinasanay sa kanilang mga tungkulin sa gawaing misyonero.

Regular ding nakikipagmiting ang stake president sa mga mission president para makipag-coordinate tungkol sa mga gawaing misyonero, kasama na ang pagsasanay ng mga lider at miyembro, paggamit at pagdedestino ng full-time na mga misyonero, at pagtulong sa mga gawain sa pagpapaaktibo ng mga miyembro.

### High Councilor

Ang high councilor ay itinatalaga ng stake presidency para hikayatin ang mga gawaing misyonero, pagpapanatili, at pagpapaaktibo ng mga miyembro sa stake. Regular niyang inirereport sa stake presidency ang progreso ng gawaing ito. Tinitiyak din niya na ang mga ward mission leader ay nasanay nang wasto sa kanilang mga tungkulin, kabilang na ang paghahanda ng ward mission plan.

Mga Tala

### Bishop

Ang bishop ay responsable sa gawaing misyonero, pagpapanatili, at pagpapaaktibo ng mga miyembro sa kanyang ward. Mahalaga ang kanyang personal na partisipasyon at pamumuno. Para makatulong sa paggawa nito, tumatawag ang bishop ng karapat-dapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood para maglingkod bilang ward mission leader. Tumatawag din siya ng sapat na bilang ng mga misyonero sa ward para matugunan ang mga pangangailangan ng ward.



Ginagamit ng bishop ang kanyang priesthood executive committee at ward council para makipag-coordinate tungkol sa gawaing misyonero, pagpapanatiling aktibo, at pagpapaaktibo ng mga miyembro. Nagbibigay siya ng tagubilin sa paggawa at pagsasakatuparan ng ward mission plan.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

Magplano ng oras ng pakikipagkita sa bishop. Hingin ang kanyang gabay tungkol sa kung paano kayo makapaglilingkod nang lubos sa ward.

### Mga Lider sa Priesthood at Auxiliary

Dapat regular na rebyuhin ng mga lider ng priesthood at auxiliary ang katayuan ng mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro at magplano kung paano pinakamainam na mape-fellowship at mapalalakas sila. Dapat silang makipagtulungang mabuti sa ward mission leader para mai-coordinate ang mga gawaing misyonero, pagpapanatiling aktibo, at pagpapaaktibo ng mga miyembro, sa mga ward missionary at full-time na mga misyonero.

### Ward Mission Leader

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, ang ward mission leader ay:

- Nagpapakita ng halimbawa sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba at pag-fellowship sa mga investigator, bagong miyembro, at di-gaanong aktibong miyembro.
- Nakikipag-coordinate tungkol sa gawain ng mga ward missionary at full-time na mga misyonero sa mga lider ng priesthood, lider ng auxiliary, at mga miyembro.
- Ginagamit ang Rekord sa Progreso, Convert Action List, at ang Bishopric Action at Interview List para rebyuhin ang progreso ng mga investigator, bagong miyembro, at di-gaanong aktibong miyembro sa priesthood executive committee at mga ward council meeting.
- Nangangasiwa ng lingguhang missionary coordination meeting.
- Nag-oorganisa sa ward ng serbisyo sa binyag ng convert, katulong ng full-time na mga misyonero. Isang miyembro ng bishopric o ward mission leader ang kadalasang nangangasiwa sa mga serbisyong ito.

Mga Tala

Ang ward misssion leader ay naglilingkod din sa ward priesthood executive committee, ward council, at ward welfare committee at dumadalo sa stake priesthood leadership meeting.

### Mga Ward Missionary

Ang karapat-dapat na mga kapatid ay tinatawag bilang mga ward missionary. Sila ay nasa ilalim ng pamamahala ng ward mission leader.

Ang mga ward missionary ay naghahanap, nagpe-fellowship, at nagtuturo sa mga investigator. Nagtuturo at nagpe-fellowship din sila sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro.

Ang ward missionary na nagtataglay ng Melchizedek Priesthood ay maaaring matawag bilang assistant ward mission leader.

### Koordinasyon ng Misyonero

Ang gawaing misyonero ng ward ay karaniwang kinokoordena sa priesthood executive committee at sa ward council meeting sa pamamagitan ng paggamit ng Rekord sa Progreso, na ibinibigay ng full-time na mga misyonero. Ang layunin ng misyonero sa mga miting na ito ay magreport, magplano, at i-coordinate ang mga asaynment na maghanap ng tuturuan, magturo, mag-fellowship, at magpaaktibo na nakasaad sa sumusunod na mga talata.

*Paghahanap ng mga Tuturuan*. Tinatalakay ng priesthood executive committee at ward council ang mga plano para sa paghahanda ng partikular na mga tao na tuturuan ng full-time na mga misyonero. Tinatalakay nila ang progreso ng partikular na miyembro ng ward sa paghahanda sa mga indibiduwal at pamilya para sa mga lesson ng misyonero.

*Pagtuturo at Pagbibinyag*. Nirerebyu ng priesthood executive committee at ward council ang Rekord sa Progreso bawat linggo, na nagsasaad ng progreso ng bawat taong tinuturuan ng full-time na mga misyonero. Kinokoordena rin nila ang mga plano sa pagtuturo sa mga tahanan ng miyembro, pag-fellowship sa mga investigator, at sinisiguro ang partisipasyon ng miyembro sa mga pagbibinyag.

*Pag-fellowship at Pagtuturo sa mga Bagong Miyembro*. Nirerebyu ng priesthood executive committee at ang ward council ang Convert Action List para masubaybayan ang progreso ng bawat bagong miyembro. Pinag-uusapan din nila kung paano mag-fellowship ng mga bagong miyembro. Nagrerekomenda sila ng maaaring maging tungkulin ng mga bagong miyembro kung hihilingin ng bishop.

*Pag-fellowship at Pagtuturo sa mga Di-gaanong Aktibong Miyembro*. Kinokoordena ng priesthood executive committee at ward council ang gawaing pagpapaaktibo ng mga korum ng priesthood at full-time na mga misyonero. Nagpaplano rin sila kung paano i-fellowship ang mga di-gaanong aktibong miyembro, lalo na sa pamamagitan ng pag-imbita sa mga miting at aktibiti sa Simbahan.

### Karagdagang Koordinasyon sa Ward Mission Leader

Ang gawaing misyonero sa ward ay karaniwang kinokoordena sa mga priesthood executive committee at ward council meeting. Kung kailangan ang karagdagang koordinasyon, maaaring magdaos ang ward mission leader ng mga coordination meeting ng mga miyembro sa full-time na mga misyonero. Ang iba pang maaaring imbitahang dumalo sa miting na ito ay ang mga ward missionary, assistant mula sa grupo ng pamunuan ng mga high priest, tagapayo mula sa panguluhan ng korum ng mga elder, at tagapayo mula sa panguluhan ng Relief Society.

Mga Tala

Maaaring rebyuhin at ireport ng mga dumadalo sa miting ang mga asaynment at mithiin mula sa nakaraang miting at talakayin ang mga plano para sa susunod na linggo. Kung kailangan, maaari din nilang i-coordinate ang mga asaynment ng mga ward missionary na kasa-kasama ng full-time na mga misyonero. Pag-usapan nila kung paano gagawing mas epektibo ang pinagsamang pagsisikap ng mga ward missionary at ng full-time na mga misyonero.

### Ward Mission Plan

Maraming ward ang nakatuklas na ang pagbuo ng ward mission plan ay nagpapasulong sa gawaing misyonero ng ward. Maaaring isama sa planong ito ang mga mithiin, gawain, at aktibiti para tulungan ang mga miyembro ng ward na makapag-imbita sa mga tao na pakinggan ang ebanghelyo. Nakikinabang din ang mga indibiduwal at pamilya kapag buo ang planong ito dahil ito ang gabay nila sa gawaing misyonero.

Kailangang gamitin din ng mga miyembro ang bawat marangal na pamamaraan para makahanap ng mga taong handang makinig sa mensahe ng Panunumbalik. Kailangan nilang bigyang-diin ang paghahanap ng mga ama, ina, at mga anak na papasok sa simbahan bilang pamilya. Narito ang ilang mungkahing isasaisip habang bumubuo ng mission plan.

- Ipanalangin na ihanda ng Panginoon ang puso ng partikular na mga tao para pakinggan ang ebanghelyo. Ipanalangin din na maging sensitibo sa iba na Kanyang inihahanda (tingnan din sa Alma 6:6). "Magiging dakila ang araw na ito," ang turo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "[kung kailan] di lang ipagdarasal ng ating mga miyembro ang mga misyonero sa buong mundo, kundi hihilingin pa nila sa Panginoon na tulungan silang alalayan ang mga misyonerong nagsisikap sa sarili nilang ward" ("Paglilingkod ng Misyonero," *Unang Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Ene. 2003, 22).
- Alamin ang mga oportunidad kung saan makakahalubilo ninyo ang iba. Maging mabuting kapitbahay at mahalin ang lahat ng tao.
- Imbitahin ang mga kaibigan at kapitbahay na maglingkod na kasama ang mga miyembro sa mga bagay na tulad ng pagbibigay ng serbisyong pangkomunidad, pagbibigay ng pagkain sa mga nangangailangan, pagtuturo ng maiikling klase sa enrichment meeting ng Relief Society, pagtulong sa mga aktibiti ng ward, pagtulong sa mga taong naglilipat, pagtulong sa iskawting, at pagtulong sa mga proyekto ng family history o welfare.
- Imbitahin ang mga kamag-anak na di miyembro, kaibigan, at kapitbahay sa binyag, kumpirmasyon, at mga ordenasyon sa priesthood.
- Imbitahin ang mga di miyembro na tumulong sa mga espesyal na okasyon tulad ng, pagpapakain kapag may pista-opisyal.
- Bumuo ng mga miting, aktibidad, fireside, at open house ng ward na ganoon ang kalidad at interes para lalong gustuhin ng mga miyembro na mag-imbita ng kasamang dadalo.
- Imbitahan ang mga tao sa mga family home evening.
- Bisitahin ang mga taong nakakaranas ng mga pagbabago sa kanilang buhay, tulad ng, pag-aasawa, panganganak, o kamatayan.
- Bisitahin at tulungan ang mga tao na naglilipat sa lugar ninyo. Magbahagi ng impormasyon tungkol sa komunidad, kapitbahayan, at sa Simbahan.

Mga Tala

- Samantalahin ang bawat oportunidad na magsalita tungkol sa ebanghelyo. Pag-usapan ang mga paksa tungkol sa Tagapagligtas, sa Aklat ni Mormon, sa Biblia, sa layunin ng buhay, sa pamilya, at family history.
- Hikayatin ang mga kabataan na kaibiganin ang ibang kabataan at imbitahin sila sa mga miting at aktibiti sa Simbahan.
- Makipagtulungan sa mga miyembro na may kapamilyang di pa miyembro ng Simbahan.
- Magplano ng espirituwal na nakapagpapasiglang sakrament miting.

**Aktibiti: Pag-aaral ng Magkompanyon**

- Kasama ang kompanyon mo, basahin at pag-usapan ang mga pahina 34–37 ng *True to the Faith*, "Church Administration."
- Ibahagi sa kompanyon mo at isulat sa iyong study journal ang natutuhan mo.
- Pag-isipan kung paano maiimpluwensiyahan ng mga nalaman ninyo ang paraan ng pakikipagtulungan ninyo sa mga lider ng Simbahan.

## Ang Matibay na Pangakong Manatiling Aktibo sa Simbahan

May malaking epekto ang gawaing misyonero kapag ginagawa at tinutupad ng mga tao ang pangakong manatiling aktibo sa Simbahan sa habambuhay. Hindi sapat na pumunta ang mga tao sa Simbahan. Kailangan silang maging miyembro at manatiling aktibo. Lahat ng itinuturo at pag-iimbita ninyo ay dapat humantong sa layuning ito. Para matanggap ang lahat ng biyaya na inilaan sa kanila ng ating Ama sa langit, dapat patuloy na ipamuhay ng mga miyembro ang ebanghelyo at maging aktibo sa Simbahan.

Itinuro ni Nephi: "At ngayon, mga minamahal kong kapatid, matapos na kayo ay mapasa makipot at makitid na landas, itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; . . . kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo . . . at magtiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31: 19–20).

Ibigay ang lahat ng makakaya ninyo para tulungang maging karapat-dapat ang mga tao para sa "buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos" (D at T 14:7).

**Isaisip Ito**

- Bumuo ng matatag na ugnayan sa mga bishop at miyembro ng ward council.
- Makibahagi sa angkop na mga paraan tuwing priesthood executive committee at ward council executive meeting.
- Maging handang maglingkod sa ward council. Kapag hiningan kayo ng tulong ng mga miyembro ng council:
  - Maging handa na i-fellowship ang mga convert at di-gaanong aktibong miyembro, tulungan sila sa kanilang mga tungkulin at mga oportunidad na maglingkod, at muling ituro ang mga lesson ng misyonero.
  - Kasama ang mga miyembro, ituro sa mga bagong miyembro ang lesson na "Mga Batas at Ordenansa."

# Mga Ideyang Pag-aaralan at Isasagawa

Mga Tala

## Personal na Pag-aaral

- Gamit ang iyong daily planner, magplanong makipag-usap sa mga bagong miyembro at mga miyembrong bago pa lang napapaaktibo tungkol sa mga pagbabago ng kanilang buhay at pagdalo sa simbahan. Ano ang nakatulong sa kanila nang lubos? Sa iyong study journal, isulat ang naisip mo tungkol sa kanilang karanasan. Ano ang natutuhan mo na makatutulong sa pagtuturo mo sa mga investigator ninyo sa kasalukuyan.

- Pag-aralan ang 2 Nephi 31:18–20; Alma 26:1–7 at 32:32–43; at Moroni 6. Isulat ang natutuhan mo mula sa mga talatang ito tungkol sa pagpapalakas sa mga bagong miyembro.

## Pag-aaral ng Magkompanyon

- Sa ward council meeting, itanong sa bishop kung mayroong di-gaanong aktibong miyembro sa area ninyo na gusto niyang bisitahin ninyo sa linggong ito. Sa pagbisita ninyo sa mga di-gaanong aktibong miyembro, hangaring palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Hingan sila ng mga referral.

- Pag-aralan ang I Mga Taga Corinto 3:2; Sa Mga Hebreo 5:12; at Doktrina at mga Tipan 19:22. Ano ang tinutukoy na gatas dito? Ano ang karne? Ikumpara ang inyong sagot sa mga doktrina sa kabanatang, “Ano ang Pag-aaralan Ko at Ituturo?” Bakit dapat kayong magbigay ng gatas at karne sa tamang pagkakasunud-sunod at tamang dami? Paano ninyo gagawin iyon?

- Basahin ang sumusunod na sipi, kung saan inilarawan ni Pangulong Joseph F. Smith ang nadama niya noong siya’y binyagan:

  “Ang nadama ko ay dalisay na kapayapaan, pagmamahal, at liwanag. Nadama ko sa aking kalooban na nagkasala ako—at tunay ngang nagkasala ako—na ito’y pinatawad na; na totoong nalinis ako mula sa kasalanan. Naantig ang puso ko, at nadama ko na hindi ko magagawang saktan ang kahit na pinakamaliit na insekto sa aking talampakan. Nadama ko na parang gusto kong gumawa ng mabuti saanman, kaninuman, at sa lahat ng bagay. Nakadama ako ng paninibago ng buhay, panibagong hangaring gawin kung ano ang tama. Walang naiwan ni katiting na hangaring gumawa ng masama sa kalooban ko. . . . Ito ang nadama ko, at alam kong iyon ay mula sa Diyos. Ito ay naging at nanatiling buhay na patotoo sa akin ng pagtanggap ko sa Panginoon” (*Gospel Doctrine,* ikalimang edisyon [1939], 96).

  Ngayon basahin ang sinabi ni Pangulong Smith tungkol sa nadama niya matagal nang panahon mula nang binyagan siya.

  “Ah! kung magagawa ko lang na taglayin ang gayunding damdamin at hangarin sa aking puso sa bawat sandali ng buhay ko mula [sa araw na ako’y binyagan] hanggang sa ngayon. Ngunit marami sa atin na nakatanggap ng patotoong iyon, ng bagong pagsilang na iyon, ng gayunding pagbabago ng puso, bagama’t tayo ay nagkamali sa paghusga o nakagawa ng maraming pagkakamali, at siguro madalas ay hindi lubos na nakasunod sa tunay na mga pamantayan sa ating buhay, ay pinagsisihan ang kasalanan. Lagi nating hinihingi ang kapatawaran ng Panginoon; upang hanggang sa araw na ito ang hangarin at layuning iyon na pumuno sa ating kaluluwa nang tayo ay binyagan at matanggap ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, ay nanatili pa rin sa ating mga puso, at siya pa ring nangingibabaw na damdamin at bugso ng ating kaluluwa” (*Gospel Doctrine,* 96).

  – Ano ang personal mong natutuhan mula kay Pangulong Smith tungkol sa iyong sariling patotoo at pangakong ipamuhay ang ebanghelyo?

  – Ano ang natutuhan mo tungkol sa mga problema na kinakaharap ng mga bagong miyembro, kahit ng mga magiging propeta, matapos ang binyag?

Mga Tala

- Habang iniisip ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro, ano ang magagawa mo para tulungan silang maibalik ang "hangarin at layunin" na dating nasa kanila?

### Mga District Meeting at Zone Conference

- Imbitahan ang bishop na magsalita tungkol sa mga alalahanin nila sa mga di-gaanong aktibong miyembro at mga bagong miyembro. Sabihin sa kanya na bigyang-diin kung paano makatutulong ang mga misyonero sa mga alalahaning ito.
- Talakayin ang mga talinghaga ng nawawalang tupa, nawawalang [putol ng pilak] barya, at ang alibughang anak (tingnan sa Lucas 15).

### Mission President

- Makipagtulungan sa lokal na mga lider ng priesthood para hikayatin silang tulungan ang mga bagong miyembro na:
  - Maordena sa priesthood.
  - Tumanggap ng mga home teacher.
  - Ihanda ang pangalan ng mga ninuno na madadala sa templo at magsagawa ng binyag para sa mga patay.
  - Matanggap ang lesson tungkol sa "Mga Batas at Ordenansa" na kasama ang mga home teacher.
- Turuan ang mga lokal na lider kung paano gamitin ang mga misyonero sa ward council.
- Ituro sa mga lokal na lider ang layunin at gamit ng Rekord sa Progreso.
- Hilingin paminsan-minsan sa mga misyonero na ipakita sa iyo ang kopya ng kanilang Rekord sa Progreso.
- Subaybayan paminsan-minsan ang mga bagong miyembro para kumustahin sila at kung paano sila matutulungan ng mga misyonero at miyembro.
- Imbitahan ang mga lider ng stake o ward na magsalita sa iyong mga misyonero para ipaliwanag kung paano pinakamainam na makatutulong ang mga misyonero.
- Imbitahin ang mga bagong miyembro na makipag-usap sa mga misyonero at ibahagi ang kanilang mga karanasan bilang mga bagong miyembro ng Simbahan.
- Paminsan-minsan ay ipabahagi sa mga miyembro na na-convert ang karanasan nila bilang convert sa zone conference.

## A

Aaronic Priesthood, ibinalik, 40
Aborsiyon o pagpapalaglag, at pagiging karapat-dapat sa binyag, 238
Aklat ni Mormon, mga sagot sa mga katanungan ng kaluluwa, 121–122
  basahin, para matutuhan ang wikang gamit sa misyon, 150
  bilang saligang bato, 117–118
  ebidensya ng kabanalan ni Jesucristo, 117
  ebidensya ng Panunumbalik, 8, 41–42, 117
  layunin ng, 41
  naglalapit sa mga tao sa Diyos, 123
  nagpapatotoo kay Jesucristo, 119–120
  paano basahin, sa mga investigator, 125–126
  paano gamitin, 124–125
  sumusuporta sa Biblia, 120
Aktibiti patungkol sa katangian, ebalwasyon ng sarili, 144
Alalahanin, kailangang lutasin ang [alalahanin] ng mga investigator, 213
Ama sa Langit, 33–34, 52
Ama, tungkulin ng, 94–95
Apostasiya, ipinaliwanag, 35
  ang Malawakang, 37–39
Araw ng Sabbath, pagpapanatili sa, banal, 82
Area book, inilarawan, 158–160
  gamitin sa paghahanap ng mga dating investigator, 189
Awa o habag, ibig sabihin, 77
Awtoridad, ng misyonero, 4–5
  Ibinalik, 39
  Priesthood, nawala, 37
Ayuno, batas ng, 89

## B

Babala, sa pagtanggap ng paghahayag, 110–111
Bagong miyembro, bilang pinagmumulan ng mga investigator, 185
  misyonero ang dapat mag-fellowship, 240
  tumatanggap ng mga lesson, 31
  pagpapalakas, 245–246
  muling tatanggap ng mga lesson, 240–241
Ballard, M. Russell, tungkol sa mga mithiin, 166
  tungkol sa kapangyarihan ng Espiritu, 103
Banal na Espiritu ng Pangako, 101–102
Banal na kasulatan, pagmamarka, 27
  gamit ng, sa pagtuturo, 205–207
Batas at ordenansa, kasunod ng binyag, 91
  paano pag-aralan, 92
  paano ituro ang tungkol, 91
Batas ng lupain, sundin at igalang, 90
Batas, sundin at igalang, 90
Benson, Ezra Taft, sa pagsagot sa mga tanong gamit ang Aklat ni Mormon, 123–124
  tungkol sa Aklat ni Mormon bilang saligang bato, 118
  tungkol sa malalaking katanungan ng kaluluwa, 121–122
  tungkol sa kahalagahan ng Espiritu, 200
  tungkol sa paghahatid ng ebanghelyo sa daigdig, 2
  tungkol sa paggawa, 139
Biblia, sumusuporta sa Aklat ni Mormon, 120
Binyag at kumpirmasyon, 10, 83
  tanong at sagot tungkol sa, 237–238
  rekord o talaan, 239
Binyag, imbitasyon sa, 43, 73
  hindi kailangan sa maliliit na bata, 71
  kailangan para maging miyembro ng Simbahan, 70
  kwalipikasyon para sa, 234
  ng apoy, 72
  ng kwalipikadong mga bibinyagan, 237–238
  paghahanda para sa, 233–235
  unang tipan natin, 70–71
Binyag para sa mga patay, 95–96
Bishop, 170
  at gawaing misyonero, 184
  nangangasiwa sa mga gawaing misyonero sa ward, 246
  tungkulin ng misyonero, 251
Biyaya, at mga pangako, 226–227
Biyaya, ipinaliwanag, 77
Buddha (Gotama), 50
Buhay bago ang buhay sa mundo, 52
  ibig sabihin, 64
Buhay na walang hanggan, ibig sabihin, 77
Buhay sa lupa, 55
Buod ng Report sa Pagbisita, inilarawan ang form, 163

## C

Cabrera, Victor Manuel, kuwento ng conversion, 179–180
Calvin, John, 49
Cristo, Liwanag ni. *Tingnan sa* Liwanag ni Cristo
Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo
Confucius, 50
Conversion o pagbabalik-loob, papel ng misyonero sa, 103
  papel ng Espiritu sa, 103
Convert baptism, ibig sabihin, 237

## D

Daigdig ng espiritu, 57
Daily Planner ng Misyonero, ibig sabihin, 163–64
Dating mga investigator, bilang pinagmumulan ng mga taong matuturuan, 189
Di-gaanong aktibong mga miyembro, pinagmumulan ng mga investigator, 185
  pagpapalakas, 245–46
Dispensasyon, ibig sabihin, 35
Dispensasyon, 35–36
District meeting, at pag-aaral, viii
  layunin, ix
Diyos Ama, nagpakita kay Joseph Smith, 40
Diyos, angkop na pagsamba sa, 85
Diyos, ating Ama sa Langit, 33–34, 52
Diyos, pagtuturo sa mga di-Kristiyano tungkol sa, 34
Diyus-diyosan, 85

## E

Ebanghelyo ni Jesucristo. *Tingnan sa* Ebanghelyo
Ebanghelyo, 66–73
  nagpapala sa mga pamilya, 3, 34
  ibig sabihin, 6–7, 78
  tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao, 1–2
  layunin ng, 7
  Panunumbalik ng, 39–41
Endowment, 95–96
Espiritu ni Elijah, 187–89

Espiritu, kapangyarihan ng, sa conversion o pagbabalik-loob, 101–102
mga panghihikayat, 107–108
dapat gumabay sa pagtuturo, 200–201
pagtuturo sa pamamagitan ng, 3
Espiritu Santo, kaloob na, 101
kapangyarihan ng, 101
pagkatuto sa pamamagitan ng, 20–21
personahe ng, 101

F

Family history center, bilang pinagmumulan ng mga investigator, 187
Family history, bilang pinagmumulan ng mga investigator, 187–189
Family home evening, 95
Faust, James E., tungkol sa pag-asa, 134
tungkol sa malinaw na pagtuturo, 207
Fellowship, ng mga bagong miyembro, 240
Follow up, at pangako, 229–230

G

Gawaing misyonero, dapat gawin ng mga miyembro, 93–94
Gawain sa family history, 95–96
Genealogy, bilang pinagmumulan ng mga investigator, 187–189
Ginagampanan ng misyonero sa conversion o pagbabalik-loob, 103
Gumawa ng mabuti, 191–192

H

Halamanan ng Eden, 54
Hinckley, Gordon B., gagawing matatag ng mga misyonero ang mga nabinyagan sa Simbahan, 246
tungkol sa mga miyembrong tumutulong sa mga misyonero, 183–185
tungkol sa mga panalangin ng misyonero, 105
tungkol sa mga pangangailangan ng mga bagong binyag, 247–249
tungkol sa may panalanging pagbabasa ng Aklat ni Mormon, 123
tungkol sa pagkilala sa Espiritu, 107
tungkol sa paglilingkod, 192
tungkol sa pagpapanatiling aktibo ng nabinyagan, 245
tungkol sa pananampalataya at panalangin, 104
Holland, Jeffrey R., tungkol sa pagkatuto sa wika, 146
sa pakikinig, 210–211
sa pagtuturo nang may kapangyarihan, 9–10
Home teaching, 247
Homoseksuwal na pakikipagrelasyon, at pagiging karapat-dapat sa binyag, 238
Hunter, Howard W., tungkol sa pagkilala sa Espiritu, 110

I

Iceberg, ang mga problema ay tulad ng, 213
Ideya sa pag-aaral at aplikasyon, paano gamitin, xi
Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, 40
Ikapu, batas ng, 88
Ikapu at mga handog, pagbibigay ng, 90
Imbentaryo ng magkompanyon, 170
Imbitasyon na mangako, 223–224
Imortalidad, ipinaliwanag, 64
ipinaliwanag, 58
Ina, tungkulin ng, 94
Ingles, kailangang pag-aralan, 146
Interbyu sa binyag, paano isasagawa, 235–238
ihanda ang mga investigator para sa, 234–235
sino ang nagsasagawa, 237
tanong, 236
Investigator, ihahanda ng mga misyonero, para sa interbyu sa binyag, 234–235
magbabasa ng Aklat ni Mormon, 125–126
pagtatakda ng mga mithiin para, 166–171
Iskedyul. *Tingnan sa* Iskedyul sa araw-araw ng misyonero
Iskedyul ng misyonero sa araw-araw, viii
Itatag ang Simbahan, 178

J

Jesucristo, nagpakita kay Joseph Smith, 40
bilang Manunubos, 56–57, 66–67
ministeryo sa lupa ni, 36–37
Pagbabayad-sala ni. *Tingnan sa* Pagbabayad-sala
pagtulong sa mga tao na malaman ang tungkol kay, 51–52

K

Kaalaman, 136–137
Kababaang-loob o pagpapakumbaba, 138
Kabaitan, 136
Kabiguan, 12–13
Kadakilaan, 58
ibig sabihin, 64
Kahariang Selestiyal, 58
Kahariang Telestiyal, 58
Kahariang Terestriyal, 59
Kaharian ng kaluwalhatian, mga, 58
Kahon ng impormasyon, sa “Mangaral ng Aking Ebanghelyo,” x–xi
Kahulugan, ng di-pamilyar na mga salita, 24
Kalinisang-puri, batas ng, 86
Kaligtasan, maaaring makamit ng lahat, 95–96
ibig sabihin, 64
plano ng, 51–59
Kaloob na Espiritu Santo, 72, 101
Kaloob na mga wika, 152
Kaloob ng Espiritu, 101
Kamatayang espirituwal, ipinaliwanag, 64
Kamatayang pisikal, ipinaliwanag, 65
Karapatang pumili, 53, 54
Kasalanan, batay sa pananaw ng iba’t ibang kultura, 67
Kasal na walang hanggan, 94
Katangian, paano pag-aaralan, 132
ni Cristo, 131
Katangiang tulad ng kay Cristo, mga kaloob ng Diyos, 131
paano magtataglay, 140
kailangang magkaroon, 131
Katanungan ng kaluluwa, at Aklat ni Mormon, 121–122
Katungkulan sa Simbahan, 96
*Tingnan din sa* Tungkulin ng misyonero
Kautusan, mga, 79–90
paano ituturo ang tungkol sa, 79–80
paano pag-aaralan, 80

Key indicator, ipinaliwanag, 156–157
pagtatakda ng mga mithiin para sa, 166
para sa binyag o conversion, 156–157
Kimball, Spencer W., tungkol sa gawaing misyonero at gawain sa templo, 187
tungkol sa pagbubukod o pag-set-apart, 4
Koordinasyon ng misyonero, 219
Kultura, kailangang matutuhan, 151
Kumpirmasyon, 72
ibig sabihin, 78
paano isagawa, 240
paghahanda para sa, 233–235
*Tingnan din sa* Binyag at kumpirmasyon

## L

Layunin, bilang isang misyonero, 1
Layunin ng misyonero, maging kinatawan ni Jesucristo, 2
Lee, Harold B., tungkol sa kahalagahan ng mga pamilya, 3
tungkol sa pagtuturo para sa pagkaunawa, 220
Lesson, para sa mga bagong miyembro, 31
gagamitin sa pag-aaral at sa pagsasanay o training, 31
na ituturo sa mga investigator, 31
Lider ng auxiliary, mga tungkulin ng, 251
Lider ng Priesthood, tungkulin ng, 251
Lider ng stake, at gawaing misyonero, 245
mga tungkulin ng, 250
Lider ng ward, at gawaing misyonero, 245
tungkulin ng, 250
Lingguhang pagpaplano, paano gaganapin, 167–172
Lingguhang Report ng Misyonero, inilarawan ang form, 165
Liwanag ni Cristo, 100
Luther, Martin, 49

## M

Mabigat na krimen, at pagiging karapat-dapat sa binyag, 238
"Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo, Ang" 3, 94–95
Maging malinis mula sa kasalanan, 2, 5–6, 66–67
Magtiis hanggang wakas, 73, 98
ibig sabihin, 78
*"Mangaral ng Aking Ebanghelyo,"* gamit ng mga misyonero at lider ng ward, xi
paano gamitin, vii
Maxwell, Neal A., tungkol sa pag-asa, 135
Melchizedek Priesthood, ibinalik, 40
Mensahe ng Panunumbalik, 33
at mga pamilya, 182–183
ipinaliwanag, 8–9
Mensahe ng Unang Panguluhan, v
Mga aklat na para sa mga misyonero, ix
Mga batang menor-de-edad, at binyag, 237
Mission president, mga tungkulin ng, 250
Mithiin, at lingguhang pagpaplano, 167–172
paano magtatakda, 166
Miyembro, takot na gawin ang gawaing misyonero, 184
paano tutulong, sa gawaing misyonero, 185–186
tumulong sa paghahanap ng mga investigator, 183–186
Mohammed, 50
Monson, Thomas S., tungkol sa pagbibigay ng patotoo, 227
tungkol sa pagsukat ng nagawa, 171
tungkol sa pagtitiyaga, 137
tungkol sa pagtuturo na may kasamang mga miyembro, 204
tungkol sa wika ng Espiritu, 152
Mortalidad, 55
ibig sabihin, 64
layunin ng, 33–34

## N

Natiwalag na mga miyembro, kung bibinyagan, 237

## O

Oaks, Dallin H., tungkol sa pag-imbita sa iba na lumapit kay Cristo, 10–11
Ordenansa, ibig sabihin, 70

## P

Pablo, kuwento ng conversion sa pamamagitan ng paglilingkod, 192–193
Packer, Boyd K., tungkol sa binyag sa pamamagitan ng tubig at apoy, 10
tungkol sa Espiritu sa conversion o pagbabalik-loob, 102
tungkol sa kung paano nababago ng pag-aaral ang pag-uugali, 21
tungkol sa nakapagpapalakas na kapangyarihan ng Aklat ni Mormon, 123
tungkol sa liwanag ni Cristo, 100
tungkol sa mga espirituwal na karanasan, 111
tungkol sa pagpokus sa mga espirituwal na bagay, 114
tungkol sa pagkilala sa Espiritu, 107, 111
Pag-aaral ng magkompanyon, layunin, ix
iskedyul, viii
Pag-aaral, inaprubahang mga sanggunian sa, 26
bilang paghahanda sa pagtuturo, 21–24
epektibo, 19–20
mungkahi sa epektibong, 24–27
patnubay para sa, 22–23
simulan sa panalangin, 19, 24
Pag-aaral ng banal na kasulatan, isang kautusan, 82
Pag-asa, 134
Pagbabayad-sala, 33–35, 36–37, 52–53, 56–57, 66–67
ibig sabihin, 64
Paghahanap, at pagtuturo, 181–182
kasama ang mga miyembro, 183–85
sa pamamagitan ng Espiritu, 178
Paggaling mula sa adiksyon o pagkalulong, 214–216
Paggamit ng oras, epektibong, 155
Paghahanap ng mga investigator, mga mungkahi sa, 190–191
Paghahanap ng mga taong tuturuan, 177
Paghahayag, personal, 99–100
Paghuhukom, ipinaliwanag, 64
ang huling, 58
Pag-ibig o pagmamahal, 135
Pag-ibig sa kapwa, 135
Pagkabuhay na mag-uli, 58
ibig sabihin, 56, 65

Pagkatuto, isang proseso ng pagtanggap ng paghahayag, 20–21
bilang miyembro ng Simbahan, 97
sa pamamagitan ng Espiritu Santo, 20–21
Paglikha ng mundo, 53
Paglilingkod, bilang miyembro ng Simbahan, 96
bilang pinagmumulan sa paghahanap ng mga investigator, 191–192
Pagkatuto ng wika, at gramatika, 148
alituntunin ng, 147
at pagsasaulo o pagkabisa, 147
mithiin, 147
plano sa pag-aaral, 147–150
kagamitan para sa, 147–148
kasama ang mga kompanyon, 150–151
Pagmamarka sa mga banal na kasulatan, 27
Pagpaplano sa araw-araw, 170–171
Pagsasauli, ibig sabihin, 78
Pagsasaulo o pagkabisa, at pagtuturo, vii
Pagsisisi, 69, 214–216
at pangako, 223
Pagsunod, 140
isang kautusan, 80
Pagsunod sa propeta, 84–85
Pagtatakda ng mithiin, 156
Pagtatatag ng Simbahan, 11–12
Pagtubos, ipinaliwanag, 65
Pagsalungat, paano sagutin, gamit ang Aklat ni Mormon, 123–124
Pagtuturo, mag-adjust o ibagay para matugunan ang mga pangangailangan, 202
ang ebanghelyo bilang misyonero, 199
at paghahanap, 181
at pakikinig, 210–211
at pagsasaulo o pagkabisa, vii
haba ng mga appointment, 202
haba ng mga lesson, vii
kasama ang kompanyon, 203
kasama ang mga miyembro, 204
mga taong walang alam tungkol kay Cristo, 217–218
paano simulan, 200–202
payo ng Unang Panguluhan sa, 200
sa isang katungkulan sa Simbahan, 97
sa pamamagitan ng Espiritu, 3–4
sa pamamagitan ng mga tanong, 208–210
sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, 205–206
Pahayag ng propeta tungkol sa gawaing misyonero, 13–15
Pakikinig, para mapagbuti ang mga kasanayan sa wika, 149
gamit ng, sa pagtuturo, 210–211
Pakikipag-usap, mga ideya sa, sa iba, 179
kagamitan sa paghahanap, 179–181
Pamilya ng Diyos, 33–34, 177–178
Pamilya, layunin ng, 94–95
Pananagutan, 171–172
Panalangin, isang kautusan, 81
at pananampalataya, sa conversion, 104–106
mungkahi para sa, 105–106
paano mag-alay, 42
paraan para malaman ang katotohanan, 42
papel ng, 42
sukatan ng ebalwasyon, 106–107
Pananampalataya, at paghahanap ng mga taong tuturuan, 177
at panalangin, 104–106
kay Jesucristo, 68, 133
Pagkahulog nina Adan at Eva, 54
ibig sabihin, 65
Pamilya, pinagpala ng ebanghelyo, 34
pinagpapala ng ibinalik na ebanghelyo, 3
pagtuturo tungkol sa kahalagahan ng, 182
Pangako, at mga pagpapala, 226
at magtanong, 226
at mag-follow up, 229
dagdagan ang pananampalataya, 224
mahalagang bahagi ng pagsisisi, 223
Pangako, layunin ng, 9–10
Pangulo ng Simbahan, tungkol sa gawaing misyonero, 13–15
Panunumbalik, mensahe ng, ipinaliwanag, 8–9
ng ebanghelyo, 39–40
Pasensya o pagtitiyaga, 137
Patotoo, madalas ibigay, 227–228
Perry, L. Tom, tungkol sa pagsunod, 140
Personal na paghahayag, 99–100
Personal na pag-aaral, layunin, viii–ix
iskedyul, viii
Piramide ng impormasyon, 158
Plano ng kaligtasan, 51–59
tsart, 59
Potensyal na mga Investigator, inilarawan ang form, 162
Priesthood at mga auxiliary, 92
Priesthood, Aaronic, 92
ibig sabihin, 35
Melchizedek, 92–93
panunumbalik ng, 40, 92–93
Primary, organisasyon, 93
Propeta, ipinaliwanag, 37
papel ng, 35–36
Prospective na mga elder, bilang pinagmumulan ng mga investigator, 185
Punungkahoy ng buhay, aktibiti, 2

**R**

Referral, gabay sa pakikipagtulungan sa, 186
Referral mula sa headquarter ng Simbahan, 186
Referral ng media, 186
Rekord ng Pagtuturo, inilarawan ang form, 160–161
Rekord, para sa binyag at kumpirmasyon, 239
Rekord sa Progreso, inilarawan ang form, 161–162
Repormasyon o pagbabago, 37–38
Repormista, mga, 49
Reincarnation, at pagkabuhay na mag-uli, 58
Relief Society, 93

**S**

Sakrament, 71
Sampung Utos, pagsunod sa, 85–86
Schultz, Frank at Mildred, kuwento ng conversion o pagbabalik-loob, 188
Serbisyo sa binyag, paano isasagawa, 239–240
Sigasig, 137
Smith, Hyrum, tungkol sa pagtuturo ng mga unang alituntunin, 7
Smith, Joseph, at ang Unang Pangitain, 40
at ang Panunumbalik, 39–40
tungkol sa binyag sa pamamagitan ng tubig at Espiritu Santo, 10
tungkol sa Aklat ni Mormon bilang saligang bato, 118
tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo, 183

tungkol sa pag-asa sa Espiritu, 109–110
tungkol sa pagtuturo ng lahat ng makukuha, 179
tungkol sa kaloob na Espiritu Santo, 101
tungkol sa pangangailangan ng paghahayag, 99
Smith, Joseph F., sa damdamin nang siya ay binyagan, 255
Sniders, kuwento tungkol sa, 128
Stake high councilor, mga tungkulin ng, 250
Stake president, mga tungkulin ng, 250
Study journal, ipinaliwanag, x

**T**

Tagumpay, ipinaliwanag, 12–13
Tagumpay ng misyonero, 12–13
Tanong, at pangako, 226
paano sagutin, gamit ang Aklat ni Mormon, 123–124
gamit ng, sa pagtuturo, 208–210
Taylor, John, tungkol sa pagtuturo nang simple, 207
Tipan, ibig sabihin, 78
ipinaliwanag, 70
Templo, pagsamba sa, 95–96
*True to the Faith,* 24
Tungkulin, ituro ang ibinalik na ebanghelyo, 1
Tungkulin ng misyonero, at responsibilidad, 4
kapangyarihan at awtoridad ng, 4–5
na ituro ang ibinalik na ebanghelyo, 199
Tyndale, William, 49

**U**

Unang Panguluhan, tungkol sa gawaing misyonero, 31–32

**V**

Visiting teaching, 247

**W**

Walang alam sa Kristiyanismo, pagtuturo ng ebanghelyo sa mga taong, 217–218
Ward council, 170, 247–249
at pakikipagkaibigan ng mga bagong binyag, 248
at pagtulong sa mga bagong binyag na maglingkod sa mga katungkulan, 250
at pangangalaga sa mga bagong binyag, 250–251
responsable na mag-fellowship, 246
Ward mission leader, mga tungkulin ng, 251–252
Ward missionary, mga tungkulin ng, 252
paano gamitin ang *"Mangaral ng Aking Ebanghelyo,"* xi
Ward mission plan, 253–254
Wika, kaloob na mga, 152
Wikang gamit sa misyon, at wikang gamit mula pagkabata, 145
paghahandang matuto, 145–146
kailangan ng dedikasyon, 146
Wirthlin, Joseph B., tungkol sa paggamit ng Aklat ni Mormon, 125
Word of Wisdom, 87
Wycliffe, John, 49

**Y**

Young Men, organisasyon, 93
Young Women, organisasyon, 93
Young, Brigham, tungkol sa pagtanggap ng patotoo, 228

**Z**

Zone conference, at pag-aaral, viii

## *Tandaan Ito . . .*

- Ang iyong layunin ay magdala ng mga kaluluwa kay Cristo.
- Ihanda ang mga tao para masunod ang mga kwalipikasyon sa binyag na nasa Doktrina at mga Tipan 20:37 at sa mga tanong sa interbyu sa binyag.

- Palaging ipagdasal ang iyong sarili at ang iba.
- Umasa na ipakikita sa iyo ng Espiritu kung saan pupunta, ano ang gagawin, at ano ang sasabihin mo.
- Maging lubos na masunurin.
- Pag-aralan araw-araw ang wikang gamit sa inyong misyon.

- Magplano araw-araw at magpokus sa mga key indicator.
- Maging epektibo sa paggawa sa buong maghapon, sa bawat araw.

- Hingan ng mga referral ang ***lahat!***
- Magturo kapag may nahanap ka; maghanap kapag nagtuturo ka.

- Basahin ang Aklat ni Mormon kasama ang inyong mga tinuturuan.
- Ituro sa mga tao na ang mahalagang paraan para malaman na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos ay sa pagbabasa at pananalangin tungkol sa Aklat ni Mormon.
- Kontakin araw-araw ang bawat investigator.
- Palaging magbigay ng patotoo.
- Hangga't maaari ay magsama ng miyembro sa bawat lesson.
- Palaging magtakda ng partikular na petsa at oras para sa susunod na lesson.
- Imbitahin ang lahat ng mga investigator sa mga pagbibinyag.
- Pagkatapos ng bawat lesson, bigyan ang mga investigator ng babasahin at pag-iisipan bilang paghahanda sa susunod na pagkikita.

- Magkaroon ng kaugnayan sa mga miyembro sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila at pakikipagtulungan sa pamunuan ng ward.
- Tulungan ang mga lider ng ward sa mga aktibiting ukol sa pagpapanatiling aktibo at pagpapaaktibo ng mga miyembro.

- Tulungan ang bawat tinuturuan ninyo na gumawa ng mga pangako na magbubunga ng pagsisisi at magpapatatag ng kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas.
- Mahalin ang Panginoon at paglingkuran Siya sa abot ng iyong makakaya.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02366 17893 3
36617 893